# PAGSASALIKSIK SA BAGONG TIPAN

Inihanda ni
Dr. Randall McElwain

shepherds
GLOBAL CLASSROOM

Binuo ang Shepherds Global Classroom para ihanda ang katawan ni Cristo sa pamamagitan ng pagbibigay ng kurikulum sa mga umuusbong na pinunong Kristiyano sa buong mundo. Layunin naming dumami ang mga programa ng pagsasanay kaya ipinagkatiwala namin ang kurikulum na mayroong 20-kurso sa kamay ng mga espirituwal na tagapagsanay ng bawat bansa sa buong mundo.

Ang aklat na ito ay maaaring i-download nang libre sa https://www.shepherdsglobal.org/downloads

Pangunahing Manunulat: Dr. Randall McElwain

Copyright © 2015 Shepherds Global Classroom
Isinalin sa Tagalog mula sa Unang Ingles na Edisyon.

Nakalaan ang lahat na karapatan.

May copyright ang mga third-party material na pagmamay-ari ng ibang tao at kanilang ibinabahagi sa ilalim ng iba't-ibang lisensiya.

Maliban kung inilathala, lahat ng Kasulatan ay hango sa Ang Bagong Ang Biblia.

**Pahayag tungkol sa pahintulot:**

Ang aklat na ito ay maaaring ilimbag at ipamahagi ng walang bayad maging sa digital na pormat o pisikal na aklat sa ilalim ng mga sumusunod na alituntunin: (1) Hindi maaaring baguhin ang nilalaman ng aklat sa anumang paraan; (2) Hindi maaaring ibenta ang mga kopya ng aklat para pagkakitaan; (3) Malaya ang mga institusyong pang-edukasyon na gamitin/kopyahin ang aklat na ito, kahit naniningil sila ng mga matrikula; at (4) Hindi maaaring isalin ang aklat na ito nang walang pahintulot at pangangasiwa ng Shepherds Global Classroom.

# Mga Nilalaman


Mga Panuto para sa Tagapanguna ng Klase ........ 5

Pamamahayag ng Mapa ng Mundo ng Bagong Tipan ........ 6

Mapa ng Israel ........ 7

(1) Ang Mundo ng Bagong Tipan ........ 9

(2) Ang mga Sinoptikong Ebanghelyo: Ang Buhay ni Kristo ........ 21

(3) Juan: Ang Ebanghelyo ng Paniniwala ........ 37

(4) Ang Aklat ng Mga Gawa at ang Unang Iglesya ........ 47

(5) Aklat ng Roma: Ang Katuwiran ng Diyos ........ 63

(6) Corinto at Galacia: Mga Liham sa mga Iglesyang May Kaguluhan ........ 75

(7) Efeso, Filipos, Colosas, at Filemon: Mga Sulat Mula sa Bilangguan ........ 93

(8) 1 at 2 Tesalonica: Ang Pagbabalik ni Kristo ........ 111

(9) Timoteo at Tito: Mga Liham sa Mga Pastor ........ 121

(10) Hebreo at Santiago Pangkalahatang mga Liham – Unang Bahagi ........ 133

(11) Pedro, Juan, at Judas Pangkalahatang mga Liham: Ikalawang Bahagi ........ 147

(12) Pahayag: Si Hesus ay Panginoon ........ 159

(13) Mga Isyu sa Bagong Tipan sa Iglesia Ngayon ........ 169

Iminumungkahing Mga Babasahin ........ 175

Form Para sa Pagtatala ng Takdang-leksyon ........ 183

# Mga Panuto para sa Tagapanguna ng Klase

(1) Karamihan sa mga aralin ay magsisimula sa isang takdang aralin na basahin ang aklat o mga aklat ng Bibliya na pag-aaralan sa aralin. Ito ay dapat gawin *bago* pag-aralan ang aralin bilang isang grupo. Sa katapusan ng bawat aralin, mangyaring ipaalala sa mga mag-aaral ang takdang-araling babasahin para sa susunod na aralin. Ito ang titiyak na alam ng mga mag-aaral ang pangunahing nilalaman ng aklat bago pa ito pag-aralan sa klase.

(2) Ang bawat aralin ay magsisimula sa isang takdang-araling maikling Kasulatang isasaulo. Binubuo ito ng mga susing talata mula sa mga aklat na pag-aaralan.

(3) Kung pag-aaralan bilang isang grupo, maaaring magsalit-salit sa pagbasa ng materyal. Dapat pana-panahon kayong huminto para sa pagtatalakayan ng klase. Bilang tagapanguna ng klase, tungkulin mo na huwag pabayaang lumayo ang talakayan sa materyal na pinag-aaralan. Makatutulong na magkaroon ng limit sa oras para sa bawat panahon ng pagtatalakayan.

(4) Tuwing darating kayo sa isang palatandaang ►, magtanong at hayaang talakayin ng mga mag-aaral ang sagot.

(5) Maraming footnotes o mga talababa ang tumutukoy sa mga reperensiya sa Kasulatan. Ipahanap sa mga mag-aaral ang mga talata at basahin iyon sa grupo.

(6) Ang bawat aralin ay may nakabilang na takdang-aralin. Kung mayroong mga pagpepresenta ng mga grupo, maglaan ng oras sa simula ng susunod na klase para sa mga pagpepresenta.

(7) Ang bawat aralin ay mayroong mga tanong sa pagsusulit. Sa katapusan ng bawat klase, maaaring magbalik-aral ang lider ng klase sa mga tanong na ito kasama ng mga mag-aaral. Maaari itong gawin ng pasalita o sa anyong nakasulat.

## Pamamahayag ng Mapa ng Mundo ng Bagong Tipan[1]

Maaaring magamit ang mapa na ito sa buong kurso.




| Paulo ay sumulat kay | Mahahalagang Lugar sa Bagong Tipan | (15) Mga Simbahan sa Akalat |
|---|---|---|
| (1) Roma (lungsod) | (8) Italya (rehiyon) | • Efeso<br>• Smirna<br>• Pergamo<br>• Tiatira<br>• Sardis<br>• Filadelfia<br>• Laodicea |
| (2) Corinto (lungsod) | (9) Asia Minor (rehiyon) | |
| (3) Galacia (rehiyon) | (10) Antioquia (lungsod) | |
| (4) Efeso (lungsod) | (11) Israel | |
| (5) Pilipos (lungsod) | (12) Jerusalem (lungsod) | |
| (6) Colosas (lungsod) | (13) Creta (isla) | |
| (7) Tesalonica (lungsod) | (14) Dagat Mediteraneo | |

[1] "Map of the NT World" was created by SGC with open data from NED and Bible Geocoding (CC BY 4.0), available from https://www.flickr.com/photos/sgc-library/52344115203, public domain (CC0).

**Mapa ng Israel**[2]

(1) Tiro

(2) Cesarayang Pilipos

(3) Galilea (rehiyon)

(4) Cana

(5) Capernaum

(6) Nazaret

(7) Dekapolis (rehiyon)

(8) Samaria (rehiyon)

(9) Ilog Jordan

(10) Emaus

(11) Jerusalem

(12) Betlehem

(13) Baybayin ng Dagat


(14) Gitnang Kabundukan

(15) Disyertong Judea

(16) Patay na Dagat

(17) Dagat ng Galilea

(18) Dagat Mediteraneo




[2] "Map of Israel" was created by SGC with open data from NED, SRTM, NASA, and Bible Geocoding (CC BY 4.0), available from https://www.flickr.com/photos/sgc-library/52344178339, public domain (CC0).

# Aralin 1
# Ang Mundo ng Bagong Tipan

## Mga Layunin ng Aralin

Sa katapusan ng araling ito, ang mag-aaral ay dapat:
(1) Malaman ang heograpiya ng Palestina at ang kahalagahan nito sa Bagong Tipan.
(2) Maunawaan ang pangkasaysayang pinangyarihan ng Bagong Tipan.
(3) Makilala ang impluwensiya ng Roma, Griego at Hudyo sa Bagong Tipan.
(4) Kilalanin at pahalagahan ang sinaunang kaugalian at pamamaraan ng Bagong Tipan.

## Paghahanda para sa Araling Ito

*Basahin ang Mateo 1:1-7; Lucas 1:1-5; 2:1-5.*
*Isaulo ang Galacia 4:4-5.*

## Ang Kahalagahan ng Kasaysayan at Heograpiya sa Bagong Tipan

► Mahalaga ba ang katotohanang pangkasaysayan ng Bibliya sa pananampalatayang Kristiyano? Bakit?

Ang pananampalatayang Kristiyano ay nakabatay sa katotohanang pangkasaysayan. Ang ating pananampalatayan ay nakaugat sa mga gawa ng Diyos na aktibo sa kasaysayan ng sangkatauhan at nakaugat sa buhay ni Hesus na "nagkatawang-tao, at nanirahan sa piling natin…."[3] Dahil dito, ang Pinangyarihan na pangkasaysayan ng Kristiyanismo ay mahalaga sa Bagong Tipan. Ang mga hinalaw sa Mateo at Lucas sa simula ng araling ito ay nagpapakita ng pagbibigay-diin ng sumulat sa pangkasaysayang Pinangyarihan ng buhay ni Hesus.

Napakalaki ng pagkakaiba ng Kristiyanismo sa maraming relihiyon sa mundo. Ang mga mag-aaral ng relihiyong Silanganin ay nagpapakita na ang Buddhismo ay pareho lamang kahit wala si Buddha; ang Hinduismo ay malawakang pareho lamang kahit wala ang marami sa mga diyos nito. Subali't, ang Kristiyanismo ay walang kahulugan kung wala ang buhay, kamatayan at muling pagkabuhay ni Hesus ng Nazaret. "Kung si Kristo ay hindi muling nabuhay, sagayun ang aming pangangaral ay walang kabuluhan, at ang inyong pananampalataya ay wala ring kabuluhan."[4]

Ang Kristiyanismo ay isang pananampalatayang pangkasaysayan; ang Bibliya ay isang aklat pangkasaysayan. Hindi ito nagsasalaysay ng mga alamat at mga mito; ito ay isang talaan ng mga pangyayari sa kasaysayan. May mga makabagong iskolar na nag-aangkin na ang

[3] Juan 1:14
[4] 1 Cor. 15:14.

Bibliya ay isang katipunan lamang ng mga dakilang etikal na katuruan na inilalarawan ng mga alamat ng sinaunag agham. Gayon man, hindi ibinibigay sa atin ng Bibliya ang ganitong pagpipilian; malinaw na ipinapahayag ng Kasulatan na ito ay katotohanang pangkasaysayan.

Ang Bagong Tipan ay nakabatay sa isang tiyak na panahon, lugar at kultura. Ang panahon ay ang unang siglo A.D.; ang lugar ay sa Palestina at sa mundo ng Romano; ang kultura ay Hudyo, Griego at Romano. Dahil sa kahalagahan ng pangkasaysayan at heograpikal na pinangyarihan na ito, sisimulan natin ang ating pag-aaral na may kalakip na pagsusuri sa mundo ni Hesus at ng unang iglesya.

## Ang Heograpikal na Pinangyarihan ng Bagong Tipan

Ang lupain ng Palestina ay pangunahin sa kasaysayan ng Israel at ng panlupang ministeryo ni Hesus. Maging ang titulong "Hesus ng Nazaret" ay nagpapahiwatig ng kahalagahan ng kanyang buhay sa isang natatanging lugar.

Ang Palestina ay humigit-kumulang 75 kilometro ang lapad at 235 kilometro ang haba.[5] Bagaman maliit, ang lugar na ito ay nasa isang madiskarteng lokasyon para sa mga pangyayari sa sinaunang kasaysayan. Ang lokasyon nito sa pagitan ng Ehipto sa Timog-Kanluran, Syria sa Hilaga, Assyria sa Hilagang-Silangan, at Babilonia sa Silangan kaya't ito'y naging tawiran para sa kalakalan at isang mahalagang lugar ng estratehiya para sa militar.

### Mga Katangian ng Lugar sa Kanlurang—Silangan

Kapag naglalakbay mula Kanluran patungong Silangan (mula sa Dagat Mediterranean patungo sa Ilog Jordan), ang isang taong naglalakbay patawid sa Palestina ay nahaharap sa tatlong magkakaibang lupain. Mula sa Coastal Plain malapit sa Dagat Mediterranean, ang lupain ay tumataas patawid sa Central Highlands sa isang mataas na lugar na humigit-kumulang sa 800 metro[6] sa itaas ng antas ng dagat. Ang Jerusalem ang mataas na bahagi ng Israel, pareho sa espirituwal at sa Heograpikal.

Mas malayo pa sa gawing Silangan ang Ilang ng Judea. Isang lugar na hindi tinitirhan sa mga kabundukan at baku-bakong lupain, ang rehiyong ito ay mapanganib para sa mga manlalakbay at hindi kaaya-aya para sa mga naninirahan doon.

Mula sa bulubunduking lugar, ang Lambak ng Jordan ay mas mababa ng 415 meters[7] ilalim ng antas ng dagat, ang pinakamababang punto ng lupa sa ating mundo. Ang Ilog Jordan ay umiikot ng 100 kilometero[8] mula sa mga bundok sa Hilaga ng Dagat ng Galilea hanggang sa Patay na Dagat sa Timog. Itinago ng isang sektang Hudyo na tinatawag na Essenes ang

---

[5] 45 milya ang lapad at 145 milya ang haba.
[6] 2,600 feet.
[7] 1,370 feet.
[8] 65 miles.

kanilang aklatan sa mga kuweba sa paligid ng Patay na Dagat nang atakihin ng mga Romano ang Judea noong taong A.D. 66. Ang mga balumbon sa Patay na Dagat (Dead Sea Scrolls) ay natagpuan noong 1946 at nagbigay sa atin ng pinakamatandang manuskrito ng Lumang Tipan.

Sa karamihan ng kanyang ministeryo, ang Ilog Jordan ang pinakasilangang hangganan ng mga paglalakbay ni Hesus. Gayunman, may mga pagkakataon na siya'y tumatawid sa Dagat ng Galilea upang maglakbay sa Trans-Jordanian area. Kabilang sa rehiyong ito ang *Decapolis* ("Ang Sampung Lungsod" na sinimulan sa panahon ng paghahari ng Griyego) at Perea. Nakahandang maglingkod si Hesus sa mga Hentil sa rehiyong iyon, na ikinagulat ng kanyang mga tagasunod. Sa Decapolis at Perea, nakakita ang mga disipulo ni Hesus ng mga pahiwatig ng kanyang tagubilin na mangaral "sa Jerusalem, at sa buong Judea at Samaria, at hanggang sa dulo ng daigdig."[9]

### Hilaga-Timog na Katangian ng Lupain

Kung maglalakbay mula Hilaga hanggang Timog, ang isang manlalakbay ay dadaan mula sa Galilea, tatawid sa Samaria hanggang Judea, ang sentro ng relihiyon at pulitika ng Palestina. Ang Galilea ang komersiyal na rehiyon na nakapaligid sa Dagat ng Galilea, isang lawa ng sariwang tubig. Ang Nazareth ay isa sa mga maliliit na nayon sa magandang lugar na ito. Tinamasa ng Galilea ang kasaganahan ng isda mula sa Dagat ng Galilea gayundin ng mga prutas at gulay na inaani sa buong taon sa Kapatagan ng Genesaret, isang mahinahong lugar sa hilagang-kanlurang baybayin ng Dagat ng Galilea.

Ang rehiyon ng Samaria ang naghihiwalay sa mga Hudyo sa hilaga mula sa Templo ng Jerusalem. Ang mga Samaritano ay mga salin-lahi ng mga Hudyo na nakipag-asawa sa ibang lahi pagkatapos ng pananakop ng Assyria noong 722 B.C. Sinusunod ng mga Samaritano ang Batas ng Lumang Tipan, isinasagawa ang pagtutuli, ipinagdiriwang ang mga Kapistahan, at naghihintay sa darating na Mesiyas. Gayunman, mayroong sariling lugar ng pagsamba ang mga Samaritano sa Bundok ng Gerazim at itinuturing na marumi ng mga Hudyo. Maraming Hudyo ang mas gugustuhing tumawid sa Ilog Jordan upang maglakbay sa silanganang baybayin ng Jordan kaysa tumawid sa Samaria. Si Hesus, gayunman, ay naglakbay patawid sa Samaria upang magministeryo sa babae sa balon. Narinig ng babaeng Samaritanang ito ang unang direktang pag-angkin ni Hesus na siya ang Mesiyas.[10]

Ang Judea at ang sentrong lunsod nito, ang Jerusalem, ay nasa Timog. Natatanaw mula sa maraming milya, ang Bundok ng Sion ang relihiyosong sentro ng pananampalatayang Hudyo. Bawat taon sa pista ng Paskuwa, dumadalaw ang mga pamilyang Hudyo sa Templo. Naglakbay dito ang pamilya ni Hesus noong siya'y bata pa; at sa "Bahay ng aking Ama" natagpuang nakaupo si Hesus kasama ng mga tagapagturo.[11]

---

[9] Mga Gawa 1:8.
[10] Juan 4:26.
[11] Lucas 2:41-52.

## Ang Pangkasaysayang Pinangyarihan ng Bagong Tipan

Simula sa pagbagsak ng Jerusalem sa Babilonia noong 586 B.C., ang kasaysayan ng Palestina ay isang kuwento ng kaguluhan at pag-aalsa. Hindi na kailanmang nabawi ng Juda ang kanyang naunang kaluwalhatian.

Ang Imperyong Babilonia ang nagkontrol sa Palestina hanggang nahulog ang Babilonia sa emperor ng Persia, si Cyrus, noong 539 B.C. Pinahintulutan ni Cyrus ang mga Hudyo na bumalik sa Jerusalem. Sa panahon ng sumunod na siglo, ang lungsod ay muling itinayo sa ilalim ng pamumuno ni Ezra, Zerubbabel, at Nehemias. Gayunman, ang Jerusalem ay nasa ilalim pa rin ng kontrol ng Persia. Dahil sa impluwensiya ng Persia, ang karaniwang tao sa panahon ni Hesus ay nagsasalita ng Aramaic, ang wika ng Imperyong Persia.

Taong 334 B.C., tinalo ni Alexander the Great ang Persia. Naging bahagi ng Imperyong Griego ang Palestina. Nang mamatay si Alexander noong 323 B.C., ang kanyang imperyo ay nahati sa apat na heneral. Ang Palestina ay naging lugar ng digmaan sa pagitan ng dalawa sa mga heneral na ito at sa kanilang mga tagasunod, ang mga Ptolemies at ang mga Seleucids. Ito ang isa sa pinakamadilim na panahon sa kasaysayan ng Hudyo. Sa panahong ito, sinira ni Antiochus Epiphanes (isang Griegong Seleucid na namumuno) ang templo nang magtayo siya ng altar para sa Griegong diyos na si Zeus sa Templo.

Ang kalupitan ni Antiochus Epiphanes ang humikayat sa pag-aalsa ng mga Macabeo. Ang pamilyang Macabeo ay muling kinontrol ang Judea at itinatag ang dinastiyang Hasmonean. Mula 166-163 B.C., ang Palestina ay pinamahalaan ng pamilyang Macabeo at kanilang mga kahalili. Sa kasamaang palad, ito ay panahon ng kawalang-tatag ng bansa dahil sa pag-aawayan ng mga pamilya at relihiyosong pagtalikod. Taong 67 B.C., ang pamilya ay nagkaroon na ng digmaang sibil.

Agad na sinamantala ng Roma ang pagkakahati sa pagitan ng mga pinunong Hudyo upang magkaroon ng kapangyarihan sa Palestina. Taong 63 B.C., sinakop ng Romanong Heneral na si Pompey ang Jerusalem. Itinalaga ni Pompey ang kanyang kinatawan na si Hyrcanus II, bilang punong pari at ginawa siyang tagamahalang *de facto* ng Judea. Sa panahon ni Kristo, ang Palestina ay pinamamahalaan ng Roma.

Taong 37 B.C. itinalaga ng Senadong Romano si Herod ang Dakila bilang hari ng Judea. Si Herod ay isang Idumaean, isang salinlahi ng mga Edomita. Ang mga Edomita ay sinaunang kaaway ng Israel. Tumanggi silang dumaan ang mga Israelita sa kanilang lupain nang papunta sila sa Canaan.[12] Ang kooperasyon ng Edom sa Babilonia sa pagwasak ng Jerusalem ang nagdulot ng propesiya ng paghatol ni Obadias.[13]

Taong 30 B.C., nalupig na ni Herodes ang kaniyang mga kaaway at siya na ang tanging tagapanguna ng Judea. Si Herodes ay isang magulong paghahalo ng positibo at negatibong mga kalidad. Sa isang banda, siya ay iginagalang ng mga Hudyo –muling itinayo ang templo

---

[12] Mga Bilang 20:14-21.

[13] Obad. 1:1-21.

at sumusunod sa kanilang batas sa pagkain. Sa kabilang banda, siya ay tila baliw sa panibugho – pinatay niya ang ilan sa kanyang mga anak na lalaki nang ang mga ito'y umabot na sa edad na maaari na niyang maging karibal sa trono. Para kay Herodes, ang maramihang pagpatay sa Betlehem ay isang maliit na halaga lamang bilang kabayaran upang protektahan ang kanyang posisyon. Nailigtas si Hesus nang mabigyang babala ng isang anghel si Jose upang tumakas papuntang Egipto.

Pagkatapos mamatay ni Herod ang Dakila noong taong 4 B.C., ang kanyang kaharian ay nahati na sa kanyang tatlong anak na lalaki. Ang mga tagapamahalang ito ay may direktang epekto sa kasaysayan ng Bagong Tipan at sa ministeryo ni Hesus.

**Si Herod Archelaus** ay binigyan ng kontrol sa Judea. Dahil sa reputasyon ni Archelaus sa pagiging malupit, bumalik sina Jose at Maria sa Nazareth sa halip na sa Bethlehem.[14] Ang kalupitann ni Archelaus ang naging dahilan ng isang delegasyon ng mga Hudyo upang humingi ng tulong sa Roma. Pinaalis si Archelaus at ang Judea ay ipinailalim sa kapangyarihan ng mga tagapamahala na itinalaga ng Roma.

Sa panahon ng paglilitis kay Hesus, Si Poncio Pilato ang Romanong tagapamahala naninirahan sa Caesarea at naglalakbay patungong Jerusalem sa panahon ng mahahalagang mga kapistahan.[15] Ang tagapamahala ay nagtataglay ng hindi maiiwasan na tungkuling maging tagapamagitan sa Roma at sa mga tagapamunong mga Hudyo. Kailangang ipatupad ni Pilato ang mga kahilingan ng Roma upang hindi maghimagsik ang mga Hudyo. Upang matupad ito, binigyan niya ng malaking kalayaan ang Sanhedrin sa paggawa ng mga pangrelihiyon at pangkulturang mga pagpapasiya para sa bansa. Si Caifas, ang Punong Pari ay natatakot na alisin sa kanya ang kalayaang ito kung ang mga ginagawa ni Hesus ang magdadala ng galit ng Roma.[16]

Si **Herod Phillip** ang pinaka-mapagbigay sa mga anak ni Herodes. Pinamunuan niya ang hilagang silangan ng Galilea. Ginugol ni Hesus ang maraming oras sa rehiyong ito upang makaiwas sa panganib ng pag-aresto ng mga relihiyosong pinuno ng Hudyo sa Jerusalem. Isinagawa niya ang sakripisyo para sa ating mga kasalanan sa takdang panahon ng Diyos, hindi ayon sa mga tagapanguna sa Templo.

Muling itinayo ni Herod Philip ang lunsod ng Panias at tinawag itong Caesarea Philippi. Dito binigkas ni Pedro ang kaniyang dakilang pagpapahayag, "Ikaw nga ang Kristo, ang Anak ng Diyos na buhay."[17]

**Si Herod Antipas** ang tagapanguna sa Galilea at Perea mula 4 B.C. hanggang A.D. 39 nang ipakulong at ipapatay ni Antipas si Juan Bautista.[18] Dahil si Herod Antipas ang may

---

[14] Mat. 2:22-23. Ang Bethlehem ay nasa ilalim ng kapangyarihan , ni Archelaus; Ang Nazareth sa Galilee ay nasa ilalim ng control ni Herodes Antipas.
[15] Naghari si Pilato mula A.D. 26-36.
[16] Juan 11:49.
[17] Mateo 16:16.
[18] Marcos 6:17-29.

awtoridad sa Galilea, sinikap iwasan ni Pilato ang responsibilidad sa kapalaran ni Hesus sa pamamagitan ng pagpapadala sa kanya kay Antipas para sa paglilitis.[19] Gayunman, tumanggi si Herodes na ibigay ang hatol at ipinabalik si Hesus kay Pilato para sa paghatol.

## Ang Kultural na Pinangyarihan ng Bagong Tipan

Ang cultural na pinangyarihan ng Bagong Tipan ay kasing halaga ng pangkasaysayang pinangyarihan nito. Isinugo ng Diyos si Hesus sa isang mundong naiimpluwensiyahan ng tatlong magkakaibang kultura. Ang bawat isa sa mga kulturang ito ay nagkaroon ng mahalagang epekto sa mundo ng Bagong Tipan.

### Ang Pinangyarihag Griego ng Bagong Tipan

Ang impluwensiya ni Alexander ang Dakila ay tumagal ng matagal pagkatapos ng kanyang kamatayan noong taong 323 B.C. Marahil ang kanyang pinakamahalagang kontribusyon sa Bagong Tipan ay ang wikang Griyego mismo. Naibigay ng Griego ang isang pangkalahatang wika para sa paglaganap ng ebanghelyo.

Ang Bagong Tipan ay isinulat sa *Koine Greek*, ang "pangkaraniwang Griego" na sinalita sa kabuuang mundo ng Mediterranean sa unang siglo. Samantalang ang Aramaic (ang sinalitang wika ng Palestina) at Hebreo (ang wika ng Lumang Tipan) ay limitado sa mga Hudyo, ang Griego ay sinalita sa buong Imperyong Romano. Ang mensahe ng mga apostol ay naunawaan saanman sila mangaral.

Ang pagiging katiyakan ng Griego ay angkop para sa malalim na teolohikal na konsepto ng mga liham ni Pablo. Ang Hebreo ay isang maganda at matulaing wika na angkop sa mayamang paglalarawan ng mga manunula at propeta ng Lumang Tipan. Ang Griego ay mas tiyak at nagpahintulot kay Pablo upang bigyang katuruan ang kanyang mga napagbalik-loob sa mga mahahalagang doktrina ng pagpapaging-ganap at pagpapaging-banal.

Ang *Septuagint* ay ang Griegong salin ng Lumang Tipan. Ang saling ito, mula sa ikatlong siglo B.C. ay nagpahintulot sa mga Hudyong nagsasalita ng Griego upang basahin ang Kasulatan. Dagdag pa sa rito, dahil sa *Septuagint* ay nagging madali nang gamitin ang Lumang Tipan (ang Bibliya ng sinaunang iglesya) ng mga na Hentil na napagbalik-loob.

### Ang Romanong Pinangyarihan ng Bagong Tipan

Halos bawat aklat ng Bagong Tipan ay nagpapakita ng impluwensiya ng Romanong Pinangyarihan. Si Hesus at ang mga apostol ay namuhay sa mundo ng mga Romano.

#### *Ang Mga Ebanghelyo*

Ang impluwensiya ng Romano sa buhay ni Hesus ay nakita sa kanyang kapanganakan. Ginamit ng Diyos ang isang sensus na isinagawa ng isang paganong emperador upang

[19] Lucas 23:6-12.

tuparin ang propesiya ni Micah na ang Mesiyas ay isisilang sa Bethlehem.[20] Kung paanong ang tagapamahala ng Persia na si Cyrus ay naging instrument ng Diyos upang ibalik ang kanyang bayan mula sa pagkabihag, si Caesar Augusto ay naging instrumento ng Diyos upang ibalik sina Jose at Maria mula sa Nazareth patungong Bethlehem.

Mayroong dalawang paraan ng pagsasagawa ng sensus. Mas ginusto ng mga Romano na magparehistro ang bawat tao sa lunsod kung saan sila tumira. Gayunman, ang mga Hudyo ay mas ginusto na magkaroon ng talaan ayon sa mga lipi sa bawat tahanan ng mga ninuno ng pamilya.Marahil para bigyang pabor ang mga Hudyo, pinahintulutan ng Roma ang Judea na magsagawa ng sensus sa kanilang tradisyunal na paraan. Dahil dito, kinailangan nina Jose at Maria na maglakbay ng 100 milya[21] mula sa kanilang bayang pinagmulan sa Nazareth.

Ipinakita ng mga Ebanghelyo ang hidwaan sa pagitan ni Hesus at mga tagapangunang Romano na nagkaroon ng pakiramdam ng banta sa kanyang mensahe ng bagong kaharian. Mula sa maramihang pagpatay ni Herodes sa mga sanggol hanggang sa isinulat ni Pilato sa krus ("Hari ng mga Hudyo"), ang di-pagkakasundo sa pagitan ng Kaharian ng Diyos at ng Kaharian ni Caesar ay nakita sa buong ministeryo ni Hesus sa lupa. Bagaman kaunti lamang ang sinabi ni Hesus tungkol sa Roma at sa pulitika nito, ang mensahe ng Kaharian ng Diyos ay isang hamon sa mga kaharian sa mundong ito.

### ***Ang Aklat ng mga Gawa***

Ang Mga Gawa ay nagpakita kung paano ginamit ng Diyos ang Imperyong Romano upang ipalaganap ang ebanghelyo. Ang salitang *pax Romana* ay tumutukoy sa brutal na ipinatupad na "kapayapaan" ng Imperyong Romano.[22] Bagaman ang kapangyarihan ng Roma ay madalas na ginagamit nang walang katarungan (tulad ng pagpapako kay Hesus), ang kapangyarihan ng Roma ay nagprotekta rin sa mga manlalakbay mula sa mga barbaro, pinagkaisa ang Imperyo, at nagpahintulot sa mga paglalakbay pangmisyon ng mga apostol. Gumawa ang Roma ng 85,000 na kilometro[23] na mga kalsada, mula sa Ilog Euphrates sa silangan hanggang sa Scotland sa Kanlauran, at nagtatag ng mga rutang pandagat sa kahabaan ng Mediterranean. Ang mga paglalakbay pangmisyon ni Pablo ay nangyari dahil sa mga daan at rutang pandagat na itinatag ng Roma.

Di tulad ng tradisyunal na kulturang Hudyo, na lumaganap sa maliliit na bayan at rural na lugar, ang Roma ay isang imperyo ng mga dakilang lunsod. Ang mga lunsod na ito ay may dakilang kahalagahan para sa paglaganap ng ebanghelyo. Ang mga paglalakbay ni Pablo ay maaaring matunton sa pagmarka sa mga pangunahing lunsod ng Imperyong Romano. Sa bawat rehiyon, nag-ebanghelyo si Pablo sa mga pangunahing lunsod upang maabot ang karamihan sa mga tao. Ipinangaral ni Pablo ang ebanghelyo sa mga pangunahing lunsod

[20] Micah 5:2; Lucas 2:1-5.
[21] 65 milya.
[22] "kapayapaang Romano."
[23] 53,000 milya.

ng Imperyong Romano, at nagpanatili ng layuning mangaral sa Roma mismo, ang sentro ng mundo sa unang siglo.[24]

Lubusang ginamit ni Pablo ang kanyang karapatan bilang mamamayang Romano upang tumulong sa pagpapalaganap ng ebanghelyo. Mula sa kanyang pag-angkin ng legal na proteksiyon sa Filipos[25] hanggang sa kanyang kahilingan para sa isang paglilitis sa harap ni Caesar,[26] ginamit ni Pablo ang kanyang pagiging mamamayan para sa isinusulong ni Kristo.

### *Ang Mga Liham ni Pablo*

Ang mga liham ni Pablo ay nagpahiwatig ng kaalaman sa mundo ng Romano. Ginagamit ng Filipos ang wika ng pagkamamamayan upang ipaalala sa mga mambabasa na ang kanilang "pagkamamamayan ay sa langit."[27] Isinulat ni Pablo ang kanyang panawagan kay Filemon dahil alam niya na ang batas Romano ang ginamit para sa pagbitay kay Onesimus, isang takas na alipin at nagbagong-loob sa pamamagitan ni Pablo. Sa Roma, Galacia, at Efeso, ginagamit ni Pablo ang legal na wika ng Roma upang ipaliwanag ang teolohikal na konsepto tulad ng pagpapawalang-sala at kapatawaran.

Maging ang paglalarawan ni Pablo tungkol sa pag-ampon ay mas kilala sa mga Romano kaysa sa mga Hudyo.[28] Ang pag-aampon ay napakakaraniwan sa lipunan ng Romano. Nauunawaan ng mga Romano na ang pag-aampon ay may kalakip na pagkansela sa mga lumang pagkakautang, karapatan ng pagmamana para sa bagong anak na lalaki, at ang simula ng isang bagong buhay. Ginamit ni Pablo ang mga legal na konseptong Romano upang ipaliwanag ang pagbabago kapag ang isang bagong mananampalataya ay inaampon sa pamilya ng Diyos.

### *Ang Aklat ng Pahayag*

Ipinagmalaki ng Roma ang kanyang sarili sa kakayahang payagan ang ibang paniniwalang pangrelihiyon; gayunman, ang lahat ng tao ay kinailangang kilalanin ang pagiging Diyos ng Emperador. Pinahihintulutan ng Roma ang anumang katuruang Hudyo o Kristiyano basta ipapahayag ng sumasamba na "si Caesar ang panginoon." Gayunman, ang mensaheng Kristiyano na "Si Kristo Hesus ang Panginoon" ay hindi katanggap-tanggap sa pamahalaang Romano.[29] Hindi naging matagal bago nagkaroon ng pagsasalungat sa pagitan ng iglesya at ng Roma.

Gayunman, bagaman ang tao ang nagplano ng masama, "Niloob ito ng Diyos para sa kabutihan."[30] Ang pag-uusig ay naging pangunahing paraang ginamit ng Diyos upang palawigin ang Dakilang Pagsusugo. Dahil sap ag-uusig, ang mga Kristiyano ay

---

[24] Roma 1:-15.
[25] Mga Gawa 16.
[26] Mga Gawa 25:11.
[27] Filipos 3:20.
[28] Gal. 4:5; Efeso. 1:5.
[29] Filipos. 2:11.
[30] Gen. 50:20.

"nagsipangatal sa lahat ng dako rehiyon ng Judea at Samaria." Sa plano ng Diyos, "ang mga nagsipangalat nga ay nagsipaglakbay, at ipinangangaral ang Salita."[31]

Ang Aklat ng Pahayag ay isinulat sa konteksto ng pag-uusig na ito ng Romano. Ang mga pangitain ni Juan ay nagpapatunay sa naghihirap na Kristiyano na ang Roma (o anumang kapangyarihan na sumasalungat sa Diyos) ay malulupig. Ang Diyos, hindi si Caesar,ang may control sa kasaysayan ng sangkatauhan.

## Ang Hudyong Pinangyarihan ng Bagong Tipan

### *Mga Inaasahan Tungkol sa Mesiyas*

Ang "Kristo" ay ang Griegong katumbas ng Hebreong salita para sa "Mesiyas". Ang pulutong na sumusunod kay Hesus ay naghahanap ng isang Mesiyas. Ipinahayag ni Pablo na "Ang Hesus na ito na aking ipinangangaral sa inyo, ay ang Kristo".[32] Ang kanilang pag-asa para sa isang darating na Mesiyas ang nagbukas sa pandinig ng mga tao sa pangangaral ni Hesus.

### *Mga Sinagoga*

Pagkatapos ng pagkawasak ng Templo noong 586 B.C., ang mga sinagoga ang naging lugar para sa pagsamba ng mga Hudyo. Ang alinmang komunidad na may sampung lalaki ay nagtataglay ng isang sinagoga. Ang sinagoga ang lugar para sa pagsamba, isang paaralan, isang relihiyoso at korte sibil, at isang sentro para sa mga gawaing panlipunan. Ipinangaral ni Hesus ang kanyang ikalawang nakatalang sermon sa isang sinagoga, nagpagaling sa isang sinagoga, at nagturo sa isang sinagoga.[33]

Maging matapos pahintulutan ni Cyrus ang mga Hudyo na makabalik sa kanilang sariling bayan, maraming mga Hudyo ang nanatili sa Babilonia; sa Alexandria, Egipto; at ibang lunsod kung saan sila tumakas pagkatapos ng pagbagsak ng Jerusalem. Ito ay naging mahalaga para sa paglaganap ng ebanghelyo. Sa halos bawat lunsod kung saan nangaral ang mga apostol, nakatatagpo sila ng populasyon ng mga Hudyo na nagtitipon sa mga sinagoga.

Kapag bumisita sa isang bagong lunsod, nagsisimula si Pablo sa pamamagitan ng pangangaral sa sinagoga kung saan nakatatagpo siya ng mga Hudyong sumasamba at matapat na "may takot sa Diyos", mga Hentil na naghahanap ng katotohanan.[34] Ang mga Hentil na ito ay bukas sa mensahe ng ebanghelyo.

[31] Mga Gawa 8:1,4.
[32] Mga Gawa 17:3.
[33] Lucas 4:16-30; Marcos 3:1-5; Juan 18:20.
[34] Halimbawa: Mga Gawa 13:5.

### *Mga Relihiyosong Grupo ng mga Hudyo*

Ang mga *Pariseo* ang pinakakilalang relihiyosong grupo sa panahon ni Hesus. Bagaman kaunti lamang sila sa bilang (humigit kumulang 6,000), sila ay popular sa mga pangkaraniwang tao. Ang "nakabukod na grupong ito" ay iginagalang para sa kanilang maingat na pagsunod sa Batas ni Moises. Taglay ng mga Pariseo ang maraming mga paniniwala na katulad din sa mga Kristiyano: muling pagkabuhay, mga anghel, panalangin, at ang pagrespeto sa Lumang Tipan. Gayunman, nagdagdag sila ng maraming sinasalitang tradisyon sa Batas ni Moises. Sa huli, karamihan sa mga Pariseo ay tumanggi sa pag-angkin ni Hesus na siya ang Mesiyas.

Ang mga *Saduceo* ay nagtataglay ng kapangyarihang pampulitika sa panahon ni Hesus. Sa pakikipag-isa sa Roma, ang mga Saduceo ay nagkaroon ng kontrol sa mataas na pagiging saserdote at ang Sanhedrin. Para sa mga Saduceo tanging ang *Torah* ang makapangyarihan.[35] Tinanggihan nila ang mga aklat ng propesiya at sinasalitang tradisyon. Bilang resulta nito, tinanggihan nila ang paniniwala sa mga anghel, mga espiritu at sa muling pagkabuhay. Dahil ang kanilang kapangyarihan ay nakatuon sa pulitika sa Templo, ang mga Saduceo ay nawala pagkatapos ng pagkawasak ng templo noong A.D.70.

## Mga Kaugalian ng Mundo ng Bagong Tipan

Kung mas mabuti ang ating pang-unawa sa mga kaugalian ng mundo ng Bagong Tipan, mas mabuti ang ating magiging pang-unawa sa mensahe ng Bagong Tipan. Sa nakaraang mga taon, pinag-aralan ng mga iskolar ang mga kaugalian at mga pamamaraan ng buhay ng sinaunang Judea. Ang ilang halimbawa ay magpapakita ng kahalagahan ng pag-aaral sa mga kaugalian ng Bagong Tipan.

- Karamihan sa mga pamilyang Hudyo ay nakatira sa mga bahay na iisa ang kuwarto. Ang mga hayop ay karaniwang nakakulong sa isang kuwarto sa labas ng bahay, na may sabsaban para sa pagpapakain ng mga hayop. Nang dumating sina Maria at Jose sa Betlehem, marahil sila ay pinahintulutang manatili sa kwarto sa labas, kahit na ang pangunahing kwarto para sa bisita (panuluyan) ay puno na sa panahon ng census. Ang may-ari ng panuluyan, na malayo sa pagiging hindi mabait, ay nag-alok ng pinakamabuting pagtanggap na mayroon siya sa abalang panahong iyon.
- Ang mga pastol na taga-Judea ay madalas na nagpapahintulot na ilang kawan ng mga tupa na magkasama-sama. Kapag panahon na upang paghiwa-hiwalayin ang mga tupa, ang bawat pastol ay nagbibigay ng isang "pagtawag" at nagtitipon-tipon ang mga tupa. Nakikilala ng mga tupa ang tinig ng kanilang pastol. Sinabi ni Hesus na ang kanyang mga tupa ay "sumusunod sa kanya: dahil nakikilala nila ang kanyang

[35] Ang *Torah* ay nangangahulugan ng "ang Batas." Ito ang terminong Hebreo para sa limang aklat ni Moises.

tinig. At hindi nila susundin ang isang estranghero, kundi tatakas sila sa kanya: dahil hindi nila kilala ang tinig ng estranghero."[36]

- Ang tugon ni Hesus kay Judas sa Huling Hapunan ay madalas na nauunawaan sa maling paraan. Nang itanong ni Pedro kung sino ang magkakanulo sa kanya, tumugon si Hesus, "Siya iyon na bibigyan ko ng sansubo ng tinapay na ito kapag naisawsaw ko na ito."[37] Sinasabi ni Juan na pagkatapos niyon ibinigay ni Hesus ang piraso ng tinapay na isinawsaw sa kopa kay Judas Iscariote. Maraming mambabasa ang nag-isip na itinuturo ni Hesus si Judas bilang ang magkakanulo. Gayunman, isinulat ni Juan na hindi alam ng ibang disipulo na si Judas ang magkakanulo. Sa mundo ng Bagong Tipan, ang lahat ay kumakain sa iisang plato. Ang mensahe ni Hesus ay simpleng, "May isang kumakain dito sa gabing ito ang magiging tagapagkanulo." Sa oras na ito ng pagsubok, tinrato ni Hesus si Judas nang may pagmamahal.

Para sa dagdag na impormasyon sa mga kaugalian sa mundo ng Bagong Tipan, maaari mong basahin ang *Manners and Customs of the Bible*, na mayroon sa online.[38]

## Subalit kapag dumating na ang takdang panahon….

Ang talata ni Pablo ay nagpapahiwatig ng isang babaeng buntis na naghihintay ng sandali ng panganganak. At sa takdang oras, isinugo ng Diyos ang Kanyang Anak sa mundo na ang Diyos mismo ang naghanda. Nakahanda na ang mundo….

> "Subalit kapag dumating na ang takdang panahon, isinugo ng Diyos ang kanyang Anak, isinilang ng isang babae, ginawa sa ilalim ng batas…"
> - Galacia 4:4

*Ayon sa Heograpiya*. Ang Palestina ay isang maliit na lupain sa sangandaan ng sinaunang mga kultura. Ito ang nagsisilbing lugar na pinagsisimulan para sa paglaganap ng ebanghelyo sa bawat sulok ng mundo.

*Ayon sa Kasaysayan.* Ang Imperyong Romano ay nagkaloob ng pamamaraan para sa paglaganap ng ebanghelyo.

*Ayon sa Kultura*. Isang natatanging synthesis ng wikang Griego, ang sistemang pulitikal na Romano, at ang relihiyosong tradisyon ng mga Hudyo ay nagbigay ng lugar na ang Diyos mismo ang nagtakda para sa pagsilang ng iglesyang Kristiyano.

Ang Diyos hindi nagtira ng kaya Niyang gawin upang ihanda ang mundo para sa ebanghelyo. Kapag matapos ninyo ang araling ito, manalangin, "O Diyos, ano ang iyong ginagawa upang ihanda ang *aking mundo* para sa ministeryo na ibinigay mo sa akin?"

---

[36] Juan 10:4,5.
[37] Juan 3:26, *English Standard Version.*
[38] Fred H. Wight. *Manners and Customs of the Bible,* 1953. Available online at http://www.baptistbiblebelievers.com/OTStudies/MannersandCustomsInBibleLands1953/tabid/232/Default.aspx.

## Mga Takdang-Aralin ng Aralin

Kumuha ng pagsusulit batay sa araling ito. Kabilang sa pagsusulit ang Kasulatang nakatakda para isaulo.

## Mga Tanong sa Pagsusulit sa Aralin 1

(1) Kung maglalakbay mula Kanluran patungong Silangan, ilista ang tatlong Heograpikal na rehiyon ng Palestina.

(2) Ano ang kahalagahan ng Samaria sa ministeryo ni Hesus?

(3) Ilarawan ang relasyon ni Herod ang Dakil at ng mga Hudyo.

(4) Alin sa mga anak ni Herod ang nasangkot sa paglilitis at pagpapako sa krus kay Hesus?

(5) Ilista ang tatlong kontibusyon ng wikang Griego sa unang iglesya.

(6) Bigyang kahulugan ang *pax Romana.*

(7) Maglista ng apat na roles na ginampanan ng mga sinagoga sa komunidad ng mga Hudyo.

(8) Sa anong mga katuruan nagkakatulad ang mga Pariseo at ang mga Kristiyano?

(9) Anong bagay tungkol sa mga Pariseo ang hinatulan ni Hesus?

(10) Ano ang mga pangunahing pagkakaiba ng mga Pariseo at ng mga Saduceo?

(11) Isulat ang Galacia 4:4-5 mula sa memorya.

# Aralin 2
# Ang mga Sinoptikong Ebanghelyo: Ang Buhay ni Kristo

## Mga Layunin ng Aralin

Kapag natapos ang araling ito, ang mag-aaral ay dapat:
(1) Nauunawaan ang dahilan para sa apat na ebanghelyo.
(2) Nakikilala ang sumulat, ang tinatayang petsa, at ang Pinangyarihan na pangkasaysayan ng bawat sinoptikong ebanghelyo.
(3) Kinikilala ang mahahalagang tema sa bawat isang sinoptikong ebanghelyo.
(4) Naiuugnay ang mensahe ng mga sinoptikong ebanghelyo sa mga pangangailangan ng mundo sa kasalukuyan.

## Paghahanda para sa Araling Ito

*Basahin ang Mateo hanggang sa Lucas.*
*Isaulo ang Mateo 5:48; Marcos 10:45; Lucas 19:10*

## Ang mga Sinoptikong Ebanghelyo

► Bakit mayroon tayong hindi lamang iisang pagkukuwento tungkol sa buhay ni Hesus?

Pagkatapos ng pag-akyat sa langit ni Hesus, inasahan ng mga apostol na siya ay agad na muling babalik. Nang magsimula nilang maunawaan na ang kanyang pagbalik ay hindi agad na magaganap, at higit sa lahat, habang nagkakaedad ang mga apostol, naghanda sila ng mga nakasulat na mga pagsasalaysay upang ituro sa mga bagong mananampalataya, at upang iwasan ang mga baluktot na pagsasalaysay tungkol sa buhay ni Hesus. Sa paglaganap ng iglesya sa Imperyong Romano, ang mga pastor at tagapagturo ay nangailangan ng mga mapanghahawakang nakasulat na pagsasalaysay ng buhay at ministeryo ni Hesus. Ang mga ito ay mahahalagang dahilan kaya't nasulat ang mga ebanghelyo.

Ang unang tatlong ebanghelyo ay tinatawag na mga sinoptikonh ebanghelyo dahil ang mga ito ay nagbibigay ng iba't-ibang pananaw tungkol sa parehong pangyayari.[39] Samantalang ang Ebanghelyo ni Juan ay naglalaman ng katangi-tanging materyal na hindi matatagpuan sa ibang ebanghelyo. Ang Mateo, Marcos, at Lucas ay maraming pagkakatulad sa isa't-isa.

Ang mga sumulat ng ebanghelyo, na madalas na tinatawag na Ebanghelista, ay hindi lamang basta tila mga sekretaryo na kumukopya ng idinidikta sa kanya. Sa halip,

[39] Ang salitang *synoptic gospels* (ebanghelyong synoptic) ay nangangahulugan na ebanghelyong "sama-samang nasaksihan".

mahimalang kumilos ang Banal na Espiritu sa pamamagitan ng mga pagkatao ng bawat Ebanghelista upang ipahayag, nang walang kamalian, ang mensahe ng Diyos.

Isang halimbawa ang magpapakita ng pagkakaiba-iba ng mga ebanghelyo. Nagbibigay si Mateo ng detalyadong pagsasalaysay ng patotoo ni Pedro tungkol sa pagiging Diyos ni Hesus, ang pagbabasbas ni Hesus kay Pedro, at pagsaway ni Pedro kay Hesus.[40] Sina Marcos at Lucas ay nagbigay ng mas maigsing pagsasalaysay ng kwento.[41] Hindi binanggit ni Marcos ang pagbabasbas ni Hesus kay Pedro, samantalang kapwa hindi binanggit ni Lucas ang pagbabasbas at ang kuwento ng pagsaway ni Pedro kay Hesus. Walang pagsasalungatan sa pagitan ng mga kuwento; iyon ay isang pangyayari na isinalaysay mula sa tatlong magkakaibang pananaw.

| **Mateo 16:13-23** | **Marcos 8:27-33** | **Lucas 9:18-22** |
|---|---|---|
| "Sumagot si Simon Pedro, 'Ikaw ang Kristo, ang Anak ng buhay na Diyos.'" | "Sumagot sa kanya si Pedro, sa kanya, 'Ikaw ang Kristo.'" | "At sumagot si Pedro, 'Ang Kristo ng Diyos.'" |
| "At sumagot si Hesus sa kanya, 'Mapalad ka, Simon Bar-Jonah!'" | Hindi isinama. | Hindi isinama. |
| "At niyaya siya ni Pedro sa isang tabi at pinagsabihan, 'Panginoon, huwag nawang itulot ng Diyos! ! Hindi po dapat mangyari ito sa iyo.'" | "At niyaya siya ni Pedro sa isang tabi at nagsimulang pagsabihan siya." | Hindi isinama. |

Walang isang Ebanghelyo ang nakapagsalaysay ng buong kwento ng buhay ni Hesus. Sa katunayan, sinabi ni Juan na ang isang kumpletong tala ay makapupuno sa lahat ng aklat sa mundo.[42] Ang mga ebanghelyo ay hindi isang komprehensibong biograpiya. Sa halip, ang Banal na Espiritu ang nagbigay inspirasyon sa bawat sumulat upang bigyang diin ang iba't-ibang aspeto ng ministeryo ni Hesus. Sama-sama, ang mga ebanghelyo ay nagbibigay sa atin ng maramimh bahagi ng larawan ng buhay ni Hesus. Sa pamamagitan ng pag-aaral ng kuwento ng bawat ebanghelyo, mas higit nating mauunawaan ang pagpili ng materyal sa bawat ebanghelyo. Magkakaiba ang tagapakinig at layunin ng pagsulat ng bawat manunulat.

[40] Mateo 16:13-23.
[41] Marcos 8:27-33; Lucas 9:18-22.
[42] Juan 21:25.

## Mateo: Ang Ebanghelyo ng Hari

### Ang Pagpapakiala sa Ebanghelyo ni Mateo

Ang mga ama ng iglesya ay nagkakaisa sa pagtukoy kay apostol Mateo bilang siyang sumulat ng unang ebanghelyo. Ang petsa ay marahil nasa pagitan ng A.D. 50 at A.D.70. Isang mahalagang tema sa Mateo ay ang katuparan ng propesiya. Dahil hindi binanggit ni Mateo ang katuparan ng propesiya ni Hesus tungkol sa pagkawasak ng Templo, malamang na ang ebanghelyo ni Mateo ay isinulat bago A.D. 70.[43]

May ilang katangian ang nagpapahiwatig na ang Ebanghelyo ni Mateo ay pangunahing tumutukoy sa mga tagapakinig/mambabasang Hudyo.

- Hindi ipinapaliwanag ni Mateo ang mga kaugaliang Hudyo sa kanyang mga mambabasa.
- Gumamit si Mateo ng mas maraming pagbanggit mula sa Lumang Tipan kaysa sa ibang mga Ebanghelista.
- Nagbigay si Mateo ng espesyal na atensiyon sa katuparan ng propesiya ni Hesus sa Lumang Tipan.
- Sa mga pagkakataon na ginagamit ni Marcos at ni Lucas ang mga salitang "Kaharian ng Diyos", ginagamit ni Mateo ang katumbas ng mga salitang "Kaharian ng Langit." Ito ay naglalarawan ng pag-aatubili ng Hudyo na gamitin ang pangalan ng Diyos.

### Ang Nilalaman ng Ebanghelyo ni Mateo

► Paano inilalarawan ni Mateo si Hesus bilang ang Hari?

#### *Si Hesus Bilang Ang Hari*

Ang Mateo ay madalas na tinatawag na ang Ebanghelyo ng Hari. Sa kabuuan ng Mateo, si Hesus ay inilarawan bilang ang Hari ng mga Hudyo at, sa wakas, ng lahat ng mga bansa. Ang mga pantas ay naglakbay mula sa Silangan upang kilalanin ang pagsilang ng isang bagong hari. Sinikap ni Herodes na wasakin ang kanyang karibal na hari. Sa Mateo, si Hesus ay nakita bilang ang Hari.

Ginagamit ni Mateo ang mga salitang "Anak ni David" nang higit sa ibang Ebanghelyo. Ito ay isang makaharing titulo na nagpapakita na si Hesus ay nagmula sa lahi ni David. Ang pangalang ito ay ginamit nang si Hesus ay pumasok sa Jerusalem na sakay ng isang asno, isang maharlikang pagpasok na tumupad sa Zacharias 9:9.[44]

Itinuturo ni Hesus ang batas ng kaharian sa kanyang Pangangaral sa Bundok. Itinuturo niya ang kaharian ng langit sa pamamagitan ng serye ng mga talinhaga. Sa itaas ng kanyang

---

[43] Ang propesiyang ito (Mateo 24:2) ay natupad noong A.D. 70 nang sakupin ng Romanong heneral na si Titus ang Jerusalem. Ang "Arko ni Titus" na nagdiriwang sa tagumpay ng Romano laban sa Jerusalem ay nakatayo pa rin sa Roma.

[44] Mateo 21:4.

krus ay ang karatulang nagsasabi na "Ito si Hesus ang Hari ng mga Hudyo." Ang Mateo ang ebanghelyo ng Hari.

### *Si Hesus bilang Katuparan ng Lumang Tipan*

Labing-isang beses na binanggit ni Mateo ang katuparan ng propesiya sa buhay ni Hesus. Kabilang sa mga propesiya na binanggit ni Mateo ang:

- Isisilang si Hesus ng isang birhen (1:22)
- Ang paglalakbay sa Egipto (2:15)
- Ang pagpatay ni Herodes sa mga sanggol (2:17)
- Ang ministeryo ng pagpapagaling ni Hesus (8:17)
- Ang matagumpay na pagpasok sa Jerusalem (21:4)
- Ang katumbas na tatlumpung pirasong pilak para sa pagkakanulo sa kanya (27:9)

### *Ang mga Pangangaral ni Hesus*

Pinanatili ni Mateo ang mas marami sa mga pangangaral ni Hesus nang higit sa ibang mga sumulat ng ebanghelyo. Si Marcos ay nakatuon sa mga ginagawa ni Hesus, samantalang si Mateo ay mas nagbigay ng pansin sa mga salita ni Hesus. Mayroong limang malalaking sermon sa Mateo, na nagbibigay ng istruktura para sa buong ebanghelyo. Ang mga naunang mga komentarista ay nakapansin na kung paanong ang limang aklat ni Moses ang nagtatag ng pundasyon ng Israel, ang limang pangangaral na ito ang nagtatag ng pundasyon para sa iglesya. Ang limang pangunahing pangangaral ng Mateo ay:

- Ang Pangangaral sa Bundok (5-7)
- Ang pagsusugo sa Labindalawa (10)
- Ang mga Talinhaga ng Kaharian (13)
- Mga katuruan tungkol sa mga relasyon sa kaharian (18)
- Ang Pangangaral sa Bundok ng Olibo tungkol sa wakas ng panahon (24-25)

### Ang Ebanghelyo ni Mateo sa Iglesya Ngayon

Ang mga sermon sa Ebanghelyo ni Mateo ay nangungusap sa Iglesya Ngayon na kasinglakas nang unang ipinaangaral iyon ni Hesus sa Galilea at Judea.

Ang **Pangangaral sa Bundok** ay nagbibigay ng klasikong buod ng buhay sa Kaharian ng Diyos. Sa pagpapakita ng pagkakaiba ng mga tradisyon ng mga Pariseo at ng "batas ng pag-ibig," itinuturo ni Hesus kung paano tayo dapat mamuhay bilang mga mamamayan ng Kaharian ng Langit. Ang tema ng sermon ay "kaya't kayo ay dapat maging ganap, kung

paanong ang inyong Amang nasa langit ay ganap."[45] Ang utos na ito ay sa konteksto na nagpapakita na ang ating Ama ay isang Diyos ng pag-ibig na "pinasisikat niya ang araw sa masasama at sa mabubuti, at pinapapatak niya ang ulan sa mga banal at sa mga makasalanan."[46] Ang maging "ganap" sa Kaharian ng Diyos ay nangangahulugan na taglayin ang puso ng ating Ama sa langit, isang puso ng hindi makasariling pagmamahal. Bagaman ang isang puso ng perpektong pag-ibig ay imposible sa ating kalakasan bilang tao, ang ating Amang Makalangit na nag-uutos sa atin na magkaroon ng perpektong puso ay ang Diyos na nagpapaging posible nito *sa pamamagitan ng kanyang biyaya.*

> "'Kaya nga dapat kayong maging ganap; kung paanong ang inyong Amang nasa langit ay ganap…' Alam na alam niya kung gaano kabilis na ang ating di-paniniwala ay magsasabing, imposible ito! Kung kaya't itinataya niya dito ang lahat ng kapangyarihan, katotohanan, at katapatan niya sa kung kanino ang lahat ng bagay ay possible."
> - John Wesley,
> *Mga Notes sa Bagong Tipan*

Ang mga katuruan ni Hesus tungkol sa **mga relasyon sa Kaharian ng Diyos** ay nagbibigay ng modelo para sa mga relasyon sa Iglesya Ngayon.[47] Ang Mateo 18:15-20 ay nagbibigay ng gabay para sa biblikal na pagdisiplina sa iglesya kung saan ang kasalanan ay tinutugunan sa pamamagitan ng iglesya, hindi sa pamamagitan ng tsismis at mga haka-haka. Ang pagdisiplinang ito ay isinasagawa sa konteksto na nagbibigay ng kapatawaran at pagpapanumbalik, isang prinsipyo na nakikita sa tugon ni Hesus sa katanungan ni Pedro tungkol sa pagpapatawad.[48]

**Ang Dakilang Pagsusugo** ay tumatawag sa atin upang gumawa ng mga disipulo sa lahat ng mga bansa. Tulad ng pagtawag ni Hesus na tayo'y maging ganap, tinutupad natin ang pagtawag na ito hindi sa ating sariling kalakasan kundi sa pamamagitan ng kalakasan ng tumawag sa atin. Ang tumawag ang siya ring nagbigay ng pangako na "ako'y laging sasainyo, maging hanggang sa dulo ng daigdig."[49]

## Marcos: Ang Ebanghelyo ng Lingkod

### Ang Pagpapakiala sa Ebanghelyo ni Marcos

> "Habang ipinapangaral ni Pedro ang Salita sa publiko sa Roma, maraming humiling kay Marcos, na sumunod na sa kanyang nang mahabang panahon at nakaaalala sa kanyang mga sinasabi, na dapat niyang isulat ang mga iyon."
> - Clement of Alexandria quoted in Eusebius, *Ecclesiastical History* 6.14.5-7

May walong ama ng iglesya ang tumukoy kay Juan Marcos bilang ang sumulat ng ikalawang ebanghelyo. Isang pinsan ni Barnabas, si Marcos ay naglakbay kasama nina Pablo at Barnabas sa kanilang unang

---

[45] Mateo 5:48.
[46] Mateo 5:45.
[47] Mateo 18.
[48] Mateo 18:21-35.
[49] Mateo 28:18-20.

pangmisyonerong paglalakbay.[50] Bagaman ang kanyang kabiguan sa paglalakbay na iyon ang siyang naging dahilan ng di-pagkakaunawaan sa pagitan ni Pablo at Barnabas, sa paglipas ng panahon muling nakuha ni Juan Marcos ang tiwala ni Pablo at nagging kapaki-pakinabang sa kanyang ministeryo.[51]

Ang mga ama ng unang iglesya ay tumukoy kay Simon Pedro bilang ang pinagkunan ni Marcos bilang apostol. Malapitang nagtrabaho si Juan Marcos kay Pedro kung kaya't tinawag siyang "aking anak."[52] Ang Ebanghelyo ni Marcos ay nagtala ng sariling karanasan at alaala ni Pedro sa ministeryo Hesus.

Dahil ang mga pangyayari sa Marcos ay hindi lagging sumusunod sa pagkakaayos tulad ng Mateo at Lucas, magiging kapaki-pakinabang na malaman na si Obispo Papias, isang ama ng unang iglesya, ay bumanggit kay Apostol Juan nang sabihin niyang si Mark ay "naging tagapagsalin ni Pedro at isinulat niya nang tama ang lahat ng kanyang naaalala, *nang hindi laging ayon sa pagkakasunod-sunod ng mga bagay na sinabi o ginawa ng Panginoon*."[53] Tamang-tama ang pagsasalaysay ni Marcos, subali't hindi niya sinikap na ilagay ang mga pangyayari sa mahigpit na pagkakasunod-sunod na panahon.

Ang Ebanghelyo ni Marcos ay marahil isinulat mula sa Roma at pangunahin naituon sa mga tagapakinig na Hentil. Madalas na ipinapaliwanag ni Marcos ang mga Aramaic na expressions na ginagamit ni Hesus.[54] Dagdag pa rito, ipinapaliwanag niya ang mga terminolohiyang Hudyo sa kanyang mga Romanong mambabasa. Halimbawa, ipinaliliwanag ni Marcos na ang "dalawang kusing" (baryang Hudyo) "ay bubuo sa isang *farthing*" (isang baryang Romano).[55]

Ang Marcos ang pinakamaigsing ebanghelyo, at higit na mas kaunting detalye kaysa sa ibang mga ebanghelyo. Ang Marcos ay isang ebanghelyo ng aksiyon, isang katangian na maaaring sumalamin sa impluwensiya ni Simon Pedro. Ito ay isang tuwirang tala ng buhay at ministeryo ni "Kristo Hesus, ang Anak ng Diyos."[56]

## Ang Nilalaman ng Ebanghelyo ni Marcos

► Paano binigyang-diin ni Marcos ang gampanin ni Hesus bilang isang lingkod?

### *Si Hesus ang Lingkod*

Ang Marcos ay madalas tawaging Ebanghelyo ng Lingkod. Binibigyan ni Marcos ng mas maraming atensiyon ang mga ginawa ni Hesus sa halip na ang kanyang mga salita. Kumpara sa limang pangunahing pangangaral ni Mateo, ang Marcos ay mayroon lamang

[50] Col. 4:10; Mga Gawa 12:25.
[51] Mga Gawa 15:36-40; 2 Tim. 4:11.
[52] 1 Pedro 5:13.
[53] Binanggit sa Eusebius, *Ecclesiastical History,*3.39.14-17.
[54] Ang Aramaic ang karaniwang lengguwahe na ginamit sa Palestina sa panahon ng unang siglo, kapalit ng Hebreo. Mga halimbawa ng paliwanag ni Marcos ng mga Aramaic na salita ay kabilang ang Marcos 5:41, 7:11 at 14:36.
[55] Marcos 12:42.
[56] Marcos 1:1.

isang pangangaral (Marcos 13). Ang Ebanghelyo ni Marcos ay nagbibigay ng higit na atensiyon sa mga himala; at nagtala siya ng labinsiyam na himala sa isang maikling aklat na may labing-anim na kabanata.

Isinasalamin ang kanyang pagsasalarawan kay Hesus bilang isang abang lingkod, hindi nagbigay si Marcos ng listahan ng salinlahing pinagmulan at wala ring salaysay tungkol sa kapanganakan. Nagsimula siya sa ministeryo ni Hesus sa kanyang sapat na edad.

Ang isang susing talata para sa Ebanghelyo ni Marcos ay nagpapakita ng dalawang aspeto ng ministeryo ni Hesus sa lupa. "Sapagkat ang Anak ng tao ay naparito hindi upang paglingkuran, kundi upang maglingkod, at ibigay ang kanyang buhay sa ikatutubos ng marami."[57] Naparito si Hesus upang maglingkod at upang ibigay ang kanyang buhay bilang isang sakripisyo.

### *Si Hesus ang Anak ng Diyos*

Ang Marcos ay nagsisimula sa isang pagpapahayag ng pagiging Diyos ni Hesus, "Ang

simula ng ebanghelyo ni Hesu-Kristo, ang Anak ng Diyos."[58] Sa krus, ang sundalong Romano ay nagpahayag, "Tunay nga na ang taong ito ang Anak ng Diyos."[59]

Ipinapakita ni Marcos na si Hesus ay isang lingkod, subali't ipinapakita rin niya ang kapangyarihan ni Hesus bilang Anak ng Diyos. Ang isang mambabasang Romano ay maaaring umasa sa isang maka-Diyos na tagapangunang magpapakita ng kanyang kapangyarihan sa mundong ito. Ipinapakita ni Marcos ang kapangyarihang iyon sa maraming paraan. Sa buong ebanghelyo, isinasama ni Marcos ang mga patotoo sa pagiging Diyos ni Hesus:

- Sa pagbabautismo, nagpatotoo ang Ama, "Ikaw ang aking minamahal na Anak, na aking lubos na kinalulugdan."[60]
- Kinilala ng mga demonyo na si Hesus "ang Banal ng Diyos."[61]
- Ginamit ni Hesus ang kapangyarihan na taglay lamang ng Diyos nang siya ay magpatawad sa mga kasalanan[62] at inaangkin ang awtoridad tungkol sa Araw ng Pamamahinga.[63]

---

[57] Marcos 10:45.
[58] Marcos 1:1.
[59] Marcos 15:39.
[60] Marcos 1:11 at muli sa Pagbabagong-Anyo sa Marcos 9:7.
[61] Marcos 1:24, 3:11, 5:7.
[62] Marcos 2:5.
[63] Marcos 2:28.

- Ang mga himala ni Hesus ay nagpapakita ng kanyang kapangyarihan sa kalikasan,[64] karamdaman,[65] at maging sa kamatayan.[66]

### *Ang Lihim ng Mesiyas*

Kaugnay sa pagbibigay-diin ni Marcos sa pagiging Diyos ni Hesus, may mga mambabasa na nalilito sa Pabloit-ulit na utos na manahimik sa kabuuan ng Ebanghelyo. Pabloit-ulit na ang mga kumilala na si Hesus ang Mesiyas ay pinagbawalang ipagsabi iyon sa iba. Ito ay nakilala bilang "ang Lihim ng Mesiyas." Mayroong tatlong pangyayari kung saan iniutos ni Hesus na tumahimik ang tao.

- **Ang mga demonyo** ay pinagbawalang magsalita tungkol sa kalikasang pagiging Diyos ni Hesus.[67] Iniwasan ni Hesus ang pakikipag-ugnayan sa mga demonyo, kahit pa ang kanilang ipinapahayag ay totoo.

- **Ang mga taong pinagaling** kung minsan ay inuutusang tumahimik.[68] Ito marahil ay upang maiwasan ang mga grupo ng mga tao na nagkakatipon nang malaman ng publiko ang ministeryo ng pagpapagaling ni Hesus. Nang suwayin ng isang ketongin ang utos na ito at ipahayag sa maraming tao ang kapangyarihan ni Hesus, napakaraming tao ang nagkatipon kaya't "hindi na hayagang makapasok si Hesus sa bayan, kundi doon na lamang sa mga ilang na pook."[69] Ang panlupang ministeryo ni Hesus ay hindi *pangunahing* tungkol sa kagalingan ng katawan. Hindi niya hinayaang ang mga kamangha-manghang pagpapagaling ay pumalit sa pangmatagalang ministeryo na siyang dahilan ng kanyang pagparito –pagsasanay sa mga disipulo na ipalaganap ang ebanghelyo at itatag ang iglesya.

- Nang sa wakas ay napagtanto ng mga **alagad** kung sino talaga si Hesus, hindi niya sila pinayagan na sabihin ito.[70] Ang malamang na dahilan ay ang panganib ng hindi pagkakaunawaan. Kahit pagkatapos magpatotoo ni Pedro na si Hesus ang Mesiyas, hindi lubos na naunawaan ng mga disipulo ang tunay na dahilan ng pagparito ni Hesus.[71] Hindi sila handang ipangaral ang pagdating ng kanyang kaharian hanggang sa matapos ang muling pagkabuhay at pag-akyat sa langit. Hanggang sa panahong iyon, anumang pagpapahayag ng mga disipulo ay maaaring mayroong kalituhan.

### **Ang Ebanghelyo ni Marcos sa Iglesya Ngayon**

Ang prayoridad ng paglilingkod sa ministeryo ni Hesus ay nagpapaalala sa atin na habang tinutugunannatin ang pisikal at emosyonal na pangangailangan ng ating mundo,

[64] Marcos 4:39 at 6:47-48.
[65] Marcos 5:27-30 at 7:32-37, para sa halimbawa.
[66] Marcos 5:38-42.
[67] Marcos 1:34; 3:11-12.
[68] Marcos 1:44; 5:43; at 7:36.
[69] Marcos 1:45, *English Standard Version.*
[70] Marcos 8:29-30.
[71] Marcos 9:9-10, 31-32.

nagkakaroon din tayo ng mga pagkakataon na maglingkod sa kanilang espirituwal na mga pangangailangan. Ang mga Kristiyano sa Imperyong Romano ay niglagay sa panganib ang kanilang buhay upang mangalaga sa mga may malubhang karamdaman sa mga lungsod na naapektuhan ng mga salot. Ang mga Kristiyano sa Middle Ages ay nagtatag ng mga ospital upang maglingkod sa mga ketongin at mahihirap. Ang mga organisasyong Kristiyano sa panahon natin ay nagbibigay ng mga damit sa mga ulila, dumadalaw sa mga nasa bilangguan, nagpapakain sa mga nagugutom, at nangangalaga sa mga may sakit. Ang paglilingkod sa mga pinakanangangailangan sa ating lipunan ay dapat lagging maging bahagi ng misyon ng iglesya. "Dahil maging ang Anak ng Tao ay naparito hindi upang paglingkuran kundi upang maglingkod...."[72]

## Lucas: Ang Ebanghelyo ng Anak ng Tao

### Ang Pagpapakiala sa Ebanghelyo ni Lucas

Ang karapatan ni Lucas bilang isang manunulat ng Bagong Tipan ay nagmumula sa kanyang kaugnayan kay Apostol Pablo. Si Lucas ay isang Hentil na may mataas na pinag-aralan, isang doctor na kasamang naglalakbay ni Pablo at kasama rin niya hanggang sa halos dulo ng buhay ni Pablo. Ilang bahagi ng Mga Gawa ay nagpapakita ng presensiya ni Lucas; si Lucas ay bumabanggit ng "sila" o "kami" sa kanyang pagsusulat ng mga pangyayari habang kasama siya ni Pablo.[73]

Ang petsa ng Ebanghelyo ni Lucas ay malawakang nakabase sa relasyon nito sa aklat ng mga Gawa. Nagsimula si Lucas ng pagsasalaysay na nagpatuloy sa Aklat ng mga Gawa. Batay sa pagtatapos ng Gawa, maaaring isipin na ang Gawa ay isinulat ilang panahon bago magsimula ang pag-uusig ni Nero noong A.D. 64.[74] Ito ay nagpapahiwatig na ang Lucas ay malamang isinulat sa bandang huli ng 50's o sa simula ng 60's.

Ang mga mambabasa at layunin ng pagsulat ni Lucas ay tinukoy sa paunag salita.[75] Si Lucas ay sumusulat kay Teofilo, marahil ay isang opisyal na Romano. Ipinahihiwatig ng Gawa 1:4 na si Teofilo ay isang bagong Kristiyano na "binigyang kautusan" patungkol sa buhay ni Hesus. Ang mga bagong mananampalataya, particular ang mga Hentil, ay binibigyan ng ilang buwan ng pagtuturo tungkol sa buhay ni Hesus, ang bagong buhay ng isang Kristiyano, at ang mga doktrina ng iglesyang Kristiyano. Sumusulat si Lucas upang magbigay ng isang maayos na pagsasalaysay ng mga bagay na itinuro kay Teofilo.

### Ang Nilalaman ng Ebanghelyo ni Lucas

► Anong mga detalye ang binigyang-diin ni Lucas upang ipakita ang pagiging tao ni Hesus?

---

[72] Marcos 10:45, *English Standard Version*.
[73] Ang mga bahagi ng Gawa na nagpapahiwatig ng presensiya ni Lucas sa grupo ay 16:10-17; 20:5-21:18; 27:1-28:16.
[74] Sa Gawa 28:30, si Pablo ay nakabilanggo sa bahay, subalit hindi pa nanganganib para sa kanyang buhay.
[75] Lucas 1:1-4.

### *Si Hesus ang Anak ng Tao*

Ang Chalcedonian Creed ay binuo noong A.D. 451 upang linawin ang katuruan ng iglesya patungkol sa kalikasan ni Kristo. Ipinapahayag ng creed o paniniwala na si Kristo ay nagtataglay ng dalawang kalikasan (bilang Diyos at bilang tao) na magkasama sa iisang persona: "perpekto sa pagka-Diyos at perpekto rin sa pagiging tao; tunay na Diyos at tunay na tao."[76] Nagbibigay si Lucas ng isang malinaw na larawan ng pagiging tao ni Hesus, "ganap sa pagiging tao."

Ipinapakita ni Lucas na si Hesus ay lubusang tao. Nagbigay siya ng detalyadong kwento ng pagsilang ni Hesus.[77] Bagaman ang paglilihi ay higit sa karaniwan, si Hesus ay isinilang bilang isang normal na sanggol. Siya ay lubusang tao.

Ang talaan ng salinlahi ni Mateo, na pangunaging nakatuon sa mga Hudyo, ay tumutunton sa ninuno ni Hesus kay Abraham. Ang talaan ng salinlahi ni Lucas, na nakatuon sa Griegong tumatanggap at nagpapakita kay Hesus bilang ang Anak ng Tao, ay tumutunton sa ninuno ni Hesus kay Adan.[78]

Ang pagkakasunod-sunod ng mga unang kabanata ni Lucas ay naglalarawan ng kanyang layunin na ipakita si Hesus bilang ang "ikalawang Adan." Sa halip na simulan sa isang talaan ng salinlahi (tulad ni Mateo), inilagay ni Lucas ang talaan ng salinlahi pagkatapos ng salaysay tungkol sa bautismo. Ang talaan ng salinlahi ay nagtatapos sa "na anak ni Adan, na anak ng Diyos." Ito ay agad sinundan ng salaysay ng pagtukso kay Hesus. Ang unang Adan (na nakatira sa isang magandang hardin) ay nahulog sa tukso; ang ikalawang Adan (na pinahina ng apatnapung araw nang walang pagkain at nag-iisa sa ilang) ay napaglabanan ang tukso. Bilang tao, nagbigay si Hesus ng isang halimbawa para sa bawat mananampalataya na nahaharap sa tukso. Ipinakita ni Hesus na dapat nating harapin ang mga atake ni Satanas sa kapangyarihan ng Banal na Espiritu (na makakamit sa pamamagitan ng pananalangin) at Kasulatan.[79]

Sa kabuuan ng ebanghelyo, ipinakita ni Lucas ang pisikal na aspeto ng buhay ni Hesus sa lupa: gutom, tulog, at ang kanyang matinding paghihirap sa Garden ng Getsemane.[80]Si Hesus ay lubusang tao.

### *Si Hesus ang Tagapagligtas ng Daigdig*

Ang Ebanghelyo ni Lucas ay nagpapakita na si Hesus ay dumating bilang Tagapagligtas ng *lahat* ng sangkatauhan. Si Simeon ay nagsalita tungkol kay Hesus bilang "isang liwanag para sa paghahayag sa mga Hentil."[81]

---

[76] http://carm.org/christianity/creeds-and-confessions/chalcedonian-creed-451-ad.
[77] Lucas 2.
[78] Lucas 3:23-38.
[79] Lucas 4:1-13.
[80] Lucas 22:44.
[81] Lucas 2:32, *English Standard Version.*

Ang pagnanais ni Lucas na ipakita si Hesus bilang ang Tagapagligtas ng *buong* mundo ay nakikita sa kanyang focus sa mga taong walang katayuan sa lipunan. Ipinakikita ni Mateo ang mga Magi, mga iginagalang na iskolar mula sa Silangan, na nagparangal sa kapanganakan ni Hesus; itinuturo ni Lucas ang mga pastol.[82]Ang mga pastol ay walang katotohanan bilang mga saksi; ang kanilang patotoo ay hindi tinatanggap sa hukuman ng mga Hudyo. Itinuturo ni Lucas ang pagpapahayag ng mga anghel sa mga pastol bilang patotoo na si Hesus ay dumating sa *lahat* ng tao.

Ang mga babae, isa pang grupo na maliit ang katayuan sa lipunan sa panahon ni Hesus, ay nagkaroon ng mahalagang gampanin sa ebanghelyo ni Lucas. Si Ana, isang babaeng propeta, ay tumayo sa tabi ni Simeon sa paghahandog sa templo.[83] Pinahintulutan ni Hesus si Maria na "umupo sa kanyang paanan" kasama ng mga lalaking disipulo.[84] Nakakagulat, ang mga kababaihan ang tagasuporta sa pananalapi ng ministeryo ni Hesus.[85]

Maraming ibang mga grupo na may mababang kalagayan sa lipunan ang ipinakilala sa Lucas. Binisita ni Hesus ang tahanan ni Zaqueo, ang maniningil ng buwis, isa sa mga pinaka hindi iginagalang na grupo sa Palestina sa unang siglo.[86] Nagkuwento si Hesus ng isang talinhaga na ang bida ay isang Samaritano.[87] Sa krus, nagpakita si Hesus ng pagkahahabag sa isang magnanakaw na walang maaaring asahan kundi kahatulan.[88]

### *Ang Kahalagahan ng Panalangin*

Ang Lucas ay nagpapakita na ang panalangin ay mahalaga sa buhay ni Hesus. Sa labinlimang tiyak na reperensiya sa pananalangin ni Hesus sa mga ebanghelyo, labing-isa dito ay matatagpuan sa Lucas. Nang siya'y nakaharap sa isang mahalagang pagpapasiya, ginugol ni Hesus ang buong gabi sa pananalangin.[89] Dalawa sa mahahalagang talinhaga ni Hesus tungkol sa panalangin ay nakatala sa Lucas 18. Ang mga talinhagang ito ay nagtuturo tungkol sa pagtitiyaga at kababaang-loob sa pananalangin.[90] Ang pananalangin ay isang mahalagang tema sa Lucas.

### *Ang Tungkulin ng Banal na Espiritu*

Ang Ebanghelyo ni Lucas ay nagbibigay ng malapit na pansin sa tungkulin ng Banal na Espiritu sa buhay ni Hesus. Ang temang ito ay magpapatuloy sa Aklat ng mga Gawa habang ipinapakita ni Lucas ang tungkulin ng Banal na Espiritu sa unang iglesya.

Ang tungkulin ng Banal na Espiritu ay nakikita sa kabuuan ng Lucas:

---

[82] Lucas 2:15-20.
[83] Lucas 2:36-38.
[84] Lucas 10:39.
[85] Lucas 8:1-3.
[86] Lucas 19:1-10.
[87] Lucas 10:25-37.
[88] Lucas 23:39-43.
[89] Lucas 6:12.
[90] Lucas 18:1-8; Lucas 18:9-14.

- Sina Juan Bautista, Elizabeth, at Zacarias ay puspos ng Banal na Espiritu.[91]
- Ang Banal na Espiritu ay dumating kay Maria nang ipaglihi si Hesus.[92]
- Si Simeon ay ginabayan ng Banal na Espiritu.[93]
- Dumating ang Banal na Espiritu sa pagbabautismo kay Hesus.[94]
- Ang Banal na Espiritu ang nag-akay kay Hesus sa ilang upang doon tuksuhin.[95]
- Ang Banal na Espiritu ay kasama ni Hesus nang siya'y bumalik sa Galilea para sa ministeryo.[96]
- Sa bago ang kaganapan ng Pentekostes, ipinangako ni Hesus ang Banal na Espiritu para sa mga humihingi nito.[97]

**Ang Ebanghelyo ni Lucas sa Iglesya Ngayon**

Para sa kasalukuyang mapagdudang mundo, ang **maingat naatensiyon** ni Lucas **sa detalye** ay nagbibigay ng makapangyarihang patotoo sa katotohanan ng Kasulatan. Inilalagay ni Lucas ang simula ng pampublikong ministeryo ni Hesus sa konteksto na nagpapakita ng maingat na detalye ng kanyang salaysay:

"Ngayon sa ikalabinlimang taon ng pamumuno ni Tiberius Caesar, si Poncio Pilato ang gobernador ng Judea, at si Herodes bilang ang tetrarka ng Galilea, at ang kanyang kapatid na si Philip ang tetrarka ng Ituraea at sa rehiyon ng Trachonitis, at Lysanias ang tetrarka ng Abilene, sina Annas at Caiaphas ang siyang mga punong-pari...."[98]

Sa ating pagpapakilala kay Kristo sa isang nag-aalinlangang mundo, maaari tayong mangaral nang may pagtitiwala. Ang ating pananampalataya ay hindi "bulag na pananampalataya" sa isang kathang-isip na relihiyosong nilalang. Ang ating pananampalataya ay nakatatag sa isang katauhan sa kasaysayan, ang nagkatawang-taong Anak ng Diyos na namuhay sa piling natin, namatay para sa ating mga kasalanan, muling binuhay sa ikatlong araw, at umakyat sa langit kung saan siya'y nakaupo sa kanang kamay ng Ama.

Ang **tungkulin ng pananalangin sa buhay ni Hesus** ay nagsisilbing isang modelo para sa bawat Kristiyano. Kung si Hesus, na walang kasalanan at nagtataglay ng malapit na pakikipag-isa sa Ama, ay nakita ang kahalagahan ng pananalangin, lalong higit na dapat nating makita ang pananalangin bilang pangunahin sa ating mga buhay. Ang

[91] Lucas 1:15, 41, 67.
[92] Lucas 1:35.
[93] Lucas 2:25-27.
[94] Lucas 3:22.
[95] Lucas 4:1.
[96] Lucas 4:14.
[97] Lucas 11:13.
[98] Lucas 3:1-2.

ebanghelistang si Leonard Ravenhill ay sumulat, "Walang sinumang tao ang mas higit pa sa kanyang buhay panalangin. Ang pastor na hindi nananalangin ay naglalaro..."[99]

Sa panghuli, kung paanong ang **Banal na Espiritu** ay napakahalaga sa ministeryo ni Hesus, ang Banal na Espiritu ay dapat ding maging sentro sa buhay ng Iglesya Ngayon. Nagpapakita ang kasaysayan ng iglesya ng dalawang panganib kaugnay sa Banal na Espiritu. Ang isang panganib ay ang pagbibigay-diin sa tungkulin ng Banal na Espiritu na isinasa-isantabi ang iba pang persona ng Trinidad. Ang katumbas na panganib ay ang pagpapaliit ng tungkulin ng Banal na Espiritu sa iglesya. Nagbigay ng babala si A.W.Tozer na ang iglesya ay may kakayahang pahintulutan ang kapangyarihan ng Banal na Espiritu na mapalitan ng "isang mumurahin at gawa- gawang kapangyarihan."[100] Kamakailan lamang, nagbabala si Francis Chan: "Ang iglesya ay nawawalan ng kabuluhan kapag ito'y nagiging simpleng gawa lamang ng tao. Hindi ganyan ang pagkalikha sa atin, kapag ang lahat ng bagay sa ating mga buhay at iglesya ay naipapaliwanag nang hiwalay sa gawain at presensiya ng Espiritu ng Diyos."[101]

Ipinapakita ng Mga Gawa ang kahalagahan ng Banal na Espiritu sa iglesya; ipinapakita ni Lucas ang kahalagahan ng Banal na Espiritu sa buhay ng indibidwal. Nagtiwala si Hesus sa paggabay at kapangyarihan ng Banal na Espiritu sa kanyang ministeryo sa lupa; hindi natin dapat pahintulutan ang anumang "mumurahin at gawa-gawang kapangyarihan upang pumalit sa kapangyarihan ng Banal na Espiritu" sa Iglesya Ngayon.

## Konklusyon

Si Thomas Linacre ay isang propesor sa Oxford at pansariling manggagamot ni Haring Henry VIII. Pagkatapos niyang basahin sa unang pagkakataon ang mga Ebanghelyo, isinulat niya sa kanyang talaarawan, "Alin sa dalawa, hindi ito ang ebanghelyo o tayo ay hindi mga Kristiyano." Kinilala ni Linacre na ang buhay ng isang tunay na Kristiyano ay binago ni Hesu-Kristo. Kapag inihahambing niya ang kanyang buhay at ang buhay ng mga nagsasabing sila'y mga Kristiyano sa kanyang paligid Kristiyano, subali't hindi natin ipinapakita ang imahen ni Kristo Hesus."

Mula sa mga sermon sa bundok ayon kay Mateo, hanggang sa paglalarawan ni Marcos sa paglilingkod ni Hesus sa mga nangangailangan, hanggang sa pagbibigay-diin ni Lucas sa Banal na Espiritu, ang mga ebanghelyo ay nagpapakita ng larawan ng ministeryo ni Hesu-Kristo. Sa pamamagitan nito, ang mga ebanghelyo ay nagpapakita ng kahulugan ng pagiging isang Kristiyano. Sa ating pagbasa ng mga ebanghelyo, dapat nating tanungin ang ating mga sarili, "Nasasalamin ba sa aking buhay ang nakakabago-ng-buhay na biyaya ni Hesu-Kristo?"

---

[99] Matatagpuan sa www.ravenhill.org.
[100] A.W. Tozer. *Of God and Men.*
[101] Francis Chan. *Forgotten God: Reversing Our Neglect of the Holy Spirit*.

## Mga Takdang-Aralin ng Aralin

Ipakita ang iyong pagkaunawa sa kabanatang ito sa mga sumusunod na takdang-aralin:

(1) Pumili ng **dalawa** sa mga sumusunod na takdang-aralin:

- Maghanda ng isang sermon o aralin sa Bibliya sa isa sa mga talinhaga ni Hesus. Ito ay maaaring 5-6 na pahinang manuskrito o isang nakarekord na sermon o aralin.
- Maghanda ng isang sermon o aralin sa Bibliya tungkol sa kahalagahan ng pagpapako sa krus o ng Muling Pagkabuhay sa buhay ng Kristiyano. Ito ay maaaring 5-6 na pahinang manuskrito o isang nakarecord na sermon o aralin.
- Maghanda ng timeline ng Linggo ng Pagpapakasakit (Semana Santa) na maaaring gamitin para sa pagtuturo. Ito ay maaaring isang presentasyong gamit ay papel o gamit ang kompyuter. Ang timeline ay dapat maglaman ng mga pangunahing pangyayari sa Linggo ng Pagpapakasakit.
- Gumuhit ng isang mapa ng Palestina na nagpapakita ng lokasyon ng bawat isa sa mga sumusunod na rehiyon at mga lunsod: Judea, Galilea, Samaria, Decapolis, Jerusalem, Nazareth, Jericho at Caesarea Philippi.

(2) Kumuha ng pagsusulit batay sa materyal mula sa araling ito. Kasama rin sa pagsusulit ang mga talata sa Kasulatan na nakatakdang isaulo.

**Mga Tanong sa Pagsusulit sa Aralin 2**

(1) Bakit tinatawag na Sinoptikong Ebanghelyo ang unang tatlong ebanghelyo?

(2) Magbigay ng tatlong ebidensiya na ang Mateo ay nakatuon sa mga mambabasang Hudyo.

(3) Maglista ng tatlong pangunahing tema ng Mateo.

(4) Maglista ng tatlong pangunahiing tema ng Marcos.

(5) Ilista at ipaliwanag ang tatlong tagapakinig na nakaugnay sa Sikreto ng pagiging Mesiyas ng Marcos.

(6) Ano ang nalalaman natin tungkok kay Teofilo? Tungkol kay Lucas?

(7) Ano ang itinuturo ng Chalcedonian Creed tungkol sa kalikasan ni Hesus?

(8) Maglista ng apat na pangunahing tema ng Lucas.

(9) Maglista ng tatlong halimbawa ng ministeryo ni Hesus mula sa Lucas sa mga taong may mababang kalagayan sa lipunan.

(10) Maglista ng tatlong halimbawa ng gawain ng Banal na Espiritusa panahon ng buhay sa mundo ni Hesus.

(11) Isulat ang Mateo 5:48; Marcos 10:45; Lucas 19:10 mula sa memorya.

# Aralin 3
# Juan: Ang Ebanghelyo ng Paniniwala

## Mga Layunin ng Aralin

Sa katapusan ng araling ito, ang mag-aaral ay dapat:
(1) Makita ang pagkakaiba ng Juan sa mga Sinoptikong Ebanghelyo.
(2) Makilala ang sumulat, ang petsa at ang Pinangyarihan na pangkasaysayan ng Ebanghelyo ni Juan.
(3) Malaman ang tema at layunin ng Juan.
(4) Kilalanin at ipagpasalamat ang kahalagahan ng kapwa pagiging tao at pagiging Diyos ni Hesus.
(5) Iuagnay ang mensahe ng Juan sa mga pangangailangan ng mundo ngayon.
(6) Isabuhay ang nilalaman ng aralin sa Pinangyarihan ng ministeryo.

## Paghahanda para sa Araling Ito

*Basahin ang Ebanghelyo ni Juan.*
*Isaulo ang Juan 20:30-31.*

## Panimula

► Ano ang ibig sabihin ng "paniniwala?" Paano makakaapekto tunay na paniniwala an gating mga buhay?

"Sapagkat gayun na lamang ang pag-ibig ng Diyos sa sanlibutan kaya't ibinigay niya ang kanyang bugtong na Anak, upang ang sinumang sumampalataya sa kanya ay hindi mapahamak, kundi m agkaroon ng buhay na walang hanggan.Dahil hindi isinugo ng Diyos ang kanyang Anak sa mundo upang hatulan ang mundo; kundi upang sa pamamagitan niya ay maligtas ang mundo. Ang sinumang sumampalataya sa kanya ay hindi na hahatulan; subali't ang sinumang hindi sumasampalataya ay nahatulan na, dahil hindi siya sumampalataya sa pangalan ng bugtong na Anak ng Diyos."[102]

Ang mga ito ay ilan sa mga pinakapamilyar na salita sa Kasulatan. Nangangako ito na *sinumang* sumampalataya kay Hesus ay magkakaroon ng buhay na walang hanggan. Ito rin ang ilan sa pinakamadalas na Kasulatan na ginagamit nang mali. "Sumampalataya lamang" ay madalas binibigyan ng maling kahulugan na ang pagpapahayag ng pananampalataya ang tanging kailangan; ang pagbabalik loob ay hindi nangangailangan ng pagbabago sa buhay. Ipinapakita ni Juan na ang pananampalataya ay mas higit pa sa pagsang-ayon lamang ng pag-iisip. Ang mga salitang "Ako'y sumasampalataya", na binibigkas mula sa puso, ay babago sa iyong buhay. Ang tunay na pananampalataya ay

[102] Juan 3:16-18.

naghahatid ng pagbabago sa kalooban ng isang tao at pagbabago rin sa kanyang pag-uugali.

## Ang Background ng Ebanghelyo ni Juan

### Ang Sumulat, Petsa at Lugar

Si Juan, na anak ni Zebedeo, ang sumulat ng ikaapat na Ebanghelyo. Sina Ignatius ng Antioch, Justin Martyr, Policarp, at Ireneus ay lahat ay nagpapatotoo na si Juan ang siyang sumulat nito.

Si Juan, kasama ang kanyang kapatid na si Santiago at si Simon Pedro, ay bahagi ng "Mas Malalim na sirkulo" o "Inner Circle" ni Hesus. Sila lamang ang mga disipulo sa loob ng silid nang muling buhayin ni Hesus ang patay na batang babae.[103] Sila ay kasama ni Hesus sa Bundok ng Pagbabagong-Anyo at sa Garden ng Getsemane.[104]

Si Juan ay isang maimpluwensiyang tagapanguna sa iglesya. Tanging si Pablo ang sumulat ng mas maraming aklat sa Bagong Tipan kaysa kay Juan. Isinulat ni Juan ang Ebanghelyo ni Juan, tatlong Liham, at ang Pahayag.

Ayon sa tradisyon, nanirahan si Juan sa Efeso. Sa panahon ng pamumuno ni Domitian, si Juan ay nakabilanggo sa Patmos, kung saan niya isinulat ang Aklat ng Pahayag. Pagkatapos, bumalik siya sa Efeso at doon namatay sa edad na halos 100 taon. Marahil ang Ebanghelyo ni Juan ay isinulat sa Efeso. Karaniwan ito ay may petsang A.D. 85-95, ang huli sa mga ebanghelyo.

### Layunin

Ang Ebanghelyo ni Juan ay kapansin-pansing naiiba kaysa sa mga sinoptikong ebenghelyo. Ang Juan ay hindi naglalaman ng mga kwento nang si Hesus ay nagpapalayas ng masamang espiritu; wala itong mga talinhaga; at, hindi katulad ng Marcos, wala itong "sikreto ng Mesiyas."

Bagaman maraming manunulat ang nakapansin na sa pagkakaiba ng Juan at ng mga synoptic gospels, mahalaga rin na makita natin ang mga pagkakatulad nila. Hindi nagtuturo si Juan ng ibang ebanghelyo sa iba pang apostol. Nagpapahayag siya ng ibang pananaw sa buhay ni Hesus, subali't ang kanyang mensahe ay katulad lang din ng ibang Ebanghelista. Ipinakikita ni Juan na si Hesus ang Anak ng Diyoss na namuhay nang kasama natin, ipinako sa krus dahil sa kasalanan natin, at muling nabuhay mula sa mga patay pagkatapos ng ikatlong araw. Ang ipinahayag na layunin ni Juan ay itala ang mga ebidensiya ng pagiging Diyos ni Hesus.

Mayroong dalawang unang heresiya na nakaugnay kay Hesus. Ang isa ay itinatanggi ang kanyang lubusang pagiging tao, na nagsasabing si Hesus ay nagpakita lamang bilang isang

---

[103] Marcos 5:37-42.
[104] Mateo 17:1-9; Marcos 14:32-36.

tao. Nagsalita si Lucas tungkol sa kamaliang ito sa kanyang paglalarawan kay Hesus bilang lubos na tao. Ang isa pang heresiya ay itinatanggi ang kanyang pagiging Diyos, na nagsasabing siya ay isang dakilang tagapagturo subali't hindi ang Anak ng Diyos. Nagbigay si Juan ng espesyal na atensiyon sa pagiging Diyos ni Hesus sa pamamagitan ng serye ng mga himala na nagpapahayag sa kanya bilang ang Anak ng Diyos at sa pamamagitan ng mga pangungusap na nagpapakita sa kanya bilang ang Salita na nagkatawang-tao. Ang layunin ng Juan ay "upang kayo ay maniwala na si Hesus ang Kristo, ang Anak ng Diyos; at sa inyong painiwala ay magkaroon kayo ng buhay sa pamamagitan ng kanyang pangalan."[105]

## Nilalaman ng Ebanghelyo ni Juan

### Ang Pasimula (Juan 1:1-18)

Sa paghahayag na **si Hesus, ang Hari** sa tagapakinig na Hudyo, tinunton ni Mateo ang salinlahi ni Hesus kay David hanggang kay Abraham. Sa paghahayag na **si Hesus, ang Lingkod** sa tagapakinig na Romano, walang inilagay na salinlahi si Marcos. Sa paghahayag na **si Hesus ang Anak ng Tao** sa tagapakinig na Griego, tinunton ni Lucas ang salinlahi kay Adan, ang unang tao. Sa paghahayag na si Hesus ang Anak ng Diyos, nagsimula si Juan sa isang matatawag nating "makaDiyos na salinlahi." "Sa pasimula ay ang Salita, at ang Salita ay kasama ng Diyos, at ang Salita ay Diyos. At ito rin sa pasimula ay nasa Diyos. Ang lahat ng bagay ay nalikha sa pamamagitan niya; at kung wala siya, walang anumang bagay ang nalikha."[106]

Ang ebanghelyo ni Juan ay nagsimula sa dramatikong pag-angkin na si Hesus ay "Ang Salita" at "ang Salita ay Diyos." Isinulat niya. "ang Salita ay nagkatawang-tao, at nanirahan kasama natin, (at nakita namin ang kanyang kaluwalhatian, ang kaluwalhatian bilang bugtong na anak ng Ama) puspos ng biyaya at katotohanan."[107] Ang kabuuan ng ebanghelyo ay maghahayag ng patunay bilang suporta sa inaangkin nito.

### Ang Aklat ng mga Tanda (Juan 1-12)

► Paano ipinapakita ng bawat himala sa Juan ang pagiging Diyos ni Hesus?

Ang unang kalahati ng Juan ay madalas na tinatawag na "ang Aklat ng mga Tanda." Sa bahaging ito, itinatala ni Juan ang pitong himala na nagpapakita ng dakilang kapangyarihan ni Hesus. Nang gawin niyang alak ang tubig sa kasalan sa Cana, ipinahayag ni Hesus ang kanyang sarili sa kanyang mga disipulo. "Ito, ang una sa kanyang mga tanda, ginawa ni Hesus sa Cana sa Galilea, at ipinakita ang kanyang kaluwalhatian. At sumampalataya sa kanya ang kanyang mga disipulo."[108]

---

[105] Juan 20:31.
[106] Juan 1:1-3.
[107] Juan 1:14.
[108] Juan 2:11, *English Standard Version*.

Ang himala sa Cana ang una sa isang serye ng pitong mahimalang tanda sa Juan 1-12. Ang anim na iba pang tanda ay:

- Pagpapagaling sa anak na lalaki ng opisyal sa Capernaum (4:46-54)
- Pagpapagaling sa paralitiko sa Betesda (5:1-18)
- Pagpapakain sa 5,000 (6:5-14)[109]
- Paglakad sa tubig (6:16-24)
- Pagpapagaling sa lalaking ipinanganak na bulag (9:1-7)
- Muling binuhay si Lazarus (11:1-45)

> Ang himala ay higit pa sa isang pangyayari na hindi natin maipaliwanag. Ang himala ay may kalakip na "supernatural na panghihimasok sa kalikasan o sa takbo ng mga pangyayari. Sa kasaysayan ng iglesya ang mga himala ay nakikita hindi lamang bilang hindi pangkaraniwang pagpapahayag ng biyaya ng Diyos, kundi ang Diyos mismo ang nagpapatunay sa tao o sa mga itinuturo ng taong gumagawa ng himala." Ito ang dahilan kaya ginagamit ni Juan ang salitang "tanda" upang ilarawan ang mga himala ni Hesus.
> - Kahulugan mula sa
> Sinclair R. Ferguson and J.I. Packer,
> *New Dictionary of Theology*, 1988

Ang bawat himala ay nagpakita kay Hesus bilang ang Anak ng Diyos. Ginagamit ni Juan ang salitang "tanda" upang ilarawan ang mga himala ni Hesus. Ang mga himala ay mga tanda na tumutukoy kay Hesus bilang ang Anak ng Diyos. Kung paanong sinusundan natin ang mga tanda upang hanapin ang daan o paliparan, hinihiling ni Juan sa atin na sundin ang mga tanda ng mga himala ni Hesus upang makita ang kanyang pagiging Diyos.[110] Ang huling himala ni Hesus, ang pagbuhay kay Lazarus ay sa Juan lamang nakatala at ang rurok ng unang kalahati ng Ebanghelyo. Ang himalang ito ang direktang naging daan ng pangwakas na komprontasyon sa pagitan ni Hesus at ng mga lider na pangrelihiyon. Dahil maraming Hudyo ang bumabaling kay Hesus bilang resulta ng hindi maikakailang himalang ito, ipinasiya ng mga lider na patayin kapwa sina Hesus at Lazarus.[111]

Dagdag pa sa pitong himala, itinala ni Juan ang isang serye ng mga pangungusap ni Hesus na nagpapatotoo sa kanyang pagka-Diyos. Sa mga pagkakataon na binabanggit ni Marcos ang mga okasyon na ipinagbabawal ni Hesus sa kanyang mga disipulo na magpatotoo na siya ang Mesiyas, si Juan ay nagtala ng mga pagkakataon na ipinahahayag ni Hesus ang kanyang kalikasan sa iba. Kabilang sa mga patotoong naitala ni Juan ang:

- Ang patotoo ni Hesus kay Nicodemo (3:1-21)

[109] Ito ang tanging himala na binanggit sa lahat ng apat na ebanghelyo.
[110]http://www.probe.org/site/c.fdKEIMNsEoG/b.4222629/k.EE2A/What_is_a_Biblical_Definition_of_Miracle.htm.
[111] Juan 11:45-53, 12:9-11.

- Ang patotoo ni Hesus sa babaeng Samaritana (4:1-41)[112]
- Ang patotoo ni Hesus pagkatapos pagalingin ang lalaki sa Bethesda (5:17-18)
- Ang patotoo ni Hesus pagkatapos pakainin ang 5000 (6:24-59)
- Ang patotoo ni Hesus sa Pista ng mga Tabernakulo (7:14-44)
- Ang patotoo ni Hesus na "Bago pa si Abraham, Ako'y ako na" (8:52-59).
- Ang patotoo ni Hesus sa Pista ng Pagtatalaga (10:22-38)

Sa mga nakaraang ilang taon, may mga taong mapangduda na nagsabing hindi naman inangkin ni Hesus na siya ay Diyos. Ipinakita ni Juan na Pabloit-ulit na pinatotohanan ni Hesus ang kanyang pagiging Diyos. Malinaw na naunawaan ng mga tagapakinig ni Hesus ang kahulugan ng sabihin niyang "Bago pa isinilang si Abrahm, Ako'y ako na."[113] Ito ang mga salitang ginamit ng Diyos upang ipakilala ang kaniyang sarili kay Moses, "Ako'y si Ako Nga".[114] Naunawaan ng mga nakarinig kay Hesus ang kanyang ibig sabihin; sinikap nila siyang batuhin, ang parusa sa paglapastangan sa Diyos.[115] Hindi nila sinikap na patayin si Hesus dahil siya ay isang dakilang guro at manggagamot; sinikap nila siyang patayin dahil inangkin niya na siya ay Diyos. Maaari nating tanggihan ang inaangkin ni Hesus na siya ay Diyos; nguni't hindi natin maitatanggi na totoong inangkin niya iyon.

"…Madalas sinasabi ng tao: 'nakahanda akong tanggapin si Hesus bilang isang dakilang gurong moral, subali't hindi ko tinatanggap ang Kanyang inaangkin na Siya ay Diyos.' Iyon ang isang bagay na hindi natin dapat sabihin. Ang isang taong nagsasalita ng mga sinabi ni Hesus ay hindi magiging isang dakilang gurong moral. Siya ay maaaring isang baliw o kaya'y siya ang demonyo ngImpiyerno. Kailangan mong pumili… Maaari mo siyang patigilin bilang isang hangal, maaari mong … patayin Siya bilang isang demonyo; o maaari kang magpatirapa sa Kanyang paanan at tawagin siyang Panginoon at Diyos. Subali't huwag tayong lumapit na may anumang walang kabuluhang pagtataguyod tungkol sa kaniyang pagiging isang dakilang guro.Hindi niya iyon iniwan sa atin bilang pagpipilian."

- C.S. Lewis,
*Mere Christianity*

**Ang Aklat ng Kaluwalhatian (Juan 13-20)**

Nakikita natin kay Hesus "ang kaluwalhatian ng tanging anak ng Ama, puspos ng biyaya at katotohanan."[116] Sa panahon ng huling lingo ng ministeryo ni Hesus sa mundo, nahayag ang kanyang kaluwalhatian sa ibang paraan na hindi inaasahan ng kanyang mga disipulo. Iniisip ng mga disipulo ni Hesus na ang kanyang kaluwalhatian ay tagumpay na pangmilitar,

---

[112] Tingnan lalo na ang Juan 4:25-26.
[113] Juan 8:58.
[114] Exodo 3:14.
[115] Juan 8:59.
[116] Juan 1:14.

kapangyarihang pampulitika, at popular na ministeryo sa publiko. Sa halip, ipinakita ni Hesus na ang kanyang kaluwalhatian ay kalakip ng isang krus at pagsasakripisyo ng sarili.

Sa Huling Hapunan, ipinakita ni Hesus ang kababaang-loob kung paano ang kanyang mga tagasunod ay dapat maglingkod sa isa't-isa.[117] Sa kanyang mga huling mga pangangaral, itinuro ni Hesus ang tungkol sa isang Mang-aaliw na "sasainyo sa habangpanahon."[118] Gamit ang paglalarawan ng isang puno ng ubas at mga sanga, itinuro niya ang pangangailangan na manatili sa kanya; "kung ang sinuman ay hindi mananatili sa akin, siya ay puputulin tulad ng isang sanga, at siya ay malalanta…."[119] Ang mga halimbawang ito ay kasalungat ng pampulitika at pangmilitar na kapangyarihan; sa halip, ang landas ni Hesus ay pagsusuko ng sarili at kababaang-loob.

Sa "Panalangin ng Punong Saserdote" ni Hesus, ipinanalangin niya ang mga usaping malapit sa kanyang puso. Sa pagharap sa krus, nanalangin si Hesus

- Para sa kanyang sarili:na siya ay maluwalhati sa pamamagitan ng Ama. (17:1-8)
- Para sa mga disipulo: upang sila ay maingat at pagpapaging-banal. (17:9-19)
- Para sa lahat ng mananampalataya: upang ang kanilang pagkakaisa ang siya'y magpatotoo sa mundo. (17:20-26)

Itinala ni Juan ang pagdakip, paglilitis, pagpapako sa krus at muling pagkabuhay ni Hesus. Sa simula ng Juan, sinabi ni Hesus kay Nicodemus na, "kung paanong itinaas ni Moses ang ahas sa ilang, gayundin naman, ang Anak ng Tao ay itataas upang ang sinumang sumampalataya sa kanya ay hindi mapahamak kundi magkaroon ng buhay na walang hanggan."[120] Makalipas iyon, sinabi ni Hesus kung paano siya mamamatay; "At kung ako'y maitaas na, ilalapit ko sa akin ang lahat ng tao."[121] Doon sa krus, ang Anak ng tao ay "itinaas" upang "ilapit ang lahat ng tao" sa kanyang sarili upang sila "ay hindi mapahamak, kundi magkaroon ng buhay na walang hanggan." Ito ang layunin na siyang direksiyon ng buong buhay ni Hesus. Ito ang kaluwalhatiang dahilan ng kanyang pagparito sa mundo.

Tinapos ni Juan ang bahaging ito sa isang testimonya ni Tomas tungkol sa muling pagkabuhay, "Aking Panginoon at aking Diyos."[122] Ang nakakapagpabagong kapangyarihan ng muling pagkabuhay ni Hesus ay maaaring makita sa buhay ni Tomas pagkalipas noon; namatay siyang isang martir habang nag-eebanghelyo sa India.

---

[117] Juan 13.
[118] Juan 14:16.
[119] Juan 15:6.
[120] John 3:14-15.
[121] Juan 12:32.
[122] Juan 20:28.

**Pang-wakas (Juan 21)**

Ang huling kabanata ng Juan ay nag-uulat ng pagpapakita ni Hesus matapos siyang muling mabuhay sa isang grupo ng mga disipulo sa Dagat ng Galilea.[123] Tinapos ni Juan ang kanyang Ebanghelyo sa pagpapatunay sa katotohanan ng kanyang mga ipinahayag; "Ito nga ang disipulo na nagpapatotoo sa mga bagay na ito, at siya ring sumulat sa mga bagay na ito: at alam naming tunay ang kanyang patotoo."[124]

## Ang Ebanghelyo ni Juan sa Iglesya Ngayon

Sa mga bagong mananampalataya, ipinapahayag ni Juan ang maka-Diyos na kalikasan ni Hesus. Dahil sa malinaw at simpleng pagpapakilala kay Hesus, madalas na hinihikayat ng mga pastor ang mga bagong mananampalataya na basahin ang Ebanghelyo ni Juan. Sa Juan, nakikita natin si Hesus bilang ang "tinapay ng buhay" (6:35); ang "ilaw ng sanlibutan (8:12); ang "mabuting pastol" (10:11); ang "muling pagkabuhay at ang buhay" (11:25); at ang "daan, ang katotohanan at ang buhay (14:6)

Para sa mundong hindi madaling maniwala, nag-aalok si Juan ng larawan ni Hesus bilang ang Anak ng Diyos. Ang mga himala sa Juan ay nagsasalita sa mga taong naghahanap ng makapangyarihang mga tanda upang patotohanan ang pag-angkin ni Hesus na siya ay Diyos. Sa pamamagitan ng mga himala, ipinahayag ni Hesus na ang kanyang pag-angkin sa pagiging "AKO NGA" ay sinusuportahan ng kanyang kapangyarihan bilang Diyos.[125]

> "'Ang sinumang sumusunod sa Akin ay hindi lumalakad sa kadiliman,' sabi ng Panginoon. Sa mga salitang ito tayo ay pinapayuhang gayahin ang Kanyang buhay at mga kaugalian, kung nais nating tunay na maging malaya sa lahat ng kabulagan ng puso. Gawin natin , samakatuwid, na ang ating pinakamabuting gawain ay pag-aralan ang buhay ni Hesu-Kristo."
> - Thomas a Kempis
> *The Imitation of Christ*

Sa isang makabagong iglesya na nangangaral ng "mumurahing biyaya" nang walang pagtawag para sa tunay na pagdidisipulo,[126] ang Ebanghelyo ni Juan ay nagpapakita ng tunay na kahulugan ng pananampalataya. Ang tunay na pananampalataya ay bumabago sa buhay ng Cristiano. Matapos nilang marinig na ipinaliwanag ni Hesus ang kahulugan ng "tinapay ng buhay", "marami ang tumalikod at hindi na sumunod sa kanya."[127] Maaaring sabihin ng mga tagasunod na ito na sila'y "naniwala" kay Hesus. Sumunod sila sa kanya; nasiyahan sila sa tinapay at isda; subali't hindi sila tunay na sumampalataya. Hindi nila isinabuhay ang pananampalatayang ipinahahayag nila sa pamamagitan ng patuloy na pagsunod sa mga kahilingan ni Hesus. Ang Ebanghelyo ni Juan ay nagtuturo ng tunay na kahulugan ng tunay na pananampalataya.

---

[123] Juan 21:1. Tinawag ni Juan ang Dagat ng Galilea sa ibang pangalan, ang Dagat ng Tiberias. Ang Tiberias ang punong lunsod/capital city ng Galilea.
[124] Juan 21:24.
[125] Juan 8:58.
[126] Ang salitang "mumurahing biyaya" ay mula sa *The Cost of Discipleship* ni Dietrich Bonhoeefferin.
[127] Juan 6:66.

## Konklusyon

Ipinapakita ng Ebanghelyo ni Juan na ang tunay na pananampalataya ay bumabago sa buhay ng mananampalataya; maaaring maging kapalit nito ang buhay ng mananampalataya. Ipinaghambing ni Dietrich Bonhoeffer ang mumurahing biyaya sa "mamahaling biyaya". Isinulta niya, "Kapag tinatawag ni Kristo ang isang tao, tinatawag niya itong lumapit at mamatay."[128] Ang klaseng ito ng tunay na pananampalataya ay nakikita sa buhay ni Polycarp, ang martir ng ikalawang siglo.

Si Polycarp ay disipulo ni Apostol Juan. Narinig na niyang mangaral si Juan at narinig na niya ang mga inaalala ni Juan tungkol sa buhay ni Hesus. Sa edad na 86, inaresto si Polycarp. Hindi gusto ng mga opisyal na bitayin ang isang iginagalang na matandang lalaki kaya't inalok nila siya na iligtas ang kanyang sarili sa pamamagitan ng pagbawi sa pahayag(ng pananampalataya) at pagpapahayag na "si Caesar ang panginoon." Sinabi ng mahistrado "Mangako ka ng katapatan, at palalayain kita." Ang tugon ni Polycarp ay umaalingawngaw pa sa mga siglong lumipas bilang saksi sa tunay na kahulugan ng pananampalataya: "Walumpu't anim na taon na ako'y naging alipin niya, at wala Siyang ginawang mali sa akin. Paano ko ngayon lalapastanganin ang aking Hari na nagligtas sa akin?"[129] Natutuhan ni Polycarp ang mga araling itinuro ng kanyang gurong si Juan. Alam niya na ang tunay na pananampalataya ay bumabago sa isang mananampalataya, kahit hanggang sa punto ng kamatayan.

## Mga Takdang-Aralin ng Aralin

Ilarawan ang iyong pagkaunawa sa araling ito sa mga sumusunod na takdang-aralin:

(1) Sa iyong pagbasa ng Ebanghelyo ni Juan, gumawa ng isang debosyunal na talaarawan o "devotional journal" kung saan tumutugon ka sa pagpapakilala ni Hesus na nakikita sa bawat kabanata. Halimbawa, sa Kabanata 1, maaari kang tumugon sa pagpapakilala kay Hesus bilang ang walang-hanggang "Salita". Ano ang kahulugan noon sa iyo bilang isang Kristiyano? Paano nakakaapekto ang walang hanggang kalikasan ni Hesus sa iyong pananampalataya at pagtitiwala bilang kanyang anak?

(2) Kumuha ng pagsusulit batay sa materyal mula sa araling ito. Kabilang sa pagsusulit ang Kasulatan na nakatakdang isaulo.

[128] Dietrich Bonhoeffer, *The Cost of Discipleship*. Trans. R.H. Fuller. Touchstone, 1995, 89.
[129] Ang kuwento ng pagiging martir ni Polycarp ay matatagpuan sa http://www.ccel.org/ccel/richardson/fathers.vii.i.iii.html.

**Mga Tanong sa Pagsusulit sa Aralin 3**

(1) Bakit partikular na mahalaga ang patotoo ni Polycarp na nagsasabing si Juan ang sumulat?

(2) Ano ang layunin ni Juan para sa kanyang ebanghelyo?

(3) Paano nakikita ang layunin ni Juan sa materyal na kalakip sa kanyang ebanghelyo?

(4) Ano ang ipinapakita ng panimula ng Juan tungkol sa salinlahi ni Hesus?

(5) Ilista ang pitong "tanda" sa Juan.

(6) Magbigay ng tatlong halimbawa ng patotoo ni Hesus tungkol sa kanyang pagiging Diyos.

(7) Ano ang tugon ng mga lider na Hudyo sa pag-angkin ni Hesus na siya ay Diyos?

(8) Sa "Panalangin ng Punong-Saserdote" ni Hesus, ano ang tatlong bagay na kanyang ipinanalangin?

(9) Isulat ang Juan 20:30-31 mula sa memorya.

# Aralin 4
# Ang Aklat ng Mga Gawa at ang Unang Iglesya

## Mga Layunin ng Aralin

Kapag natapos ang araling ito, ang mag-aaral ay dapat:
(1) Nauunawaan ang heograpikal at pangkasaysayang pinagmulan ng unang iglesya.
(2) Nakikilala ang sumulat at petsa ng Mga Gawa.
(3) Nalalaman ang dahilan at mahahalagang tema ng Mga Gawa.
(4) Nasusundan ang paglaganap ng ebanghelyo mula sa Jerusalem hanggang sa mundong Romano.
(5) Nauunawaan ang pagkakaiba ng prescriptive/ at descriptive na pagtuturo sa Mga Gawa.
(6) Nagkaroon ng pangkalahatang pananaw ng ministeryo ni Pablo.
(7) Maiuugnay ang mensahe ng Mga Gawa sa pangangailangan ng ating mundo sa kasalukuyan.

## Paghahanda para sa Araling Ito

*Basahin ang Aklat ng Mga Gawa.*
*Isaulo ang Mga Gawa 1:7-8.*

## Panimula

Sa Lumang Tipan, ang aklat ni Josue ay nagpakita ng paglipat ng Israel mula sa buhay sa ilang patungo sa buhay sa Canaan, at mula sa pangunguna ni Moses sa pangunguna ni Josue. Ang Josue ay nagpapakita ng mahalagang pagbabago sa kasaysayan ng bayan ng Diyos, ang Israel.

Sa Bagong Tipan, ang Aklat ng Mga Gawa ay nagpapakita ng pagbabago mula sa ministeryo sa lupa ni Hesus patungo sa espirituwal na ministeryo ng Banal na Espiritu sa pamamagitan ng iglesya. Kumikilos ito mula sa pagtutuon ng pansin sa gawain ni Hesus tungo sa patutuon ng pansin sa gawain ng mga apostol. Ipinapakita ng Mga Gawa ang mahalagang pagbabago sa kasaysayan ng bayan ng Diyos, ang iglesya.

Pinapakita ng aklat ng Josue ang bahagi ng hindi pa lubos na matagumpay na pagbabago. Sa katapusan ng aklat, ang bayan ng Israel ay nangako ng katapatan sa Diyos.[130] Gayunman, ang mga Cananeo ay hindi lubusang natalo. Sa sumunod na henerasyon, ang Israel ay sumasamba sa mga Diyos ng Cananeo.[131]

[130] Josue 24.31.
[131] Mga Hukom 2:7-11.

Ang Mga Gawa ay nagpapakita ng mas matagumpay na pagbabago. Ang pagsusugo na nagsimula sa aklat ay natupad sa dulo ng aklat.[132] Ang Mga Gawa ay nagsimula sa isang iglesyang Hudyo na nakasentro sa Jerusalem; at natatapos ito sa isang iglesyang binubuo ng iba't-ibang kultura na nakasentro sa Antioch. Ang Mga Gawa ay nagsimula sa Jerusalem; nagtapos ito sa Roma. Nagsimula ang Mga Gawa kay Pedro, isa sa mas malalim sa sirkulo ni Hesus, sa pasimula; nagtapos ito kay Pablo, isang dating mang-uusig ng iglesya, sa pasimula.

## Ang Mundo ng Unang Iglesya

Nagbigay ang Aralin 1 ng buod na pagtanaw sa mundo ng Bagong Tipan. Ang isang pagbabalik-tanaw sa araling iyon ay magpapaalala sa iyo para sa pag-aaral ng Mga Gawa. Ilang dagdag na katotohanan ay mahalaga para maunawaan ang paglaganap ng unang iglesya sa kabuuan ng Imperyong Romano.

**Heograpiya**. Ang tuon ng Mga Gawa ay kumikilos mula sa Palestina hanggang sa mas malawak na mundo ng Imperyong Romano. Mangyaring mag-ukol ng ilang panahon upang tingnan ito sa mapa sa inyong Bibliya o sa isang Libro ng mga mapa sa Bibliya.[133] Pansinin ang mga sumusunod na lugar na mahalaga sa Mga Gawa:

- *Ang Antioch* sa probinsiya ng Siria: ang sentro ng Kristiyanong outreach o pag-abot sa labas ng Judea.
- *Ang Filipos* sa probinsiya ng Macedonia: ang unang iglesyang itinayo sa lupaing Europeo.
- *Ang Efeso* sa probinsiya ng Asya: ang kapitolyo ng probinsiya. Ang estratehiya ni Pablo ay magtatag ng mga iglesya sa mga pangunahing lunsod ng Imperyong Romano. Mula sa simulang iglesya sa isang sentral na lokasyon ang ebanghelyo ay lalaganap na sa buong probinsiya.
- *Ang Corinto ay* isang probinsiya ng Achaia: Ang lokasyon ng Corinto sa isang tangway ng Dagat Mediterranean ang dahilan na ito'y naging mahalagang lunsod para sa pag-eebanghelyo.
- *Roma:* Ang layunin ni Pablo ay maebanghelyo ang buong imperyo mula sa sentrong lunsod na ito.

**Kasaysayan***.* Dalawang emperador na Romano ang naging mahalaga sa Mga Gawa at sa mga Sulat.

- *Si Nero* ay emperador mula A.D. 54-68. Sa panahon ng panunungkulan ni Nero, ang mga Kristiyano ang sinisisi para sa malawakang sunog na nagwasak sa halos buong Roma. Ang maling paratang na ito ang nagsimula sa malawakang pag-uusig sa mga

[132] Mga Gawa 1:7-8; 28:30-31.
[133] Online Bible maps are available at http://www.openbible.info/geo/.

Kristiyano. Sina Pedro at Pablo ay kabilang sa maraming Kristiyano na pinatay ni Nero.

- *Si Domitian* ay emperador mula A.D. 81-96. Inangkin niya ang titulong "Panginoon at Diyos" at inusig ang mga Kristiyanong tumangging manumpa ng katapatan sa kanya. Malamang na ang Aklat ng Pahayag ay nagmula sa panahong ito.

## Ang Background ng Aklat ng mga Gawa

### Ang Sumulat at Petsa

Sa Mga Gawa, nagpapatuloy si Lucas sa pagsasalaysay na sinimulan niya sa kanyang ebanghelyo. "Ang dating kasunduan na ginawa ko, O Teofilo..."[134]

Sa dulo ng aklat ng Mga Gawa, si Pablo ay bilanggo sa bahay sa Roma.[135] Ito ay nagpapahiwatig ng marahil ay petsa sa bandang huli ng 50's o sa simula ng 60's, bago harapin ni Pablo ang nalalapit na pagiging martir.

### Layunin

Ipinakikita ng Ebanghelyo ni Lucas si Hesuss habang sinasanay ang mga disipulo sa pangunguna sa iglesya. Ipinakikita ng Mga Gawa ang mga disipulo na nagdadala ng ebanghelyo sa mundo. Ipinakikita ng Mga Gawa ang paglaganap ng Ebanghelyo mula sa Jerusalem at Judea hanggang sa Samaria at sa pinakamalayong bahagi ng mundo.

### Mahahalagang mga Tema

#### *Detalyeng pangkasaysayan*

Tulad ng Ebanghelyo ni Lucas, ang Mga Gawa ay nagbibigay ng masusi at maingat na atensiyon sa detalyeng pangkasaysayan. Binabanggit sa Mga Gawa ang mahigit sa tatlumpung mga bansa, mahigit sa limampung bayan, at halos isang daang mga tiyak na indibidwal.[136]

#### *Pag-eebanghelyo at pagmimisyon*

Sa simula ng mga Gawa, inutusan ni Hesus ang kanyang mga disipulo na ipangaral ang ebanghelyo sa Jerusalem, Judea, Samaria at hanggang sa "dulo ng mundo." Sa katapusan ng Mga Gawa, ang ebanghelyo ay ipinapangaral na sa Imperyong Romano.

#### *Ang Gawain ng Banal na Espiritu*

Ang Ebanghelyo ni Lucas ay nagbigay-pansin sa tungkulin ng Banal na Espiritu sa pansanlibutang ministeryo ni Hesus. Sa Mga Gawa, ipinapakita ni Lucas ang tungkulin ng Banal na Espiritu sa unang iglesya. Ang Banal na Espiritu ang pangunahing tauhan sa Mga

---

[134] Mga Gawa 1:1.
[135] Mga Gawa 28:30.
[136] Walter A. Elwell and Robert W. Yarbrough. *Encountering the New Testament*. Mich: Baker Academic, 2005, 211.

Gawa. Sa pamamagitan ng Espiritu kaya't ang mga disipulo ay nabigyang kakayahan para sa ministeryo.

### *Ang Mensahe ng Ebanghelyo*

Ang Ebanghelyo ni Lucas ay isinulat upang patotohanan ang pagiging tamang tama ng mga bagay na itinuro kay Teofilo bilang isang bagong mananampalataya. Ibinabahagi ng mga Gawa ang parehong interes sa pagtuturo ng Ebanghelyo sa mga bagong nagbabalik-loob. Halos ¼ ng buong libro ay binubuo ng mga pangangaral. Kabilang sa mahahalagang pangangaral sa Mga Gawa ang:

- Pangangaral ni Pedro sa araw ng Pentekostes (Mga Gawa 2)
- Pagpapatotoo ni Esteban sa harap ng Sanhedrin (Mga Gawa 7)
- Ang pangangaral ni Pedro sa bahay ni Cornelius (Mga Gawa 10)
- Ang pangangaral ni Pablo sa Bundok ng Mars sa Athenas (Mga Gawa 17)

Ipinapakita ng mga pangangaral ito ang pangunahing mensahe na ipinangaral ng mga apostol:

- Ang pagiging Panginoon ni Jesu Kristo.
- Ang pangkasaysayang katotohanan ng ebanghelyo.
- Ang kaligtasan dahil sa biyaya sa pamamagitan pananampalataya.[137]

## Nilalaman ng Aklat ng mga Gawa

Nagsisimula ang Mga Gawa sa panahong ang mga disipulo ay nasa kalagayan ng kalituhan. Sa pagsunod sa kanyang pagpasok sa Jerusalem, ang mga disipulo ay umasa na itatatag niya ang kanyang kaharian sa lupa. Sa halip, siya ay dinakip, nilitis at ipinako sa krus. Sa kanyang muling pagkabuhay, muli silang nagalak sa pag-iisip na maaaring magkaroon ng kaharian ng tagapagligtas.

Sa simula ng Mga Gawa, sinabi ni Hesus sa mga disipulo na manatili sa Jerusalen upang "hintayin ang ipinangako ng Ama." Itinanong nila, "Panginoon, muli mona bang itatatag ang iyong kaharian sa Israel?" Hindi nila maiintindihan ang kanyang tugon hanggang makalipas ang ilan pang panahon.

"Hindi para sa inyo na malaman ang oras o ang panahon, na tanging ang Ama ang naglagay sa kanyang sariling kapangyarihan. Subali't kayo'y tatanggap ng kapangyarihan, pagkatapos na dumating sa inyo ang Banal na Espiritu: at kayo ay magiging mga saksi ko sa Jerusalem, at sa buong Judea, at Samaria, at hanggang sa dulo ng mundo."[138]

---

[137] Tinatawag ng mga theologians ang buod na mensaheng ito na *kerygma*, ang ipinangaral na ebanghelyo.
[138] Mga Gawa 1:4-8.

Ang pagsusugong ito ay nagbibigay ng isang paraan ng pagtanaw sa istruktura ng Mga Gawa: ang ebanghelyo sa Jerusalem (1-7); ang ebanghelyo sa Judea at Samaria (8-12); ang ebanghelyo sa pinakadulo ng mundo. (13-28).

### Ang Ebanghelyo sa Jerusalem (Mga Gawa 1-7)

Ang sentro ng gawain sa Mga Gawa 1-7 ay sa Jerusalem. Kasama sa sanaysay na ito ang kuwento ng Pentekostes, isang larawan ng buhay sa unang iglesya, at ang pagiging martir ni Esteban.

#### *Pentekostes: Ang Pagsilang ng Iglesya*

Pagkatapos ng pag-akyat (ni Hesus) sa langit, bumalik ang mga disipulo sa Jerusalem at "nagpatuloy sa nagkakaisang pananalangin at paghiling."[139] Naroon sila sa araw ng Pentekostes, ipinagdiwang ang "Pista ng mga LInggo" pitong linggo pagkatapos ng Paskuwa.[140] Ipinagdiriwang ng Pista ng mga Linggo ang pagkakaloob ng Batas sa Israel. Sa kasalukuyan, ipinagdiriwang sa Pentekostes ang pagkakaloob ng Banal na Espiritu sa iglesya. Sa kanyang sermon sa Pentekostes ipinapaliwanag ang mahimalang tanda sa araw na ito, ipinaalaala ni Pedro sa kanyang mga tagapakinig na hinulaan na ni Joel na isang araw ibubuhos ng Diyos ang kanyang Espiritu sa lahat ng tao. Ang pangakong ito ay natupad sa araw ng Pentekostes.[141]

#### *Buhay sa Unang Iglelsya*

► Paano nagiging isang modelo para sa iglesya ngayon ang unang iglesya? Sa paanong paraan dapat matulad ang ating pagsamba sa pagsamba sa araw ng Pentekostes? Sa anong mga paraan dapat maiba ang ating pagsamba sa pagsamba sa araw ng Pentekostes?

Ang larawan ng buhay sa unang iglesya ay nagbubunga ng mahalagang tanong sa pagbibigay kahulugan ng aklat ng Mga Gawa. Ang Mga Gawa ay isang aklat ng kasaysayan, hindi isang sulat ng teolihiya tulad ng Roma. Ang isang aklat ng kasaysayan ay nagtataglay ng kapwa paglalarawan ("ito ang kanilang ginawa") at mga mungkahi ("ito ang dapat ninyong gawin").

Kapag nagbabasa tungkol sa unang iglesya, ang mambabasa ay dapat magtanong, "Sinasabi ba ng Mga Gawa na ang katangiang ito ay dapat maging bahagi ng buhay iglesya sa panahong ito?" o "Simple lamang bang inilalarawan ng Mga Gawa ang isang panahon sa kasaysayan ng iglesya?" Isang paraan upang alamin ang sagot ay itanong, "Paano ito naaangkop sa pangkalahatang katuruan ng Bibliya? Ito ba ay iniutos din sa ibang bahagi ng Kasulatan?"

---

[139] Mga Gawa 1:14.
[140] Deut. 16:16.
[141] Joel 2:28; Mga Gawa 2:16.

May dalawang halimbawang nagpapakita ng pagkakaiba sa pagitan ng mungkahi at paglalarawan sa Mga Gawa.

- Ayon sa Mga Gawa 2:42, iniukol ng mga Kristiyano ng unang siglo ang kanilang mga sarili sa mga katuruan ng mga apostol, sa pakikipag-kaisa sa ibang mga mananampalataya, at sa panalangin. Ang mga pag-aaral ng Bibliya, pagtitipon-tipon para sa pagsamba, at pananalangin ay iniutos para sa atin ngayon; hindi sila mga paglalarawan lamang ng isang panahon sa kasaysayan.
- Ayon sa Mga Gawa 2:45. Ang mga unang Kristiyano ay nagbenta ng kanilang mga ari-arian at "ang lahat ng bagay ay pag-aari rin ng lahat." Dahil ang gayung gawain ay hindi iniutos sa iba mang lugar sa Kasulatan, maaari nating sabihin na ito ay isang paglalarawan lamang ng buhay sa panahong iyon, sa halip na isang panuntunang iminumungkahi para sa kasalukuyan.[142]

► Bago magpatuloy sa araling ito, mag-ukol ng panahon upang pag-aralan ang mga gawain ng unang iglesya. Sa bawat gawaing pag-aaralan, isipin, "Ang Gawain bang ito ay iniuutos para sa kasalukuyan, o ito ay isa lamang paglalarawan ng buhay sa unang iglesya?" Ang iyong sagot ay dapat depende sa pagtingin sa kabuuan ng Kasulatan, hindi sa pagtatanong lamang ng ."Ano ba ang gusto ko?"

- Pag-aaral sa mga katuruan ng mga Apostol
- Pakikisalamuha sa ibang mananamnpalataya
- Araw-araw na pagsamba sa templo
- Mga tanda at himala upang patotothanan ang gawain ng Banal na Espiritu
- Pagbebenta ng kanilangmga ari-arian
- Pagpupuri sa Diyos
- Nagpapatuloy nap ag-eebanghelyo
- Pagsasalita sa ibang wika

### *Si Esteban: Ang Unang Kristiyanong Martir*

Pagkatapos ng Pentekostes, ang iglesya ay nagpatuloy sa mabilis na paglago. Maraming tao ang nagbalik-loob, kabilang ang "malaking bilang ng mga saserdote."[143] Sa kabila ng mga pagsisikap ng mga lide na Hudyo na itago ang katotohanan ng muling pagkabuhay, nalalaman ng mga saserdoteng ito ang katotohanan: ang pagkapunit ng tabing sa templo, ang pagkawala ng katawan sa libingan, at ang pagsasabwatan na itago ang katotohanan. Nagpatuloy ang mga tanda at himala sa buong panahon ng mga unang araw ng iglesya, na nagpapatotoo sa ministeryo ng mga apostol bilang pagpapatuloy sa ministeryo ni Hesus.

---

[142] Maraming iskolar ang naniniwala ana ang gawaing ito ay kaugnay sa a)pangangailangang tulungan ang mga Kristiyanong nawalan ng hanap-buhay at tahanan dahil sa kanilang pananampalataya at b) ang paniniwala ng unang iglesya sa nalalapit na pagbalik ni Hesus.

[143] Mga Gawa 6:7.

Sa kalagayang iyon, hindi maiiwasan ang mga pag-uusig. Pagkatapos paratangan ng paglapastangan sa Diyos ng mga bulaang saksi si Esteban, siya ay binato hanggang sa mamatay. Sa harap ng pagiging martir, ipinangaral ni Esteban ang isang sermon na tumutunton sa pagkilos ng Diyos mula kay Abraham hanggang kay Hesus. Ipinakilala ng Mga Gawa si Saulo sa ganitong pangungusap, "At si Saulo ay sumang-ayon sa kanyang kamatayan."[144] Si Pablo, na naging pinakadakilang misyonero ng iglesya, ay unang nakilala bilang si Saulo, na lumilikha "ng kaguluhan sa iglesya" sa pamamagitan ng pagpapakulong sa mga mananampalataya.[145]

### Ang Ebanghelyo sa Judea at Samaria (Mga Gawa 8-12)

Sa Mga Gawa 8-12, lumaganap ang ebanghelyo sa kabila pa ng Jerusalem hanggang sa Judea at Samaria. Ang pag-uusig ay isang dahilan na nagtulak sa mga unang mananampalataya sa labas ng Jerusalem hanggang sa Judea at Samaria. Sa kanilang pagtakas, dinala nila ang ebanghelyo. Ginamit ng Diyos ang pag-uusig upang tuparin ang utos sa Mga Gawa 1:8. Sa Mga Gawa 8-12,

- Si Felipe, isang Hudyo na nagsasalita ng Griego, ay nangaral sa Samaria at nagkaroon ng malaking resulta (8:4-24)
- Nangaral si Felipe sa isang eunukong taga-Ethiopia na naglalakbay upang sumamba (8:26-40).
- Si Saulo, na naglalakbay upang dakpin ang mga mananampalataya sa Damascus, ay nagbalik-loob (9:1-22)
- Nangaral si Pedro kay Cornelius, isang Romanong kumander ng militar (10:1-11:18)
- Nagministeryo si Bernabe sa Antioch, ang kapitolyo ng Romanong probinsiya ng Siria (11:22-30). Mahalaga ang ministeryong ito sa dalawang kadahilanan.
    - Ipinakilala ni Bernabe si Saulo sa iglesya sa Antioch. Ang ministeryo doon ni Saulo ay nagkaroon ng mahalagang bahagi sa kanyang paglago.
    - Ang Antioch ang naging pangunahing iglesyang nagsusugo ng misyonero sa kalahatian ng unang siglo. Ang bawat isa sa mga paglalakbay ni Pablo ay nagsisimula sa Antioch.

### Ang Ebanghelyo hanggang sa Dulo ng Daigdig (Mga Gawa 13-28)

#### *Ang Unang Paglalakbay Pangmisyon (Mga Gawa 13-14)*

Ang huling kalahati ng Mga Gawa ay tumutunton sa ministeryo ni Apostol Pablo. Kasunod ng kanyang pagbabalik-loob, gumugol siya ng panahon sa Arabia, Damascus, at Cilicia. Pagkatapos siya ay isinama ni Bernabe upang magturo sa iglesya sa Antioch, isang

[144] Mga Gawa 8:1.
[145] Mga Gawa 8:3.

iglesyang sinimulan ng mga Kristiyanong itinaboy mula sa Jerusalem dahil sa pag-uusig ni Saulo.

Simula A.D. 47-49, sina Pablo at Bernabe, kasama ang pinsan ni Bernabe na si Juan Marcos, ay naglakbay sa Cyprus (bayan ni Bernabe) at Asia Minor. Maraming panahon sa paglalakbay na ito ang ginugol sa pagtatatag ng mga iglesya sa Galacia, isang Romanong probinsiya sa Asia Minor. Mula sa paglalakbay na ito hanggang sa mga kasunod pa, nakilala si Saulo bilang si Pablo. Ang Saulo ay pangalang Hebreo; ang Pablo ay pangalang Romano. Ang pagbabagong ito sa pangalan ay sumisimbolo sa espesyal na pagkatawag kay Pablo sa mga Hentil.

Habang sila'y nasa Perga ng Pampilia, iniwan ni Juan Marcos ang grupo at bumalik sa kanyang tahanan.[146] Pagkatapos maglakbay nang hanggang sa Derbe, binalikan nina Pablo at Bernabe ang kanilang mga pinagdaanan, binisita ang mga iglesyang kanilang itinatag bago sila bumalik sa kanilang pinagmulang lugar sa Antioch.

### *Ang Konseho sa Jerusalem (Mga Gawa 15:1-35)*

► Anong mga prinsipyo mula sa Konseho ng Jerusalem ang dapat gumabay sa atin sa ngayon?

Ang pagbabalik-loob ng mga Hentil sa pamamagitan ng ministeryo ni Pablo ay nagbunga ng mabigat na usapin sa iglesya. Nagkaroon ng pagkakahati sa pagitan mga Kristiyanong Hudyo na nagpipilit na maging ang mga Kristiyanong Hentil ay magsagawa rin ng lahat ng aspeto ng Batas ni Moses[147] at ang mga nagsasabi na ang batas ni Moses ay hindi nagtatali o kinakailangang sundin ng mga Kristiyanong Hentil.

Taong A.D. 49, ang mga lider ng iglesya ay nagtipon-tipon sa Jerusalem upang tapusin na ang usapin. Ang mga nagnanais na ipatupad ang pagtutuli para sa mga Hentil ang unang nagsalita. Pagkatapos, nagsalita si Pedro tungkol sa kanyang karanasan sa bahay ni Cornelio kung saan "hindi naglagay ang Diyos ng anumang pagkakaiba sa pagitan natin (mga Hudyo) at nila (mga Hentil), at dinalisay ang kanilang mga puso sa pamamagitan ng pananampalataya."[148] Tinukoy nina Pablo at Bernabe ang mga ebidensiya ng pagkilos ng Diyos sa mga Hentil.

Si Santiago, ang lider ng iglesya sa Jerusalem, ay nagtapos sa pasya ng Konseho na ang mga Hentil ay kailangang umiwas sa apat na mga gawain:

- Karne na inialay sa mga Diyos-Diyosan.
- Karne na galing sa hayop na nabigti
- Karne na mayroon pang dugo

[146] Mga Gawa 13:13.

[147] Ang mga Kristiyanong ito ay mula sa "sekta ng mga Pariseo" (Mga Gawa 15:5). Ang usapin ay hindi ang pangkalahatang "Hudyo laban sa Hentil" na debate. Si Santiago, halimbawa, ay nanguna sa paghanap ng kalutasan sa suliranin.

[148] Mga Gawa 15:9.

- Seksuwal na imoralidad

Ito ay hindi isang listahan ng mga tuntunin kung saan ang mga Hentil ay nagkakamit ng kaligtasan. Sa halip, ito ay isang modelo para sa pagkakaisa ng mga Kristiyano na nagmula sa napakalawak na iba't-ibang pinagmulan. Ang mga kinakailangan patungkol sa pagkain ay nagpahintulot na sama-samang kumain ang mga Hudyo at Hentil, isang mahalagang simbolo ng pagkakaisa sa unang iglesya. Ang pagbibigay-diin sa seksuwal na imoralidad ay mahalaga dahil sa mahiwagang background ng maraming bagong nagbabalik-loob na mga Hentil.

Sinikap ng Konseho na magkaroon ng balanse sa dalawang prinsipyo. Ang prinsipyo ng *kalayaan* na pumigil sa mga Kristiyanong Hudyo na maglagay ng "isang pamatok sa leeg ng mga disipulo" gamit ang mga hindi kinakailangang mga kasunduan.[149] Ang prinsipyo ng pakikisalamuha na nagtakda sa mga Hentil na umiwas sa mga gawaing hindi kinakailangan ngunit nakakasakit sa kalooban ng kanilang mga kapatid na Hudyo.

### *Ang Ikalawang Paglalakbay Pangmisyon (Mga Gawa 15:36-22)*

Hindi lahat ng di-pagkakasundo sa unang iglesya ay patungkol sa mga prinsipyo. Naghiwalay sina Pablo at Bernabe dahil sa isang personal na di-pagkakaunawaan patungkol kay Juan Marcos.[150] Ang hindi pagkakasundong ito ay nagpapakita na ang Diyos ay kumikilos kahit pa sa gitna ng mahihirap na personal na mga kalagayan. Si Silas ay naging isang mahalagang manggagawa; ang mga pagsisikap nina Pablo at Bernabe ay naging doble dahil sa kanilang magkahiwalay na gawain; at si Pablo ay muling nakipagkaisa kay Juan Marcos pagkalipas ng ilang panahon.[151]

Sinimulan nina Pablo at Silas ang ikalawang paglalakbay pangmisyon na ito sa pagdalaw sa mga iglesyang sinimulan nina Pablo at Bernabe sa kanilang unang paglalakbay pangmisyon. Nagministeryo din sina Pablo at Silas sa Filipos, Tesalonica, Berea, Athenas at Corinto. Sa paglalakbay na ito, ang Ebanghelyo ay naipangaral sa lupaing Europeo pagkatapos na makakita si Pablo ng isang pangitain ng isang lalaki mula sa Macedonia na humihingi ng tulong.[152] Ang kabataang si Timoteo ay sumama sa grupo ni Pablo sa Lystra; at si Lucas ay umanib kina Pablo sa Troas.[153] Gumugol si Pablo ng labingwalong buwan sa pagtatatag ng isang iglesya sa Corinto. Ang grupo ay bumalik sa Antioch pagkatapos ng mahigit sa tatlong taong paglalakbay (A.D. 50-53).

Ipinapakita ng ikalawang paglalakbay na pangmisyon ang pagtutol na kinaharap ni Pablo sa pangangaral. Sila ay nabilanggo sa Filipos; ang tahanang kanilang tinirhan sa Tesalonica

---

[149] Mga Gawa 15:10.
[150] Mga Gawa 15:36-41.
[151] 2 Tim. 4:11.
[152] Mga Gawa 16:6-10.
[153] Mga Gawa 16:10, nagsimula si Lucas gamit ang panghalip na "kami" sa halip na "sila."

ay inatake ng galit na pulutong; ang mga kaaway mula sa Tesalonica ay sumunod sa kanila hanggang sa Berea; at si Pablo ay nilitis sa Corinto.[154]

Ang paglago ng iglesya ay dumating sa malaking halaga. Hindi isinusuko ni Satanas ang alinmang teritoryo nang hindi lumalaban. Gayunman, ipinapakita ng Mga Gawa ang kapangyarihan ng Banal na Espiritu at ang tagumpay ng Ebanghelyo habang itinatatag ang mga iglesya sa kabuuan ng Asia Minor, Macedonia at Acaya.

### *Ang Ikatlong Paglalakbay Pangmisyon (Mga Gawa 18:23-21:15)*

Sandaling panahon lamang nanatili si Pablo sa Antioch bago lumisan upang bisitahin ang mga iglesya sa rehiyon ng Galacia at Phrygia. Ang unang bahagi ng paglalakbay na ito ay inilaan sa pagpapalakas ng loob ng mga mananampalataya sa mga iglesyang sinimulan sa mga naunang mga paglalakbay.[155] Ang ikatlong paglalakbay ay tumagal mula A.D. 53-57. Ang pinakamatagal (tatlong taon) ay ginugol sa Efeso. Habang nasa Efeso isinulat ni Pablo kapwa ang dalawang liham sa Corinto, na tinatalakay ang mga suliranin sa mahirap na iglesyang ito.

Pagkatapos umalis sa Efeso dahil sa pagsalungat ng mga kaaway, naglakbay si Pablo sa Macedonia at Acaya. Humingi siya ng tulong mula sa karamihan na mga Hentil na iglesya sa rehiyong ito upang suportahan ang mga nangangailangan ng Kristiyanong Hudyo sa Jerusalem. Ang pagpapakitang ito ng pagkakaisa ng iglesya ay nagpatunay na ang mga Hudyo at Hentil ay kapwa miyembrong iglesya ni Kristo.

### *Pagdakip at Pagkakabilanggo (Mga Gawa 21:15-28:31)*

Pagbalik mula sa ikatlong paglalakbay pangmisyon, tumigil si Pablo sa Caesaria kung saan binigyang-babala ni propeta Agabus si Pablo na siya’y dadakpin sa Jerusalem.[156] Ang huling bahagi ng Mga Gawa ay nagsalaysay ng pagdakip kay Pablo, ang kanyang pagkabilanggo sa Caesarea, ang kanyang pag-apela sa Roma (ang karapatan bilang isang mamamayang Romano), ang mapanganib na paglalakbay patungo sa Roma (kabilang ang pagkawasak ng barko sa isla ng Malta), at dalawang taon ng ministeryo sa Roma habang nakakulong sa kanyang tahanan.

Ang katapusan ng Mga Gawa ay nagpapakita ng katuparan ng pagsusugo ni Hesus sa Jerusalem, Judea, Samaria at “maging sa pinakadulo ng daigdig.” Habang nakakulong sa tahanan, malayang nakapagministeryo si Pablo, “Ipinapangaral ang kaharian ng Diyos, at itinuturo ang mga bagay patungkol sa Panginoong JesuKristo, nang may lubos na pagtitiwala, nang walang nagbabawal sa kanya.”[157] Kahit pa may pagsalungat mula sa mga lider na Hudyo (sa unang bahagi ng Mga Gawa) o maging mula sa pamahalaang Romano

[154] Mga Gawa 16:23-39; 17:5-7; 17:13; at 18:12-17.
[155] Mga Gawa 18:23.
[156] Mga Gawa 21:10-11.
[157] Mga Gawa 28:31.

(sa huling bahagi ng Mga Gawa), ang Banal na Espiritu ay patuloy na nagbibigay ng kapangyarihan sa iglesya upang tuparin ang pagsusugo ni Kristo.

| **Timeline ng Ministeryo ni Pablo**<br>(Ang mga petsa ay mga pagtaya lamang.) | |
|---|---|
| **Petsa (A.D.)** | **Pangyayari** |
| 33 | Pagbabalik-loob |
| 35-46 | Pablo sa Arabia, Damascus, at Cilicia |
| 47-49 | Unang Paglalakbay kasama ni Bernabe |
| | Isinulat ang *Galacia* |
| 49 | Konseho sa Jerusalem |
| 50-53 | Pangalawang Paglalakbay kasama ni Silas |
| | Isisnulat ang *1 & 2 Tesalonica* |
| 53-57 | Ika-3 Paglalakbay kasama ni Silas |
| | Isinulat ang *Roma* at *1 & 2 Corinto* |
| 57-59 | Pablo iIkinulong sa Caesarea |
| | Pablo ipinadala sa Roma |
| 60-62 | Pablo ikinulong sa tahanan sa Roma |
| | Isinulat ang Mga Liham mula sa Kulungan |
| 64-65 | Pinalaya mula sa kulungan |
| | ika-4 na Paglalakbay |
| | Isinulat ang *1 Timoteo* at *Tito* |
| 66-67 | Pangwakas na Pagkakulong |
| | Isinulat ang *2 Timoteo* |
| | Pinatay ni Nero |

## Ang Aklat ng Mga Gawa sa Iglesya Ngayon

Ang Ebanghelyo ni Lucas ay nagpapakita ng kahalagahan ng Banal na Espiritu sa ministeryo sa lupa ni Hesus; ang Aklat ng Mga Gawa ay nagpapakita ng **kahalagahan ng Banal na Espiritu** sa ministeryo ng iglesya. May ilang aspeto ng karanasan ng unang iglesya ang maaaring maulit nang wala ang presensiya ng Banal na Espiritu. Maaari nating pag-aralan ang Bibliya sa ating sariling kakayahan; maaari nating panatilihin ang antas ng pakikisama sa iglesya sa ating sariling kakayahan; maaari pa nga nating ulitin ang ilang tanda at kamangha-manghang mga bagay sa ating sariling kakayahan. Subali't kung wala ang presensiya ng Banal na Espiritu sa ating kalagitnaan, hindi natin kailanman nakakamit ang katotohanang inilarawan sa Mga Gawa.

Ang **cross-cultural na paglago ng iglesya** sa Mga Gawa ay nagbibigay ng isang halimbawa para sa Iglesya Ngayon. Naghatid ng mga bagong mananampalataya ang Pentekostes mula sa Europa (Roma), Asya (Parthia at Media), at Africa (Egipto at Libya) sa nagsisimula pa lang na iglesya. Ipinapakita ng Mga Gawa ang isang iglesya na binubuo ng magkakaibang kultura na gumagawa "sa iisang layunin". Kapag nagkakaroon ng di-pagkakaunawaan, natutuhan ng iglesya na humanap ng kalutasan sa pamamagitan ng paggabay ng Banal na Espiritu. Ang layunin natin sa pag-eebanghelyo sa ngayon ay dapat katulad nito, upang ipalaganap ang ebanghelyo ni Kristo Hesus hanggang sa cultural na mga hangganan. Nagbibigay ang Mga Gawa ng isang modelo para sa iglesya na nagbubuklod sa lahat ng tunay na mananampalataya sa katawan ni Kristo.

Ang **mga prinsipyo ng kalayaan at pakikisalamuha** na binalangkas sa Konseho ng Jerusalem ay nagbigay ng modelo sa pagharap sa mga usapin ng konsiyensiya sa iglesya sa ating panahon. Tulad ng inuulit ni Pablo sa Roma 14 at 1 Corinto 8, dapat iwasan ng mga Kristiyano ang dalawang pagkakamali.

- Ang prinsipyo ng kalayaan ay nag-uutos sa atin na iwasan nating ipatupad ang ating mga personal na paniniwala sa ibang mananampalataya.
- Ang prinsipyo ng pakikisalamuha ay nag-uutos sa atin na iwasang gamitin ang ating kalayaan sa ikasisira ng isang mas mahinang kapatid. Ang kababaang-loob na ito ay malayo ang mararating sa pag-aalis ng mga hadlang sa pagitan ng magkakapatid na Kristiyano.

Sa mga iglesyang nahaharap sa pag-uusig, **ang paglago ng unang iglesya sa harap ng pagsalungat** ay isang inspirasyon tungo sa katapatan. Higit pa sa pagtulong lamang sa iglesya upang mabuhay, ginamit ng Diyos ang pag-uusig upang isulong ang mga disipulo sa labas ng Jerusalem at tuparin ang Kanyang misyon para sa iglesya. Habang hinahayaan natin ang Diyos na kumilos sa pamamagitan natin, itatayo niya ang Kanyang iglesya sa harap ng pagsalungat mula sa ating mundo.

## Konklusyon

Sa Mga Gawa nakita natin ang pagbabago ng isang nag-aatubiling grupo ng mga disipulo na magkakasama sa Jerusalem at naging isang grupo ng mapagtiwalang ebanghelista na ipinapangaral ang ebanghelyo sa Roma at sa kabila pa nito. Ipinapakita ng Mga Gawa ang kapangyarihan ng Banal na Espiritu na kumikilos sa loob at sa pamamagitan ng iglesya.

Isa sa mga dakilang ebidensiya para sa nakakapagpabagong kapangyarihan ng Banal na Espiritu ay ang buhay ng Labindalawang Apostol. Mula sa mga lalaking tumakas sa lugar nang dakpin si Hesus, ang mga disipulong ito ay naging mga lalaking handang mamatay para sa Panginoong muling nabuhay. Ang isang maikling buod ng tradisyon patungkol sa pagkamatay ng mga apostol ang nagpapatoo sa pagbabagong nangyari sa Pentekostes. Sinelyuhan ng dugo ng mga disipulo ang kanilang patotoo.

- **Si Santiago** ay pinatay ni Herodes Agrippa 12 taon lamang pagkalipas ng Pentekostes
- **Si Simon Pedro** ay ipinako sa krus. Dahil ang pakiramdam niya ay hindi siya karapat-dapat mamatay tulad ng kanyang Panginoon, hiniling niya na ipako siya sa krus nang patiwarik.
- **Si Andres**, kapatid ni Pedro, ay ipinako sa krus sa Acaya, malapit sa Corinto.
- **Si Tomas** ay nagbago mula sa "Si Tomas na mapag-alinlangan" at naging isang lalaking tunay na itinalaga ang sarili, nagtungo siya sa India bilang misyonero kung saan siya namatay na isang martir, marahil sa pamamagitan ng sibat.
- **Si Felipe** ay pinahirapan at ipinako sa krus sa Phrygia.
- **Si Mateo** ay pinugutan ng ulo sa Nad-Davar sa Ethiopia.
- **Si Nathaniel (Bartolome)** ay pinahirapan at pagkatapos ay ipinako sa krus.
- **Si Santiago na Mas Kaunti** ay dinala sa tuktok ng templo upang itatwa si Hesus. Nang siya'y tumanggi, siya ay ihinulog mula sa templo.
- **Si Simon na Masigasig** ay ipinako sa krus sa Syria pagkatapos mangaral sa Egipto at Persia.
- **Si Judas Tadeo** ay binugbog hanggang mamatay habang nangangaral sa mga paring pagano sa Mesopotamia.
- **Si Matias** ay piniling kapalit ni Judas Iscariote. Nangaral siya sa Ethiopia at pagkalipas ay binato hanggang mamatay habang nakabitin sa isang krus.
- **Si Juan** ay ang tanging apostol na namatay nang natural na kamatayan. Gayunman, matagal siyang nakulong sa isla ng Patmos.

Bilang pangwakas, mangyaring isipin, "Ano ang nais gawin ng Diyos sa ngayon sa pamamagitan ng iglesya?" Mayroong 120 disipulo sa araw ng Pentekostes; sa panahong iyon, tinatayang 45,000,000 katao ang nakatira sa Imperyong Romano. Mula sa pananaw ng isang tao, ang tungkulin ng pag-eebanghelyo sa mundong ito ay imposible. Kahanga-hanga, malapit sa katapusan ng unang siglo, ang ebanghelyo ay lumaganap na mula sa 120 puspos-ng-Espiritung mga mananampaltaya sa bawat sulok ng Imperyong Romano. Ano ang nais gawin ng Diyos sa pamamagitan ng Iglesya Ngayon?

## Mga Takdang-Aralin ng Aralin

Ipakita mo ang iyong pagkaunawa sa araling ito sa mga sumusunod na takdang-aralin:

(1) Pumili ng **isa** sa mga sumusunod na takdang-aralin:

- Sa Pahina 5 ng araling ito, tayo ay inatasang isipin ang listahan ng mga gawain ng unang iglesya. Inatasan kayong magpasya kung ang bawat isang gawain ba ay isang paglalarawan o isang mungkahi para sa kasalukuyang panahon. Para sa bawat gawain na sa palagay mo ay isang mungkahi, humanap na kahit isa man lang na reperensiya sa Kasulatan na malinaw na nag-uutos ng naturang gawain.
- Gamit ang pangangaral ni Pedro sa Mga Gawa 2 o ang pangangaral ni Pablo sa Mga Gawa 7, sumulat ng isang pahinang sanaysay kung saan bibigyan mo ng buod ang mga pangunahing tema ng pangangaral ng mga apostol.

(2) Kumuha ng pagsusulit sa materyal galing sa araling ito. Kabilang sa pagsusulit ang Kasulatang nakatakdang isaulo.

**Mga Tanong sa Pagsusulit sa Aralin 4**

(1) Bakit mahalaga ang Efeso sa istratehiya ng pag-eebanghelyo ni Pablo?

(2) Bakit mahalaga ang Roma sa istratehiya ng pag-eebanghelyo ni Pablo?

(3) Sino-sinong emperador sa Roma ang nakaugnay sa pag-uusig sa unang iglesya?

(4) Bakit ang mga petsa sa bandang hulihan ng 50’s o simula ng 60’s ang tinatayang maaaring siyang panahon ng Mga Gawa?

(5) Maglista ng tatlong aspeto ng *kerygma*, ang buod na mensahe na ipinangaral ng mga apostol.

(6) Sino ang unang Kristiyanong martir?

(7) Ano ang tungkulin ng pag-uusig sa ebanghelikong outreach ng unang iglesya?

(8) Alin ang pangunahing maramihang-kultural o multi-cultural at iglesyang nagsusugo ng misyonero sa unang siglo ng iglesya?

(9) Ilista ang apat na mga kailangan na ipinataw ng Konseho ng Jerusalem sa mga mananampalatayang Hentil?

(10) Ano ang mga positibong resulta na naging bunga ng paghihiwalay nina Pablo at Bernabe?

(11) Isulat ang Mga Gawa 1:7-8 mula sa memorya.

# Aralin 5
# Aklat ng Roma: Ang Katuwiran ng Diyos

## Mga Layunin ng Aralin

Kapag natapos ang aralin, ang mag-aaral ay dapat:
(1) Nalalaman ang panahon at mga layunin ng Roma.
(2) Naibibigay ang buod ng pangunahing mga doktrinang itinuturo ng Roma.
(3) Nauunawaan ang relasyon sa pagitan ng paghatol at ng ebanghelyo.
(4) Maisabuhay ang katuruan ni Pablo tungkol sa kalayaan ng Kristiyano mula sa sinasadyang kasalanan.
(5) Maiangkop ang mensahe ng Roma sa mga pangangailangan ng kasalukuyang mundo.

## Paghahanda para sa Araling Ito

*Basahin ang Aklat ng mga taga-Roma.*
*Isaulo ang Roma 1:16-17.*

## Panimula

Walang ibang aklat sa Bibliya ang nagkaroon ng higit na epekto sa iglesya kaysa sa Sulat ni Pablo sa mga taga-Roma. Tatlong malalaking pagbabalik-loob ang nagsimula sa pag-aaral ng Roma.

> "Ang [Roma] ang pinakadalisay na ebanghelyo. Kapaki-pakinabang para sa isang Kristiyano hindi lamang ang isaulo ang bawat salita nito, kundi iukol ang sarili dito araw-araw, tulad ng ito ang tinapay na pang-araw-araw para sa kaluluwa. Imposibleng basahin ito o pagbulayan ito nang sobra-sobra. Mas higit na pinag-aaralan ito ninuman, mas nagiging mahalaga ito at nagiging mas masarap ito."
> - Martin Luther
> *Paunang-salita sa Roma*

Sa madidilim na araw sa paligid ng pagbagsak ng Imperyong Romano, isang pagbabalik-loob sa iglesyang Kristiyano ang pinangunahan ni Augustine. Sinasabi ni Augustine na ang kanyang paglaya mula sa pagkaalipin sa kasalanan ay dahil sa kanyang pagbabasa ng Roma. Itinuro ng Roma kay Augustine ang kapangyarihan ng Diyos na magpapalaya mula sa kasalanan.

Sa panahon na inalipin ng Katolisismong Romano ang iglesya sa mga ritwal at huwad na doktrina, natutuhan ni Martin Luther mula sa Roma 1:17 na "ang katarungan ng Diyos ay ang katuwiran kung saan sa pamamagitan ng biyaya at simpleng awa ng Diyos ay pinawawalang-sala tayo sa pamamagitan ng pananampalataya…" Ang talatang ito para kay Pablo ang "naging pasukan patungo sa langit".[158] Itinuro ng Roma kay Martin

[158] Hinalaw*sa Here I Stand: A Life of Martin Luther. Quoted* in Roland H. Bainton, *Here I Stand: A Life of Martin Luther.* (Nashville, Abingdon Press, 1950), 49-50.

Luther ang kapangyarihan ng Diyos upang mapawalang-sala tayo sa pamamagitan ng pananampalataya.

Sa ika-18 siglo sa Ingglatera, ang ilang mga bagong nagpapahayag na sila'y Kristiyano ay naniniwalang posibleng magkaroon ng personal na katiyakan para sa kaligtasan. Nagkaroon si John Wesley ng katiyakan ng pananampalataya sa pamamagitan ng kanyang pag-aaral ng Roma at nagsimula ng isang pagbabalik-loob na nakaapekto sa mundo hanggang sa ating panahon. Itinuro ng Roma kay John Wesley ang kapangyarihan ng Diyos para sa kaligtasan.

## Ang Background ng Roma

### Panahon

Ang Roma ay isinulat sa panahon ng ikatlong paglalakbay pangmisyon ni Pablo, mga A. D, 57. Marahil nasa Corinto si Pablo. Bagaman hindi pa nakakadalaw si Pablo sa Roma, ang pangwakas ng sulat ay nagpapakita na kilala ni Pablo ang marami sa mga miyembro ng iglesya sa Roma. Ninanais niyang makadalaw sa Roma, subali't maglalakbay muna siya sa Jerusalem upang maghatid ng kaloob na tulong na ibinigay ng mga iglesyasa Asia Minor.[159] Habang nasa Jerusalem, dinakip si Pablo at dinala sa Roma bilang isang bilanggo.

### Mga Layunin

Layunin ng pagsulat ni Pablo ng kanyang Liham sa mga taga-Roma ang tatlong motibasyon: mga napapanahon at kasalukuyang usapin kaugnaysa iglesyasa Roma, isang personal na pagmamalasakit kaugnay sa ministeryo sa hinaharap ni Pablo, at isang pangwakas na layunin na ituro kung paano tayo nagiging matuwid sa Diyos.

(1) Ang **agarang layunin** ay harapin ang mga kinakaharap ng iglesya na kinabibilangan kapwa ng mga Hudyo at Hentil na Kristiyano. Ang iglesya sa Roma ay itinatag ng mga Hudyo, marahil ang mga nagbalik-loob ay bumalik mula sa Jerusalem pagkatapos ng Pentecostes. Taong A.D. 49, pinalayas ng emperador na si Claudio ang mga Hudyo mula sa Roma.[160] Nang bumalik ang mga Hudyo sa Roma ilang taon pa ang lumipas, ang simbahan ay binubuo ng dalawang grupo: Mga Kristiyanong Hudyo na sinusunod ang batas ni Moses at Hentil na Kristiyano na nasanay na mamuhay nang walang paghihigpit mula sa Batas ni Moses. Tinugunan ni Pablo ang mga tanong na kaugnay sa isang iglesiya na binubuo ng mga Hudyo at Hentil:

- Ang kaligtasan ba ay nanggagaling sa pagsunod sa kautusan?
- Ano ang kinabukasan ng Israel bilang bayan ng Diyos?

---

[159] Rom. 15:25-27.

[160] Gawa 18:2. Isinulat ng mananalaysay na si Suetonius na ang pasiya na ito ay ibinigay dahil sa mga pag-aalsa sa pagitan ng mga Hudyo sa "Christos". dahil ang "Christos" ay ang Latin na pagbabaybay ni Kristo, malamang na ang francas ay nasa pagitan ng mga Hudyo at Kristiyano.

- Paano haharapin ng mga Kristiyano ang magkakaibang paniniwala sa mga usapin tulad ng mga batas sa pagkain?

(2) Ang dulo ng Roma ay nagpapakita ng **personal na motibasyon** ni Pablo sa pagsulat. Bilang isang lalong nagiging mahalagang bahagi ng imperyong Romano, ang Espanya ay naging angkop sa pagnanasa ni Pablo sa pag-abot sa mga istratehikong sentro ng mundo ng Roma. Iniharap ng sulat sa Roma ang plano ni Pablo na gamitin ang Roma bilang sentro ng mga operasyon para sa isang ebanghelistikong kampanya sa Espanya.[161]

(3) **Ang tunay na layunin** ni Pablo ay turuan kung paano tayo ginagawang matuwid sa harap ng Diyos. Nalaman ng mga Hudyong Kristiyano na ang pagpapawalang-sala ay hindi dumating sa pamamagitan ng pagsunod sa batas; ito ay dahil sa biyaya sa pamamagitan ng pananampalataya lamang. Ipinaalala sa mga Hentil na Kristiyano na pinili ng Diyos na magtrabaho sa lahi ng mga Hudyo; hindi nila dapat ituring na mababa ang kanilang mga kapatid na Hudyo. Ang lahat ng mga mananampalataya, Hudyo o Hentil, ay matuwid sa Diyos dahil sa biyaya lamang.

## Nilalaman ng Aklat ng Roma

### Panimula: Ang Kapangyarihan ng Ebanghelyo sa Kaligtasan (Rom. 1:1-17)

Kung minsan nilalaktawan ng mambabasa ang pasimula upang makapunta sa pangunahing bahagi ng isang libro. gayunpaman, sa Bibliya, maging ang pasimula ay mahalaga. Ito ang inspiradong Salita ng Diyos at "kapaki-pakinabang sa doktrina, sa pagtatama, sa pagtutuwid, sa pagtuturo sa katuwiran."[162] Ang pagpapasimula ni Pablo ay kadalasang nagbibigay ng impormasyon na mahalaga sa kanyang layunin. Sa pagpapakilala sa Roma, nalalaman natin na:

- Ang ebanghelyo ay hinulaan sa Lumang Tipan.
- Inihayag ng ebanghelyo si Hesus bilang Mesiyas. Siya ay:
  - Ang Anak ni David.
  - Ang Anak ng Diyos.
  - Itinaas mula sa mga patay.
- Ang ebanghelyo ay ang kapangyarihan ng kaligtasan sa lahat ng naniniwala, parehong Hudyo at Hentil.
- Ipinahayag ng ebanghelyo ang katuwiran ng Diyos sa lahat ng naniniwala.

### Ang Katuwiran ng Diyos ay Nahayag sa Paghuhukom (Rom. 1:17-3:20)

► Paano naging bahagi ng 'mabuting balita' ng ebanghelyo ang paghatol?

[161] Rom. 15:22-29.
[162] 2 Tim. 3:16.

Nagsisimula si Pablo sa "masamang balita" ng paghatol; lahat ng sangkatauhan ay hinahatulan sa harap ng isang matuwid na Diyos.

**Sa 1:17-32**, isinulat ni Pablo ang **kasalanan ng Hentil**, lalo na ang pagano na "nagbago ng kaluwalhatian ng di-masisirang Diyos sa isang imahen na ginawang tulad sa taong nasisira"[163] Sa bahaging ito, tinutukoy niya ang mga kasalanan na makikita ng kanyang mga Hudyong mambabasa bilang mga kasalanang "Hentil": pagsamba sa diyos-diyosan, homosekswalidad, pagpatay, kalupitan, atbp. Nagbabala si Pablo na ang kasalanang ito ay karapat-dapat sa kamatayan.'

**Sa 2:1-16**, Si Pablo ay nangusap tungkol sa **moralista**. Ito ang "mabuting tao" na humahatol sa paganong Hentil ng kabanata 1, ngunit sila ay nagkakasala rin.

**Sa 2:17-3:8**, si Pablo ay nagsasalita sa kanyang mga **Hudyong tagapakinig**. sa pamamagitan ng isang serye ng mga retorikang katanungan, ipinagtanggol ni Pablo ang katuwiran ng Diyos sa paghusga sa mga Hudyo na "nagkasala sa ilalim ng batas"

**Sa 3:9-20**, Nagtatapos si Pablo, "Walang matuwid, wala, wala kahit isa."[164] Lahat ng sangkatauhan ay hinatulan sa harap ng isang banal na Diyos.

**Ang Katuwiran ng Diyos ay Nahayag sa Kaligtasan (Rom. 3:21-8:39)**

Kasunod ng masamang balita tungkol sa paghatol, si Pablo ay nagpahayag tungkol sa mabuting balita ("ebanghelyo") na tayo ay ginawang *matuwid*, sa harap ng Diyos hindi sa pamamagitan ng mga gawa, kundi sa pamamagitan ng "katuwiran ng Diyos na sa pamamagitan ng pananampalataya kay Hesu-Kristo para sa lahat at sa lahat ng dito'y maniniwala."[165] Ipinakita ni Pablo kung paano ipinahayag ang katuwiran ng Diyos sa kaligtasan at pagbabagong-buhay ng mananampalataya.

**Ipangaral ang Paghuhukom**

"Ang unang tungkulin ng isang nangangaral ng Ebanghelyo ay ipangaral ito upang ipahayag ang Batas ng Diyos, dahil ito ang magsisilbing isang guro sa paaralan at dadalhin siya sa buhay na walang hanggan kay Kristo Hesus."
- Martin Luther

"Bago ko ipangaral ang pag-ibig, awa at biyaya, dapat kong ipangaral ang kasalanan, Batas at paghatol."
- John Wesley

"Hindi nila kailanman tatanggapin ang biyaya hangga't hindi sila nanginginig sa harap ng isang makatarungan at banal na Kautusan."
- Charles Spurgeon

"Hindi tayo makalalapit kay Kristo upang mapawalang-sala hanggat hindi pa tayo nanggagaling kay Moses upang mahatulan."
- John Stott

[163] Rom. 1:23.
[164] Rom. 3:10.
[165] Rom. 3:22.

***Pagpapawalang-sala sa pamamagitan ng pananampalataya lamang (Rom. 3:21-5:21)***

Kung paanong si Abraham ay pinawalang-sala sa pamamagitan lamang ng pananampalataya, tayo ay napawalang-sala sa pamamagitan ng pananampalataya at hindi sa gawa. Mayroon tayong kapayapaan sa Diyos sa pamamagitan ng pagtubos na ibinigay ng kamatayan ni Hesu-Kristo. Sa pamamagitan niya, nagagalak tayo sa pag-asa ng kaluwalhatian. Sa pamamagitan niya, mayroon tayong buhay. Ipinakikita ni Pablo na alin man sa mga Hudyo o mga Hentil ang may anumang dahilan para sa pagmamapuri maliban sa walang bayad na biyaya na inihandog ng Diyos sa pamamagitan ni Hesu-Kristo. Ang katuwiran ng Diyos ay inihayag sa kanyang walang-bayad na biyaya na ibinigay sa sangkatauhan.

***Pagpapawalang-sala at kasalanan (Rom. 6:1-23)***

Kapag narinig ang masayang patotoo ni Pablo sa kapangyarihan ng biyaya, maaaring itanong ng isang mambabasa kung, "magpapatuloy ba tayo sa kasalanan, upang magtagumpay ang biyaya?" Maaaring salungatin ng isang tao ang doktrina ng biyaya ni Pablo sa pamamagitan ng pangangatwiran na ito ay hahantong sa isang tao na magpatuloy sa pamumuhay sa sinasadyang kasalanan. Tumugon si Pablo nang may diin, "Huwag nawa! Paano nga na tayong mga patay na sa kasalanan, mabuhay pa roon?" Nang tayo ay nabautismuhan kay Kristo, namatay na tayo sa kasalanan. Dahil sa biyaya, hindi na tayo nabubuhay sa ilalim ng kapangyarihan ng kasalanan. Ang ating mga katawan ay hindi na instrumento ng kalikuan; sa pamamagitan ng kapangyarihan ng kaligtasan, ang ating katawan ay ibinigay sa Diyos bilang mga instrumento ng katuwiran. "Sa gayon ay pinalaya na kayo mula sa kasalanan, kayo ay naging mga lingkod ng katuwiran". Ang katuwiran ng Diyos ay inihayag sa kanyang kapangyarihan upang palayain tayo sa kasalanan.

***Kasalanan at Batas (Rom. 7:1-25)***

► Basahin ang Roma 7. Sino ang inilalarawan sa kabanatang ito?

Sapagkat napawalang-sala tayo sa pamamagitan ng biyaya ng Diyos, tayo ngayon ay "naglilingkod ayon sa kabaguhan ng espiritu, at hindi sa katandaan ng sulat."[166] Maaaring tanungin ng isang mambabasang Hudyo si Pablo, ".Ano ang sinasabi mo? Ang batas ba ay kasalanan?" Tumugon si Pablo," huwag nawa! "Tinutukoy ng kautusan ang kasalanan. Sa gayun, ito ay gumigising sa atin sa katotohanan ng kasalanan at nakagising sa ating mga mapanghimagsik na puso ang pagnanasa sa kasalanan. Ang kautusan, na ibinigay ng Diyos para sa ating kabutihan, ay nagiging instrumento para sa kasamaan.

Inilalarawan ni Pablo ang prinsipyong ito sa isang sipi na naging isa sa mga pinaka-pinagtatalunang bahagi ng Roma. Mayroong tatlong pangunahing pamamaraan upang bigyang kahulugan ang Roma 7:7-25.

[166] Rom. 7:6.

1. **Isang larawan ng normal na buhay Kristiyano**. Marami sa tradisyong nabago ay nagpapahayag na ipinakikita ni Pablo ang buhay ng isang mananampalataya na nagnanais na sundin ang kautusan ng Diyos ngunit hindi ito magagawa. Gayunpaman, mahirap na pagtugmain ang maluwalhating larawan ng buhay na pinawalang-sala na ibinigay sa Mga Taga Roma 4-6 ("maroon tayong kapayapaan sa Diyos….") "at sa gayun ay pinalaya na mula sa kasalanan…") sa pagkaalipin ng Roma 7 ("O kahabag-habag na tao nga ako, sino ang magliligtas sa akin mula sa katawan ng kamatayang ito?").

2. **Isang larawan ng isang hindi pa pinapagiging-banal na mananampalataya**. Ang ilan sa tradisyon ng Wesleyan ay nagmungkahi na ipinakikita ni Pablo ang buhay ng isang mananampalataya na pinawalang-sala ngunit hindi pa lubos na pinabanal. Muli, may mga kahirapan sa pagtutugma nito sa larawan ni Pablo ng matagumpay na mananampalataya na namumuhay nang may kapayapaan sa Diyos.

3. **Isang larawan ng nakagising ng makasalanan**. Nakita ng mga unang ama ng iglesya ang kabanatang ito bilang isang larawan ng kalagayan ni Pablo bago siya nagbalik-loob, nang sinubukan niyang tuparin ang batas sa kanyang sariling kapangyarihan. Ito ay isang larawan ng isang makasalanan na nagising sa kanyang pangangailangan, ngunit hindi pa napapawalang-sala dahil sa biyaya sa pamamagitan ng pananampalataya. Ang taong ito ay naghahanap ng katuwiran sa ilang mga paraan, ngunit hindi pa nakararanas ng kagalakan sa Roma 8: 1, "Ngayon nga ay wala nang paghatol sa kanila na nakay Kristo Hesus, na hindi nagsisilakad ayon sa laman, kundi ayon sa Espiritu."

### ***Pagpapaging-banal: Buhay sa Espiritu (Rom. 8:1-17)***

Ang sagot sa mga pakikibaka ng Roma 7 ay ang kapangyarihan ng Espiritu. "Sapagka't ang kautusan ng Espiritu ng buhay kay Kristo Hesus ay nagligtas sa akin sa kautusan ng kasalanan at kamatayan."[167] Sa halip nabigo ng mga pagtatangkang panatilihin ang batas sa ating sariling kapangyarihan, binibigyang kapangyarihan tayo ng Espiritu na "patayin ang mga gawa ng laman."[168] Ang matagumpay na tono ng Roma 8 ay isang malaking pagkakaiba sa mga pakikibaka ng Roma 7. Bakit? "Ang Espiritu mismo ang nagpapatotoo sa ating espiritu, na tayo ay mga anak ng Diyos." Ang matagumpay na buhay na ito, hindi ang Roma 7, ay isang modelo ni Pablo para sa Kristiyanong karanasan.

Ang isang matagumpay na buhay ayhindi ipinamumuhay ayon sa ating kapangyarihan, kundi sa kapangyarihan ng Espiritu Santo. Pinapalaya tayo ng Banal na Espiritu mula sa pagkaalipin sa kasalanan[169]; ang Banal na Espiritu ay nagbibigay ng katiyakan ng

[167] Rom. 8:2.
[168] Rom. 8:13, *English Standard Version*.
[169] Rom. 8:2.

kaligtasan[170]; Ang Espiritu Santo ay gumagabay sa ating mga panalangin[171]; ang buhay ng mananampalataya ay ganap na nabuhay sa kapangyarihan ng Banal na Espiritu.

### *Ang Katiyakan ng Pag-Asa (Rom. 8:18-39)*

Ang kasukdulan ng pagtuturo ni Pablo tungkol sa kaligtasan ay ang kanyang pagdiriwang ng kaluwalhatian na naghihintay sa lahat ng mananampalataya. Isinulat ni Pablo "na ang mga paghihirap ng kasalukuyang panahon ay hindi karapat-dapat na maihambing sa kaluwalhatiang ibubunyag sa atin." Hinihikayat niya ang kanyang mga mambabasa na may pangako na ang Diyos ay gumagawa ng lahat ng mga bagay na sama-sama "para sa kabutihan ng mga nagmamahal sa Diyos, sa kanila na tinatawag nang ayon sa kanyang layunin."At ipinaaalaala niya sa atin na ang ating pag-asa ay mula sa Diyos. Ginawa Niyang posible ang kaligtasan para sa atin. "Kung ang Diyos ay para sa atin, sino ang maaaring laban sa atin?"

Ang Diyos ang nagpapawalang-sala sa atin; ang Diyos ang nagpapanatili sa atin. Ipinagdiriwang ni Pablo ang ating pagtitiwala bilang mga anak ng Diyos: "Sapagkat nakatitiyak ako, na kahit ang kamatayan, ni ang buhay, ni ang mga anghel, ni ang mga pamunuan, ni ang kapangyarihan, ni ang mga bagay na kasalukuyan, ni ang mga bagay na darating, ni ang kaitaasan, ni ang kalaliman, ni ang iba pang nilalang, ay walang makapaghihiwalay sa atin mula sa pag-ibig ng Diyos, na nasa kay Kristo Hesus na ating Panginoon. "

### Ang Katuwiran ng Diyos ay Nahayag sa Pagiging Pinili (Rom. 9:1-11:36)

Ang isa pang tanong na maaaring sabihin ng isang taong nakikinig sa pagtuturo ni Pablo ay, "Paano naman ang Israel? Nabigo ba ang Diyos sa Kanyang mga pangako sa kanyang piniling bayan?"Sa Roma 9-11, ipinaliwanag ni Pablo na ang paghirang mula kay Abraham ay batay sa pananampalataya, hindi sa etniko o liping pinagmulan.[172] Hindi inabandona ng Diyos ang Israel; sa halip ang Diyos ay gumagawa sa pamamagitan ng Israel upang pagpalain ang lahat ng mga bansa. Ang pagpapala ng mga bansa ay ipinangako kay Abraham[173]; ito ay inihayag ng mga propeta ng Israel[174]; ito ay natapos na ngayon sa mga Hentil.[175] Ang pagpapala ng Diyos sa mga Hentil ay hindi isang pangwakas na pagtanggi sa Israel. Matutupad ang kanyang layunin para sa Israel.

Sinasagot sa Roma 9-11 ang problema ng kawalang-paniniwala ng Israel sa tatlong katotohanan:[176]

---

[170] Rom. 8:15-16.
[171] Rom. 8:26.
[172] Rom. 9:6-8.
[173] Gen. 12:3.
[174] Isa. 56:1-8 ay isang halimbawa mula sa marami pang ibang halimbawa.
[175] Rom. 11:11.
[176] Hinango sa sinulat nina William M. Greathouse at George Lyons, *Romans: A Commentary in the Wesleyan Tradition*.Beacon Hill Press, 2008.

- Ang mga pangako ng Diyos ay *laging* nakalaan sa mga mananampalataya. Ang mga pangako sa Israel **sa nakalipas na panahon** ay para sa lahat ng sumasampalataya – kapwa sa mga Hentil at sa matapat na mga nalabi sa Israel (9: 6-29).
- Ang Israel ay hindi tinanggap dahil sa kawalan ng pananampalataya. **Sa kasalukuyan**, nakamit ng mga Hentil ang katuwiran sa pamamagitan ng pananampalataya habang ang Israel ay hindi nakamit ang katuwiran dahil hinanap nila ito sa pamamagitan ng pagsunod sa kautusan (9:30-10:21).
- Ang hindi pagtanggap sa Israel ay pansamantala,hindi pangwakas.Hindi nalilimutan ng Diyos ang Kanyang mga pangako. **Sa hinaharap**, ang lahat ng Israel ay maliligtas,sa kanilang pagbabalik sa pananampalataya sa Diyos. (11:1-36).

Tinapos ni Pablo ang bahaging ito ng Roma sa pamamagitan ng isang doxology kung saan pinupuri niya ang Diyos dahil sa kanyang di-masasaliksik na karunungan, kaalaman, hatol, at mga paraan.[177] Bagaman hindi natin lubos na maunawaan ang mga paraan ng Diyos, pinupuri natin siya dahil pinagkakatiwalaan natin ang kanyang kabutihan at katuwiran. Alam natin na "sa kaniya, at sa pamamagitan niya, at sa kaniya, ang lahat ng mga bagay."[178] Ang kanyang mga paraan ay karapat-dapat ng ating papuri.

### Ang Katuwiran ng Diyos ay Nakikita sa Buhay ng Mananampalataya (Rom. 12:1-15:13)

Ang teolohiya ni Pablo ay palaging praktikal. Maraming sulat ni Pablo ang nahahati sa dalawang malaking bahagi. Sa unang bahagi, itinuro ni Pablo kung ano ang ating pinaniniwalaan; sa ikalawang bahagi ay itinuturo niya kung paano tayo dapat mamuhay. Ang pattern na ito ay makikita sa Roma.

- *Doktrina*. Itinuro ni Pablo kung paano ang isang tao ay ginawang matuwid sa harap ng Diyos (Roma 1-11).
- *Aplikasyon*. Itinuro ni Pablo kung paano mamumuhay ang isang matuwid na tao (Roma 12-16).

Ang Roma 12-15 ay nagpapakita kung paano ang mga prinsipyo ng Mga Taga Roma 1-11 ay ipinamumuhay sa araw-araw. Sa Roma 12, tinawag ni Pablo ang kanyang mga mambabasa na ibigay ang kanilang sarili bilang buhay, banal na sakripisyo sa Diyos. Ang katuwiran ng Diyos na nakikita sa pagbibigay-katuwiran at pagpapabanal ay bumabago sa lahat ng larangan ng buhay. Ang isang naglalakad sa Espiritu sa halip na sa laman ay magpapakita ng katuwiran ng Diyos sa pang-araw-araw na buhay. Kinikilala ni Pablo ang ilang mga praktikal na aspeto ng bagong paraan ng pamumuhay.

[177] Rom. 11:33-36.
[178] Rom. 11:36.

- Ginagamit natin ang ating espirituwal na mga kaloob upang maglingkod sa iba (12:3-8).
- Tinatrato natin ang iba sa mga paraan na nagpapakita ng tunay na pagiging Kristiyano (12:9-21).
- Nagpapasakop tayo sa pamamahala ng mga awtoridad (13:1-7).
- Tinutupad natin ang batas sa pamamagitan ng pag-ibig (13:8-14).
- Ipinamumuhay natin ang prinsipyo ng kalayaan sa pamamagitan ng hindi paghatol sa ating kapatid (14:1-12).
- Ipinamumuhay natin ang prinsipyo ng pag-ibig sa pamamagitan ng hindi pagsasakatuparan ng ating kalayaan sa isang paraan na nagiging sanhi ng pagkasira ng isang mas mahinang kapatid (14:13-14:23).
- Sinusunod natin ang halimbawa ni Kristo upang tayo ay "magtagumpay sa pag-asa, sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu Santo" (15:1-13).

**Konklusyon (Rom. 15:14-16:27)**

Sa kanyang konklusyon, ibinahagi ni Pablo ang kanyang plano upang bisitahin ang Roma sa daan patungo sa Espanya. Inaasahan niya na ang Roma ang magiging himpilan para sa kanyang kampanya sa Espanya. Nagpapadala siya ng mga pagbati sa mga kasamahan sa trabaho at, tulad ng karaniwan sa mga liham ni Pablo, nagtapos siya sa isang doxology. Ang doxology na ito ay nagpupuri sa Diyos sa "paghahayag ng misteryo" na "ngayon ay nahayag."[179] Ang misteryo na inihayag ay ang masayang balita na ang ebanghelyo ay para sa lahat ng tao. Ang katuwiran ng Diyos ay ipinahayag "mula sa pananampalataya hanggang sa pananampalataya"; lahat ng naniniwala ay maliligtas.

## Aklat ng Roma sa Iglesiya Ngayon

Itinuturo ng mga Aklat ng Roma sa iglesya ngayon ang tungkol sa **kahalagahan ng malinaw na doktrina**. Tandaan na isinulat ni Pablo ang liham na ito sa mga ordinaryong Kristiyano. Sa isang panahon kung kailanang mga Kristiyano ay itinuturing bilang espirituwal na mga sanggol na walang kakayahan sa pagtunaw ng karne ng katotohanan sa Bibliya, ipinakikita ng Roma na ang mga mananampalataya ay maaaring turuan ng malalim na doktrina.

Itinuturo ng Aklat ng Roma sa iglesia ngayon ang tungkol sa **kahalagahan ng paggamit ng doktrina sa pang-araw-araw na buhay**. Walang interes si Pablo sa doktrina para sa intelektwal na debate lamang. Nagtuturo siya ng doktrina upang baguhin ang buhay ng mananampalataya.

[179] Rom. 16:25-26.

Matapos ang mahusay na mga katotohanan ng Aklat ng Roma 1-11, si Pablo ay nagpatuloy "nagsusumamo ako sa iyo samakatuwid…."[180] Ang "samakatuwid" ay nag-uugnay sa kung ano ang inihahanda niyang sabihin sa kung ano ang sinabi na niya. Maaari nating sabihin sa ibang pangungusap, "Dahil sa mga katotohanang ito (pagpapaging matuwid, pagpapabanal, at paghirang), Tinatawagan ko kayo upang iharap ang inyong sarili bilang buhay na alay sa Diyos na nagbigay sa inyo ng mga biyayang ito. Ito ang magiging hitsura ng pagbabagong ito sa iyong pang-araw-araw na buhay."Pagkatapos ay nagpatuloy si Pablo sa praktikal na aplikasyon ng pagbabagong ito ng Roma 12-15. Hindi sapat na magkaroon ng tamang doktrina; dapat nating ipamuhay ang doktrinang iyon araw-araw.

## Konklusyon

Noong Miyerkules Mayo 24, 1738, si John Wesley ay dumalo sa pulong ng Moravian sa Aldersgate Street, London. Maraming taon nang nagsisikap si Wesley sa paghahanap ng katiyakan ng kaligtasan. Tulad ng marami sa kanyang mga kapanahon, naniwala siya na ang pagiging matuwid ay batay sa kakayahan ng isang tao na mabuhay ng isang matwid na buhay. Habang nakikinig sa pagbabasa ni William Holland mula sa paunang salita ni Martin Luther sa mga Romano, si Wesley ay nabago. Sumulat si Wesley sa bandang huli:

Nang gabing iyon ay talagang nag-aatubili ako na pumunta sa isang samahan sa Daang Aldersgate, kung saan binabasa ng isang tao ang paunang salita ni Luther sa Sulat sa mga Romano. Mga labing-limang minuto bago mag-ika-siyam, habang ang pinuno ay naglalarawan ng pagbabago na ginagawa ng Diyos sa puso sa pamamagitan ng pananampalataya kay Kristo, naramdaman ko ang aking puso na hindi karaniwang nag-iinit. Nadama ko na nagtiwala ako kay Kristo lamang para sa kaligtasan; at isang katiyakan ang ibinigay sa akin na kinuha na Niya ang aking mga kasalanan, maging ang sa akin, at iniligtas ako mula sa batas ng kasalanan at kamatayan.[181]

Nang gabing iyon, naunawaan ni John Wesley ang katotohanan ng Roma 1:17; "Ang matuwid ay mabubuhay sa pamamagitan ng pananampalataya." Ang dakilang katotohanang ito ay nagbigay inspirasyon sa isang pagbabagong-buhay na lumaganap sa buong Inglatera at kalaunan sa buong mundo.

[180] Rom. 12:1.
[181] *The Journal of John Wesley*. May 24, 1738.

## Mga Takdang-Aralin ng Aralin

Ipakita ang iyong pag-unawa sa araling ito sa mga sumusunod na takdang-aralin:

(1) Pumili ng isa sa mga sumusunod na takdang-aralin:

- Maghanda ng isang pangangaral o aralin sa Bibliya sa pagbibigay-katwiran sa pamamagitan ng pananampalataya mula sa Roma. Ito ay maaaring isang manuskrito na 5-6 na pahina o isang naitalang pangangaral o aralin sa Bibliya.
- Isulat ng isang pahina ng balangkas ng aklat ng Aklat ng Mga Taga Roma na nagpapakita ng parehong doktrina ng mga aral ng Roma 1-11 at ang praktikal na aplikasyon ng Roma 12-16. Ito ay dapat na iyong personal na balangkas, hindi nakuha mula sa komentaryo o pag-aaral ng Bibliya.

(2) Kumuha ng pagsusulit batay sa material mula sa araling ito. Kabilang sa pagsusulit ang mga banal na kasulatan na naitalaga para isaulo.

## Mga Tanong sa Pagsusulit sa Aralin 5

(1) Ilista ang tatlong layunin para sa Aklat ng Roma.

(2) Ilista ang apat na mga katotohanan tungkol sa ebanghelyo na matatagpuan sa pagpapakilala sa Roma.

(3) Ilista ang tatlong grupo na nahatulan sa Mga Taga Roma 1-3.

(4) Sa Roma 6, ano ang tugon ni Pablo sa isang taong nagtatanong kung maaari tayong patuloy na mamuhay sa kasalanan upang ang biyaya ay sumagana?

(5) Ano ang tatlong interpretasyon ng Roma 7:7-25?

(6) Tumugon si Pablo sa problema ng kawalang-paniniwala ng Israel sa tatlong katotohanan. Ilista ang mga katotohanang iyon.

(7) Mula sa Roma 12-15, ilista ang tatlong paraan upang ipamuhay ang katuwiran ng Diyos.

(8) Isulat ang Roma 1:16-17 mula sa memorya.

# Aralin 6
# Corinto at Galacia:
# Mga Liham sa mga Iglesyang May Kaguluhan

## Mga Layunin ng Aralin

Kapag natapos ang araling ito, ang mag-aaral ay dapat:
(1) Nalalaman ang petsa at layunin ng 1 at 2 Corinto at Aklat ng Galacia.
(2) Maibalangkas ang pangunahing mga tema ng 1 at 2 Corinto at Aklat ng Galacia.
(3) Maunawaan ang mahahalagang usapin sa pagbibigay-kahulugan sa 1 Corinto.
(4) Talakayin ang kaugnayan sa pagitan ng Kristiyano at ng batas.
(5) Kilalanin ang isang kahulugan ayon sa Bibliya ng legalismo.
(6) Matukoy ang mga bahagi ng di-pagkakasundo at di-pagkakaunawaan sa unang iglesya.
(7) Iugnay ang mensahe ng mga aklat na ito sa mga pangangailangan ng mundo sa kasalukuyan.

## Paghahanda para sa Araling Ito

*Basahin ang 1 at 2 Corinto at Galacia.*
*Isaulo ang 1 Corinto 1:20-21 at Galacia 5:22-23.*

## Panimula

Ang mga modernong mambabasa kung minsan ay nag-iisip na ang unang iglesya ay hindi nagkaroon ng malalaking suliranin. Iniisip natin, "Masaya sana kung napabilang tayo at namuhay sa unang iglesya dahil ang lahat doon ay nagkakaisa at may pagbabagong-loob!" Ang mga sulat ni Pablo sa Corinto at Galacia ay nagpapakita ng naiibang larawan. Ang mga iglesya sa unang siglo ay nahirapan sa mga maling doktrina, mga kasalanan sa mga miyembro, mga pagkalito tungkol sa mahahalagang katuruan sa Bibliya, at mga tanong tungkol sa awtoridad at disiplina sa iglesya. Sa ibang salita, ang mga aklat na ito ay nagpapakita ng isang mundong napakalaki ng pagkakatulad sa kasalukuyan. Dahil dito, ang mga sulat na ito sa naguguluhang mga iglesya sa unang siglo ay maraming maituturo sa mga naguguluhang iglesya ng ika-21 siglo.

## 1 Corinto

### Ang Sumulat at Petsa

Ang Corinto ay isang daungan sa isang tangway sa pagitan ng Dagat ng Aegean at Ionian. Ang mga kalakal ay ibinababa sa isang panig ng tangway, ibinibiyahe patawid sa makitid na lupain, at isinasakay sa mga barko sa kabilang panig. Ang estratihikong lokasyon ng Corinto ay nagbibigay ng malaking pagkakataon para sa ebanghelyo. Naghihintay sa lunsod na ito ang mga mandaragat habang ibinababa o ikinakarga ang mga kalakal sa kanilang mga barko. Ito ay nagbibigay ng pagkakataon upang mag-ebanghelyo sa mga taon mula sa lahat ng lugar sa Imperyo.

Itinatag ni Pablo ang iglesya sa Cortinto sa panahon ng kanyang ikalawang paglalakbay pangmisyon, mga A.D. 50.[182] Kasama nina Aquila at Prisila, dalawang Kristiyano mula sa Roma, nanatili at nangaral si Pablo sa Corinto sa loob ng labingwalong buwan. Nagsimula siya sa pagtuturo sa sinagoga. Nang siya'y paalisin mula sa sinagoga, lumipat siya sa isang pribadong tahanan malapit doon. Maraming taga-Corinto, kabilang ang tagapamahala sa sinagoga ang tumugon sa pangangaral ng Ebanghelyo.

Isinulat ni Pablo ang 1 Corinto mga limang taon pagkalipas. Isinulat ito sa panahon ng pananatili ni Pablo sa Efeso sa kanyang ikatlong paglalakbay pangmisyon.[183] Sumulat si Pablo bilang tugon sa mga suliranin na umusbong sa iglesya ng Corinto. Hindi agad makapaglakbay si Pablo patungo sa Corinto, kaya't isinulat niya ang liham at ipinadala ito kay Timoteo. Itinalaga si Timoteo upang siyang maghatid ng sulat at magbigay ng dagdag na mga tagubilin sa kanyang pagbisita.[184]

### Istilo

Ang 1 Corinto ay kapwa simple at mahirap na ipaliwanag! Simple ito dahil ang 1 Corinto ay isang "sulat na pang-okasyon" –isang liham na isinulat bilang tugon sa isang particular na sitwasyon (o okasyon). Sa isang banda, nagiging simple ang liham dahil dito. Sa halip na isang komplikadong kasunduhan tungkol sa doktrina, tinutugunan ni Pablo ang isang tiyak na suliranin.

Gayunman, ang ganitong tipo ng sulat ay maaaring maging mahirap dahil iisang bahagi lamang ng problema sa pagitan ni Pablo at ng iglesya ang nasa sa atin. Ang paghanap sa mga suliranin na sinisikap tugunan ni Pablo ang nagiging dahilan na ito'y nagiging mahirap bigyang kahulugan.

May dalawang halimbawa na nagpapakita kung paano tumugon si Pablo sa mga tanong mula sa Corinto. Nagsisimula ang 1 Corinto 7:1 sa, "Ngayon, tungkol naman sa mga bagay na isinulat ninyo sa akin…" Pagkatapos sumulat si Pablo ng isang talata na marahil ay sinipi

[182] Acts 18:1-18.
[183] 1 Cor. 16:8.
[184] 1 Cor. 4:17.

sa kanilang sulat, "Mabuti para sa isang lalaki na huwag mag-asawa." Pagkatapos, tumugon si Pablo sa ideyang ito na pinakamabuti para sa mga lalaki at mga babae na iwasang magkaroon ng relasyong seksuwal: "Gayunman, upang maiwasan ang pakikiapid, hayaan ang bawat lalaki ay magkaroon ng kanyang sariling asawang babae, at ang bawat babae ay magkaroon ng kanyang sariling asawang lalaki."

Gayundin nagsisimula ang 1 Corinto 8:1, "Ngayon patungkol naman sa mag pagkaing inihandog sa mga Diyos-Diyosan…" Ang sumunod na talata ay marahil sinipi sa kanilang sulat, "Alam natin na 'lahat tayo'y nagtataglay ng kaalaman'". Tumugon si Pablo, "Ang 'kaalamang' ito ay nagbubunsod sa tao upang magpalalo, ngunit ang pag-ibig ay nagpapatibay."[185] Kapag binabasa natin ang mga sulat sa Corinto, binabasa natin ang isang bahagi lamang ng dalawang panig. May mga pagkakataon na dapat nating ibukod ang payo ni Pablo mula sa isang pagbanggit mula sa mga Kristiyano na nasa Corinto.

### Layunin

Ang unang sulat ni Pablo sa Corinto ay bunsod ng isang nakakabahalang ulat mula sa tatlong tagapanguna sa iglesya.[186] Nag-ulat sina Estefano, Fortunato at Aquico, na nagkakaroon ng pagkakampi-kampi sa iglesya, na pinahihintulutan ang hayagang pagkakasala,at hinahamon ang awtoridad ni Pablo bilang apostol. Isinulat ni Pablo ang 1 Corinto upang tumugon sa mga suliraning ito at sagutin ang mga tanong mula sa mga mananampalatayang taga Corinto.

### Nilalaman ng 1 Corinto

Sa pasimula, ipinahayag ni Pablo ang kanyang awtoridad bilang "isang apostol ni Kristo Hesus" at ipinaaalaala sa mga mananampalataya sa Corinto na sila ay "pinapaging-banal sa pamamagitan ni Kristo Hesus, at tinawag upang maging mga banal."[187] Pagkatapos hinarap niya ang isang serye ng mga suliranin na nagpapakita ng kabiguan ng mga taga-Corinto na mamuhay ayon sa pagkatawag ng Diyos sa kanyang bayan.

#### *Pagkakampi-kampi (1 Cor. 1-4)*

Itinatag ni Pablo ang iglesya sa Corinto. Nangaral na doon ang matalinong orador na si Apolos pagkatapos bigyang tagubilin nina Aquila at Priscilla.[188] Posibleng nakabisita na si Pedro sa Corinto.[189] Ang iglesya ng Corinto ay nagkampi-kampi, at ang bawat grupo ay nag-aangkin na ang isa sa mga tagapagturong ito ang kanilang lider. May mga lider na nagpahayag na sila ay higit sa mga pagkakampi-kamping ito, na nag-aangkin, "sinusunod

---

185 1 Cor. 8:1, *English Standard Version.*
186 1 Cor. 16:17.
187 1 Cor. 1:1-2.
188 Mga Gawa 18:27.
189 1 Cor. 9:5.

ko si Kristo." Gayunman, maging ang grupong ito ay nabubunsod ng espiritung mapagmataas, hindi ng kababaang-loob.[190]

Pagkatapos, ang mga usaping tinalakay sa 1 Corinto ay nagpapakita na ang pagkakahati-hating ito ay nakaapekto sa lingguhang pagsamba at pagdiriwang ng Hapunan ng Panginoon sa Corinto. Dagdag pa rito, ang pagkakahating ito ay maaaring naging dahilan ng kawalang kagustuhan ng iglesya na harapin ang kasalanan sa kanilang mga miyembro.

Nagsisimula si Pablo sa pagtatanggol sa kanyang ministeryo. Ang mga nag-aangkin na si Apolos ang kanilang patron ay tumanggi sa awtoridad ni Pablo bilang apostol at kinutya ang para sa kanila ay hindi kaaya-ayang kaanyuan at pananalita ni Pablo. Ipinagtanggol ni Pablo ang kanyang awtoridad bilang apostol upang magkaroon ng tuntungan para sa pagtugon sa mga suliranin sa iglesya. Bilang kanilang espirituwal na ama, labis na minamahal ni Pablo ang "kanyang mga minamahal na mga anak"[191] kaya't hindi niya sila basta iiwan sa kanilang mga sariling paraan. Kaya, nagsimula si Pablo sa isang masigasig na pagtatanggol sa kanyang ministeryo; "Ako si Pablo, tinawag upang maging apostol ni Kristo Hesus sa pamamagitan ng kalooban ng Diyos.."[192]

Dahil may mga miyembro na inihahambing ang simpleng pagsasalita ni Pablo sa mahusay na pananalumpati ni Apolos, ipinaliwanag ni Pablo na dumating siya "Hindi dahil sa malalalim na pananalita o matataas na katalinuhan." "Ang aking pagsasalita at aking pangangaral ay hindi sa pamamagitan ng nakaiingganyong mga salita ng karunungan ng tao, kundi sa pagpapakita ng Espiritu at ng kapangyarihan..."[193] Hindi inaatake ni Pablo si Apolos[194] subali't ipinapakita na ang kanyang sariling ministeryo sa Corinto ay batay sa kapangyarihan ng Banal na Espiritu na kumikilos sa pamamagitan ng kanyang mensahe. Ang mga taga-Corinto ay lumuluwalhati sa karunungan ng tao; tinatawag sila ni Pablo na manumbalik sa ebanghelyo.

### *Imoralidad (1 Cor. 5-6)*

► Paano dapat tumugon sa mga hayag na kasalanan sa mga miyembro ng iglesya?

Bilang isang Romanong lungsod sa baybay-dagat, ang Corinto ay nakakalatan ng mga paganong templo. Bahagi ng kanilang pagsamba sa diyos-diyosan ang prostitusyon, at kilala ang Corinto sa kanilang kasamaang seksuwal. Ang salitang "*Corinthianize*" ay nangangahulugan na sirain ang moralidad ng isang tao.

Tumangging disiplinahin ng iglesya sa Corinto ang kanilang miyembro na nabubuhay sa immoral na relasyon sa asawa ng kanyang ama, isang gawaing tinatanggihan maging ng

---

[190] 1 Cor. 1:10-12.
[191] 1 Cor. 4:14-15.
[192] 1 Cor. 1:1.
[193] 1 Cor. 2:1-4.
[194] 1 Cor. 16:12 nagpapakita na sina Pablo at Apolos ay magkasundo sa pagkilos para sa Kaharian ng Diyos.

mga pagano.[195] Gayunman labis na naging mapagmataas ang iglesya ng Corinto kaya't tumanggi silang harapin ang suliraning ito.

Ang tagubilin ni Pablo ay mahalaga upang maunawaan ang wastong pagdisiplina sa iglesya. Sinabi ni Pablo na dapat tanggalin ang nagkasala sa pag-asang ito ay magsisisi.[196] Dapat hatulan ng iglesya ang kasalanan sa mga miyembro nito, sa dalawang kadahilanan: upang ibalik sa pagsisisi ang nagkasala at upang maiwasang masiraan ang ebanghelyo. Hindi tinutukoy ni Pablo ang mga ginagawa ng mga di-mananampalataya, o maging ng isang nagsising bumalik sa kasalanan. Tinutukoy niya ang sinasadyang nagpapatuloy na kasalanan ng isang aktibong miyembro ng iglesya.

Kaugnay nito, hinarap din ni Pablo ang mga usapin sa hukuman sa mga mananampalataya. Habang ang mga taga-Corinto ay tumatangging hatulan ang hayag na kasalanan sa iglesya, mabilis silang magdala ng mga pansariling pagrereklamo sa iba sa mga pampublikong hukuman. Itinatanong ni Pablo kung paanong "hinahatulan ninyo ang mundo" kung hindi naman kayo matalino sa pag-aayos ng inyong mga di-pagkakaunawaan sa inyong magkakapatid na Kristiyano.

### *Mga Tanong Mula sa mga taga-Corinto (1 Cor. 7:1-16:9)*

Ngayon naman, tinutugon ni Pablo ang isang serye ng mga katanungan na itinanong ng mga taga-Corinto sa isang liham na ipinadala nila kay Pablo.[197] Ang bawat paksa ay pinasimulan sa, "Ngayon kaugnay ng…." at binabanggit ni Pabblo ang kanilang katanungan at pagkatapos ay tumutugon sa usaping ipinahayag.

#### *Hindi Pag-aasawa at Pag-aasawa (1 Cor. 7:1-23)*

May mga nagtuturo na "Mabuti para sa isang lalaki na huwag magkaroon ng relasyong seksuwal sa isang babae."[198] Tumugon si Pablo na ang pag-aasawa ang wastong konteksto ng pagpapahayag ng pagtatalik. Sa bahaging ito, tinatalakay din niya ang suliranin sa paghihiwalay, isang usapin na partikular na mahirap para sa mga bagong mananampalataya na kasal sa hindi Kristiyano.

#### *Ang mga Walang Asawa at mga Balo (1 Cor. 7:25-40)*

Dahil sa "kasalukuyang kahirapan," naniniwala si Pablo na pinakamabuti para sa mga walang asawa ang manatiling walang asawa. Gayunman, nilinaw niya na ito ay kanyang pansariling panuntunan, hindi ito "kautusan ng Panginoon." Ang "kasalukuyang kahirapan" ay tumutukoy sa pag-uusig ng pamahalaang Romano sa mga mananampalataya. Maaari

[195] 1 Cor. 5:1.
[196] Upang "ibigay na siya kay Satanas" marahil ay tumutukoy sa pag-aalis sa kanya sa iglesya. Sa labas ng iglesya, siya ay nasa sanlibutan na, ang mundo ni Satanas.
[197] 1 Cor. 7:1.
[198] 1 Cor. 7:1, *English Standard Version.*

ring tumutukoy ito sa posibilidad ng humihigpit na pag-uusig habang ang "takdang oras" ng pagbabalik ng Panginoon ay unti-unting nalalapit.[199]

*Pagkaing Inialay sa mga Diyos-Diyosan (1 Cor. 8:1-11:1)*

► Sa konteksto ng inyong ministeryo, ano ang mga pangkulturang gawain ang katumbas ng usapin sa Corinto tungkol sa pagkaing inialay sa Diyos-Diyosan?

Ang pinakamahabang pagtalakay ni Pabblo ang sa sagot sa mahirap na katanungan tungkol sa pagkain na inialay sa Diyos-Diyosan. Ibinatay ng mga taga-Corinto ang kanilang pasiya sa kanilang mataas na kaalaman, "Alam natin na tayong lahat ay may kaalaman." Tumugon si Pablo na, sa halip na ibatay ang ating pasiya nang lubusan sa kaalaman (na nagiging dahilan upang magpalalo), dapat tayong kumilos dahil sa ating pag-ibig (na "nagpapatatag").

Ipinakita ni Pablo ang pagkakaiba ng pagkain sa hapag kainan ng mga paganong templo at sa pamimili sa mga pampublikong pamilihan. Sa pagkain sa hapag kainan sa templo, ang isang mananampalatayang "nakakaalam" ay maaaring makasira sa isang mas mahinang kapatiran na matutuksong suwayin ang kanilang budhi. Bilang isang halimbawa ng espiritung dapat ipakita ng mga taga Corinto, ipinaaalala ni Pablo sa kanila na inalis na niya ang kanyang karapatan na maghintay sa kanilang suportang pangpananalapi bilang kanilang pastor upang mag-ebanghelyo sa kanilang lunsod.

Dagdag pa rito, ang pagkain sa templo ng mga pagano ay pakikibahagi sa gawaing pagsamba sa diyos-diyosan.[200] Bilang pagwawakas, sinabi ni Pablo, "Hindi kayo maaaring makibahagi sa Hapag ng Panginoon, at sa hapag ng demonyo."

Habang ang mga mananampalataya ay hindi dapat kumain sa paganong kontekstong panrelihiyon, iba naman ang itinuturo ni Pablo sa usapin ng pamimili sa isang pampublikong pamilihan na nagbebenta ng karneng inialay na sa mga Diyos-Diyosan. Dahil walang direktang koneksiyon sa pagsamba sa Diyos-Diyosan, iminumungkahi ni Pablo na "huwag na kayong magtatanong" at bilhin kung ano ang mayroon. Ang pasubali sa kalayaang ito ay kung mayroong tao na "matitisod". Ang isang mas mahinang kapatiran ay maaari pa ring mag-isip na maging ang pagbili ng karneng ito ay kaugnay pa rin sa pagsamba sa diyos-iyosan. Sa pagkakataong ito, ipinaaalala ni Pablo sa mga taga-Corinto na tungkulin ng Kristiyano hindi ang hanapin ang "kanyang sariling kabutihan, kundi ang kabutihan ng kanyang kapitbahay."

Ang susing prinsipyo ay pag-ibig. Ang pag-ibig sa Diyos ang pumipigil sa mananampalataya na makibahagi sa piyesta para sa diyos-diyosan na nasa templong pagano. Ang ating pag-

---

[199] 1 Cor. 7:29, *English Standard Version.*

[200] Ang 1 Cor. 10:1-22 ay gumagamit ng kuwento ng kawalang katapatan ng Israel bilang babala laban sa pakikibahagi sa gawain para sa mga Diyos-Diyosan.

ibig sa ating kapwa mananampalataya ang pipigil sa isang mananampalataya upang kumain ng karneng maaaring makasira sa pananampalataya ng isang mas mahinang kapatid.

*Pagsamba at mga Kaloob (1 Cor. 11:2-14:40)*

Sumunod na tinalakay ni Pablo ang mga tungkol sa awtoridad, pagsasagawa ng Hapunan ng Panginoon, at mga espirituwal na kaloob. Ang mga usaping ito ay bunsod ng pagmamataas at pagbabaha-bahagi na unti-unting naghahati sa iglesya ng Corinto.

Sa halip na tingnan ang kanilang mga sarili bilang kamiyembro ng iisang katawan, ginagamit ng mga taga-Corinto ang mga espirituwal na kaloob bilang paraan ng pagtataas sa sarili. Ang tamang pagtugon sa ugaling ito ay tandaan na ang pag-ibig ay mas higit sa mga espirituwal na kaloob.

*Ang Muling Pagkabuhay ni Kristo at ng mga Patay (1 Cor. 15)*

Bilang pagtugon sa mga katanungan tungkol sa hinaharap ng mga namayapang mananampalataya, sinimulan ni Pablo sa pamamagitan ng pagtatatag ng pangkasaysayang katotohanan ng muling pagkabuhay ni Kristo. Pagkatapos, ipinaliwanag niya na ang muling pagkabuhay ni Hesus ang siya "unang bunga nila na mga nangatutulog." Dahil nalupig na ni Kristo ang kamatayan, ang mananampalataya ay mayroon ding pangako ng muling pagkabuhay.

*Ang Pagkolekta para sa Mga Banal sa Jerusalem (1 Cor. 16:1-4)*

Sa kanyang ikatlong paglalakbay pangmisyon, nagkolekta si Pablo ng kaloob mula sa mga iglesyang Hentil bilang suporta sa mga mananampalataya sa Jerusalem na naghihirap dahil sa pagsalungat ng mga lider na Hudyo. Mahalaga ang kaloob na ito para kay Pablo bilang isang praktikal na pagpapahayag ng doktrina ng pagkakaisa ng iglesya. Dahil sa kaloob na ito, ipinakita ng mga Kristiyanong Hentil na ang kanilang pagiging miyembro ng iglesya ay may kalakip na tungkulin na suportahan ang kanilang kapatiran (Hudyo) Kristiyano.

### ***Pagpapaalam (1 Cor. 16:5-24)***

Tinapos ni Pablo ang kanyang liham sa isang balangkas ng kanyang mga plano na bumisita sa hinaharap sa Corinto, pagbati sa kanyang sariling kamay, at ang pamamaalam.

## 2 Corinto

### Pinangyarihan at Layunin ng 2 Corinto

Ang 2 Corinto ay isinulat isang taon pagkatapos ng 1 Corinto. Tila ang pagbisita ni Timoteo ay hindi talaga nagbunga ng kalutasan ng mga suliranin sa Corinto. Pagkatapos si Pablo mismo ang bumisita sa iglesya. Ito ay isang "masakit" na pagbisita sa panahong

tinatanggihan ng iglesya ang kanyang awtoridad.[201] Bumalik si Pablo sa Efeso, kung saan sumulat siya ng isa pang liham (na ngayon ay nawawala) at ipinadala iyon kay Tito.[202]

Mula sa Efeso, naglakbay si Pablo patungo sa Macedonia kung saan siya naghintay ng balita mula sa Corinto. Iniulat ni Tito na karamihan sa mga taga-Corinto ay nagsisi na sa kanilang pagrerebelde.[203] Gayunman, may isang maliit na grupo na patuloy na tumatanggi sa awtoridad ni Pablo. Ang huling bahagi ng 2 Corinto ay humaharap sa grupong ito at naghanda sa ikatlong pagbisita ni Pablo.

Ang mga layunin ng 2 Corinto ay:

- Upang purihin ang mga taga-Corinto para sa kanilang pagsisisi ayon sa ulat ni Tito. (1-7)
- Upang kumpletuhin ang likom na kaloob para sa Jerusalem (8-9)
- Upang harapin ang patuloy na pagrerebelde ng ilang miyembro (10-13)

Ang sumusunod na tsart ay nagpapakita ng timeline ng 1 at 2 Corinto. Bagaman ang ilang petsa ay hindi tiyak, ito ang tinatayang pinakatamang talaorasan ng pakikibahagi ni Pablo sa iglesya ng Corinto.

---

[201] 2 Cor. 2:1.
[202] 2 Cor. 2:3-9.
[203] 2 Cor. 7:5-16.

| Si Pablo at ang Iglesya sa Corinto | |
|---|---|
| **Mga Pagbisita ni Pablo sa Corinto** | **Mga Sulat ni Pablo sa Corinto** |
| Itinatag ni Pablo ang iglesya sa ika-2 paglalakbay pangmisyon (A.D. 50) | |
| | Isang sulat na hindi Nalalaman (1 Cor. 5:9). |
| | 1 Corinto, isinulat mula sa Efeso at inihatid ni Timoteo (A.D. 55) |
| Isang "masakit" na pagbisita nang tanggihan ang awtoridad ni Pablo (2 Cor. 2:1). | |
| | Isang hindi nalalamang "matinding" liham,dinala ni Tito mula sa Efeso, na nagbunga ng pagsisisi (2 Cor. 7:8-16). |
| | 2 Corinto, isinulat mula sa Macedonia at inihatid ni Tito (A.D. 56) |
| Ang huling pagbisita ni Pablo sa Corinto (A.D. 57)(2 Cor. 12:14) | |

**Nilalaman ng 2 Corinto**

Ang istilo ng 2 Corinto ay nagpapakita ng iba't-ibang layunin nito. Mababasa ito tulad ng isang antolohiya, na nagbibigay ng tugon ni Pablo sa maraming iba't-ibang usapin. Tulad ng 1 Corinto, ito ay isang sulat na napapanahon, tumutugon sa specific na usapin na kaugnay sa kalagayan sa Corinto. Sa halip na isang balangkas ng magulong liham na ito, mas makatutulong na tukuyin ang ilang tema na tumutugon sa kabuuan ng liham.

***Pagtatanggol sa Pagiging Apostol ni Pablo***

Bagaman mayroong malinaw na pagkahiya, ipinagtanggol ni Pablo ang kanyang pagiging apostol sa isang may kahabaang talata. Ginamit ng mga kaaway ni Pablo ang paghihirap at kahinaan niya bilang ebidensiya laban sa kanyang awtoridad bilang isang apostol. Niluluwalhati ng mga kaaway na ito ang tagumpay at kapangyarihan; niluluwalhati ni Pablo ang kanyang mga kahinaan, "upang ang kapangyarihan ni Kristo ay mahayag sa pamamagitan ko."[204] Ang kanyang awtoridad ay nagmumula sa Diyos, na piniling kumilos

[204] 2 Cor. 12:9.

sa pamamagitan ng mga kahinaan ni Pablo bilang paraan upang mahayag ang kaluwalhatian ng Diyos.

### *Pagtatanggol sa Integridad ni Pablo*

Nagplano si Pablo na dumalaw sa Corinto ng mas maaga, subalit ipinagpaliban niya ang pagdalaw upang maghilom muna ang sugat ng kanyang naunang pagdalaw. Sa dahilang ito, naglakbay siya sa Macedonia sa halip na direktang magtungo sa Corinto. Ang pagbabago sa mga planong ito ay naging basehan ng pag-atake ng mga kaaway ni Pablo; pinaratangan nila siyang hindi mapagtitiwalaan. Ipinaliwanag niya ang kanyang pagbabago ng plano ayon sa pangunguna ng Diyos sa kanyang ministeryo.[205]

### *Mga Plano Para sa Ikatlong Pagdalaw ni Pablo*

Mayroon pang ilan na nagpapatuloy sa pagtanggi sa kanyang awtoridad at nagsasabi na si Pablo ay mahina. Isinulat ni Pablo na siya'y babalik sa Corinto, at namamanhik sa kanila na magsisi bago siya dumating. Sa kabila ng kaguluhan na bunga ng mga pagsalungat na ito, ang layunin ni Pablo ay ang muling pagkakasundo. Sa simula ng sulat, pinangakuan niya ng kapatawaran ang sinumang nagsisising sumasalungat.[206] Sa dulo ng sulat, muli siyang namanhik para sa pagpapanumbalik. Ang layunin ni Pablo ay muling pagkakasundo, hindi pagganti.

## Mga taga- Galacia

### Petsa

Ang tinatayang petsa para sa Galacia ay mga A.D. 48. Nag-ebanghelyo sina Pablo at Bernabe sa Timugang bahagi ng Galacia sa unang paglalakbay pangmisyon, na nagsimula noong A.D. 47. Tinatayang isinulat ni Pablo ang Galacia bilang tugon sa mga suliraning nabuo sa mga bagong nagbalik-loob pagkatapos niyang lumisan.

Isa sa mga argumento na pumapabor sa petsang ito ay ang katotohanan na hindi binanggit ni Pablo ang Konseho ng Jerusalem sa kanyang sulat. Dahil ang sulat ay tumatalakay sa usapin ng mga Hentil at ng Batas (ang usaping ito ay napagpasyahan na sa Konseho ng Jerusalem noong A.D. 49.), tinatayang dapat sana'y nabanggit ni Pablo ang konsehong ito kung siya ay sumusulat pagkalipas ng A.D. 49. Ang petsa ng A.D. 48 ang naglagay sa Galacia bilang una sa mga liham ni Pablo.

### Layunin

Ang layunin ng Galacia ay malinaw mula pa sa unang talataan. Matapos lumapit kay Kristo bilang resulta ng ministeryo ni Pablo, ang mga mananampalataya sa Galacia ay tumalikod sa ebanghelyo. Subali't sumulat si Pablo upang muli silang pabalikin sa ebangheyo ni Kristo

[205] 2 Cor. 1:15-2:4; 2:12-17.
[206] 2 Cor. 2:5-11.

Hesus, ang "mabuting balita" ng batas ng pag-ibig na ipinamumuhay sa kapangyarihan ng Espiritu.

Pagkatapos umalis nina Pablo at Bernabe sa Galacia,agad binisita ng mga bulaang guro ang iglesya. Ipinangaral nila na ang mga Kristiyanong Hentil ay dapat magpatuli at sundin ang mga batas ng Hudyo. Ang mga tagapagturong ito ay hindi lubusang tumatanggi sa nakapagliligtas na gawa ni Hesus. Gayunman, ipinipilit nila na tayo ay pinawalang-sala sa pamamagitan ng pananampalataya kay Kristo *at pagsunod sa mga Batas.*Sumulat si Pablo upang ipaalala sa mga nagbalik-loob sa panahon niya na tayo ay pinawalang-sala dahil sa biyaya sa pamamagitan ng pananampalataya lamang.

## Nilalaman

Ang Galacia ang sulat ni Pablo na may pinakamalakas na mga salitang ginamit. Sinaway niya ang mga taga-Galacia dahil sa kanilang kahangalan sa paglingon sa ibang mga ebanghelyo at tinatawag sila upang bumalik sa tunay na ebanghelyo ni Kristo. Ginawa niya ito sa pamamagitan ng serye ng magkakasalungat na mga pagpili. Ang sulat sa Galacia ay isang pagtawag para sa dramatikong pagpili: kalayaan kay Kristo o pagkaalipin sa laman.

### *Ang Tunay na Ebanghelyo laban sa Huwad na Ebanghelyo*

Di tulad ng mga huling sulat ni Pablo kung saan tinutukoy ang kanyang sarili kapwa bilang isang apostol at bilang isang alipin ni Kristo Hesus, sa Galacia tinukoy ni Pablo ang kanyang sarili tanging gamit ang mga salita ng awtoridad. "Si Pablo, isang apostol, (hindi ng tao, o sa pamamagitan ng tao, kundi sa pamamagitan ni Kristo Hesus, at Diyos Ama, na siyang bumuhay sa kanya mula sa mga patay)..."[207] Ito ang lengguwahe ng awtoridad sa pagiging apostol.

Ang mensahe ni Pablo ay hinahamon ng mga nagtuturo sa Hudaismo sa Galacia. Bahagi ng hamong ito ay tila ang, "Si Pablo ay hindi isang disipulo ni Hesus. Sa katotohanan, inusig niya ang iglesya! Bakit kayo nakikinig sa kanyang mensahe? Hindi siya tunay na apostol." Tumugon si Pablo, "Hindi ako pinili ng mga tao o sa pamamagitan ng pagsisikap ng mga tao. Ako ay isang apostol na tinawag ni Hesus mismo at sa pamamagitan ng Diyos Ama, na siyang bumuhay sa kanya mula sa mga patay."

Nais ni Pablo na malaman ng mga mananampalataya sa Galacia na ang ebanghelyong ipinangaral niya sa kanila ay ang tunay na ebanghelyo ni Kristo Hesus. Isa sa mga sermon ni Pablo sa Galacia ay nakatala sa Mga Gawa 13:16-41.

► Basanhin ang sermon ni Pablo sa Mga Gawa 13:16-41. Anong mga paksa ang kabilang sa sermon?

Pansinin ang nilalaman ng buod na ito ng ebanghelyo:

[207] Gal. 1:1.

- Kumilos ang Diyos sa pamamagitan ng kasaysayan ng Israel upang magtatag ng isang Tagapagligtas.
- Si Hesus ang Tagapagligtas, na ipinahayag ni Juan Bautista.
- Tinanggihan si Hesus ng "mga naninirahan sa Jerusalem, at ng kanilang mga pinuno."[208]
- Ipinako nila si Hesus sa krus, subali't "ibinangon siyang muli ng Diyos mula sa mga patay."[209]
- Nakita si Hesus ng maraming saksi pagkatapos ng kanyang muling pagkabuhay.
- "Ang lahat ng sumasampalataya ay pinawalang-sala mula sa lahat ng bagay, kung saan ikaw'y hindi mapawawalang-sala ng batas ni Moses."[210] Ito ay isang napakahalagang mensahe para sa mga Hentil na nagbalik-loob. Mula sa kanyang unang mensahe na ipinangaral ni Pablo na tayo ay pinawalang-sala sa pamamagitan ng pananampalataya ("ang lahat ng sumampalataya") hindi sa pamamagitan ng batas ni Moses.

Ito ang tunay na ebanghelyo, ang mensahe ng pagpapawalang-sala sa pamamagitan ng pananampalataya lamang sa Diyos. Sa panahong isinusulat ni Pablo ang Galacia, ang mga bagong mananampalataya ay bumaling sa "naiibang ebanghelyo," isang ebanghelyo na hindi naman ebanghelyo.[211] Ang pagkagapos sa "pagpapawalang-sala sa pamamagitan ng Batas" ay tunay na malayo ang kahulugan sa mabuting balita ng "pagpapawalang-sala sa pamamagitan ng pananampalataya" pangaral ni Pablo.

### *Biyaya laban sa Legalismo*

Ano ang "maling ebanghelyo" ng mga legalista? Itinuturo ng mga *nagtuturo sa Hudaismo*[212] na angmga mananampalatayang Hentil ay tumatanggap ng kaligtasan sa pamamagitan ng pagtupad sa lahat ng aspeto ng Batas ni Moses. Sa halip, itinuro ni Pablo na tayo ay pinawalang-sala sa biyaya, hindi sa mga gawa. Ibinatay niya ito sa apat na pangangatwiran:

- **Karanasan ni Pablo***.* Itinuturo ni Pablo ang ebanghelyong ipinahayag sa daan patungo sa Damasco. Si Pablo noon ay kaaway ng ebanghelyo, at inuusig ang iglesya. Siya ay "sumusulong sa Hudaismoo higit pa sa marami sa kanyang mga kaedad sa mga tao, labis siyang masigasig para sa mga tradisyon ng aking mga ama."[213] Kung ang kaligtasan ay nagmumula sa pagsunod sa kautusan, hindi kailangan ni Pablo ang

---

[208] Mga Gawa 13:27.
[209] Mga Gawa 13:30.
[210] Mga Gawa 13:39.
[211] Gal. 1:6-7.
[212] Ang "Judaizer" ay isang salitang ginagamit upang tukuyin ang mga guro sa unang iglesya na nagsikap na pagsamahin ang mga gawaing Hudyo at ang doktrinang Kristiyano. Ipinapahayag nilang sila'y Kristiyano, subali't ipinipilit nilang ang mga mananampalatayang Hentil ay kailangan ding sumunod sa Batas ng mga Hudyo.
[213] Gal. 1:14, *English Standard Version.*

ebanghelyo; matapat siya sa pagsunod sa Kautusan. Ang Diyos "ay nasisiyahan na ipahayag ang kanyang Anak," at akayin si Pablo sa katotohanan na "ang isang tao ay hindi pinawawalang-sala sa pagsunod sa kautusan, sa halip sa pamamagitan ng pananampalataya kay Kristo Hesus."[214]

- **Ang karanasan ng mga taga-Galacia**. Tinanggap ng mga taga-Galacia ang Espiritu "sa pakikinig nang may pananampalataya," hindi "sa mga gawa ng kautusan." Hindi nila "magagawang perpekto sa pamamagitan ng laman" ang gawain na "sinimulan ng Espiritu."[215]
- **Ang karanasan ni Abraham**. "Sumampalataya si Abraham sa Diyos, at dahil dito'y ibinilang siyang matuwid." Ngayon, ang lahat ng sumasampalataya "ay mga anak ni Abraham."[216] Kung paanong si Abraham ay pinawalang-sala sa pamamagitan ng pananampalataya, ang mga Kristiyano ay pinawawalang-sala rin sa pamamagitan ng pananampalataya, hindi sa mga gawa.
- **Ang batas mismo**. Ipinakikita ni Pablo na lahat ng nananangan sa gawa ng kautusan ay nahaharap sa sumpa ng Diyos, subali't "ang matuwid ay mabubuhay sa pananampalataya."[217] Hinahamon ni Pablo ang mga nagbalik-loob na mga Hentil na "Tumindig nang matatag sa kalayaan kung saan tayo'y pinalaya ni Kristo, at huwag na kayong muling magapos sa pamatok ng pagkaalipin."[218]

**Sino ang Isang Legalista?**

Ang isang tao ba na maingat na sumusunod sa Diyos ay isang legalista? Hindi! Inaaasahan ng Diyos ang kanyang mga anak na sumunod. Ang isang legalista ay isang tao na sumusunod sa Batas ng Diyos upang makamit ang kaligtasan.

Ang usapin ay ang puso. Sa panlabas, ang isang legalist at ang isang taong may pananampalataya ay tila pareho. Ang isang may pananampalataya ay sumusunod sa Diyos dahil mahal niya ang Diyos at nais niyang bigyang-lugod angDiyos. Ang legalist ay sumusunod sa Diyos upang makamit ang pabor ng Diyos. Ang motibasyon para sa pagsunod, hindi ang pagsunod mismo, ang naglalarawan sa isang legalist.

### *Ang Bunga ng Espiritu labas sa Pagkaalipin ng Laman*

► Ang kalayaan ba mula sa "mga gawa ng Kautusan" ay nagbibigay sa atin ng liseniya na sundin ang mga kagustuhan ng laman?

Kinikilala ni Pablo ang panganib na ang mensahe ng pagpapawalang-salas sa pamamagitan ng pananampalataya lamang ay mailapat sa buhay sa maling paraan. Ang isang mambabasa sa sulat ni Pablo ay maaaring magpasya, "Ito ay magandang balita! Ako ay

[214] Gal. 1:16; 2:16.
[215] Gal. 3:3.
[216] Gal. 3:6-7.
[217] Gal. 3:11-12.
[218] Gal. 5:1

pinawalang-sala sa pamamagitan ng pananampalataya. Hindi na mahalaga ang Kautusan. Magagawa ko na ang anumang nais kong gawin! Maaari na akong mamuhay ayon sa kagustuhang ng aking laman." Kapwa sa Roma at Galacia, tumugon si Pablo sa maling katuruang ito. Sa Roma,ipinaalala niya sa kanyang mga mambabasa na ang mga namatay sa kasalanan ay hindi na dapat magpatuloy na mamuhay sa kasalanan.[219] Sa Galacia, iniuutos ni Pablo, "Lumakad kayo sa Espiritu, at hindi na ninyo tutuparin ang mga pita ng laman."[220]

Binigyang babala ni Pablo ang kanyang mga mambabasa na kailangan nating "huwag gamitin ang kalayaan para sa pagkakataon para sa laman, sa halip sa pag-ibig ay maglingkod sa isa't-isa."[221] Hindi kailanman itinuro ni Pablo na walang kabuluhan ang kautusan; itinuturo niya na ang kautusan ay *natutpad* sa pag-ibig. Ang tugon ni Pablo sa legalismo ay hindi lisensiya iyon sa sinasadyang kasalanan. Ang tugon sa legalismo ay pag-ibig. Ang kautusan ay natupad sa pag-ibig. Kung iniibig natin ang Diyos, susundin natin ang batas ng Diyos nang *maluwag sa loob*; sa pamamagitan ng kautusan malalaman natin kung paano mamumuhay sa paraang kalugod-lugod sa Diyos. Susunod tayo hindi dahil sa pagkaalipin, kundi dahil sa pag-ibig. Tinutupad ng pag-ibig ang kautusan.

**Tatlong Pananaw sa Gawa**

**Legalismo**: "Naligtas ako sa pamamagitan ng mga gawa."

**Lisenssiya**:"Ako ay naligtas sa biyaya. Walang halaga ang mga gawa."

**Pag-ibig**: "Ako'y naligtas sa biyaya. Sinusunod ko ang Diyos dahil sa pag-ibig para sa taong nagligtas sa akin sa pamamgitan ng kanyang biyaya!"

Pinaghahambing ni Pablo ang mga gawa ng laman sa bunga ng Espiritu.[222] Itinuturo niya na kung tayo'y nabubuhay sa Espiritu, tayo'y lalakad sa Espiritu; ipakikita natin ang kanyang bunga sa ating buhay. Kung tayo'y naghahasik sa laman, tayo'y aani ng kasamaan. Kung tayo'y maghahasik sa Espiritu, tayo'y aani ng buhay na walang hanggan.[223] Ang batas ng pag-ibig ay hindi lisensiya upang magkasala. Sa halip, pag-ibig ang nagbibigay sa atin ng kapangyarihang lumakad nang may pagsunod sa Diyos.

Ang batas ng pag-ibig ay may dakilang praktikal na implikasyon para sa mananampalataya . Sa pamumuhay sa ganitong paraan, maibabalik natin ang mga nahulog sa tukso; magiging katuwang tayo sa pagdadala ng kabigatan ng isa't-isa; mag-iisip tayo nang maayos tungkol sa ating sarili; tayo'y aani ng buhay na walang-hanggan.[224] Ito ang tunay na kalayaang Kristiyano.

[219] Rom. 6:2.
[220] Gal. 5:16.
[221] Gal. 5:13.
[222] Gal. 5:19-23.
[223] Gal. 6:8.
[224] Gal. 6:1-8.

## Ang Corinto at Galacia sa Iglesya Ngayon

Kapag humaharap tayo sa mga kahirapan sa iglesya, kung minsan natutukso tayong isipin na "Hindi kailanman ganito kasama sa nakalipas na panahon!" Ipinaaalala sa atin ng Corinto at Galacia na "Ang mga suliranin sa kasalukuyan ay hindi bago." Ang mga sulat na ito ay direktang nangungusap sa iglesya ng ika-21 siglo.

Ipinaaalala sa atin ng 1 Corinto ang **pagkakaisa sa iglesya**. Bagaman magkakaiba tayo sa maraming bahagi, ang katawan ni Kristo ay iisang katawan. Ang katotohanang iyon ang dapat gumabay sa atin sa pangangasiwa ng mga pagkakaiba-iba sa loob ng iglesya; dapat itong gumabay sa atin sa pagharap sa mga di-pagkakasundo sa pagitan ng mga Kristiyano; at, dapat itong gumabay sa atin sa paggamit ng ating mga kaloob upang patatagin ang katawan ni Kristo.

Ang mga sulat na ito ay nagpapaalala sa atin na tayo ay tinawag sa **ministeryo ng pagkakasundo**. Sa Corinto, ipinakikita ni Pablo na ang kapatawaran ay dapat ipagkaloob kapag nagkaroon ng pagkakampi-kampi sa iglesya. Sa gayun ding paraan, sa Galacia ipinakikita ni Pablo na kailangan nating sikapin na mapanumbalik ang mga nabuwal.

Ipinaaalala sa atin ng Galacia ang **dakilang doktrina ng pagpapawalang-sala sa biyaya sa pamamagitan ng pananampalataya**. Nagbabala si Pablo sa anumang pagsisikap na magturo ng "pagpapawalang-sala sa pamamagitan ng pananampalataya at ….." Walang anuman (batas ni Moses, mga gawa, o anupaman) ang maaaring maidagdag sa pananampalataya sa ginawa ni Kristo bilang batayan para sa ating pagpapawalang-sala sa harapan ng Diyos.

> **Ang Ebanghelyo**:
>
> Naligtas tayo sa pamamagitan ng pananampalataya.
>
> **Judaizers**:
>
> Naligtas tayo sa pananampalataya + Kautusan.
>
> **Banta sa Ebanghelyo ngayon**:
>
> Tayo ay naligtas sa pananampalataya + __________.

Ipinaaalaala ng Galacia sa atin ang mga **implikasyon sa buhay ng batas ng pag-ibig**. Ang batas ng pag-ibig ay bumabago sa ating buhay bilang mga mananampalataya.

## Konklusyon

Sa simula ng Mayo, 1738 nagpatotoo si William Holland tungkol sa katiyakan ng pananampalataya pagkatapos makinig kay Charles Wesley na nagbasa sa *Komentaryo sa Galacia* na isinulat ni Luther. Isinulat ni Charles Wesley sa kanyang talaarawan o journal, "Gumugol ako ng ilang pribadong oras sa gabing ito kasama ni Martin Luther, na labis na nagpala sa akin…nagsikap ako, naghintay at nanalangin upang maramdaman kung 'sino ang umibig *sa akin, at nagbigay ng kanyang sarili para sa akin."*

Ilang araw pagkalipas noon, sa araw ng Pentekostes, si Charles mismo ang nagpatotoo sa katiyakang ito. Apat na araw pagkalipas, habang nakikinig kay William Holland na

nagbabasa mula sa *Paunang Salita sa Aklat ng Mga Taga Roma* na sinulat ni Martin Luther, nagkaroon si John Wesley ng katiyakan sa pananampalataya.

Ang mensahe ng pagpapawalang-sala sa pamamagitan ng pananampalataya ang bumago kay Luther, kina Wesley at sa milyong ibang mananampalataya. Ang mensaheng ito ay kasing halaga ngayon tulad noon sa ikalabimpitong siglo.[225]

## Mga Takdang-Aralin ng Aralin

Ipakita ang iyong pagkaunawa sa araling ito sa mga sumusunod na takdang-aralin.

(1) Pumili ng **isa** sa mga sumusunod na takdang-aralin:

- Bilang isang gabay sa pag-aaral ng 1 Corinto, maghanda ng isa pahinang balangkas na tumutukoy sa bawat isang usapin na tinalakay ni Pablo sa kanyang liham. Ang iyong balangkas ay dapat maglaman ng tatlong bagay:
    - Ang katanungan o suliranin
    - Isang maikling buod ng tugon ni Pablo
    - Ang reperensiya sa Kasulatan sa 1 Corinto kung saan tinalakay ang katanungan
- Sumulat ng isang pahinang sanaysay tungkol sa mga modernong mga hamon sa doktrina ng pagpapawalang-sala ayon sa biyaya sa pamamagitan ng pananampalataya lamang. Bagaman hindi na natin hinaharap ang Judaizers at ang kanilang pagtatangkang hilingin ang pagtutuli, ano ang iba pang mga bagay na kung minsan ay idinadagdag ng Kristiyano sa biyaya sa pamamagitan ng pananampalataya bilang batayan ng pagpapawalang-sala?

(2) Kumuha ng pagsusulit sa materyal mula sa araling ito. Ang pagsusulit ay may kasama ng mga talata sa Kasulatan na dapat isaulo.

[225] Mula sa J.I. Packer's "Introduction" to Luther's *Commentary on Galatians.* Crossway Classic Commentaries, 1998.

**Mga Tanong sa Pagsusulit sa Aralin 6**

(1) Bakit mahalagang lunsod ang Corinto para sa estratehiya sa pag-eebanghelyo ni Pablo?

(2) Sino ang kasamang nagtrabaho ni Pablo sa pagsisimula ng iglesya sa Corinto?

(3) Anong mga suliranin sa Corinto ang naging dahilan ng pagsulat ng 1 Corinto?

(4) Anong talata ang nagpapahiwatig sa bawat tanong na sinasagot ni Pablo sa 1 Corinto?

(5) Maglista ng tatlong tema na tinugunan ni Pablo sa 2 Corinto.

(6) Ano ang layunin ng liham ni Pablo sa mga taga-Galacia?

(7) Ano ang maling katuruan ng mga Judaizers?

(8) Ano ang pagpipiliang inialok sa Galacia?

(9) Ilarawan ang isang legalista.

(10) Sa kanyang pangangatwiran laban sa legalista, tinukoy ni Pablo ang apat na mga bagay. Ano-ano ang mga ito?

(11) Isulat ang 1 Corinto 1:20-21 at Galacia 5:22-23 mula sa memorya.

# Aralin 7
# Efeso, Filipos, Colosas, at Filemon: Mga Sulat Mula sa Bilangguan

### Mga Layunin ng Aralin

Kapag natapos ang araling ito, ang mag-aaral ay dapat:
(1) Alamin ang tinatayang petsa at pangkasaysayang Pinangyarihan ng Mga Sulat sa Bilangguan.
(2) Ibalangkas ang mga pangunahing tema at layunin ng Mga Sulat mula sa Bilangguan .
(3) Unawain ang biblikal na kahulugan ng predestinasyon.
(4) Pinahahalagahan ang kahalagahan ng pagtuturo ng Bibliya sa mga lugar tulad ng iglelsya, doktrina ni Kristo at pakikibakang espirituwal.
(5) Ibigay ang buod ng mga praktikal na prinsipyo para sa buhay Kristiyano mula sa Mga Sulat sa Bilangguan.
(6) Iugnay ang mensahe ng mga aklat na ito sa mga pangangailangan ng mundo ngayon.

### Paghahanda para sa Araling Ito

*Basahin ang Efeso, Filipos, Colosas, Filemon.*
*Isaulo ang Efeso 4:11-16 at Colosas 3:1-4.*

### Panimula

Sa unang bahagi ng A.D. 60, Si Pablo ay nakapiit sa bahay sa Roma sa loob ng dalawang taon. Bagaman isang bilanggo, may kalayaan siya. Siya ay nanirahan sa kanyang sariling bahay at pinahintulutang makatanggap ng mga bisita[226]. Sa panahon ng pagkabilanggo, sumulat si Pablo ng apat na sulat. Tatlo sa mga liham ay tumutugon sa mga iglesya; ang ika-apat ay nakatalaga sa isang lalaking nagpabautismo sa ilalim ng ministeryo ni Pablo.

Ang mga liham na ito ay ilan sa mga pinakamasayang sulat ni Pablo. Ipinakita rito ang kanyang pagtatagumpay sa mahihirap na kalagayan ng kanyang buhay at hinihikayat tayong mapanatili ang isang espiritu ng kagalakan sa panahon ng ating mga pakikibaka.

Ang mga liham na ito ay napaka praktikal. Tinatalakay nito ang mga isyu tulad ng mga relasyon ng pamilya at pakikibakang espirituwal (Efeso), kapakumbabaan at pagkakaisa (Filipos), ang pagiging una ni Kristo (Mga Taga-Colosas) at pagpapatawad at pagpapanumbalik (Filemon).

[226] Mga Gawa 28:30-31.

## Efeso

### Pangkasaysayang Pinangyarihan

Ang iglesia sa Efeso ay naitatag sa ikatlong paglalakbay ni Pablo bilang misyonero. Ang orador na si Apolos ay nangaral sa Efeso; gumugol si Pablo ng tatlong taon sa pangangaral at pagtuturo sa Efeso. Ang lungsod na ito ay naging sentro ng ebanghelikong pag-abot sa nakapalibot na lalawigan; mula sa Efeso "lahat ng mga taong naninirahan sa Asya ay nakarinig sa salita ng Panginoong Hesus."[227]

Ang Efeso ay tahanan ng isang bantog na templo ng diyosang si Diana (tinatawag ding Artemis). Ang mga gawang kulto ay karaniwan, at ang ekonomiya ng bayan ay uminog sa paligid ng pagbebenta ng mga bagay na may kaugnayan sa templo. Ang ministeryo ni Pablo ay gumulo sa dalawang interes na ito. Halos hanggang $6,000,000 na halaga ng aklat ng mga mahiwagang sining ang sinunog ng mga bagong mananampalataya.[228] Bilang resulta, si Demetrius at ang iba pang mga manggagawang nabubuhay mula sa pagbebenta ng mga bagay na nagpaparangal kay Diana ay nagsimula ng kaguluhan na sumasalungat sa ministeryo ni Pablo. Ang espirituwal na pakikibaka ay isang mahalagang tema sa Efeso.

May isa pang salik na dapat na nabanggit tungkol sa Efeso. Hindi karaniwan, sa mga liham ni Pablo na hindi isinama ang mga personal na pagbati sa mga tao sa iglesya. Kahit na ang liham sa Roma, kung saan hindi pa bumisita si Pablo, isinama ang mga pagbati sa mga miyembro ng iglesya na kilala ni Pablo. Nang sumulat sa Efeso, isang iglesya kung saan nangaral si Pablo ng tatlong taon, maaari tayong umasa sa isang mahabang listahan ng mga pangalan. Sa halip, ang Efeso ay walang personal na pagbati. Ang pinaka-malamang na dahilan ay ang liham sa mga taga-Efeso at taga-Colosas ay "mga paikot na liham" na inilaan upang ibahagi sa ilang mga iglesya sa Asia Minor. Si Tychicus ay hinirang upang ihatid ang liham sa Mga Taga Efeso at Mga Taga Colosas at upang magdala ng mga pagbati sa mga iglesiyang ito.[229]

### Nilalaman

Ang pangkalahatang ideya ng Efeso ay nagpapakita ng dalawang malaking bahagi:

- *Doktrina*: Ang Ginawa ng Diyos para sa Iglesia (Efeso 1-3)
- *Aplikasyon*: Ang ginagawa ng Diyos sa Iglesya (Efeso 4-6)[230]

Sa unang bahagi, isinalaysay ni Pablo ang mga doktrina ng pagiging hinirang at ang iglesya. Sa ikalawang seksiyon, hinimok ni Pablo ang kanyang mga mambabasa na mamuhay sa paraang karapat-dapat sa kanilang posisyon bilang hinirang na iglesya ng Diyos.

[227] Mga Gawa 18:24-19:10.
[228] *ESV Study Bible*.
[229] Efeso 6:21 at Col 4:7.
[230] Adapted from Walter A. Elwell and Robert W. Yarbrough, *Encountering the New Testament*. Baker Academic, 2005.

***Doktina: Ang Ginawa ng Diyos para sa Iglesya (Efeso 1-3)***

*Ang Pagkakaligtas ng mga Mananampalataya (Efeso 1:3-2)*

Pagkatapos ng maikling pagbati, nagsimula si Pablo sa isang panalangin kung saan inililista niya ang mga biyayang natanggap natin kay Kristo. Ang Efeso 1: 3-14 ay isang magandang ideolohiya kung saan ipinaaalala ni Pablo sa kanyang mga mambabasa ang mga espirituwal na benepisyo na natatanggap natin sa pamamagitan ng ating posisyon kay Kristo.

► Basahin ang Efeso 1:3-14. Ano ang mga espirituwal na pagpapalang tinatanggap natin kay Kristo?

Ang ating kaligtasan ay kinabibilangan ng lahat ng tatlong persona ng Trinidad. Sa 1: 3-6, ipinapakita ni Pablo **ang papel ng Ama** sa ating paghirang. Pinili tayo ng Diyos sa kanya bago pa maitatag ang sanlibutan, upang tayo ay maging banal at walang kasalanan sa harapan niya sa pag-ibig. "Pinili tayo" sa kanya "(kay Kristo) upang maging banal at walang kasalanan. Ang plano ng kaligtasan ay ang disenyo ng Ama.

Sa 1:7-12, ipinakita ni Pablo **ang papel ng Anak sa ating katubusan**. Dahil sa pagbabayad-salang kamatayan ni Hesus, mayroon tayong "katubusan sa pamamagitan ng kanyang dugo, kapatawaran ng mga kasalanan, alinsunod sa mga kayamanan ng kanyang biyaya." Ang pagtubos ng isang tao ay nangangahulugang matubos sila mula sa pagkabihag. Ang dakilang halimbawa sa Lumang Tipan ay ang pagtubos ng Israel mula sa pagkaalipin sa Ehipto. Sa Bagong Tipan, lahat ng naniniwala kay Hesus ay tinubos mula sa pagkaalipin kay Satanas.

> “Ito ang kahangahangang pagpapalit na ginawa niya para sa atin;
>
> Na, naging Anak ng tao na kasama natin, ginawa niya tayong mga anak ng Diyos kasama niya;
>
> Na, sa kanyang pagbaba sa mundo, naghanda siya para sa atin ng pag-akyat sa langit;
>
> Na , sa pagkuha ng ating pagiging tao, ibinahagi niya sa atin ang kanyang pagiging walang kamatayan.
>
> Na, sa pagtanggap sa ating mga kahinaan, pinalakas niya tayo sa pamamagitan ng kanyang kapangyarihan;
>
> Na, sa pagtanggap ng ating kahirapan sa kanyang sarili, inilipat na niya ang kanyang kayamanan sa atin.”
>
> - Abridged from John Calvin, *Institutes of the Christian Religion*, 4.17.2

Sa 1:13-14, ipinakita ni Pablo **ang papel ng Espiritu sa ating pangangalaga**. Sa pamamagitan ng Espiritu tayo ay "tinatakan." Sa isang magandang larawan, sinabi ni Pablo na ang Espiritu ay nagbibigay ng "taimtim na pag-aari ng ating mana hanggang sa pagtubos ng binili na pag-aari." Ibinibigay niya ang "paunang bayad" sa ating mana sa walang hanggang kaharian ng Diyos. Dahil sa Espiritu, tayo ay "binili na pag-aari ng Diyos" at may pangako ng langit.

Ang doktrina ng pagtubos ay nagpapatuloy sa Efeso 2 kung saan ipinaaalala sa atin ni Pablo na tayo ay "patay sa mga pagsalangsang at mga kasalanan." Ang ating kaligtasan ay hindi batay sa anumang merito natin; sa halip, "ang Diyos, na mayaman sa awa, dahil sa kanyang

dakilang pag-ibig na kanyang inibig sa atin, kahit na tayo ay patay sa mga kasalanan, ay binuhay na kasama tayo ni Kristo (sa pamamagitan ng biyaya kayo ay naligtas)." naligtas sa pamamagitan ng pananampalataya; at hindi sa inyong sarili: ito ay kaloob ng Diyos: Hindi sa mga gawa, upang walang sinumang tao ang magmapuri."[231] Ang buong proseso ay ang kaloob ng Diyos. Wala tayong anumang ipagmamalaki.

## Paghirang/Eleksyon

Isinulat ni Pablo na tayo ay ***itinalaga*** sa pag-aampon ni Hesu-Kristo. Tayo ay "pinili sa kanya bago pa ang pundasyon ng mundo."

Ginagamit ng ilang tao ang salitang ***paghirang*** upang sabihin na bago pa ang pundasyon ng mundo, pinili ng Diyos ang bawat indibidwal na maliligtas. Ang "hinirang" ay itinakda sa kaligtasan. Ayon sa lohika, ipinahihiwatig nito na ang lahat ng iba pang mga tao ay predestined o natadhana sa pagkakasala at hindi maaaring maligtas. Ito ay taliwas sa mensahe ng Bibliya na minamahal ng Diyos ang "lahat" ng sangkatauhan.

Sa Efeso 1, ipinakita ni Paul na ang kaligtasan ay pag-aari ng mga indibidwal dahil sa ating posisyon na "kay Cristo." Bago pa itatag ang mundo, naplil si Kristo bilang isang sa pamamagitan niya ay tumatanggap tayo ng kaligtasan. Lahat ng naniniwala ay nahirang "sa kanya." Dahil sa unibersal na pag-ibig ng Diyos, ang paraan ng kaligtasan ay bukas sa lahat ng naniniwala.

Ang dalawang prinsipyo (ang kadakilaan ng Diyos at ang unibersal na pag-ibig ng Diyos) ay nalutas sa dalawang sentral na talata sa predestinasyon: Mga Romano 9-11 at Efeso 1. Ang Roma 9-11 ay nagpapakita ng katarungan ng Diyos sa pagtukoy ng daan ng kaligtasan. Ang Diyos ay may kapangyarihan. Walang maliligtas maliban sa pamamagitan ng pananampalataya kay Hesu-Kristo, ang landas na itinakda ng Diyos magpakailanman bilang paraan ng kaligtasan.

Sa Efeso 1, ipinakita ni Pablo na ang kaligtasan ay nakakamit ng mga indibidwal **dahil sa ating lugar "kay Kristo."** Bago ang pundasyon ng mundo, si Kristo ay pinili bilang siyang pagmumulan ng kaligtasan. Ang lahat ng mga sasampalataya ay hinirang "sa kanya." Dahil sa pag-ibig ng Diyos, ang daan ng kaligtasan ay bukas sa lahat ng naniniwala.

Ang parehong balanse na ito ay nakikita sa Lumang Tipan. Ang Israel ang hinirang na bansa, ang piniling bayan ng Diyos. Gayunpaman, "hindi lahat ng Israel, na nasa Israel."[232] Ang pagpili ng Diyos sa Israel bilang isang bansa ay hindi nangangahulugan na ang bawat Israelita ay naligtas. Sa pamamagitan ng pagsuway, ang ilan (tulad ni Achan) ay inalisan ng mga pangako. Ang iba na hindi ipinanganak na Israelita (tulad ni Rahab) ay naniwala sa mga pangako ng Diyos at minana ang mga pangako na ginawa sa Israel. Kinakailangan ng

[231] Efeso. 2:4-5, 8-9.
[232] Roma 9:6.

kaligtasan na naniniwala ang mga indibidwal at nakikilahok sa mga pangako ng Diyos upang piliin ang Israel.

Sa katulad na paraan, si Kristo ay pinili bago ang pundasyon ng mundo upang sa pamamagitan niya ang kaligtasan ay ibinigay. Kapag tayo ay "nakay Kristo" sa pamamagitan ng pananampalataya, natatanggap natin ang mga pagpapala ng kaligtasan na nasa kanya.Tayo ay hinirang kay Kristo.

Ang paghirang ay ang pinakadakilang pagpili ng pananampalataya ng Diyos kay Kristo bilang ang tanging daan sa kaligtasan. "Sapagkat walang ibang pangalan sa ilalim ng langit na ibinigay sa mga tao, kung saan tayo ay dapat maligtas."[233] Ang gayong ideya ay makikita sa 1 Pedro 1:18-20. Tinubos tayo, hindi sa mga bagay na nasisira, "kundi sa mahalagang dugo ni Kristo." Si Kristo, sabi ni Pedro, ay "naitalaga bago ang pundasyon ng mundo."[234] Ang paghirang ay kay Kristo lamang at sa pamamagitan lamang ni Kristo.

## Efeso (Patuloy)

*Ang Pagkakaisa Ng Iglesya (Efeso 2:11-3:21)*

► Ano ang "misteryo ng ebanghelyo" sa Efeso?

Sa Efeso 1, nagagalak si Pablo sa kaligtasan ng mga mananampalataya. Sa Efeso 2-3, nagagalak siya sa nilikha ng Diyos, ang iglesia. Ang isang mahalagang tema ng Efeso ay ang pagkakaisa ng iglesya, isang katawan na nabuo ng parehong Hudyo at Hentil. Ang mga Hentil na minsan ay "mga estranghero mula sa mga tipan ng pangako" ay ngayon "malapit na sa pamamagitan ng dugo ni Kristo."[235] Mula sa simula, ang plano ng Diyos ay isama ang mga Hentil sa kanyang pamilya. Sa mga kapatid na Hudyo ni Pablo, ito ang nakakagulat na aspeto ng ebanghelyo; ang iglesya ay binubuo ng mga Hudyo at Hentil kay Kristo.

Sa Bibliya, ang isang misteryo ay hindi isang bagay na hindi malalaman; Ang isang misteryo ay isang bagay na hindi kilala ngunit ngayon ay nahayag. Sa Mga Taga Efeso 3, ipinaliwanag ni Pablo ang misteryo na ipinahayag ngayon: "Ang mga Hentil ay dapat maging mga kapwa tagapagmana, at sa parehong katawan, at mga nakikibahagi sa kanyang pangako kay Kristo sa pamamagitan ng ebanghelyo."[236] Sa isang palatandaan ng kapangyarihan ng biyaya ng Diyos, si Pablo - "mas mababa sa pinakamaliit sa lahat ng mga banal" at pinag-usig si Kristo at ang kanyang iglesya - ay pinili upang "ipangaral sa gitna ng mga Hentil ang di-matuklasang kayamanan ni Kristo."[237]

[233] Mga Gawa 4:12.
[234] 1 Pedro 1:19-20
[235] Efeso 2:12-13.
[236] Efeso 3:6.
[237] Efeso. 3:8, *English Standard Version.*

Tinapos ni Pablo ang seksyon ng doktrina sa panalangin na ang mga mananampalataya sa Efeso, na "mga banal" na at "tapat kay Kristo Hesus" ay "mapuspos ng lahat ng kapuspusan ng Diyos."

### *Aplikasyon: Ano ang Ginagawa ng Diyos sa Iglesya (Efeso 4-6)*

Sa ikalawang kalahati ng sulat na ito, hinahamon ni Pablo ang mga mananampalataya na lumakad nang "karapat-dapat sa pagkatawag kung saan kayo'y tinawag."[238] Ang isang buhay na karapat-dapat sa ating pagtawag:

- Nagdadala ng pagkakaisa sa iglesya (Efeso 4:1-16).
- Nagreresulta ng wastong pag-uugali (Efeso 4:17-5:21).
- Nakakaapekto sa relasyon ng pamilya at trabaho (5:21-6:9).
- Nabubuhay lamang sa lakas ng kapangyarihan ng Panginoon (6:10-18).

Ang doktrinang Kristiyano ay hindi maaaring ihiwalay mula sa buhay Kristiyano. Ang doktrina ng iglesia ay dapat makita sa buhay ng isang iglesya kung saan "ang bawat bahagi ay gumagana nang maayos,"isang iglesya na "itinatatag ang sarili sa pagmamahal."[239] Ang doktrina ng kaligtasan sa pamamagitan ng biyaya ay nakikita sa pag-uugali ng "bagong tao, na nilikha mula sa Diyos sa katuwiran at tunay na kabanalan."[240]

Tinapos ni Pablo ang liham na ito sa pamamagitan ng paghimok na ang iglesia ay makagagawa ng misyon nito at matatalo ang mga kapangyarihan ng kadiliman. Nagtapos siya sa isang kahilingan para sa panalangin para sa kanyang patuloy na pagpapahayag ng ebanghelyo at sa isang basbas.

## Filipos

### Ang Historikal na Background

Ang iglesya sa Filipos ay itinatag sa ikalawang paglalakbay ni Pablo bilang misyonero. Ito ang unang iglesya na sinimulan sa Europa. Naglakbay sina Pablo at Silas patungong Filipos pagkatapos ng pangitain ni Pablo tungkol sa isang lalaking mula sa Macedonia na humihingi ng tulong.[241] Bagaman "ang Filipos ang pangunahing lungsod ng bahaging iyon ng Macedonia," wala itong malaking populasyon ng mga Hudyo. Ang mga pananalangin ay ginawa sa tabing-ilog dahil walang sinagoga.[242]

Ang isa sa mga unang nagbalik-loob sa Filipos ay si Lydia, isang babaeng mayaman. Pagkatapos ng kanyang bautismo, ang tahanan ni Lydia ay naging lugar ng pagtitipon para sa mga mananampalataya. Sa mga lunsod na may malalaking populasyon ng mga Hudyo,

---

[238] Efeso 4:1, *English Standard Version.*
[239] Efeso 4:16, *English Standard Version.*
[240] Efeso 4:24.
[241] Gawa 16:8-40.
[242] Saanmang lunsod na may nakatirang sampung Hudyo ay may isang sinagoga.

ang pagsalungat sa ebanghelyo ay karaniwang nagmumula sa mga pinuno ng relihiyon; ngunit sa Filipos, lumitaw ang pagsalungat pagkatapos na putulin nina Pablo at Silas ang kita ng mga tao na kumokontrol sa isang batang babaeng alipin na may masamang espiritu. Sina Pablo at Silas ay inaresto, binugbog, at ibinilanggo. Nang gabing iyon, isang lindol ang nagbukas ng mga pintuan ng bilangguan, at ang mga bilanggo ay naalis mula sa kanilang mga tanikala. Sa halip na tumakas, ipinangaral ni Pablo at Silas ang ebanghelyo sa bantay-bilanggo.

Sa Mga Gawa, isinama ni Lucas ang detalye na ang Filipos "ay isang kolonya.”[243] Ang simpleng pahayag na ito ay may malaking kahulugan para sa mga maagang mambabasa ng Mga Gawa. Ang Filipos ay itinatag bilang isang kolonya ng Roma sa 42 BC. ng Romanong heneral na si Anthony. Maraming sundalo ang nagretiro sa lungsod na ito, at ang mga mamamayan ay nakakuha ng kalayaan mula sa pagbabayad ng maraming buwis sa Roma. Ang katayuan ng Filipos bilang isang kolonya ay isang punto ng pagmamataas ng mga mamamayan nito. Tinutukoy ni Pablo ang ganitong kalagayang pag-iisip kapag hinahamon niya ang mga Kristiyanong taga-Filipos na mamuhay bilang mga mamamayan ng langit.[244]

## Layunin

Ang sulat sa mga taga-Filipos ay isa sa mga pinakapositibong liham ni Pablo na nagpapakita ng ilan lamang sa mga problema na kanyang tinutugunan sa kanyang mga liham sa Corinto at Galacia. May dalawang dahilan para sa sulat na ito.

Ang isang *personal na layunin* ay upang dalhin ang balita ng pagkabilanggo ni Pablo at ipahayag ang pagpapahalaga sa pinansiyal na suporta ng iglesya sa kanyang ministeryo.[245] Nagagalak si Pablo sa kanilang katapatan at hinihikayat silang mabuhay nang masaya.

Ang *layunin ng pagtuturo* ay upang matugunan ang dalawang panganib para sa iglesia ng Filipos: ang panlabas na panganib ay nagmumula sa mga bulaang guro habang ang panloob na pagbabanta ay nagmumula sa pagkakahati sa pagitan ng dalawang miyembro ng iglesya.

## Nilalaman

### *Kasiyahan sa Kabila ng Kalagayan (Fil. 1)*

Kahit na nasa bilangguan si Pablo, siya ay nagtitiwala na ang Diyos ay tumutupad pa rin sa Kanyang mga layunin. Dahil sa pagdakip kay Pablo, nagkaroon siya ng pagkakataon na ipangaral ang ebanghelyo sa bantay sa palasyo. Hindi alam ni Pablo kung ang kanyang pagkabilanggo ay magtatapos sa pagpapalaya o kamatayan. Ngunit anuman ang

[243] Gawa 16:12.
[244] Filipos 3:20, *English Standard Version*: “Subalit ang ating pagkamamamayan ay sa langit....” Ang parehong salitang Griego na ginamit sa Filipos 1:27: “Hayaan ang inyong **paraan ng pamumuhayay** maging karapat-dapat sa ebanghelyo ni Kristo….”
[245] Filipos 4:15-18.

kalalabasan, nagagalak siya sapagkat "para sa akin mabuhay ay si Kristo, at ang mamatay ay pakinabang."[246]

Ang isa pang pangyayari na maaaring magbanta sa kagalakan ni Pablo ay ang paninibugho ng mga kapwa mananampalataya. Ang isang pangkat sa Roma ay nangangaral tungkol kay Kristo "ng pagtatalo," na dumagdag pa sa pagdurusa ni Pablo. Gayunpaman, anuman ang kanilang motibo, nagagalak si Pablo dahil ipinangangaral ang ebanghelyo. Nagtiwala si Pablo na ang mabuting kalooban ay magmumula sa ebanghelyo, anuman ang maling motibo ng mga taong ito. Ang personal na kalagayan ni Pablo ay hindi mahalaga kaysa sa Kaharian ng Diyos.[247]

### *Ang Kababaang-loob Bilang Susi sa Pagkakaisa (Phil. 2)*

Sa bandang huli ng liham, tataklakayin ni Pablo ang pagkakahati sa pagitan ng dalawang kapatid na babae sa iglesya ng Filipos.[248] Sila ay mabubuting Kristiyano na nagtrabaho kasama ni Pablo para sa ebanghelyo. Sa kasamaang-palad, ang personal na hindi pagkakasundo sa pagitan ng mga kapatid na ito ay nagbabanta sa pagkakaisa ng iglesya. Sa paglalagay ng isang gawain sa pagharap sa ganitong pagkakahati, itinuro ni Pablo ang halimbawa ni Kristo bilang modelo ng Kristiyanong pagkakaisa.

> ► Ano ang kahulugan ng si Hesus ay "nagpakababa sa kanyang sarili"?
>
> Ang Filipos 2:5-11 ay tinatawag na "Himno ni Crisito" dahil sa buod nito ng buhay, kamatayan, muling pagkabuhay at pag-akyat sa Langit ni Hesus. Maraming tao na ang nagtalo tungkol sa kahulugan ng 2:8 kung saan nagsalita si Pablo tungkol kay Hesus na "nagpakababa sa kanyang sarili". Hindi inalis ni Hesus ang kanyang pagiging Diyos, Sa halip, iniwan niya ang mga pribilehiyo na sa kanya bilang hari ng buong sanlibutan. Ibinaba ni Hesus ang kaniyang sarili sa pagkakatawang-tao; hindi niya inalis ang kanyang kalikasan bilang Diyos.

Maraming di-pagkakasundo ang nagsisimula sa pagnanais na protektahan ang ating mga karapatan. Itinuturo ni Pablo ang halimbawa ni Kristo na iniwan ang mga pribilehiyo niya bilang Diyos upang maglingkod sa sangkatauhan. Hindi siya nanghawak sa mga prebilehiyo ng pagiging Diyos, kundi "naging masunurin hanggang kamatayan, kahit sa kamatayan sa krus." Nagdusa siya ng lahat ng paglait –kahit ang kahiya-hiyang kamatayan sa pagkapako sa krus – upang ipagkaloob ang kaligtasan. Bilang resulta nito, itinaas ng Diyos si Hesus sa kanyang karapat-dapat na lugar ng unibersal na kapangyarihan.[249]

Ang bawat Kristiyano ay dapat magtaglay ng parehong pagtanaw sa kababaang-loob, tumutugon sa mga pangangailangan ng kapwa mananampalataya. "Bawat isa'y huwag

[246] Filipos 1:12-14, 19-25.
[247] Filipos 1:15-18.
[248] Filipos 4:2-3.
[249] Filipos 2:5-11.

tumingin lamang sa kanyang sariling pangangailangan, kundi ang bawat isa ay magmalasakit sa mga pangangailangan ng iba."[250]

### *Mga Babala Laban sa mga Kalaban ng Ebanghelyo (Filipos 3)*

Bagaman ang Filipos sa pangkalahatan ay positibo, sumulat si Pablo ng malakas na babala laban sa isang grupo ng mga nanggugulo na nagbabanta sa iglesya. Sila ang mga Judaizers na unang nakilala sa liham sa Galacia. Ipinipilit nila na ang mga Kristiyano ay dapat magpatuli at sundin ang batas ng mga Hudyo. Tinatawag sila ni Pablo na "mga aso," "mga gumagawa ng kasamaan," at "nagpupungos ng maselang bahagi ng katawan."

Tumutugon si Pablo sa mga ipinipilit ng mga Judaizers na gawin ang mga ritwal ng Batas sa pamamagitan ng pagtukoy sa kanyang sariling buhay bilang halimbawa. Kung ang pagsunod sa batas ang magdadala ng kaligtasan, si Pablo ay dapat "may pagtitiwala sa laman." Siya ay tinuli ayon sa Batas; siya ay nagmula sa pinaborang lipi ni Benjamin, isang "Hebreo sa mga Hebreo"; siya ay isang Pariseo na maingat na sumunod sa Batas; siya ay isang masigasig para sa pananampalatayang Hudyo, maging hanggang sa punto ng pag-uusig sa mga Kristiyano; patungkol sa Batas, walang kapintasan si Pablo. Gayunman, ang lahat ng mga bagay na ito ay inaaring "dumi lamang" sa paghanap sa "gantimpala ng mataas na pagkatawag ng Diyos kay Kristo Hesus." Ligtas si Pablo, ang mga taga-Filipos ay ligtas, at tayo ay ligtas, hindi sa pagsunod sa batas, kundi sa pamamagitan ng karanasan sa "pagkakilala kay Kristo Hesus na ating Panginoon."[251]

### *Pangwakas na mga Tagubilin (Filipos 4)*

Sa panghuling kabanata, tinagubilinan ni Pablo sina Euodia at Sintique na ipakita ang pagkakaisa na itinuro ni Pablo sa Kabanata 2. Kung taglay ng mga babaeng ito ang pag-iisip ni Kristo, lulutasin nila ang kanilang di-pagkakaunawaan. Hinihikayat niya ang iglesya upang magalak sa lahat ng pagkakataon at panatilihin ang kapayapaan ng Diyos sa kanilang mga puso at kaisipan. Nagwakas siya sa pasasalamat para sa suporta ng iglesya sa kanyang ministeryo.

[250] Filipos 2:4.
[251] Filipos 3:4-8.

## Colosas

### Pangkasaysayang Pinangyarihan

Ang liham sa Colosas ay isinulat ni Pablo sa panahon ng kanyang pagkabilanggo sa Roma. Tinukoy rin si Timoteo bilang siyang sumulat,[252] marahil siya ay nagsilbing kalihim ni Pablo.

Walang katibayan na nakadalaw na si Pablo sa iglesya sa Colosas. Ang mas tinatayang kaugnayan sa pagitan ni Pablo at ng iglesya ay si Epafras. Si Epafras, isang tunay na taga-Colosas, ay maaaring nagbalik-loob sa panahon ng ministeryo ni Pablo sa Efeso, mga 160 kilometro ang layo. Bumalik si Epafras upang magtatag ng iglesya sa Colosas, gayundin sa mga kalapit bayan ng Laodicea at Hierapolis. Malamang na isinulat ni Pablo ang mga sulat kapwa sa Laodicea at Colosas, na tinagubilinan ang dalawang grupo na magpalitan ng mga sulat.[253]

### Layunin

Sa panahon ng pagkabilanggo ni Pablo, nag-ulat si Epafras na mayroong heresy na nagbabanta sa iglesya ng Colosas. Isinulat ni Pablo ang liham sa Colosas upang tugunan ang mapanganib na katuruang ito. Dagdag pa rito, sumulat si Pablo upang hikayatin ang mga Kristiyano sa Colosas na magpatuloy sa paglago kay Kristo. Kasama sa aklat kapwa ang mga babala laban sa maling doktrina at mga paghikayat sa paglagong espirituwal.

### Nilalaman

Maraming tema sa Colosas ang katulad din sa Efeso: ang pagkakaisa ng iglesya, ang katotohanan ng espirituwal na pakikipaglaban at ang pangangailangan ng pamumuhay sa paraang karapat-dapat sa ating pagkatawag bilang mga Kristiyano. Ang pagkakatulad na ito ay hindi nakakagulat. Isinulat ni Pablo ang liham na ito halos sa magkakasabay na panahon at ang mga sulat ay tumutugon sa magkakatulad na pangangailangan.

Bagaman ang mga detalye ng maling katuruan na itinuturo sa Colosas ay maaaring iba sa mga maling katuruan na nagbabanta sa Iglesya Ngayon, ang mensahe ni Pablo mahalaga sa Iglesya Ngayon dahil:

- Si Kristo ay nakatataas sa nilikha.
- Si Kristo ang ulo ng iglesya.
- Dapat tayong mamuhay sa paraang karapat-dapat sa ating pagkatawag bilang mga anak ng Diyos.

---

[252] Col. 1:1.
[253] Col. 4:16.

### *Ang Pagiging Sukdulan ni Kristo (Col. 1)*

> "Bilang isa sa pinakanakasentro kay Kristo na aklat sa Bibliya, natagpuan ng Colosas ang kanyang kinakailangang pagkakaisa sa maka-Diyos at niluluwalhating katauhan ng preeminent na si Kristo."
>
> *- ESV Study Bible*

Ang sentrong tema ng Colosas ay ang kasukdulan ng muling nabuhay na si Kristo. Sa isang magandang pangungusap, ipinapakita ni Pablo ang pagiging higit ni Kristo sa kalikasan, ang kanyang awtoridad sa iglesya, at ang kanyang tungkulin sa pagtubos. Si Kristo ay kapwa ang kinatawan sa paglikha ("ang lahat ng bagay ay nilikha sa pamamagitan niya") at ang layunin ng paglikha (ang lahat ng bagay ay nilikha…para sa kanya.") Si Kristo ang "ulo ng katawan, ang iglesya." At, sa pamamagitan ni Kristo at sa dugo sa kanyang krus, tayo na "kung minsan ay nagiging banyaga at kaaway sa (ating) pag-iisip dahil sa masasamang gawa" ay muling ipinakipagkasundo. Si Kristo ang sentro ng sansinukob, ang ulo ng iglesya, at ang Panginoon ng katubusan.[254]

### *Ang "Maling Paniniwala ng Colosas" (Col. 2)*

Pagkatapos ng positibong pangungusap na ito sa kalikasan ni Kristo, dumako naman si Pablo sa isang negatibong babala laban sa maling katuruan na nagbabanta sa iglesya sa Colosas. Ang eksaktong kalikasan ng maling paniniwala sa Colosas ay hindi malinaw. Gayunman, ang katugunan ni Pablo ay nagpapakita ng mga katangian ng maling paniniwala. Ang iglesya sa Colosas ay nahaharap sa kumbinasyon ng kaugaliang Hudaismoo, Hudyong mistisismo, at mga katuruang pagano. Ang maling paniniwala sa Colosas ay kinabibilangan ng pinagsama-samang mga maling ideyang ito:

- Hinihikayat ng tradisyonal na mga Hudyo ang mga Kristiyano sa Colosas na isagawa ang mga pagdiriwang ng mga Hudyo, mga batas sa pagkain, at pagtutuli.[255]
- Hinihiling ng mga Hudyong mistiko sa mga Kristiyanong taga-Colosas na sila'y mag-ayuno upang makasama sa dakila na maka-anghel na pagsamba sa Diyos.[256]
- Hinihikayat ng mga pagano ang mga Kristiyano sa Colosas na magsagawa ng mga ritwal para sa proteksiyon laban sa masasamang espiritu. Hindi ikinakaila ni Pablo ang kapangyarihan ng masasamang espiritu, subali't nililinaw niya na ang katugunan ay hindi natatagpuan sa mga banyagang mga ritwal, kundi ang katuparan na napagtagumpayan na ni Kristo laban sa mga kapangyarihan ng kadiliman.[257]

---

[254] Col. 1:15-23.
[255] Col. 2:16 at 3:11.
[256] Col. 2:18. Ang "pagsamba sa mga anghel" marahil ay hindi nangangahulugan na sinasamba nila ang mga anghel (na sdasalungat sa lahat ng katuruan ng mga Hudyo). Sa halip, marahil ang talatang ito ay tumutukoy sa isang Jewish mystical idea na sa pamamagitan ng ascetic practices, tulad ng matagalang pag-aayuno, ang mga sumasamba ay mystically na makasama sa mga anghel sa paligid ng makalangit na trono ng Diyos. Ang mga bulaang tagapagturo sa Colosas ay nag-aanyaya sa mga Kristiyanong ito na sundin ang kanilang mga ginagawa.
[257] Col. 2:15.

► Paano nauugnay sa atin sa kasalukuyan ang Maling Paniniwala sa Colosas?

*Ang Syncretisma* ay tumutukoy sa pagsasama-sama ng higit sa isa lamang na relihiyon. Sa Colosas, ang pagsasama-samang ito ay binubuo ng Hudaismoo, mistisismo, paganismo at Kristiyanismo. Sa kasalukuyan, ang mga iglesya sa paganong kultura kung minsan ay nahaharap din sa tukso na ihalo ang doktrinang Kristyano sa mga ginagawa ng nakapaligid na kultura (pagsamba sa mga ninuno, mga banal na araw ng pagano, mga ritwal upang paalisin ang mga multo at masasamang espiritu, at iba pa). Kapwa sa unang siglo at sa ika dalawamput't-isang siglo, ang tugon sa lahat ng ganitong katuruan ay iisa: Si Hesus ang Panginoon. Nilupig na niya ang kapangyarihan ng kadiliman at mayroon tayong tagumpay sa pamamagitan lamang ni Kristo. Walang ibang ritwal o Gawain ang may lugar sa gawaing Kristiyano.

Tulad ng binanggit sa simula, hindi nagbigay si Pablo ng kumpletong paglalarawan ng maling pininiwala ng Colosas. Hindi siya talagang interesado sa mismong kalikasan ng maling katuruan nang higit sa tunay na ebanghelyo ni Kristo, Panginoon ng sansinukob, at ng iglesya.

### ***Paglago sa Kristiyanong Paggulang (Col. 3-4)***

Katulad ng sa Efeso, si Pablo ay nagturo mula sa doktrina hanggang sa pagsasabuhay. Dahil si Kristo ay nakaupo sa kanang kamay ng Diyos, tayo na muling binuhay kasama ni Kristo ay dapat ituon ang ating isipan sa mga bagay na makalangit. Sa halip na sa isang di-mabuting pagtutuon ng isip sa mga maling katuruan, dapat nating tandaan na tayo'y namatay na sa mga naturang bagay at ngayo'y nabubuhay na kasama ni Kristo sa Panginoon.[258]

Ano ang katulad ng isang buhay na "nakatago kay Kristo sa Diyos"? Inilalarawan ni Pablo ang bagong buhay na ito sa mga praktikal na paraan. Kalakip sa buhay na ito ang dalawang aspeto:

1. Kailangan nating "hubarin" ang mga lumang Gawain. Kailangan na nating patayin ang mga bagay na makamundo: karumihang seksuwal, pagkainggit, galit, malaswang pananalita, kawalang katapatan, at iba pa. Ang mga gawaing ito ay nararapat lamang sa poot ng Diyos.[259]

2. Dapat nating "isuot" ang bagong katauhan na ayon sa imahe ni Kristo. Kalakip dito ang kaawaan, kabutihan, kababaang-loob, katiyagaan, pagpapatawad, at "higit sa lahat" pag-ibig. Sa ating pagkakaroon ng mga katangiang ito, ang kapayapaan ng Diyos ang maghahari sa ating mga puso at ang salita ni Kristo ang mananatili sa

---

[258] Paraphrase ng Col. 3:1-3.
[259] Col. 3:5-10.

atin.[260] Ang bagong buhay na ito ay bumabago sa mga relasyon sa pamilya (3:18-4:1) at nagiging kaakit-akit ang ebanghelyo sa mga di-mananampalataya (4:5-6).

## Felimon

### Pangkasaysayang Pinangyarihan

Ang pinakamaikling sulat ni Pablo ay para kay Felimon, isang mayamang Kristiyano sa Colosas. Si Felimon ay tila nagging tagasunod sa panahon ng ministeryo ni Pablo sa Efeso. Ang kanyang bahay ang naging bahay sambahan para sa iglesya ng Colosas.

At tulad ng nakagawian sa unang siglo, si Felimon ay isang nagmamay-ari ng mga alipin. Si Onesimus, isang alipin ni Felimon, ay tumakas patungong Roma. Ang Roma ang lungsod na may pinakamaraming naninirahan sa Imperyo, ang pinakaligtas na lugar para pagtaguan ng isang tumatakas. (Sa ngayon ang isang tumatakas ay maaaring maglakbay hanggang sa lungsod New York, Lungsod Mexico, Lagos, o sa iba pang pangunahing lunsod upang mawala).

Gayunman,si Onesimus ay hindi maaring makapagtago mula sa Diyos! Sa napakalaking lungsod, dinala ng Diyos si Pablo at ang takas na alipin sa isa't isa. Si Onesimus ay nagbalik loob at nagsimulang tumulong kay Pablo.

Sa isang pagkakataon, ang bagong Kristiyanong ito ay kinailangang harapin ang kanyang nakaraan. Posible na nagnakaw siya ng pera sa kanyang panginoon bago siya tumakas.[261] Nahaharap si Onesimus sa posibilidad ng matinding kaparusahan; ang isang tumatakas na alipin ay maaaring tatakan sa kanyang noon bilang isang takas o maging patayin. Dahil sa kaalamang ito, gumawa si Pablo ng isang sulat-pakiusap na maaaring dalhin ni Onesimus kapag siya'y bumalik upang harapin si Felimon.

> "Tayong lahat ay ang Onesimus ng Panginoon. Ang hindi kapaki-pakinabang ay naging kapaki-pakinabang. Ito ang panghabang-buhay na larawan ni Kristo sa pakikipag-kasundo sa mga tao.tayong lahat ay takas na alipin sa kasalanan."
> - Martin Luther

### Layunin

Simple ang layunin ng sulat ni Pablo: isang pakiusap para sa pakikipagkasundo. Nakipagkasundo na si Onesimus sa Diyos; hinihiling ni Pablo kay Felimon na makipagkasundo na sa kanyang tumakas na alipin.

### Nilalaman

Nagsimula si Pablo sa pasasalamat kay Felimon para sa kanyang nakalipas na kagandahang loob sa mga kapwa Kristiyano. Ang pagmamahal ni Felimon sa mga kapwa

[260] Col. 3:12-17.
[261] Filemon 1:18.

mananampalataya ang basehan ng pakiusap ni Pablo para kay Onesimus, na ngayon ay isa nang kapwa mananampalataya.

Ginawa ni Pablo ang kanyang pakiusap hindi sa kanyang apostolikong awtoridad (tulad ng sa Galacia), kundi sa basehan na pag-ibig. Halos nasa kalahatian na siya ng kanyang liham bago niya banggitin ang dahilan ng kanyang pagsulat: "Nakikiusap ako sa iyo para sa aking anak na si Onesimo."[262] Si Felimon ay anak ni Pablo sa pananampalataya; ngayon mayroon pa siyang "isa pang anak", ang takas na alipin ni Felimon.

Ang pangalang Onesimo ay nangangahulugan na "magagamit" o "kapaki-pakiinabang"; ito ay isang karaniwang pangalan para sa mga alipin. Sumulat si Pablo, "Noon siya'y kapaki-pakinabang sa iyo, nguni't ngayon siya'y higit na kapaki-pakinabang para sa iyo at sa akin."[263] Ngayon, si Onesimo ay mamumuhay ayon sa kanyang pangalan; sa pamamagitan ng kapangyarihan ni Kristo ngayon siya ay kapaki-pakinabang.

Ipinahihiwatig ni Pablo na maaari nang palayain ni Felimon si Onesimo. Subali't hindi niya ito iniuutos.[264] Hiniling niya kay Felimon na tanggapin si Onesimo sa parehong espiritu na tinatanggap ni Felimon si Pablo.[265]

Nagtapos si Pablo sa paghiling kay Felimon na ipanalangin ang kanyang kalayaan. Isinulat niya na ninanais niyang bisitahin si Felimon kapag siya'y nakalaya na mula sa bilangguan. Sa palagay ninyo, ito ba ay isang mahinahong paalala upang makita ni Pablo kung paano tinatrato ni Felimon si Onesimo?

Maraming tao ang nagrereklamo dahil hindi hinatulan ni Pablo ang pang-aalipin. Gayunman, ang mga utos ni Pablo sa mga amo ay lumikha ng isang kapaligiran kung saan ang pagiging alipin ay hindi mananatili.[266] Hindi mo maaaring alipinin ang isang tao na tunay mong nakikita bilang isang kapatid kay Kristo.

**Pangkasaysayang Pagwawakas/Historical Epilogue**

Hindi binanggit ng Kasulatan kung ano ang nangyari pagkatapos bumalik ni Onesimo kay Felimon. Nagbibigay ang kasaysayan ng dalawang pahiwatig na nagmumungkahi na pinalaya na ni Felimon si Onesimo.

- Isang matandang inscription sa Laodicea (matatagpuan malapit sa Colosas) ang inihandog ng isang alipin sa kanyang panginoon na nagpalaya sa kanya. Ang pangalan ng panginoon ay Marcus Sestius Felimon.
- Ilang taon pagkalipas ng liham na ito, isang lalaking nagngangalang Onesimo ang naging Obispo sa iglesya ng Efeso.

[262] Felimon 1:10.
[263] Felimon 1:11, *English Standard Version.*
[264] Feimon 1:13.
[265] Felimon 1:17.
[266] Gal. 3:28; Efeso 6:9; Col. 4:1; Felimon 1:16.

Posibleng pinalaya ni Felimon si Onesimo upang bumalik kay Pablo, na siyang nagsanay sa kanya bilang pastor. Kung gayun, ang ministeryo ni Pablo sa Efeso ay maaaring nagpatuloy sa pamamagitan ng pangangaral ni Onesimo, ang dating alipin ni Felimon, na unang nagbalik-loob sa panahon ng pangangaral ni Pablo sa Efeso. Ang mga layunin ng Diyos ay labis pang mas malayo kaysa sa ating nakikita!

## Ang Mga Sulat sa Bilangguan sa Iglesya Ngayon

Ang Mga Liham mula sa Bilangguan ay nagpapaalala sa atin na ang ating **doktrina ay dapat isabuhay araw-araw**. Sa mga liham na ito, hinamon ni Pablo ang kanyang mga mambabasa upang mamuhay na karapat-dapat sa kanilang pagkatawag bilang mga mananampalataya. Hindi sapat na ipahayag lamang ang wastong doktrina; ang ating mga paniniwala ay dapat ipamuhay sa araw-araw.

Itinuturo ng Efeso at Colosas ang katotohanan ng espirituwal na labanan. "Dahil tayo'y nakikipaglaban hindi sa laman at dugo, kundi laban sa mga pamunuan, laban sa mga kapangyarihan, laban sa mga namumuno sa kadiliman ng mundong ito, laban sa hukbong espirituwal ng kasamaan sa himpapawid."[267] Tunay ang digmaaang espirituwal. Subali't ang mga liham na ito ay nagtuturo rin na ang labanang ito *ay napagtagumpayan na ni Kristo.* Lumalaban tayo nang may pagtitiwala dahil nagtagumpay na siya sa labanan. An gating pangunahing pansin ay dapat nakay Kristo na siyang nagtagumpay, hindi sa ating kaaway na lumalaban sa talunang labanan.

Ipinaaalala sa atin ng Felimon na **ang ebanghelyo ng pakikipagkasundo ay dapat ipamuhay sa tunay na mundo**. Hindi nasisiyahan si Pablo sa isang mensahe na hindi naman mailalapat sa tunay na buhay. Iginiit niya na ang parehong ebanghelyo na muling nagkasundo sa Diyos at sa "tumatakas na makasalanan" ang siyang nagkasundo kina Felimon at sa tumatakas na alipin. Sa isang mundo ng di-pagkakasundo at wasak na mga relasyon, dapat nating ipakita ang kapangyarihan ng ebanghelyo upang maghatid ng muling pagkakasundo.

## Konklusyon

Natutuhan ng mga Kristiyano sa Imperyong Romano kung ano ang ibig sabihin ng ipamuhay ang ebanghelyo sa isang wasak na mundo. Isinulat ni Pablo sa mga taga Filipos na sila'y dapat mamuhay " bilang mga anak ng Diyos, walang kapintasan, sa gitna ng mga taong liko at masasama. Sa gayun, magsisilbi kayong ilaw sa kanila tulad ng talang nagniningning sa kalangitan."[268] Alam ni Pablo na ang ilaw ng iglesya ay nagniningning nang may tumitinding kaliwanagan habang ang ating mundo ay magiging mas madilim.

Sa madilim na panahon ng Imperyong Romano, may mga Kristiyano na nakilala sa tawag na "mga manunugal para kay Kristo" dahil "itinataya" nila ang kanilang buhay upang iligtas

---

[267] Efeso 6:12.

[268] Filipos 2:15.

ang iba. Ginagamit din ni Pablo ang parehong salita nang sabihin niya na sina Priscila at Aquila ay "para sa aking buhay ay nagtaya ng kanilang sariling buhay."[269] Isinuong nila sa panganib ang kanilang buhay para kay Pablo.

Sa unang siglo, ang mga Kristiyanong Romano ay nalagay sa panganib dahil sa poot ng komunidad sa pagliligtas nila sa mga tinatanggihang mga sanggol na inaabandona sa mga basurahan ng lunsod. Sa ikatlong siglo, tinawag ng Obispo ng Carthage ang kanyang kongregasyon sa panahon ng isang salot, hinilingan sila na alagaan ang mga naghihingalo at ilibing ang mga patay, at isinugal ang kanilang buhay upang iligtas ang lungsod.

Nalalaman ng unang iglesya na ang "paghuhubad sa lumang pagkatao" at "pagbibihis sa bagong katauhan" ay nangangahulugan ng higit pa sa pagpunta lamang sa iglesya. Ito ay nangangahulugan ng pamumuhay ng isang bagong buhay na pag-aari ng Diyos at ng kanyang mga layunin. Maaari din itong mangahulugan ng paglalagay sa panganib sa ating buhay upang bigyang-pagkakataon ang ebanghelyo na "magliwanag bilang ilaw sa sanlibutan."

### Mga Takdang-Aralin ng Aralin

Ipakita ang iyong pagkaunawa sa araling ito sa mga sumusunod na takdang-aralin:

(1) Pumili ng **isa** sa mga sumusunod na takdang-aralin:

- Maghanda ng isang sermon o aralin sa Bibliya mula sa Efeso tungkol sa pamilya. Maaari mo itong isulat bilang isang 5-6 na pahinang manuskrito o mag-rekord ng isang sermon o isang aralin sa Bibliya.
- Maghanda ng isang sermon o aralin sa Bibliya mula sa Efeso tungkol sa iglesya. Maaari mo itong isulat bilang isang 5-6 na pahinang manuskrito o i-rekord ang isang sermon o aralin sa Bibliya.
- Maghanda ng isang sermon o aralin sa Bibliya mula sa Filipos tungkol sa kagalakan sa buhay Kristiyano. Maaari mo itong isulat bilang isang 5-6 na pahinang manuskrito o mag-rekord ng isang sermon o aralin sa Bibliya.
- Maghanda ng isang sermon o aralin sa Bibliya mula sa Colosas tungkol sa ating bagong buhay kay Kristo. Maaari mo itong isulat bilang isang 5-6 na pahinang manuskrito o mag-rekord ng isang sermon o aralin sa Bibliya.

(2) Kumuha ng pagsusulit batay sa materyal mula sa araling ito. Kabilang sa pagsusulit ang Kasulatan na nakatakda para isaulo.

[269] Rom. 16:4.

**Mga Tanong sa Pagsusulit sa Aralin 7**

(1) Kailan at saan isinulat ang mga Liham Mula sa Bilangguan?

(2) Bakit walang personal na pagbati ang sulat sa Efeso?

(3) Ilista ang dalawang malaking pagkakahati ng Efeso.

(4) Mula sa Efeso 1, ilista ang tungkulin sa ating kaligtasan ng bawat isang miyembro ng Trinidad.

(5) Ayon sa Efeso 3, ano ang "misteryo ng ebanghelyo"?

(6) Ilista ang dalawang panganib na kinakaharap ng iglesya sa Filipos.

(7) Sa Filipos 2, ano ang ibig sabihin ng si Kristo ay "nagpakababa sa kanyang sarili"?

(8) Anong tatlong impluwensiya ang bumubuo sa maling paniniwala ng Colosas?

(9) Bigyang kahulugan ang "sinkretismo".

(10) Ilista ang tatlong paraan kung paanong ang mga Liham Mula sa Bilangguan ay nangungusap sa Iglesya Ngayon.

(11) Isulat ang Mga Taga Efeso 4:11-16 at Colosas 3:1-4 mula sa memorya.

# Aralin 8
# 1 at 2 Tesalonica: Ang Pagbabalik ni Kristo

## Mga Layunin ng Aralin

Kapag natapos ang araling ito, ang mag-aaral ay dapat:
(1) Nalalaman ang tinatayang petsa at pangkasaysayan pinangyarihan para sa 1 at 2 Tesalonica.
(2) Balangkasin ang mga pangunahing tema at layunin ng 1 at 2 Tesalonica.
(3) Makakuha ng pampatibay-loob sa katapatan sa harap ng pagsalungat mula sa mga di-mananampalataya.
(4) Magpakita ng mas malalim na pag-unawa sa doktrina ng pagbabalik ni Kristo.
(5) Mabuhay ngayon sa liwanag ng pagbabalik ni Kristo.
(6) Iugnay ang mensahe ng mga aklat na ito sa mga pangangailangan ng mundo ngayon.

## Paghahanda para sa Araling Ito

*Basahin: 1 at 2 Tesalonica.*
*Isaulo: 1 Tesalonica 4:23-24.*

## Panimula

Ang iglesiya sa Tesalonica ay itinatag sa gitna ng pag-uusig. Alam ng mga mananampalataya kung ano ang ibig sabihin ng pagdurusa para sa pangalan ni Kristo. Sila ay naging mga Kristiyano sapagkat naniwala sila sa katotohanan ng pangangaral ni Pablo, "na itong si Hesus, na aking ipinangangaral sa inyo, ay ang Kristo"[270]. Ang mga ito ay matatapang na Kristiyano na handang magdusa para sa kanilang pananampalataya.

Dahil sa pagsalungat, maikling panahon lamang ang nagugol11; l ni Pablo sa Tesalonica. Dahil dito, hindi na sila lubusang naturuan ni Pablo sa doktrinang Kristiyano. Pagkaalis ni Pablo mula sa Tesalonica, lumitaw ang mga tanong tungkol sa pagbabalik ni Kristo. Sa harap ng mga pag-uusig ang mga batang mananampalatayang ito ay may mga tanong tungkol sa kanilang pag-asa sa hinaharap.

Isinulat ni Pablo ang dalawang sulat na ito upang hikayatin sila sa katapatan. Tinitiyak niya sa kanila na babalik si Hesus at dapat silang mamuhay ngayon sa liwanag ng pagbabalik na iyon.

[270] Mga Gawa 17:3.

## Background ng 1 & 2 Tesalonica

### Historikal na Background

Ang iglesiya sa Tesalonica ay sinimulan noong ikalawang paglalakbay ni Pablo bilang misyonero. Pagkatapos umalis sa Filipos, naglakbay si Pablo sa Amphipolis at Apollonia patungong Tesalonica, mga 160 kilometro mula sa Filipos.

Nagturo si Pablo sa sinagoga sa Tesalonica sa loob ng tatlong Araw ng Pahunga o Sabbath. Ang ilan sa mga Hudyo at marami sa mga "debotong Griyego" ay napagbalik-loob.[271] Bilang tugon, isang grupo ng mga di-mananampalatayang mga Hudyo ang nagsimula ng kaguluhan, na sinasalakay ang bahay ni Jason kung saan nananatili sina Pablo at Silas.

Dahil sa panganib, si Pablo at Silas ay lumabas sa lungsod sa gabi at naglakbay sa Berea, mga 80 kilometro mula sa Tesalonica. Nang mabalitaan ng mga Hudyo sa Tesalonica na si Pablo ay nasa Berea, sumunod sila sa kaniya at nagsimula ng kaguluhan doon. Tila ang pagsalungat ay nakatuon kay Pablo, sapagkat naiwan niya sina Silas at Timoteo sa Berea habang nagpunta siya sa Atenas.

Mula Atenas, naglakbay si Pablo sa pakanluran patungong Corinto, kung saan siya naglingkod sa loob ng labing walong buwan. Sumunod sina Silas at Timoteo kay Pablo sa Corinto at dinalhan siya ng balita tungkol sa batang iglesia sa Tesalonica.

Isinulat ni Pablo ang 1 Tesalonica bilang tugon sa mga ulat nina Silas at Timoteo. Malamang na sinugo niya si Timoteo upang dalhin ang sulat sa Tesalonica. Pagkalipas ng ilang buwan, bilang tugon sa karagdagang balita, isinulat niya ang 2 Tesalonica. Ang dalawang sulat na ito ay may petsa sa panahon ng pananatili ni Pablo sa Corinto sa A.D. 50-51. Ang mga ito ay kabilang sa kanyang mga pinakamaagang sulat, nauna lamang ditto ang sulat sa taga-Galacia.

[271] Sa Mga Gawa, ang salitang "debotong Griego" ay tumutukoy sa mga Hentil na pumapasok sa sinagoga upang sambahin si Jehovah, bagaman hindi pa ganap na napagbagong loob sa Hudaismoo.

| Si Pablo at ang Iglesya ng Tesalonica | |
|---|---|
| ca. A.D. 50 | **Si Pablo, Silas, at Timoteo ay nangaral sa Tesalonica (Gawa 17:1-4)** |
| | Pagkatapos ng ilang linggo, tumakas sila patungong Berea (Gawa 17:5-10) |
| | Iniwan ni Pablo sina Silas at Timoteo sa Berea habang naglalakbay siya sa Atenas (Gawa 17:14-15) |
| | Sumama si Silas at Timoteo kay Pablo sa Atenas (Gawa 18:16) |
| | **Ipinadala ni Pablo si Timoteo upang bisitahin ang Tesalonica (1 Tesalonica 3:1)** |
| | Si Pablo ay umalis sa Atenas at naglakbay sa Corinto (Gawa 18:1) |
| | **Sumama sina Silas at Timoteo kay Pablo sa Corinto. Nagdala ng balita mula sa Tesalonica (Gawa 18:5; 1 Tesalonica 3:6)** |
| ca. A.D. 50-51 | **Isinulat ni Pablo ang 1 Tesalonica bilang tugon sa ulat ni Timoteo** |
| | **Isinulat ni Pablo ang 2 Tesalonica bilang tugon sa mga karagdagang tanong (2 Tesalonica 2:15)** |

## 1 Tesalonica: Magbabalik si Kristo

### Layunin

Nang dumating si Timoteo sa Corinto, ang kanyang ulat tungkol sa iglesya sa Tesalonica ay positibo; ang mga batang mananampalataya ay nanatiling tapat sa ebanghelyo. Sumulat si Pablo upang hikayatin ang mga ito sa kanilang pananampalataya at upang matugunan ang isang tanong na lumitaw sa gitna ng iglesya. Ang ilang miyembro ng iglesya ay namatay at ito ay naging sanhi ng mga tanong tungkol sa pagbabalik ng Panginoon. Natatakot ang ilang Kristiyano na ang mga namatay ay hindi makatatanggap ng biyaya sa pangako ng pagbabalik ni Kristo. Para sa mga Kristiyano na nagtitiis ng pag-uusig, nakapagpapahina ng kalooban na ang kanilang katapatan ay maaaring mawalang kabuluhan. Nagsusulat si Pablo upang hikayatin ang mga taga-Tesalonica na manatiling tapat sa harap ng pagsalungat at upang tiyakin sa kanila na babalik si Kristo kapwa para sa mga namatay sa pananampalataya at para sa mga nananatiling buhay sa kanyang pagparito.

### Nilalaman

► Ang pag-iisip ba sa Ikalawang Pagdating ay nagdudulot ng takot o pag-asa? Paano naaapektuhan ng doktrina ng Ikalawang Pagparito ang iyong pang-araw-araw na buhay?

Isinulat agad pagkatapos ng ministeryo ni Pablo sa Tesalonica, ang liham na ito ay napaka personal. Bagaman hindi binanggit ni Pablo ang mga indibiduwal, isinama niya ang mga detalye ng kaniyang ministeryo sa Tesalonica. Siya ay sumusulat sa mga mananampalataya na nagbalikloob sa ilalim ng kanyang ministeryo; ang kanyang sulat ay nagpapakita ng kanyang malalim na habag para sa kanyang mga anak sa pananampalataya.

### *Paghihikayat sa Harap ng Pag-uusig*

Habang nangangaral sa Tesalonica, binabalaan ni Pablo ang iglesia na asahan ang pag-uusig.[272] Ngayon, sumulat si Pablo upang hikayatin sila sa harap ng pag-uusig na ito. Kabilang sa kanyang mensahe:

- Ang katiyakan ng mga panalangin ni Pablo (1:2;3: 17-4:5). Gusto niyang malaman nila na hindi niya nakalimutan ang mga ito. Patuloy siyang nananalangin para sa kanila habang nahaharap sila sa pag-uusig.
- Isang paalaala sa halimbawa ng pagdurusa ni Pablo (1:4-2: 2). Itinuro ni Pablo ang bunga ng kanyang sariling pagpayag na magtiyaga: ang pagbabalik-loob ng mga taga-Tesalonica. Ang kanyang ministeryo sa Tesalonica ay umabot sa isang personal na gastos: pag-uusig mula sa kanyang mga kaaway at ang pangangailangan ng paggawa ng manu-manong paggawa upang suportahan ang kanyang sarili.[273] Gayunpaman, ang mga gantimpala sulit naman sa halaga nito. Ang mga bagong nagbalik-loob na ito ay ang kanyang kaluwalhatian at kagalakan.[274] Dapat itong makahikayat sa mga Kristiyanong taga-Tesalonica na ang kanilang mga paghihirap ay magdadala din ng gantimpala ng Diyos.
- Pasasalamat para sa kanilang katapatan (1:6-10; 3:6-10) Lumakas ang loob ni Pablo sa ulat na tinanggap niya at, bilang tugon, pinalalakas niya ang loob ng mga taga-Tesalonica. Ang kanilang pagbabalik-loob at ang kanilang katapatan sa pagdurusa ay nagiging patotoo "sa lahat ng naniniwala sa Macedonia at Acaya."[275]

### *Ang Pagbabalik ni Hesus Kristo*

Napilitan si Pablo na umalis sa Tesalonica bago matapos ang kanyang pagtuturo. Dahil dito, ang mga bagong nagbalik-loob ay hindi lubusang naturuan tungkol sa pagkamatay ng mga mananampalataya. Sumulat si Pablo upang magbigay ng karagdagang pagtuturo tungkol sa pagbabalik ni Kristo at sa mga huling araw (4:13-5:11).

Ang pangako ng pagbabalik ni Kristo ay isang pampatibay-loob sa mga taga Tesalonica, ngunit ngayon ay nahaharap sila sa isang nakalilitong problema. Ang ilan sa kanilang mga

---

[272] 1 Tes.3:3-4.
[273] Mga Gawa 17; 1 Tes. 2:2, 9, 16.
[274] 1 Tes. 2:20.
[275] 1 Tes. 1:7.

miyembro ay namatay bago makita ang katuparan ng pangakong ito. Tinitiyak sa kanila na kahit na ang mga "natulog na" ay makakakita ng pagbabalik ng Panginoon.

Sa halip na magdalamhati nang walang pag-asa, dapat tandaan ng mga Kristiyano na kapag ang Panginoon ay bumaba mula sa langit na may isang sigaw," ang mga patay kay Kristo ay unang babangon." Yaong "mga nabubuhay at mananatili ay mahuhuli na kasama nila" at magkakasama "tayo ay makakasama sa Panginoon."[276]

Bagaman gusto ng mga taga-Tesalonica ang mga detalye tungkol sa "mga oras at mga panahon" ng pagbabalik ni Kristo, tinitiyak ni Pablo sa kanila na sila ay "walang pangangailangan na isulat ko sa inyo" ang tungkol sa bagay na ito. Sa halip, dapat nilang harapin ang kinabukasan nang may kumpiyansa dahil sa kanilang pananampalataya kay Kristo.

Kapag ang araw ng Panginoon "ay dumarating na gaya ng magnanakaw sa gabi", ang kapahamakan ay darating sa mga anak ng gabi. Ngunit para sa "mga anak ng liwanag", ang araw ng Panginoon ay magiging araw ng "kaligtasan ng ating Panginoon Hesu-Kristo".[277] Para sa mga mananampalataya, ang pagbabalik ni Hesus ay isang mensahe ng pagpapalakas-loob, hindi takot.

> "Narito! Dumarating siya na may pababang mga ulap
> isang beses para sa pinapaboran na mga makasalanan na pinatay;|
> Libu-libong mga banal na dumadalo,
> kantahin ang tagumpay ng Kanyang pangalan
> Aleluya! Aleluya! Aleluya!
> Nagpakita ang Diyos sa mundo upang maghari.
>
> Oo, Amen! Lahat ay sambahin Kayo
> Mataas sa Inyong walang hanggang trono
> Tagapagligtas, kunin ang kapangyarihan at kaluwalhatian
> Kunin ang kaharian sa Inyong sarili.
> Dali-dali, Dali-dali, dali-dali,
> Diyos na walang hanggan, bumalik!"
> -Himno ni Charles Wesley

### *Buhay Ngayon sa Liwanag ng Pagbabalik ni Kristo*

Ang pagtuturo ni Pablo ay laging nakatuon sa praktikal na aplikasyon. Ito ang gumagabay sa pagtuturo ni Pablo sa eskatolohiya.[278] Si Pablo ay hindi interesado sa walang lamang mga haka-haka tungkol sa petsa ng pagbabalik ni Kristo.

Matapos ipakita na si Kristo ay magbabalik kapwa para sa buhay at patay, sinasabi ni Pablo ang kahalagahan ng pamumuhay ngayon sa pagiging handa para sa pagdating ni Kristo (4:1-12 at 5:1-24). Tinatawag ni Pablo ang kanyang mga mambabasa na mamuhay bilang "mga anak ng liwanag," hindi bilang mga anak ng kadiliman. Nagbibigay siya ng mga tagubilin upang ihanda tayo ngayon para sa pagbalik ni Kristo bukas:

---

[276] 1 Tes. 4:16-17.
[277] 1 Tes. 5:1-5, 9.
[278] *Ang Eschatology ay tumutukoy sa doktrina o pag-aaral tungkol sa mga huling araw.*

- Magpatuloy sa paglalakad nang maingat sa isang paraan na nakalulugod sa Diyos (4:1-2).
- Mabuhay ng malinis na buhay-sekswal (4:3-8).
- Magpatuloy upang madagdagan ang pag-ibig na pangkapatid (4:9-10).
- Ingatan ang sariling negosyo (4:11).
- Magtrabaho upang suportahan ang iyong sarili, pag-iwas sa kahihiyan sa mga mata ng mga hindi naniniwala (4:11-12).
- Maging mapagbantay at maging mahinahon (5:6-8).
- Hikayatin at patatagin ang isa't isa hinggil sa pagbabalik ng Panginoon (5:9-11).
- Igalang ang mga may pananagutan sa pangunguna sa iglesya (5:12-13).
- Panatilihin ang kapayapaan sa mga mananampalataya (5:13).
- Itama ang mga hindi nabubuhay nang tama: ang tamad, mahinang-loob, at mahihina (5:14).
- Gumawa ng mabuti, kapwa sa iba pang mga mananampalataya at sa mga tao sa buong mundo (5:15).
- Mabuhay na puno ng kagalakan (5:16).
- Mabuhay na patuloy na nananalangin(5:17).
- Mabuhay na puno ng pasasalamat (5:18).
- Huwag pawiin ang gawain ng Banal na Espiritu (5:19).
- Huwag tanggihan "kung ano ang sinasalita sa pangalan ng Panginoon."[279] Sa halip, subukin ang lahat ng pagtuturo at pagkatapos ay ingatanan ang mabuti. (5:20-21).
- Manatiling malayo sa lahat ng anyo ng kasamaan (5:22).

Si Pablo ay gumagawa nang higit pa kaysa magbigay lamang ng tagubilin; siya ay nananalangin para sa mga nagbalik-loob na ito, kung kanino niya nararamdaman ang isang malapit na relasyon. Dalawang panalangin sa 1 Tesalonica ang nauugnay sa kanyang pagnanais na mabuhay sila nang maingat sa liwanag ng pagdating ni Kristo. Sa 3: 11-13, ipinanlangin ni Pablo na ang mga mananampalatayang ito ay lalago sa pag-ibig at kabanalan bilang paghahanda sa pagdating ni Hesus.

Pagkatapos, sa 5: 23-24, ipinanalangin ni Pablo na ang Diyos na ipinakipagkasundo ang sarli sa mga mananampalatayang ito (ang "Diyos ng kapayapaan") ay "ganap na magpapabanal sa inyo" (o lubusan). Tiniyak nito na ang kanilang buong pagkatao ("espiritu

[279] 1 Tes. 5:20, *J.B. Phillips* paraphrase.

at kaluluwa at katawan") ay magiging handa para sa "pagdating ng ating Panginoong Hesu-Kristo". Sa pangwakas na pampapatibay-loob, tinitiyak ni Pablo sa kanyang mga mambabasa na ang pagpapakabanal ay nangyayari sa pamamagitan ng gawain ng Diyos, hindi sa pamamagitan ng kanilang sariling kapangyarihan. Ang tumatawag sa atin sa kabanalan ay siyang nagpapabanal sa atin.

## 2 Tesalonica: Mga Maling Pagkaunawa Tungkol sa Pagbabalik ni Kristo

### Nilalaman at Layunin

Di-nagtagal matapos ipadala ang 1 Tesalonica, nalaman ni Pablo ang mga karagdagang tanong tungkol sa Ikalawang Pagparito. Sa 2 Tesalonica, sinasagot ni Pablo ang mga tanong na ito at muling hinihikayat ang mga taga-Tesalonica sa katapatan sa paghahanda para sa pagbabalik ni Kristo. Ipinaliwanag pa ng 2 Tesalonica ang pagtuturo ni Pablo sa 1 Tesalonica. Nililinaw ni Pablo ang pagkalito tungkol sa pagbabalik ng Panginoon at maling pag-uugali sa mga mananampalataya.

| 1 Tesalonica: | 2 Tesalonica: |
|---|---|
| Magbabalik si Kristo | Hindi pa Bumabalik si Kristo |

### *Pag-unawa sa Araw ng Panginoon (2 Tesalonica 1-2)*

Sa 1 Tesalonica, itinuro ni Pablo na hindi natin kailangang mawalan ng pag-asa sa kamatayan ng mga mananampalataya; Si Kristo ay babalik kapwa para sa buhay at patay. Pagkatapos ng isang maikling pagbati at pagpapahayag ng pasasalamat sa kanilang lumalaking pananampalataya at pagmamahal, ang 2 Tesalonica ay nagbibigay ng karagdagang tagubilin tungkol sa pagbabalik ni Kristo. Isinulat ni Pablo na ang Ikalawang Pagparito ay hahantong sa isang oras ng paghuhukom at "walang hanggang pagkawasak". Gayunpaman, ang mga mananampalataya ay hindi dapat matakot ; ang araw ng paghatol ay magiging araw din na si Kristo ay "niluluwalhati sa kanyang mga banal."[280]

Sa 1 Tesalonica, tumugon si Pablo sa maling ideya na ang mga mananampalataya na namatay ay hindi nakaligtaan sa pagbabalik ng Panginoon. Sa 2 Tesalonica, tumugon siya sa maling ideya na ang Panginoon ay nagbalik na. Sa 1 Tesalonica, itinuturo ni Pablo na babalik si Kristo; sa 2 Tesalonica, itinuro ni Pablo na si Kristo ay hindi pa bumalik.

May isang nag-aangkin na ang Araw ng Panginoon ay dumating na. Subalit mali ito. Hindi alam ni Pablo ang pinagmulan ng ulat na ito: may isang nag-aangkin na mayroon siyang kaloob na propesiya ("isang espiritu"), isang ipinangaral na salita, o isang huwad na sulat na nag-aangking si Pablo ang may-akda.[281] Anuman ang pinagmulan, tinitiyak ni Pablo sa kanyang mga mambabasa na ang Araw ay hindi pa dumating. May dalawang kaganapan na dapat mangyari bago ang Araw ng Panginoon: isang "pagbagsak" at ang paghahayag ng

[280] 2 Tes. 1:9-10.
[281] 2 Tes. 2:2.

"tao ng kasalanan."[282] Ang mga pangyayaring ito ay hindi pa nagaganap. Tinitiyak ni Pablo sa kanila na ang pagbabalik ni Kristo ay sa hinaharap pa rin, at nagpahayag siya ng pagkagulat na nakalimutan nila ang kanyang naunang pagtuturo sa paksang ito.[283]

### *Pamumuhay Bilang Paghahanda para sa Araw ng Panginoon (2 Tes. 3)*

Tulad ng sa 1 Tesalonica, ang pangunahing pag-aalala ni Pablo sa 2 Tesalonica ay kung paano namumuhay ngayon ang mga Kristiyano sa liwanag ng pagbabalik ni Kristo sa hinaharap. Sa 1 Tesalonica, itinuro ni Pablo, `Yamang si Kristo ay darating, mamuhay kayo tulad nito...' Sa 2 Mga Taga Tesalonica, itinuro ni Pablo, `Yamang hindi pa naparito si Kristo, patuloy na mamuhay tulad nito....'

Habang naghihintay tayo para sa pagbabalik ni Kristo, dapat tayong:

- Tumayo ng matatag sa kung ano ang itinuro sa atin (2:15).
- Iwasan ang katamaran (3:6-12).
- Iwasan ang makialam sa gawain ng iba (3:11-12).[284]
- Manatiling mabuti sa iba (3:13).
- Magbigay ng payo sa mga ayaw tumalima sa mga tagubilin ni Pablo (3:14-15).

## 1 at 2 Mga Taga Tesalonica sa Iglesya Ngayon

May malaking interes ngayon sa paksa ng eskatolohiya at pagbabalik ni Hesus. Tinangka ng "mga guro ng Propesiya" na mahulaan ang oras ng pagbalik ng Panginoon. Ang mga libro sa "Mga kodigo ng Bibliya" ay nagtatangkang ilantad ang mga lihim na katotohanan sa Kasulatan. Ang mga manunulat na Kristiyano ay nag lathala ng mga sikat na nobela batay sa mga pangyayari kasunod ng pagbabalik ni Hesus.

Ang 1 at 2 Tesalonica ay nagpapakita ng higit na naiibang diin. Ipinakikita ng mga liham na ito na dapat tayong maging higit na nababahala tungkol sa matapat na pamumuhay hanggang sa pagbabalik ni Kristo kaysa sa pagbubunyag ng mga nakatagong detalye ng kanyang pagbabalik. Si Pablo ay hindi gumugugol ng panahon sa pagtalakay ng "mga oras at mga panahon". Sa halip, sinasabi niya, 'babalik si Kristo. Siguraduhing nabubuhay ka sa paraang nais

> Tinanong si John Wesley kung ano ang gagawin niya kung alam niyang darating ang Kanyang Panginoon sa susunod na araw. Sinabi niya, "Ngayong gabi ay pupunta ako sa aking kama at matutulog. Sa umaga, ako ay gigising at magpapatuloy sa aking trabaho, sapagkat nais kong makita Niya akong ginagawa kung ano ang itinalaga niya para sa akin."
>
> - Sinabi ni G.Campbell Morgan.

[282] 2 Tes. 2:3-4.
[283] 2 Tes. 2:5.
[284] 2 Tes. 3: 6-12 ay tumutukoy sa dalawang magkaugnay na problema. Ang mga hindi abala sa mga gawain ay abala sa pakikialam sa gawain ng ibang mga mananampalataya. Sinabi ni Pablo sa kanila na gawin ang kanilang gawain at huwag makialam sa gawain ng iba. Kung susundin nila ang unang tagubilin, wala silang panahon upang makagambala sa iba.

mong matagpuan kapag siya ay bumalik'. Ito ay dapat na modelo para sa ating pangangaral hinggil sa pagbabalik ng Panginoon.

## Konklusyon

Noong 1998, isang kulto sa Taiwan ang humula na babalik si Hesus noong Marso 31. Ang ilang mga Kristiyano ay nagbenta ng kanilang mga tahanan at umalis sa kanilang mga trabaho. Nagkita-kita sila sa isang bundok upang hintayin ang pagbabalik ni Kristo. Ang mga pahayagan sa Taiwan ay naglathala ng mga ulat tungkol sa pangkat na ito at naging popular ang kanilang katuruan. Nang hindi bumalik si Hesus sa inaasahang panahon, ang mga iglesiya ay kinutya ng kanilang mga kapitbahay na hindi naniniwala.

Hindi ito ang unang pagkakataon na ang huwad na hula sa pagbabalik ni Hesus ay nagdala ng kahihiyan sa iglesya. Sa America, isang libro na humula sa pagbabalik ni Hesus noong 1988 ay nakabenta ng halos 5 milyong mga kopya. Ang ilang relihiyosong istasyon ng radio at telebisyon ay nagpapahayag ng mga espesyal na tagubilin para sa paghahanda para sa Pagkataas-bigla o Rapture.

Kamakailan lamang, hinulaan ni Harold Camping ang Pagkataas-bigla noong 2011. Ang hula ay napatunayang mali. Muli, ang mga mananampalataya ay kinutya ng mga di-sumasampalataya dahil sa paniniwala sa hulang ito.

Ang mga tao ay Paulit-ulit na hinuhulaan ang Pagkataas-bigla at paulit-ulit na ang mga hula ay napatunayan na hindi totoo. Si Hesus mismo ay nagbabala laban sa pagsisikap na matukoy ang petsa ng kanyang pagbabalik.[285] Sa halip na hulaan ang petsa ng pagbabalik ni Hesus, dapat tayong abala sa paggawa ng gawain ng ating Guro. Tulad ng mga mananampalataya sa Tesalonica, dapat nating italaga ang ating sarili sa pamumuhay sa isang paraan na naghahanda sa atin para sa pagbabalik ni Hesus sa anumang sandali.

## Mga Takdang-Aralin ng Aralin

Ipakita ang iyong pag-unawa sa araling ito sa mga sumusunod na takdang-aralin:

(1) Pumili ng **isa** sa mga sumusunod na takdang-aralin:

- Matapos basahin ang 1 at 2 Tesalonica, isulat ang isang pahina na sanaysay sa "Pamumuhay Ngayon sa Liwanag ng Pagbabalik ni Kristo". Ito ay dapat isang praktikal na sanaysay na nagpapakita kung paano nakakaapekto ang pagbabalik ni Kristo sa ating buhay ngayon .
- Maghanda ng isang sermon o aralin sa Bibliya sa Ikalawang Pagdating batay sa 1 at 2 Tesalonica. Ito ay maaaring isang manuskrito na 5-6 na pahina o isang nakarekord na sermon o aralin sa Bibliya.

[285] Mateo 24:36.

(2) Kumuha ng pagsusulit batay sa materyal mula sa araling ito. Kabilang sa pagsusulit ang Banal na Kasulatan na nakatakdang isaulo.

### Mga Tanong sa Pagsusulit sa Aralin 8

(1) Ilarawan ang mga kalagayan na kung saan ang iglesya ay nasimulan sa Tesalonica.

(2) Ilista ang tatlong paraan kung saan hinihikayat ni Pablo ang iglesya sa Tesalonica sa harap ng pagsalungat.

(3) Ano ang sinabi ni Pablo sa mga taga-Tesalonica tungkol sa mga oras at panahon ng pagbabalik ni Kristo?

(4) Si Pablo ay nagbibigay sa mga Kristiyanong ito ng tiyak na paghimok tungkol sa pagpapakabanal. Ano ang sinabi niya sa kanila?

(5) Kung ang isang pangunahing mensahe ng 1 Tesalonica ay "Babalik si Kristo", ano ang pangunahing mensahe ng 2 Tesalonica?

(6) Kung susundin natin ang halimbawa ni Pablo, ano ang magiging pangunahing diin natin kapag nangangaral tungkol sa Ikalawang Pagparito?

(7) Isulat ang 1 Tesalonica 4:23-24 mula sa memorya.

# Aralin 9
# Timoteo at Tito: Mga Liham sa Mga Pastor

## Mga Layunin ng Aralin

Kapag natapos ang araling ito, ang mag-aaral ay dapat:
(1) Nalalaman ang tinatayang petsa at pangkasaysayang Pinangyarihan ng mga Liham sa mga Pastor.
(2) Balangkasin ang mga pangunahing tema at layunin ng Mga Liham sa mga Pastor.
(3) Paunlarin ang mga Biblikal na kwalipikasyon para sa mga lider ng Iglesya.
(4) Makalikha ng mas mataas na paggalang sa mga responsibilidad ng pastor sa mga tungkulin tulad ng pagtuturo ng doktrina, organisasyon ng iglesya, at espirituwal na pamumuno.
(5) Mahamon sa isang buhay ng katapatan sa pagkatawag ng Diyos.
(6) Ibigay ang buod ng mga praktikal na prinsipyo para sa Kristiyanong ministeryo mula sa Mga Sulat sa Pastor.
(7) Iugnay ang mensahe ng mga aklat na ito sa mga pangangailangan ng mundo ngayon.

## Paghahanda para sa Araling Ito

► Ilista ang ilang mga usaping may kinalaman sa isang batang pastor. Pagkatapos, hanapin kung alin sa iyong mgausapin ang hinarap sa 1 Timoteo at Tito.

*Basahin 1 at 2 Timoteo at Tito.*
*Isaulo ang 2 Timoteo 4:7-8 at Tito 2:11-14.*

## Panimula

Ang Tito at 1 at 2 Timoteo ay kilala bilang ang Mga Sulat ng Isang Pastor o Pastoral Epistles, o Liham sa mga Pastor. Isinulat ang mga ito ni Pablo para sa mga kabataang lalaki na kanyang sinanay. Sila ngayon ay mga pastor na nangunguna sa mga iglesya. Sumulat si Pablo upang matugunan ang mga problema na lumitaw sa kanilang mga iglesya.

Kaiba sa mga liham sa mga iglesya, ang mga ito ay personal na mga liham. Ang mga ito ay mga liham mula sa isang respetadong guro sa mga mag-aaral na nahaharap sa mga hamon sa kanilang unang pagkatalaga. Dahil sa background na ito, ang mga aklat na ito ay mahahalagang mapagkukunan para sa mga bagong pastor na humahanap ng Biblikal na payo sa pangunguna sa iglesya.

## Ang May-akda at Petsa ng Mga Sulat sa Pastor

Ang 1 Timoteo at Tito ay isinulat ni Pablo, malamang na sa pagitan ng A.D. 64 at 65. Ang 2 Timoteo ang huling sulat ni Pablo, na isinulat sa panahon bago ang kanyang pagkamatay noong A.D. 66 o 67.

Sa kursong ito, nagbigay kami ng kaunting pansin lamang sa mga argumento tungkol sa may-akda ng mga aklat ng Bagong Tipan. Bilang mga ebangheliko, tinatanggap namin ang patotoo ng Bagong Tipan tungkol sa pag-akda. Gayunpaman, dahil ang pagkakasunud-sunud ng mga Sulat sa Pastor ay kadalasang pinagtatalunan, kapakipakinabang na matugunan ang mga argumento tungkol sa pagka-may-akda ni Pablo.

Sa mga argumento na ginamit upang pabulaanan na si Pablo ang may-akda ng Tito at 1 at 2 Timoteo ay kasama sa mga sumusunod:

- *Timeline*. Ang mga aklat na ito ay hindi angkop sa kronolohiya ng Gawa.
- *Estilo*. Ang estilo ng pagsulat ng mga aklat na ito ay naiiba kaysa sa iba pang mga liham ni Pablo.
- *Nilalaman.* Ang ilan sa nilalaman ng mga liham na ito ay nagpapakita ng iba't ibang diin kaysa sa iba pang mga liham ni Pablo. Halimbawa, sa Mga Sulat sa Pastor, inilalagay ni Pablo ang isang malaking diin sa istraktura ng iglesya at mga opisyal ng iglesya. Ang kanyang iba pang mga liham ay walang pagbibigay-diin na tulad nito.

Bagaman walang espasyo upang lubos na matugunan ang bagay na ito, ang isang maikling tugon sa bawat isa sa mga ito ay nagpapakita na mayroon tayong sapat na dahilan upang tanggapin si Pablo bilang may-akda ng mga liham na ito.

- *Timeline*. Ang Mga Sulat sa Pastor ay hindi nagmula sa panahon na sakop sa Mga Gawa. Itinala ng tradisyon ng sinaunang iglesiya na si Pablo ay inilabas mula sa bilangguan malapit sa A.D. 62. Pagkatapos ay naglakbay siya sa ikaapat na misyong paglalakbay kung saan siya bumisita sa Crete,[286] Efeso,[287] Macedonia,[288] at Nicopolis,[289] at maaaring bumisita sa Espanya. Ang Mga Sulat sa Pastor ay mula sa ikaapat na paglalakbay.
- *Estilo*. Ang argumento sa estilo ng pagsusulat ay napapasailalim o subjective. Ang isang personal na liham sa malapit na katrabaho ay magpapakita ng ibang istilo ng pagsulat kaysa sa mga liham sa mga iglesya.

---

[286] Tito. 1:5.
[287] 1 Tim. 1:3.
[288] Filipos 2:23-24; 1 Tim. 1:3.
[289] Tito 3:12.

- *Nilalaman*. Ang argumento na ito ay katulad ng argumento mula sa estilo ng pagsulat; ang mga liham sa kanyang mga kasamahan sa trabaho ay magkakaroon ng iba't ibang mga diin kaysa sa mga liham sa mga iglesya.
    - Maging ang Mga Gawa at mga naunang mga liham ni Pablo ay tumutukoy sa mga opisyal ng iglesya tulad ng mga matatanda, mga Obispo, at mga diakono.[290] Sinulatan ni Pablo sina Tito at Timoteo upang gabayan sila habang pinamunuan at inaayos nila ang mga batang iglesya; natural lang na naglalagay siya ng espesyal na diin sa mga kwalipikasyon para sa mga pinuno ng iglesya.
    - Sinuportahan din ng mga personal na sanggunian sa mga aklat na ito si Pablo bilang may-akda. Ang parehong 2 Timoteo at Tito ay nagtatapos sa tiyak na mga pahayag na nauugnay kay Pablo. Nagsusulat siya tungkol sa mga katrabaho tulad nina Demas, Cresente, at Lucas. Nagpaplano siya para sa isang pagsasama-sama kasama ni Tito sa hinaharap. Naaalaala niya si Juan Markos, na noong kasama niya ay nagkaroon sila ng salungatan sa mga naunang taon. Nagsusulat siya tungkol sa kanyang nalalapit na kamatayan. Ang mga sulat na ito ay malinaw na isinulat ni Pablo sa kanyang malalapit na mga kasama.

Ang pinakamahalagang katibayan para sa pagiging may-akda ni Pablo ay ang patotoo mismo sa Kasulatan. Ang bawat sulat ay nasisimula sa pagtukoy kay Pablo bilang may-akda.[291] Para sa mga ebanghelikal na tumatanggap ng inspirasyon at kawalan ng kamalian ng Kasulatan, ito mismo ay sapat na katibayan. Mula sa pinakamaagang mga araw tinanggap ng iglesya ang mga liham na ito bilang inspirasyon ng Diyos sa pamamagitan ni Apostol Pablo.

## 1 Timoteo

### Layunin

Sa kanyang paglalakbay kasunod ng pagpapalaya mula sa bilangguan, iniwan ni Pablo si Timoteo bilang pastor ng iglesia sa Efeso habang nagpatuloy si Pablo sa Macedonia.[292] Ang batang iglesiya na ito ay nagsimula ng lima hanggang walong taon noon sa pamamagitan ni Pablo. Isinulat ni Pablo ang liham na ito upang magbigay ng mga tagubilin tungkol sa mga bulaang guro, upang hikayatin ang kabataang si Timoteo sa kanyang katungkulan bilang pastor, at upang magbigay ng tiyak na tagubilin tungkol sa mga bagay patungkol sa patakaran ng iglesya at ang pagtatalaga ng mga opisyal ng iglesya.

[290] Gawa 14:21-23 and Fil. 1:1.
[291] 1 Tim. 1:1; 2 Tim. 1:1; Tit. 1:1.
[292] 1 Tim. 1:3.

**Nilalaman**

***Bulaang Guro sa Iglesya***

Ang unang layunin ni Pablo sa liham na ito ay upang tulungan si Timoteo na makitungo sa mga bulaang guro na nanggugulo sa iglesiya sa Efeso. Sa halip na harapin ang mga detalye ng pagtuturong ito, binabalaan ni Pablo ang mga epekto ng pagtuturo. Ang huwad na pagtuturo ay nagresulta sa mga tanong at diskusyon ng mga argumento.[293] Gustong makita ang mga guro na ito bilang mga guro, ngunit hindi nila nauunawaan ang mga bagay na itinuturo nila.[294] Sa halip na "walang kabuluhan na pananalita" (walang laman na argumento at ispekulasyon), nais ng Diyos na ang kanyang iglesiya na pagtibayin nila ang isa't isa ("makalangit na paglilingkod") sa pag-ibig na nagmumula sa isang dalisay na puso, mabuting budhi, at tapat na pananampalataya.[295]

Lumilitaw na bahagi ng mensahe ng mga huwad na guro ay may kaugnayan sa maling paggamit ng batas. Pinatunayan ni Pablo ang kahalagahan ng batas "kung gagamitin ito ng isang tao nang maayos" at ipinapakita ang mga kasalanan na bunga ng pagsuway sa mga alituntuning itinuturo sa batas.[296] Habang nagpapakita ang mga Taga Galacia na ang mga Kristiyano ay inaaring-ganap sa pamamagitan ng biyaya, hindi batas; ipinakikita ng Timoteo na ang batas ay may mahalagang papel sa babala laban sa pag-uugali na hindi nagbibigay-lugod sa Diyos.

Si Pablo ay nagbibigay ng tatlong tugon sa mga huwad na guro:

- *Paghihikayat kay Timoteo.* Si Pablo ay nagbibigay ng sarili niyang patotoo bilang isang taong naging kaaway ni Kristo ngunit nakatanggap ng awa. Dahil dito, maaaring makapaglunsad si Timoteo ng "mabuting pakikidigma" nang may tiwala sa kapangyarihan ni Kristo na baguhin ang buhay.[297]

- *Isang diin sa Tunay na Pagtuturo.* Tumugon si Pablo sa huwad na doktrina sa pamamagitan ng totoong doktrina. Sa 1 Timoteo 4, itinakda ni Pablo ang tamang doktrina bilang panlinis sa lason ng maling doktrina.

- *Babala laban sa Maling Pagganyak.* Sa bandang huli ng sulat, tinitingnan ni Pablo ang pagganyak ng mga huwad na guro. Sa 1 Timoteo 6, nagbababala si Pablo na ang kanilang pagtuturo ay nagmumula sa kapalaluan, masamang isip, at kasakiman. Ang sagot dito ay kaligayahan sa kung ano ang mayroon tayo. Ang pag-ibig sa pera ay naging dahilan upang ang ilan ay magkamali mula sa pananampalataya. Sa halip,

[293] 1 Tim. 1:4,6.
[294] 1 Tim. 1:7.
[295] 1 Tim. 1:5.
[296] 1 Tim. 1:8-10.
[297] 1 Tim. 1:12-20.

dapat sundin ng mga tunay na Kristiyano pagkatapos ng "katuwiran, kabanalan, at pananampalataya, pagmamahal, pagtitiis, at kaamuan"[298]

### *Tagubilin para sa Iglesya*

► Ano ang mga kwalipikasyon para sa mga lider sa iyong kongregasyon? Gumawa ng listahan at ihambing ang iyong listahan sa 1 Timoteo 3 at Tito 1.

Ang karamihan sa 1 Timoteo ay binubuo ng payo ni Pablo kay Timoteo. Nagbibigay si Pablo ng gabay sa kabataang si Timoteo sa mga isyu tulad ng:

*Panglahatang panalangin at pampublikong pagsamba (1 Tim. 2)*

Ang mga isyu ng pagsamba at pag-uugali sa pampublikong pagsamba ay mahalaga para sa isang batang pastor tulad ni Timoteo.

*Mga kwalipikasyon para sa mga pinuno ng iglesya (1 Tim. 3)*

Mayroong dalawang mga tanggapan sa unang iglesya. Ang mga obispo (o 'tagapangasiwa') ay nagtuturo at nangangaral; responsibilidad nila na pangalagaan ang kawan at bantayan ang mga miyembro mula sa espirituwal na pinsala.[299] Ang mga diyakono ay may espirituwal na mga responsibilidad, ngunit particular na responsible para sa mga lugar ng pisikal na paglilingkod.[300] Ang mga kwalipikasyon ni Pablo para sa parehong mga opisina ay higit na nakatutok sa katangian kaysa sa mga tungkulin. Ang pangunahing pag-aalala ni Pablo ay: ang mga pinuno ng iglesiya ay dapat may katangian na sila'y nagiging karapat-dapat upang manguna sa iglesiya ng Diyos. .

*Ang mga pangangailangan ng mga espesyal na grupo sa loob ng iglesya (1 Tim. 5:1-6:2)*

Ang isa pang usapin para sa isang batang pastor ay kung paano haharapin ang mga pangangailangan ng iba't ibang grupo sa iglesya. Si Pablo ay nagbibigay ng tagubilin para sa pagtulong sa mga balo, mga matanda ng iglesya, at maging mga alipin.

### *Konklusyon*

Tinapos ni Pablo ang kanyang liham kay Timoteo na may hamon sa katapatan sa "mabuting paglaban ng pananampalataya" at isang paalaala na hindi siya dapat matakot sa "mga walang kabuluhang usapan" at maling "kaalaman."[301] Si Timoteo ay pinagkatiwalaan ng ebanghelyo. Iyon ay dapat na kanyang pangunahing pag-aalala at dapat itong maging pangunahing pag-aalala ng bawat pastor na sumusunod sa mga yapak ni Timoteo.

---

[298] 1 Tim. 6:11-12.
[299] Gawa 20:28-31.
[300] Ang salitang Griyego para sa deacon, diakonos, ay nangangahulugang "lingkod."
[301] 1 Tim. 6:12-21.

## Tito

### Pangkasaysayang Pinangyarihan

Si Tito ay isang Hentil na Kristiyano, maaaring nagbalik-loob sa ilalim ng ministeryo ni Pablo.[302] Kasama niya si Pablo sa Konseho ng Jerusalem at kinakatawan si Pablo sa Corinto sa panahon ng pakikibaka ni Pablo sa magulong iglesya. Sa panahon ng liham na ito, si Tito ay naglilingkod sa bulubunduking isla ng Creta. Kasunod ng pagdalaw ni Pablo sa Creta, Si Tito ay naiwan upang mangasiwa sa mga iglesya sa mga lunsod na may maraming mga baliham, hiniling ni Pablo kay Tito na sumama sa kanya sa Nicopolis.[303] Mula sa 2 Timoteo 4:10, lumilitaw na si Tito ay naipadala mula sa Nicopolis hanggang sa kalapit na bayan ng Dalmatia. Sa panahong ito, si Pablo ay naaresto at ipinadala sa Roma kung saan siya ay namatay bilang isang martir.

### Layunin

Tulad ng 1 Timoteo, isinulat ang Tito upang gabayan ang isang batang pastor sa pagtatayo ng lokal na iglesya. Hinarap ni Pablo ang mga bulaang guro, pamumuno ng iglesya, at pag-uugali ng Kristiyano. Ang isang sentral na tema ng liham ay ang kahalagahan ng pamumuhay ng Kristiyano bilang pagpapakita ng pananampalatayang nakapagliligtas.

### Nilalaman

#### *Ang Panganib ng Mga Maling Guro*

Ang maling pagtuturo ay isang nananatiling panganib sa unang iglesiya. Tumugon si Pablo sa tatlong paraan:

- Nanawagan siya para sa mahusay na pamumuno sa iglesya (Tit. 1:5-9).
- Nangatwiran siya na ang pamumuhay ng mga huwad na guro ay nagpapatunay sa pagkakamali ng kanilang mensahe (Tit. 1:10-16 at 3:9-11).
- Nagbibigay siya ng larawan ng tamang pamumuhay (Tito 2: 1-3:9). Tulad ng dati, ang diskarte ni Pablo ay upang bigyan ng diin ang katotohanan, hindi lamang sa pag-atake sa mga mali.

#### *Ang Kahalagahan ng Mabuting Mga Gawa*

Ang mga maling guro ay kilala sa masamang pamumuhay na bunga ng kanilang pagtuturo. Ang mga sumusunod sa mga huwad na guro sa Creta ay kasuklam-suklam, masuwayin, at di-katanggap-tangap.[304] Sa parehong paraan, ang tunay na pagtuturo ay dapat na kilala para sa pamumuhay na nakahihikayat nito. Pagkatapos ng babala laban sa maling pagtuturo, inilalaan ni Pablo ang marami sa kanyang liham sa larawan ng tunay na

---

[302] Gal. 2:1-4 at Tito. 1:4.
[303] Tito. 3:12.
[304] Tito 1:16.

pamumuhay ng Kristiyano. Sinabi ni Pablo na ang tamang doktrina ay hahantong sa tamang pag-uugali.

Hinahamon ni Pablo si Tito na "ituro kung ano ang naaayon sa tamang doktrina."[305] Kung ang mga miyembro ng iglesya ng Creta ay mabubuhay ayon sa nararapat, ang kanilang buhay ay tutugma sa doktrinang itinuro ni Pablo at ni Tito. Nagbibigay si Pablo ng mga tiyak na tagubilin para sa matatandang lalaki, may edad na babae, batang babae, kabataang lalaki, at mga tagapaglingkod. Ipinaalaala ni Pablo kay Tito na ang isang pinuno ay dapat magbigay ng isang modelo ng parehong mabuting gawa at ng tamang doktrina.

Ang maingat na pamumuhay ay isang mahalagang patotoo sa katotohanan ng ebanghelyo. Nagbibigay si Pablo ng dalawang motibo para sa mabubuting gawa:

- *Isang negatibong pag-uudyok*: "upang ang salita ng Diyos ay hindi malapastangan."[306]
- *Isang positibong pagganyak*: upang "mapaganda ng doktrina ng Diyos na ating Tagapagligtas sa lahat ng bagay."[307]

Dapat ipakita ng ating pamumuhay ang modelo ni Hesus "na nagbigay ng kanyang sarili para sa atin upang tubusin tayo mula sa lahat ng kawalan ng batas at upang dalisayin para sa kanyang sarili ang isang bayan para maging kanyang sariling pag-aari na masigasig sa mabubuting gawa."[308] Ang mga hindi naniniwala ay naaakit sa ebanghelyo sa pamamagitan ng buhay ng maka-diyos na mga tao.

Ang pagtuturo ni Pablo sa aklat ng Tito ay isang mahalagang kasama sa kanyang pagtuturo sa Galacia. Sa Galacia, nagbababala si Pablo laban sa mga naniniwala na ang mabubuting gawa ay magbibigay sa kanila ng katwiran. Sa Tito, nagbababala si Pablo laban sa mga nagtuturo na ang pagpapawalang-sala ay hindi nagbubunga ng mabubuting gawa.

Kapag tayo ay tunay na pinawawalang-sala dahil sa biyaya sa pamamagitan ng pananampalataya, mabubuhay tayo ng isang buhay na nagbago. Ipinaliwanag ni Pablo kay Tito na gaya ng sa Galacia na tayo ay naligtas "hindi dahil sa mga gawa ng katuwiran na ating ginawa, kundi ayon sa kanyang awa.."[309] Bagaman hindi tayo naliligtas sa pamamagitan ng ating mabubuting gawa, ang kaligtasan ay nagbabago sa

> "*'Ang biyaya ng Diyos…ay lumitaw sa lahat ng tao.'* Kasing laya ng sinag ng araw sa mga tao, kaya ang espirituwal na Araw ang lumitaw sa lahat. Sa parehong kaso, tanging ang mga sinasadyang isinara ang kanilang mga mata ay pinagkaitan ng magandang grasya."
>
> - Mula kay Adam Clarke
>
> *Komento sa Unang Testamento*

[305] Tito 2:1, *English Standard Version.*
[306] Tito 2:5.
[307] Tito 2:10.
[308] Tito 2:14, *English Standard Version.*
[309] Tito 3:5.

bawat aspeto ng ating buhay. Bago tayo napawalang-sala, tayo ay "hangal, masuwayin, nalinlang, nagsisipaglingkod sa iba't ibang pita at kasiyahan..."[310] Ngayon na tayo ay naging bago, kailangan nating "maging maingat upang mapanatili ang mabubuting gawa."[311]

Nagtatapos si Pablo sa personal na mga tagubilin. Ipinadala niya si Artemio o si Tiquico upang palitan si Tito sa Creta. Kapag dumating ang kapalit na ito, isasama ni Tito si Zenas at si Apolos. At sila'y sasama kay Pablo sa Nicopolis.

## 2 Timoteo

### Layunin

Ang 2 Timoteo, ang huling sulat ni Pablo, ay isinulat noong A.D. 65-67 habang hinihintay niya ang kanyang kamatayan. Inabandona siya ng ilang mga kasamahan, at ang iba ay nasa kanilang takdang gawain; kaya siya ay nag-iisa. Sinulatan niya si Timoteo upang humingi ng tulong. Si Pablo ay nilalamig, kaya hiniling niya kay Timoteo na magdala ng balabal. Kailangan niya ng mga katulong; kaya hiniling niya kay Timoteo na isama si Juan Marcos. Nais niyang ipagpatuloy ang kanyang gawain hanggang sa wakas; kaya ipinadadala niya ang kanyang mga libro, "lalo na ang mga pergamino."[312]

| Ang Dalawang Pagkabilanggo ni Pablo | |
|---|---|
| **Unang Pagkabilanggo** | **Ikalawang Pagkabilanggo** |
| Inakusahan ng mga Hudyo | Naaresto ng Roma. |
| May kalayaan si Pablong tumanggap ng mga bisita. | Si Pablo ay nag-iisa. |
| Sa isang paupahang bahay. | Sa isang malamig na selda ng bilangguan. |
| Nagtapos sa paglaya ni Pablo. | Nagtapos sa pagpatay kay Pablo. |

### Nilalaman

#### *Katapatan*

Sa pagtatapos ng kanyang buhay, nililingon ni Pablo ang isang buhay na nabuhay sa tapat na pagsunod sa tawag ng Diyos. Inaasam din niya ang mga tulad ni Timoteo, na magpapatuloy sa ministeryo sa hinaharap. Ang katapatan ay isang mahalagang pag-aalala para kay Pablo sa puntong ito sa kanyang buhay. Hinahamon niya si Timoteo na magpatuloy na tapat sa ministeryo.

[310] Tito 3:3.
[311] Tito 3:8.
[312] 2 Tim. 4:9-13.

Bilang mga halimbawa ng kawalang-katapatan, itinuturo ni Pablo ang ilan sa lalawigan ng Asya na pinabayaan siya, partikular na sina Figelo at Hermogenes.[313] Si Pablo ay nagdusa ng kabiguan sa mga kasamahan sa trabaho na bumagsak sa tabi ng daan. Nang maglaon, binanggit niya si Demas, isa pang dating katrabaho na nag-abandona sa kanya.[314] Ang katapatan sa Diyos ay hindi tumitiyak ng isang buhay na walang kabiguan. Marahil higit pa sa mga pisikal na pagdurusa ng pagkawasak ng barko, pagbugbog, at pagkabilanggo, higit pa sa mga kabigatan sa pag-iisip, ng pagharap sa mga problema sa mga iglesya tulad ng Galacia at Corinto, si Pablo ay nagdusa mula sa emosyonal na hirap ng loob dala ng pag-abandona sa kanya sa kritikal na oras na ito.

Sa kabutihang palad, nagagalak si Pablo sa mga halimbawa ng katapatan. Naaalala niya si Onesiphorus, isang halimbawa ng paglilingkod sa Efeso at sa Roma.[315] Itinuturo niya ang mga katrabaho tulad ng Crescens, Tito, at Tychicus na matapat na naglilingkod.[316] Sa isang kahanga-hangang pagpapakita ng biyaya ng Diyos, hiniling ni Pablo na samahan ni Marcos si Timoteo sa Roma. Si Juan Marcos ay ang huminto sa kalahatian ng Gawain sa panahon ng unang paglalakbay ni Pablo bilang misyonero at siyang naging sanhi ng paghihiwalay nina Pablo at Bernabe.[317] Pagkalipas ng labinlimang taon, ipinakita ni Marcos ang kanyang pagiging maaasahan; Humihingi si Pablo ng tulong kay Marcos "sapagkat siya ay kapaki-pakinabang sa akin para sa ministeryo."[318]

Ang mga ito ay higit sa personal na mga pagbabalik-tanaw; nais ni Pablo na pukawin ang katapatan ni Timoteo. Sa isang serye ng mga paghahambing, ipinakita ni Pablo kung ano ang ibig sabihin ng maging tapat.

- Ang isang kawal ay tapat sa nagtatalaga sa kanya (2 Tim. 2:3-4).
- Ang isang atleta ay nakikipagkumpitensya ayon sa mga patakaran (2 Tim. 2:5).
- Ang isang magsasaka ay nagpapakita na ang katapatan ay magreresulta sa mga gantimpala sa hinaharap (2 Tim. 2:6).

### *Mga Huwad na Guro*

Ang banta ng huwad na pagtuturo ay patuloy na isang tunay na alalahanin para kay Pablo. Hinahamon niya si Timoteo na manatiling tapat at tumanggi na mabagabag ng "mga hangal at mga tanon ng walang pinag-aralan". Ang mga ito ay nagmumula sa "mga masasamang tao at mga manloloko" na "nanlilinlang, at nalilinlang."[319] Sa halip, dapat magpatuloy si Timoteo "sa mga bagay na natutuhan mo at nakatiyak ka…."[320] Dapat niyang "ipangaral

[313] 2 Tim. 1:15.
[314] 2 Tim. 4:10.
[315] 2 Timoteo 1:16-18.
[316] 2 Timoteo 4:10-12.
[317] Mga Gawa 15:36-39.
[318] 2 Timoteo 4:11.
[319] 2 Timoteo 2:23, 3:13-14.
[320] 2 Timoteo . 3:14.

ang Salita"; dapat niyang "pabulaanan, sawayin, at payuhan", dapat niyang "bantayan ang lahat ng bagay, magtiis ng mga paghihirap, gawin ang gawain ng isang ebanghelista"; sa madaling sabi, kailangan niyang "ganap na patunayan ang kaniyang ministeryo."[321] Dito, tulad ng sa 1 Timoteo at Tito, ang sagot sa huwad na pagtuturo ay katapatan sa katotohanan.

### *Pamamaalam*

Ang 2 Timoteo ay pamamaalam ni Pablo sa buhay at ministeryo sa lupa. Gayunpaman, may pananalig si Pablo sa hinaharap; Inaasam niya ang gantimpala para sa katapatan.

Ilang taon bago ito, nagpatotoo si Pablo, "Ngunit hindi ko isinasaalang-alang ang aking buhay ng anumang halaga o mahalaga sa aking sarili, kung maaari kong tapusin ang aking takbuhin at ang ministeryo na aking natanggap mula sa Panginoong Hesus, upang magpatotoo sa ebanghelyo ng biyaya ng Diyos."[322] Ngayon, habang nakaharap sa kamatayan, nagpatotoo siya, "Nakipaglaban ako sa isang mahusay na paglaban, natapos ko ang aking takbuhin, iningatan ko ang pananampalataya: Mula ngayon ay inilaan para sa akin ang isang korona ng katuwiran, na ibibigay ng matuwid na hukom, Ang Panginoon, sa akin sa araw na iyon: at hindi lamang sa akin, kundi sa lahat ng mga umiibig sa kanyang pagdating."[323]

## Ang Mga Liham sa mga Pastor sa Iglesiya Ngayon

Itinuturo ng Mga Sulat sa Pastor ang **kahalagahan ng tamang doktrina**. Ang pinaka-epektibong sagot sa maling pagtuturo ay katotohanan. Sa mga liham na ito, si Pablo ay nagbibigay ng higit na pansin sa tamang doktrina kaysa sa maling pagtuturo. Sa katulad na paraan, ang aming pinaka-epektibong tugon sa maling doktrina ngayon ay ang ebanghelyo "na minsan ay ibinigay sa mga banal."[324]

Sa isang kapanahunan kung kalian ang kabiguang moral at hindi makatotohanang pagtuturo ay nagwasak ng ilang mga pinuno ng iglesya, ang mga Liham sa Pastor ay mahalaga para sa pagtuturo ng **mga kwalipikasyon para sa mga pinuno ng iglesya**. Walang sinumang iglesya ang maaaring balewalain ang mga pamantayang ito. Ang matalinong mga iglesiya ay pipili ng mga lider na nakatuon sa mga katangiang kinikilala ni Pablo sa 1 Timoteo at Tito.

Itinuro ni Tito ang **kahalagahan ng mabubuting gawa bilang isang pagpapakita ng ebanghelyo**. Paminsan-minsan ang buhay ng mga nag-aangking Kristiyano ay nakakapinsala sa patotoo ng iglesiya. Dapat gawing kaaakit-akit ng mga mananampalataya

[321] 2 Tim. 4:2,5.
[322] Mga Gawa 20:24, *English Standard Version*.
[323] 2 Timoteo 4:7-8.
[324] Judas 1:3.

ang ebanghelyo sa mga hindi mananampalataya. Ang tamang doktrina ay dapat magresulta sa tamang pag-uugali.

Ang panghuling mga salita ni Pablo ay nagbibigay ng **panawagan sa panghabang-buhay na katapatan**. Mga mag-aaral, habang kayo'y nagpapatuloy sa ministeryo, makararanas kayo ng buhay na maraming hamon. Tulad ni Pablo, maaari kang iniwan ng mga katrabaho. Tulad ni Timoteo at Tito, maaari mong makaharap ang mga bulaang guro. At, tulad ng mga mananampalataya sa lahat ng edad, haharapin mo ang tukso at pagsalungat. Ipinaalala sa iyo ng pangwakas na mga salita ni Pablo na sulit at mas mahalaga ang premyong kakamtin kaysa sa mga paghihirap na daranasin. Huwag kang sumuko; naghihintay ang isang korona para sa iyo.

## Konklusyon

Si William Borden ay ipinanganak sa isang mayamang pamilya noong 1887. Si Borden ay dumalo sa Yale University upang maghanda para maging isang negosyante ngunit tinawag siya ng Diyos upang maging misyonero sa mga Muslim ng Hilagang Tsina. Sa kanyang pagpunta sa Tsina, habang nag-aaral ng Arabic sa Egipto, si Borden ay nagkasakit ng meningitis at namatay sa edad na 25. Hindi niya nakita ang Tsina.

Pagkamatay niya, ibinigay ang Bibliya niya sa kaniyang mga magulang. Sa Bibliya natagpuan nila ang isang tala mula sa petsa kung saan sinabi niya ang oo sa pagtawag ng Diyos sa Tsina. Isinulat ni Borden ang mga salitang, "Walang Reserba". Itinalaga niya nang lubos ang kanyang buhay sa pagsunod sa tawag ng Diyos. Nang salungatin ng kanyang pamilya ang kanyang pagkatawag at pinilit si William na sumali sa negosyo ng pamilya, isinulat niya ang "Walang Atrasan." Itinalaga ni Borden ang kanyang sarili sa pagpapatuloy sa takbuhin nang walang atrasan. Ilanga raw lamang bago siya mamatay, nagdagdag siya ng huling note "Walang Pagsisisi". Maaaring harapin ni Borden ang kinabukasan na tiwala na siya ay namuhay sa pagsunod sa pagkatawag ng Diyos.

Naunawaan ni William Borden ang huling patotoo ni Pablo. Para sa taong nagbibigay sa sarili ng walang reserba at sumusunod sa Diyos nang walang pag-urong, mayroong isang korona ng katuwiran. Sa araw na iyon, sasabihin natin kay Pablo at kay William Borden, "Wala akong mga pinagsisisihan". Iyan ay isang karapat-dapat na layunin para sa bawat mananampalataya.

## Mga Takdang-Aralin ng Aralin

Ipakita ang iyong pag-unawa sa araling ito sa mga sumusunod na takdang-aralin:

(1) Gawin kapwa ang mga sumusunod na takdang-aralin:

- Maghanda ng isang listahan ng mga kwalipikasyon para sa mga pinuno ng iglesya sa inyo kinalalagyan. Dapat mong ilapat ang mga pamantayan ng Bibliya sa 1 Timoteo at Tito sa kalagayang pangkultura na iyong pinaglilingkuran.

- Matapos basahin ang 2 Timoteo, isulat ang isang pahina na "liham ng pamamaalam". Kung ikaw ay nakaharap sa kamatayan, anong patotoo ang iyong iiwan? Ang atas na ito ay maaaring makatulong sa iyo upang suriin ang iyong kasalukuyang buhay at ministeryo at upang hubugin ang iyong ministeryo sa hinaharap habang higit mong nalalaman ang pamana mo sa mga sumusunod sa iyo.

(2) Kumuha ng pagsususlit batay sa materyal ng araling ito.Kabilang sa pagsusulit ang mga Kasulatan na itinalaga upang isaulo.

**Mga Tanong sa Pagsusulit sa Aralin 9**

(1) Ano ang pinaka-tinitiyak na petsa para sa mga Liham sa Pastor?

(2) Tukuyin ang isang paraan kung saan ipinakikita ng nilalaman ng 2 Timoteo at Tito si Pablo bilang may-akda.

(3) Ano ang layunin ni Pablo sa pagsulat ng 1 Timoteo?

(4) Paano nagpapatibay kay Timoteo ang patotoo ni Pablo kapag nakaharap sa mga huwad na guro?

(5) Ilista at tukuyin ang dalawang mga tungkulin sa unang iglesya.

(6) Ano ang relasyon ni Tito kay Pablo?

(7) Ano ang layunin ni Pablo sa pagsulat ng Liham kay Tito?

(8) Ano ang dalawang motibasyon para sa mabuting gawa na ibinigay ni Pablo kay Tito?

(9) Paano tumutugma ang karanasan ni Juan Marko sa mensahe ni Pablo tungkol sa katapatan sa 2 Timoteo?

(10) Ilista ang apat na paraan kung paano ang mga Liham sa Pastor ay nagsasalita sa iglesia ngayon.

(11) Isulat ang 2 Timoteo 4:7-8 at Tito 2:11-14 mula sa memorya.

# Aralin 10
# Hebreo at Santiago
# Pangkalahatang mga Liham – Unang Bahagi

## Mga Layunin ng Aralin

Kapag natapos ang aralin, ang mag-aaral ay dapat:
(1) Nalalaman ang tinatayang petsa at pangkasaysayang Pinangyarihan ng Hebreo at Santiago.
(2) Gumawa ng balangkas ng mga pangunahing tema at layunin ng Hebreo at Santiago.
(3) Sundin ang mga babala ng Bibliya laban sa pagtalikod sa Diyos.
(4) Pahalagahan ang ating mga pribilehiyo at tungkulin sa ilalim ng bagong kasunduan.
(5) Unawain ang relasyon sa pagitan ng pananampalataya at mga gawa sa buhay Kristiyano.
(6) Isabuhay ang mga praktikal na prinsipyo para sa buhay Kristiyano mula sa Hebreo at Santiago.
(7) Iugnay ang mensahe ng mga aklat na ito sa mga pangangailangan ng kasalukuyang mundo.

## Paghahanda para sa Araling Ito

*Basahin ang Hebreo at Santiago.*
*Isaulo ang Hebreo 4:14-16 at Santiago 2:17-18.*

## Panimula

Ang mga aklat ng Bagong Tipan mula sa Aklat ng Hebreo hanggang sa Judas ay tinatawag na Pangkalahatang mga Liham.[325]Hindi tulad ng karamihan sa mga sulat ni Pablo, ang mga sulat na ito ay walang tiyak na tagapakinig na pinag-uukulan o kaya'y sa isang taong hindi natin gaanong kilala at kaunti lamang ang ating nalalaman tungkol sa kanya.

Ang mga sulat na ito ay mula sa isang mahabang liham "sa mga Hebreo" hanggang sa isang maikling liham mula kay Apostol Juan para kay Gayo. Ang mga Pangkalahatang mga Liham ay tumatalakay sa iba't-ibang usapin, subali't magkakatulad sa lahat ng mga aklat ang pagbibigay-diin sa praktikal na pamumuhay Kristiyano. Ang mga aklat na ito ay nagtuturo sa atin kung paano mamumuhay bilang mga Kristiyano sa isang hindi-Kristiyanong mundo. Ang mga Kristiyano ng unang siglo ay humarap sa mga hamon na katulad ng mga hamon na kinakaharap natin sa ngayon: maling doktrina, pagtukso, at pagsalungat mula sa mga

[325] Ang mga sulat na ito kung minsan ay tinatawag na "mga katolikong Liham" Sa kontekstong ito ang "katoliko" ay isang salitang pangkalahatan; hindi ito tumutukoy sa Iglesya Katolika Romana. Ito rin ang parehong paggamit sa Credo ng mga Apostol: "Sumasampalataya kami sa banal na iglesya katolika, sa kasamahan ng mga banal…."

di-mananampalataya. Ang bawat isa sa mga usaping ito ay hinarap sa mga sulat na ito. Bagaman ang mga sulat na ito ay maiiksi lamang ang sukat, ang mga ito ay mahalaga sa mga mananampalataya na humaharap sa mga paghamon sa ating pananampalataya.

## Ang Liham sa Mga Hebreo: Isang Mas Mabuting Paraan

### Ang Sumulat

Hindi tinukoy ng aklat ng Hebreo kung sino ang sumulat. Madalas na iniisip na si Pablo ang siyang sumulat.

Mga pangangatwiran na sumusuporta na si Pablo ang sumulat:

1. Ang pagbibigay-diin ng Hebreo sa katauhan at gawain ni Kristo ay karaniwan sa mga sulat ni Pablo.
2. Ang sumulat ay may kaugnayan kay Timoteo.[326]
3. Ang pagbabasbas sa huling kabanata ay katulad ng kay Pablo.[327]

Kabilang sa mga katwirang sumasalungat na si Pablo ang siyang sumulat ay ang ilang pagkakaiba sa istilo sa pagitan ng Hebreo at ng iba pang mga sulat:

1. Hindi ginamit sa Hebreo ang phrase na "Kristo Hesus", isang parirala o phrase na ginamit nang higit sa limampung beses sa mga sulat ni Pablo.
2. Kaiba sa ibang sulat ni Pablo, ang Hebreo ay hindi nagsisimula sa isang pagbati at hindi rin nagtatapos sa isang pamamaalam.

Sa kabuuan ng kasaysayan ng iglesya, may ilang bilang ng ibang manunulat na ang naimungkahi. Karamihan sa mga iminumungkahing mga sumulat ay may kaugnayan kay Pablo, tulad nina Bernabe, Lucas at Apollos. Ito marahil ang dahilan ng pagkakatulad sa istilo ni Pablo. Sa pangwakas, ang sumulat ay hindi pa rin natukoy.

### Layunin

Pinagsasama ng aklat ng Hebreo ang mga elemento ng isang liham (mga personal na pagbati sa dulo) at mga katangian ng isang sermon (eksposisyon ng mga teksto sa Lumang Tipan). Tinutukoy ng sumulat ang kanyang sulat bilang isang "salita ng exhortation,"[328] isang salitang ginamit sa Mga Gawa 13:15 upang ilarawan ang isang sermon. Ang pinakamabuting paglalarawan sa Hebreo ay "Liham na Nangangaral", isang sermon sa anyo ng isang liham.

Ang unang mga tumanggap ng sulat na ito ay mga Kristiyanong Hudyo na natuksong tumalikod sa pananampalataya kay Kristo at bumalik sa kanilang dating mga kinagawian.

---

[326] Heb. 13:23.
[327] Heb. 13:18-25.
[328] Heb. 13:22.

Ang kanilang pinagmulan na Hudyo ay nakita sa kanilang kaalaman sa mga sakripisyo at ritwal ng Lumang Tipan.

Napagtiisan ng mga Kristiyanong ito ang pag-uusig nang may katapatan, subalit nasa panganib na maging "mahina ang loob at nanlulupaypay."[329] Ang sumulat ng Hebreo ay sumulat upang bigyang-babala ang mga mananampalatayang ito laban sa apostasy at upang hikayatin sila sa katapatan. Paulitit-ulit, ipinaalala niya sa kanila na ang katauhan at gawain ni Hesus ay superior sa sistema ng mga saserdote at sakripisyo sa Lumang Tipan.

### Petsa

Tinatayang isinulat ang liham sa Hebreo bago A.D. 70. Tinutukoy ng liham ang sistemang pangsakripisyo bilang isang pangkasalukuyang katotohanan.[330] Iminumungkahi nito na ang sulat ay isinulat bago ang pagkawasak ng templo dahil sa mga Romano taong A.D. 70.

### Ang Lumang Tipan sa Hebreo

► Ano ang kaugnayan sa pagitan ng Lumang Tipan at ng Bagong Tipan?

Bago tingnan ang nilalaman ng Hebreo, mahalaga na tumugon sa isang karaniwang maling pagkaunawa tungkol sa aklat. Maraming mambabasa ang nagbigay kahulugan sa Hebreo bilang isang pag-atake sa Lumang Tipan. Dahil ang Hebreo ay nagtuturo na ang bagong tipan ay isang "mas mabuting" tipan, may mga nag-isip na ang lumang tipan ay nabigo sa layunin nito.

Gayunman, nagpapakita ang Hebreo ng malaking respeto sa Lumang Tipan.

- Ang mga "bayani" sa Hebreo 11 ay mga tauhan sa Lumang Tipan.
- Ang mga araling itinuturo ng Hebreo ay batay sa mga teksto mula sa Lumang Tipan.[331] Halimbawa, ang Hebreo 1 ay may labing-apat na talata. Sa mga ito, siyam ay direktang sinipi sa Lumang Tipan, kabilang dito ang Awit 2; 2 Sam. 7:14; Deut. 32:43; Awit 104:4; Awit 45:6, 7; Isaias 61:1,3; Awit 102:25-27; at Awit. 110:1.

Hindi itinuturo ng Hebreo na napilitan ang Diyos na baguhin ang kanyang plano dahil sa kabiguan ng Lumang Tipan. Sa halip, ang kaligtasan sa pamamagitan ng pananampalataya kay Kristo ay "itinakda na bago pa man ang pundasyon ng daigdig."[332] Maging sa Lumang Tipan, ang kaligtasan ay ipinagkaloob ng Diyos dahil sa biyaya sa pamamagitan ng pananampalataya, hindi sa pamamagitan ng panlabas na ritwal. Ito ay nakikita sa Hebreo 11, kung saan "sa pamamagitan ng pananampalataya" ang bawat isa sa mga bayaning ito ng Lumang Tipan ay nagbigay-lugod sa Diyos.

---

[329] Heb. 10:32-34; 12:3.
[330] Heb. 8:3-5; 9:7-8; 10:1-3.
[331] Makikinabang ka sa pagbabasa ng Hebreo sa isang study Bible na nagpapakita sa kasulatan sa Lumang Tipan na binabanggit sa Hebreo.
[332] 1 Pedro 1:20.

Mayroong malinaw na pagpapatuloy sa pagitan ng Lumang Tipan at Bagong Tipan. Si Kristo ang katuparan ng mga pangako at batas ng Lumang Tipan. Ang suliranin sa Lumang Tipan ay ang kabiguan ng Israel, hindi kabiguan ng layunin ng Diyos. Nabigong tuparin ng Israel ang tipan mula sa puso.[333] Binago niya ang isang sistemang pangsakripisyo batay sa pananampalataya at naging mga ritwal na walang kabuluhan. Ang mga propeta ng Lumang Tipan at si Hesus ay kapwa kinondena ang korapsiyon ng Israel sa layunin ng Diyos.

Mula sa pundasyon ng mundo, itinuturo ng Lumang Tipan ang pagdating ni Kristo. Ang Lumang Tipan ay hindi itinakdang maging kumpleto sa kanyang sarili lamang; itinuturo nita ang isang katuparan sa hinaharap. Ang katuparang ito ay nakita sa katauhan at gawain ni Kristo Hesus. Ang bagong tipan ay "mas mabuti" dahil ito ay tutupad sa mga pangako ng hindi kumpletong Lumang Tipan.

### Ang Nilalaman

Ang aklat ng Hebreo ay naglalaman ng dalawang magkaagapay na tema. Ang isang tema (Ang Mas Mabuting Daan) ay naghahambing ng mga pribilehiyo ng buhay kay Kristo sa mas mahinang pribilehiyo na makukuha sa ilalim ng Lumang Tipan.

Ang ikalawang tema (Mag-ingat) ay nakikita sa isang serye ng limang "babala" para sa mga natutuksong iwanan ang pananampalataya at bumalik sa kanilang lumang buhay. Sa bawat seksiyon ng babala, ibinibigay ng Hebreo ang babala at pagkatapos nagbibigay ng pagpapalakas loob sa mambabasa.

#### *Mas Mabuting Paraan*

Sa isang serye ng paghahambing, ipinapakita ng Hebreo na:

- Si Kristo ay masnakatataas kaysa sa mga propeta ng Lumang Tipan (1:1-3).
- Si Kristo ay mas nakatataas kaysa sa mga anghel, dahil siya ay Anak ng Diyos (1:4-14).
- Si Kristo ay mas nakatataas kaysa sa mga anghel, dahil siya ang Anak ng Tao. Ang mundo ay nasa ilalim ng kanyang pamamahala (2:4-18).
- Si Kristo ay may nakatataas kaysa kay Moises, ang matapat na lingkod ng Diyos at lider ng Israel (3:1-6)
- Si Kristo ay mas nakatataas kaysa kay Aaron at sa mataas na pagiging saserdote (4:14-7:28).
- Nagkaloob si Kristo ng nakatataas na tipan (8:1-13).
- Si Kristo ay gumawa ng nakatataas na sakripisyo (9:1-18).

[333] Heb. 8:8.

Nagpapakita ang Hebreo ng serye ng pagkakasalungatan sa pagitan ng mabubuting pangako ng Lumang Tipan at ng mas mabuting katuparan na nasa atin sa pamamagitan ni Kristo. Para sa mga Kristiyanong Hudyo upang bumalik sa lumang pangako ay isang kahangalan! Matapos matikman ang katuparan at makibahagi "sa Banal na Espiritu", "muling ipapako" ng mga Kristiyanong Hebreo "ang Anak ng Diyos" kung sila'y muling babalik sa kanilang lumang mga nakagawian.[334]

### *Mag-ingat*

► Ano ang apostasy? Posible ba sa isang tunay na nagbalik-loob na umalis at talikuran ang pananampalatya?

Kasabay ng mga testimonya para sa mas mabuting paraan na ipinagkaloob sa pamamagitan ni Kristo, ang Hebreo ay nagbibigay ng mga babala para sa mga natutuksong talikuran ang pananampalataya. Ang dumadaming pribilehiyo ay nagbibigay din ng dumadaming responsibilidad. Kaugnay sa tungkuling ito ang Hebreo ay nagbibigay ng seryosong babala sa mga mananampalataya na nakatikim ng mabubuting bagay ng bagong tipan at natutuksong bumalik sa dating ugali.

Ang bawat babala ay may kasamang paghikayat sa katapatan. Habang itinuturo ng Hebreo na maaaring mangyari ang pagtalikod, hindi nito ipinahihiwatig na ang pagtalikod ay hindi maiiwasan! Ang plano ng Diyos para sa bawat mananampalataya ay isang buhay ng katapatan. Ipinapakita ng Hebreo na ang isang matagumpay na buhay ay maaaring makamit ng bawat Kristiyano.

*Babala #1 - Hebreo 2:1-18*[335]

- Tayo ay binigyang babala tungkol sa unti-unting paglayo mula sa mensahe na ating narinig. (2:1)
- Ang babala ay seryoso dahil sa mga dakilang pribilehiyo na ating natanggap (2:2-3).
- Lumalakas ang ating loob dahil sa halimbawa ni Hesus, na tinukso at nagbibigay ng lakas sa lahat nang natutukso (2:18).

*Babala #2 - Hebreo 3:12-4:16*

- Tayo ay binigyang babala na huwag "maging matigas dahil sa panlilinlang ng kasalanan" (3:12-13).
- Seryoso ang babala dahil posibleng "lumisan mula sa buhay na Diyos." Nakikibahagi tayo kay Kristo "kung tayo'y kumakapit…nang mahigpit hanggang sa wakas" (3:12-14).

---

[334] Heb. 6:4-6.

[335] Ang balangkas na ito ay hinango sa *Encountering the New Testament* ni Walter Elwell and Robert Yarbrough; Baker Academic, 2005.

- Lumalakas ang ating loob dahil sa pangako na si Hesus ang ating punong saserdote, kung paanong tayo'y makakatagpo ng "biyayang tulong sa panahon ng pangangailangan" (4:14-16).

*Babala #3 - Hebreo 5:11-6:12*

- Tayo ay binigyang babala laban sa pagbabalik sa mga "gawaing patay" (5:11-6:6)
- Seryoso ang babala dahil imposibleng baligtarin ang pagtalikod sa Diyos (6:4-6).
- Lumalakas ang ating loob na malaman na ang lahat ng matapat ay "magmamana ng mga ipinangako" (6:9-12).

*Babala #4 - Hebreo 10:26-39*

- Tayo ay binigyang babala na "kung sinasadya natin ang pagkakasala pagkatapos tanggapin ang kaalaman tungkol sa katotohanan", mayroong paghuhukom (10:26-27).
- Seryoso ang babala dahil sa mga prebilehiyo ng bagong tipan. Kung ang mga nagwalang bahala sa batas ni Moses ay matinding huhukumin, "mas higit na malala" ang kaparusahang dapat nating tanggapin kung tinapak-tapakan na natin ang Anak ng Diyos." Ang babalang ito ay hindi dapat ipagwalang-bahala, dahil "ito ay isang nakakatakot na bagay kung mahulog sa kamay ng buhay na Diyos" (10:28-31).
- Lumalakas ang ating loob dahil tayo'y "naniniwala sa pagliligtas ng kaluluwa." Posibleng tumalikod, subali't possible ring magtiyaga. Mayroon tayong tiwala sa kapangyarihan ng Diyos na mahigpit na hawakan ang mananampalataya. Ang posiblilidad ng pagiging matapat ay nakikita sa "Tanghalan ng Katanyagan sa Pananampalataya" ng Hebreo 11 (10:32-39).

*Babala #5- Hebreo 12:25-29*

- Tayo ay binigyang-babala na hindi natin dapat tanggihan ang mensahe na tinanggap natin (12:25).
- Seryoso ang babala dahil sa mga pribilehiyo ng bagong tipan (12:25-27).
- Lumalakas ang ating loob dahil "maaari tayong maglingkod sa Diyos nang katanggap-tanggap" dahil sa kanyang biyaya (12:28-29).

## Pagtalikod o Apostasy

### Ano ang Pagtalikod o apostasy?

Ang Apostasy ay binigyang kahulugan bilang "isang sinasadyang pagtanggi at pagtalikod sa pananampalatayang ipinahayag na ng isang tao."[336] Ang kahulugang ito ay nagbibigay-diin sa tatlong elemento ng pagtalikod o apostasy:

1. *Ito ay sinasadya*. Ang mga pag-aalinlangan tungkol sa doktrina, di-katiyakan sa kaligtasan ng isang tao, o maging ang pagkahulog sa tukso ay hindi nangangahulugan ng apostasy. Ang apostasy ay ang sinasadyang pagtanggi sa pananampalatayang Kristiyano.

2. *Ito ay "pagtanggi at pagtalikod sa pananampalataya".* Ito ay higit pa sa kasalanan; ito ay pagtanggi sa katotohanan ng pananampalatayang Kristiyano. Sa Hebreo, ito ay ang pagtanggi sa nakatutubos na gawain ni Hesus at pagbalik sa mga ritwal noong hindi pa siya Kristiyano.[337] *Dinagdagan* ng mga Judaizers ng mga kailangan pang gawin ang nakatutubos na gawa ni Kristo; ang mga tumalikod ay lubusang *tinanggihan* ang nakatutubos na gawa ni Kristo.

3. *Ito ay pagtanggi sa pananampalatayang "dati na niyang ipinahayag".* Ang apostasy ay naiiba sa di-paniniwala ng isang tao na hindi pa kahit kailan nakilala si Kristo. Ito ay ang pagtanggi sa pananampalataya ng isang taong sa nakaraan ay "nakaranas na sa mabuting salita ng Diyos at sa mga kapangyarihan ng mundong darating."[338]

### Ano ang pagkakaiba ng pagtalikod o apostasy at panunumbalik sa dati o backsliding?

Ang apostasy sa Hebreo ay ang mas permanente at mulat ang isip na pagtanggi sa pananampalataya kaysa sa backsliding. Ipinagkaila ni Pedro si Hesus, pagkatapos ay nagsisi sa kanyang kasalanan. Nagkulang ang tapang ni Pedro; subali't hindi niya tinanggihan ang pananampalatayang Kristiyano. Ang kanyang pagbalik sa dating gawi/backsliding ay resulta ng kanyang takot, hindi sa pagtanggi kay Kristo.

Ang isang backslider na nahulog sa tukso ay maaaring tanggapin ang katotohanan ng pananampalatayang Kristiyano. Sa kabilang dako, ang apostasy ay may kalakip na pagkakaila at pagtanggi sa katotohanan ng pananampalatayang Kristiyano.

Ang ilan sa mga babala ng Hebreo ay kaugnay sa panunumbalik sa dati at kawalang-ingat. Gayunman, ang lubusang pagtanggi sa pananampalatayang Kristiyano ang tila siyang ideya sa likod ng Hebreo 6:4-6. Kapag ang isang tumalikod ay tumanggi sa nakapagliligtas na kamatayan ni Hesus, pinuputol niya ang landas patungo sa pagpapanumbalik. Ang isang

---

336 L.G. Whitlock, "Apostasy" in *Evangelical Dictionary of Theology* (ed. By Walter Elwell). Baker Books, 1984.
337 Heb. 6:6.
338 Heb. 6:5.

tao na nagsisisi sa kanyanyang panunumbalik sa dati backslider, sa kabilang dako, ay maaaring ibalik sa pamamagitan ng nakapagliligtas na kamatayan ni Kristo.

**Posible ba para sa isang tunay na Kristiyano ang makagawa ng apostasy?**

May ilang ebangheliko na nangangatwiran na posible para sa isang tunay na Kristiyano na makagawa ng apostasy. Gayunman ang mga posibleng babala ng Hebreo ay nagkakaroon lamang ng kahulugan tanging kung ang sumulat ay humaharap sa isang tunay na panganib. Ang Hebreo 6:4-6 ay may malakas na pagpapahiwatig na ang permanente at lubusang pagtalikod sa pananampalataya ay maaari ngang mangyari.

## Ang Hebreo sa Iglesya Ngayon

Nagbababala ang Hebreo laban sa tunay na **panganib ng pagtalikod sa pananampalataya**. Ang isang pangkaraniwang tema sa Pangkalahatang mga Liham ay ang mga banta sa iglesya. Madalas ang babala ay laban sa mga maling paniniwala na bumabaluktot sa doktrinang Kristiyano. Sa Hebreo, ang babala ay laban sa lubusang pagtalikod sa pananampalatayang Kristiyano. Ang panganib ay kasing totoo ngayon tulad noong unang siglo.

Oo, itinuturo ng Hebreo, possible na iwan ang pananampalataya. Subali't higit na mas mahalaga kaysa rito, itinuturo ng Hebreo ang **posibilidad ng pagiging tapat**. Nasa atin ang benepisyo ng pagiging tagapamagitan ni Kristo para sa atin. Sa mahigpit na pagkapit sa ating ipinapahayag na pananampalataya, sa paghikayat sa isa't-isa sa pag-ibig at mabubuting gawa, at sa pagpapalakas ng loob ng isa't-isa sa pamamagitan ng pagtitipon-tipon para sa sama-samang pagsamba, tayo ay maaaring maging matapat.[339] Ang sukdulang punto ng Hebreo ay ang Kabanata 11 sa testimonya nito tungkol sa mga matatapat sa pananampalataya at ngayon ay nagbibigay ng ulap ng mga saksi sa lahat ng "tumatakbo nang may pagtitiyaga sa takbuhin na nakatakda sa ating harapan."[340]

[339] Heb. 10:23-25.
[340] Heb. 12:1.

"Tayo'y mga manlalakbay
Sa makipot na daan
At sila na nauna na sa atin ay nakapila sa daan
Pinapalakpakan ang matapat, pinalalakas ang loob ng nanghihina
Ang kanilang buhay ay nakaaantig na patotoo sa nagpapatuloy na biyaya ng Diyos.

Naliligid ng napakakapal ng ulap ng mga saksi
Takbuhin natin ang karera hindi lamang para sa premyo
Kundi tulad ng mga nauna na sa atin
Iwan natin sa kanila na nasa ating likuran
Ang pamana ng katapatan na ipinasa sa pamamagitan ng mga maka-Diyos na buhay.

Nawa'y matagpuan tayong matapat ng lahat ng sumusunod sa atin
Nawa'y maging liwanag sa kanilang landas ang apoy ng ating debosyon
Nawa'y ang mga marka ng tapak na ating iiwan
sila upang sumampalataya
At ang buhay na ating ipinamumuhay ay makahikayat sa kanila upang sumunod.
Nawa'y matagpuan ng lahat ng sumusunod sa atin na tayo'y matapat."

- Awit ni Jon Mohr

## Santiago: Pananampalatayang Gumagana

### Ang Sumulat at Petsa

Ang sumulat ng liham na ito ay "si Santiago, isang lingkod ng Diyos at ng Panginoong Hesu-Kristo."[341] Si Santiago, ang kapatid sa ina ni Hesus, ay isang mapagduda sa panahon na nabubuhay si Hesus subalit nakumbinsi siya ng muling pagkabuhay(ni Hesus).[342] Namatay siya na isang martir para sa pananampalataya noong A.D. 62.

Ang sulat na ito ay marahil isinulat sa bandang simula ng taong 40's. Dahil si Santiago ay tagapanguna sa Konseho ng Jerusalem na nagtalo tungkol sa usapin ng pananampalataya at mga gawa, malamang na binanggit na ni Santiago ang tungkol sa Konseho kung ang liham ay isinulat pagkatapos ng A.D. 49.[343]

### Tagapakinig at Layunin

Sumulat si Santiago sa "labindalawang tribo na nangalat sa ibang lugar."[344] Ang salitang ito (*diaspora*) ay unang tumukoy sa pangangalat ng mga Hudyo kasunod ng pagbagsak ng Jerusalem noong 586 B.C. Ginamit ni Santiago ang salita upang tumukoy sa mga Kristiyanong Hudyo na naninirahan sa labas ng Jerusalem. Ang malimit na pagtukoy ni Santiago sa Lumang Tipan ay nagpapakita na ang kanyang mga tagapakinig ay ang pinag-

---

[341] Santiago 1:1.
[342] Mateo. 13:55; Juan 7:3-5; 1 Cor. 15:7.
[343] Mga Gawa 15.
[344] Santiago 1:1.

uusig na Hudyong Kristiyano. Humarap sila sa mga tukso ng di-pagkakasundo at sa isang makamundong paraan ng pamumuhay. Sumulat si Santiago upang ipaalala sa mga mananampalataya na ang kanilang pananampalataya ay dapat makita sa kanilang mga gawa. Dapat isabuhay ng mga mananampalataya ang kanilang pananampalataya.

## Nilalaman

### *Si Santiago at ang Lumang Tipan*

Tulad ng propetang si Amos, ipinakikita ni Santiago na ang ating pananampalatayang ipinahahayag ay dapat makaapekto sa ating pang-araw-araw na buhay. Kapwa binigyang diin nina Amos at Santiago na ang tunay na relihiyon ay makikita sa ating pagtrato sa iba. Sa 108 na mga talata, nagbibigay si Santiago ng mahigit sa limampung kautusan. Ito ay isang praktikal na sulat.

► Basahin ang Santiago 5:1-5 at Amos 4:1-2 at 5:21-24. Ano ang pagkakatulad ng mga talata?

Tulad ng *Kawikaan*, si Santiago ay gumagamit ng maiikling mga kasabihan na nagbubuod ng mahahalagang katotohanan. Maraming mga paksa sa Santiago ang katulad sa mga tema sa Aklat ng mga Kawikaan: ang dila, kayamanan, galit, at karunungan.

Tulad ng *Batas ng Lumang Tipan*, ang Santiago ay nagpapakita kung paanong ang isang banal na tao ay nagsisilbing salamin ng katauhan ng isang banal na Diyos. Ang "Kodigo ng Kabanalan" sa Levitico 19 ay nagpapakita kung paano ang isang banal na bayan ay mamumuhay nang may pagsunod sa isang banal na Diyos. Tulad nito, ipinapakita ng Santiago kung paano mamumuhay ang mga mananampalataya ng Bagong Tipan ng ayon sa pagsunod sa Diyos. Kapwa sila nagpapakita na ang paniniwalang ating ipinapahayag ay dapat makita sa buhay na ating ipinamumuhay.

| Ang Kodigo ng Kabanalan at si Santiago | |
|---|---|
| **Levitico 19** | **Santiago** |
| **19:13** "huwag ipagpaliban ang pagbabayad sa inyong pinapagtrabaho." | **5:4** "sumisigaw laban sa inyo ang upa na hindi ninyo ibinigay sa mga gumapas sa inyong bukirin." |
| **19:15** "huwag kayong hahatol nang walang katarungan upang pagbigyan ang mahirap o suyuin ang mayaman." | **2:9** "Ngunit kung hindi pare-pareho ang pagtingin ninyo sa tao, kayo'y nagkakasala" |
| **19: 18** "Huwag kang maghihiganti, o magtatanim ng hinanakit laban sa iyong kasamahan." | **5:9** "Huwag kayong maghinanakitan, mga kapatid." |
| **19:18b** "Ibigin moang iyong kapwa gaya ng iyong sarili." | **2:8** "Ibigin mo ang iyong kapwa gaya ng iyong sarili." |

### *Pananampalataya at Mga Gawa*

Tinawag ni Martin Luther ang Santiago bilang "Liham ng Dayami" dahil sa pagbibigay-diin nito sa mga gawa. Naniniwala siya na ang sulat ay sumalungat sa katuruan ni Pablo tungkol sa pagpapawalang-sala sa pananampalataya lamang. Sa panlabas, tila may salungatan sa pagitan ng Santiago 2:24 ("sa pamamagitan ng gawa ang isang tao ay pinawawalang-sala, at hindi sa pananampalataya lamang") at Roma 3:28 ("Samakatuwid, sinasabi naming ang isang tao ay pinawawalang-sala sa pamamagitan ng pananampalataya nang wala ang mga gawa ng kautusan"). Gayunman, ang mga pangungusap na ito ay iniuukol sa dalawang magkaibang mga tagapakinig na nahaharap sa magkaibang pagsubok. Sa ganitong konteksto, ang di-pagkakasundo sa pagitan ng dalawang talata ay nalulutas.

Tinutukoy ni Pablo ang mga taong nagsisikap na makamit ang kaligtasan sa pamamagitan ng mga gawa (pagsunod sa Batas). Itinugon ni Pablo na ang kaligtasan ay nakakamit dahil sa biyaya ng Diyos at natatanggap sa pamamagitan ng pananampalataya.

Tinutukoy ng Santiago ang mga taong tumitingin sa pananampalataya bilang isa lamang pangkaisipang pagsang-ayon sa katotohanan ng ebanghelyo. Hindi nababago ang kanilang mga buhay, dahil ang kanilang pananampalataya ay hindi tunay na pananampalataya. Ipinipilit ni Santiago na ang tunay na pananampalataya ay bumabago ng buhay. Hindi tinatanong ni Santiago ang pagiging sentro ng pananampalataya, subali't ipinakikita niya na ang tunay na pananampalataya ay nakikita sa mga kilos. Ipinakikita ni Santiago na ang pananampalataya ni Abraham at ni Rahab ay nakita sa kanilang mga kilos.[345]

[345] Santiago 2:14-26.

Hindi sinasalungat ng mensahe ni Santiago ang mensahe ni Pablo; ito ay isang mahalagang katuwang sa mensahe ni Pablo ng pagpapawalang-sala sa pamamagitan ng biyaya sa pamamagitan ng pananampalataya. Ipinapakita ni Pablo na tayo ay pinawalang-sala (ginawang matuwid) sa Diyos sa pamamagitan ng pananampalataya lamang. Ipinapakita ni Santiago na ang pagiging matuwid na ito (pagpapawalang-sala sa harap ng ibang tao) ay nakikita sa ating mga gawa.

### *Pananampalatayang Gumagawa*

Dahil ang ating pananampalataya ay ipinakikita sa pamamagitan ng ating mga kilos, sinasagot ni Santiago ang mga tanong tungkol sa pagsasabuhay ng Kristiyano. Ito ay pananampalatayang kumikilos:

- Pagiging matatag sa mga pagsubok at tukso (1:2-18)
- Pakikinig *at pagsasagawa* ng Salita (1:19-27)
- Hindi pantay na pagtingin (2:1-13)
- Ang Dila (3:1-13)
- Pag-ayon sa Mundo (3:14-4:4)
- Pagmamataas (4:5-11)
- Tukso para sa Mayayaman (4:13-5:6)
- Pagtitiis sa Paghihirap (5:7-11)
- Pagharap sa mga nahuhulog sa kasalanan (5:19-20)

> **Pananamplatayaang Gumagawa**
>
> "Ang problema ng mga problema ay ang maisabuhay ang pagigigng Kristiyano."
>
> - naiugnay kay John Wesley

Sa mga paalalang ito, ipinapakita ni Santiago na ang tunay na pananampalataya ay babago sa paraan ng ating pamumuhay. Ang pananampalataya ay higit pa sa pagsang-ayon sa katotohanan; ang pananampalataya ay bumabago sa ating buong pagkatao.

### Ang Sulat ni Santiago sa Iglesya Ngayon

Bagaman ang sulat ni Santiago ay iniukol sa mga inuusig na Hudyong Kristiyano sa unang siglo, ang pagbibigay-diin nito sa praktikal na pagiging Kristiyano ay malakas na nangungusap sa modernong mundo. Ang mga praktikal na pagtuturo tungkol sa dila, kayamanan, galit at mga pag-uugnayan sa iglesya ay hindi kailanman nawawala sa panahon. Ang Santiago ay isang kapaki-pakinabang na aklat para sa bawat henerasyon.

Ang *Antinomianismo* ay tumutukoy sa maling katuruan na ang mga Kristiyano ay pinalaya na mula sa pagsunod sa ethical o moral na batas. Ang doktrinang ito ay nagpapahiwatig na ang mga mananampalataya na pinawalang-sala sa biyaya sa pamamagitan ng pananampalataya ay malaya sa lahat ng pagpipigil. Sa bawat henerasyon, ang iglesya ay tinutukso ng paghatak ng antinomianism. Ang Santiago ay nananatiling isang makapangyarihang paalala na ang buhay ng Kristiyano ay magiging kapansin-pansing naiiba sa buhay ng isang hindi mananampalataya. Sa pamamagitan ng ating mga gawa, makikita ng mundo ang pagbabago na resulta ng nakapagliligtas na pananampalataya kay Kristo.

## Konklusyon

Ang Hebreo at ang Sulat ni Santiago ay kapwa tumutukoy kay Abraham bilang isang modelo ng pananampalatayang isinasabuhay. Inilista ng Hebreo 11 si Abraham bilang isa sa mga bayani ng pananampalataya; ang Santiago 2 ay nagpapakita na sa pamamagitan ng kanyang mga ginawa kaya't nakikita natin ang pananampalataya ni Abraham.

Nakita ang pananampalataya ni Abraham sa kanyang pagsunod sa pagtawag ng Diyos; "Sa pananampalataya sumunod si Abraham nang siya'y tawagin upang magtungo sa isang lugar na kanyang tatanggapin bilang mana. At siya'y humayo, nang hindi nalalaman kung saan siya patungo."[346] Ang pananampalataya ay higit pa sa pagsasabi, "Naniniwala ako sa mga pangako ng Diyos"; sinasabi ng pananampalataya, "Pupunta ako kung saan mo ako inaakay."

Muling nakita ang pananampalataya ni Abraham sa kanyang pagsunod sa pagtawag ng Diyos na ialay si Isaac bilang sakripisyo.[347] Muli, ang pananampalataya ay higit pa sa pagsasabing, "Naniniwala ako sa Diyos." Sinasabi ng pananampalataya, "Susunod ako sa iyong utos, kahit pa hindi ko iyon naiintindihan." Ito ay tunay na pananampalataya.

Sumulat si Santiago sa mga taong nag-aangkin na sila'y may pananampalataya, subali't ang buhay ay hindi nababago ng pananampalatayang ito. Tinutukoy ni Santiago si Abraham bilang isang halimbawa kung ano ang nangyayari bilang resulta ng tunay na pananampalataya. Nakikita ang pananampalataya ni Abraham sa kanyang pagsunod sa utos ng Diyos upang ialay si Isaac sa altar. Nagwakas si Santiago sa pagsasabing, "Nakikita natin ang kanyang pananampalatayang kumikilos kalakip ng kanyang mga gawa, at ang kanyang pananampalataya ay nalulubos sa pamamagitan ng kanyang mga gawa."[348]

Ang halimbawa ni Abraham ay nagpapakita ng wastong pag-uugnayan sa pagitan ng pananampalataya at ng mga gawa. Kung tayo'y tunay na naniniwala (pananampalataya), ito ang babago sa paraan ng ating pamumuhay (mga gawa). Ang pagpapahayag ng pananampalataya nang walang pagbabago sa paraan ng ating pamumuhay ay patay; ang pagtatangka na baguhin ang paraan ng ating pamumuhay nang hiwalay sa tunay na pananampalataya ay walang halaga.Ang Roma, Galacia, Hebreo at Santiago ay lahat nagkakaisa: ang tunay na pananampalataya ay magreresulta sa isang nagbagong buhay.

## Mga Takdang-Aralin ng Aralin

Ipakita ang inyong pagkaunawa sa araling ito sa mga sumusunod na takdang-aralin:

(1) Maghanda ng isang sermon o aralin sa Bibliya sa **isa** sa mga sumusunod na paksa. Maaari mo itong isulat bilang isang 5-6 na pahinang manuskrito o magrekord ng sermon o ng aralin sa Bibliya para sa isang iglesya o maliit na grupo.

---

346 Heb. 11:8, *English Standard Version.*
347 Heb. 11:17-19; Gen. 22.
348 Santiago 2:22, *English Standard Version.*

- "Mga Halimbawa ng Pananampalataya." Gumamit ng mga halimbawa ng pananampalataya mula sa Hebreo 11 gayundin sa kasaysayan ng iglesya. Humanap ng mga halimbawa mula sa inyong bansa o kultural na pinangyarihan na maghihikayat ng katapatan sa inyong kongregasyon.
- "Apostasy." Tulad ng Hebreo, ang sermon ay dapat may kasamang babala laban sa apostasy/pagtalikod sa pananampalataya at paghikayat sa katapatan.
- Isang sermon o aralin sa Bibliya hango sa Santiago sa isang usapin sa pamumuhay Kristiyano: ang dila, di-pagkakaunawaan, kayamanan, pananalangin, at iba pa.

(2) Kumuha ng pagsusulit batay sa materyal mula sa araling ito. Kalakip sa pagsusulit ang mga Kasulatang nakatakda para isaulo.

## Mga Tanong sa Pagsusulit sa Aralin 10

(1) Bakit tinatawag na "Pangkalahatang Mga Liham" ang mga aklat ng Hebreo hanggang Judas?

(2) Ilista ang dalawang pangangatwiran na pabor sa pagsasabing si Pablo ang sumulat ng Hebreo.

(3) Ilista ang dalawang pangangatwiran laban sa pagsasabing si Pablo ang sumulat ng Hebreo.

(4) Ilista ang dalawang paraan kung paanong ang Aklat ng Hebreo ay nagpapakita ng malaking respeto para sa Lumang Tipan.

(5) Paano naging mas mabuti ang bagong tipan kaysa sa lumang tipan?

(6) Ano ang pagkakaiba ng backsliding at apostasy?

(7) Kailan naniwala kay Hesus bilang Mesiyas si Santiago na kapatid niya?

(8) Batay sa pagbati, sino ang tinatayang tagapakinig para sa Sulat ni Santiago?

(9) Sa isang talata, ipakita ang kaugnayan sa pagitan ng Santiago 2:24 (ang tao ay pinawawalang-sala sa gawa, at hindi sa pananananampalataya lamang) at ng Roma 3:28 (ang tao ay pinawawalang-sala sa pamamagitan ng pananampalataya nang wala ang mga gawa ng batas).

(10) Ipaliwanag ang antinomianism.

(11) Isulat ang Hebreo 4:14-16 at Santiago 2:17-18 mula sa memorya.

# Aralin 11
# Pedro, Juan, at Judas
# Pangkalahatang mga Liham: Ikalawang Bahagi

## Mga Layunin ng Aralin

Kapag natapos ang aralin, ang mag-aaral ay dapat:
(1) Malaman ang tinatayang petsa at pangkasaysayang Pinangyarihan ng mga Pangkalahatang mga Liham.
(2) Gumawa ng balangkas ng mga pangunahing tema at layunin ng mga Pangkalahatang mga Liham.
(3) Maunawaan ang biblikal na doktrina ng katiyakan.
(4) Maging mulat sa panganib ng maling katuruan.
(5) Maiugnay ang mensahe ng mga aklat na ito sa mga pangangailangan ng ating kasalukuyang mundo.

## Paghahanda para sa Araling Ito

*Basahin ang 1 at 2 Pedro, 1,2,3 Juan, at Judas.*
*Isaulo ang 1 Pedro 1:6-7, 1 Juan 1:6-7, at Judas 1:24-25.*

## Panimula

Sa bawat henerasyon, ang iglesya ay humaharap sa mga pagsubok. Sa bandang huling kalahati ng unang siglo, ang pag-uusig mula sa labas at mga maling tagapagturo mula sa loob ay mga seryosong panganib para sa iglesya. Ang mga bantang ito ay nagpatuloy sa kabuuan ng kasaysayan ng iglesya. Ang mga liham nina Pedro, Juan at Judas ay nagbabala laban sa mga panganib na ito. Mas mahalaga pa rito, hinikayat niya tayo sa katapatan sa harap ng mga panganib na ito. Ang maiikling liham na ito ay naghahatid ng malaking mensahe: ang Diyos na tumawag sa atin ay may kakayahang ibigay sa atin ang tagumpay laban sa anumang maghihiwalay sa atin mula sa kanya.

## Ang mga Liham ni Pedro: Katapatan sa Panahon ng Kahirapan

### Ang Sumulat

Si Simon Pedro ay isa sa mga pinakakilalang tagapanguna sa unang iglesya. Matapos siyang ipakilala kay Hesus ng kanyang kapatid na si Andres, si Pedro ay naging bahagi ng "inner circle" ni Hesus. Ang kanyang orihinal na pangalan ay Simon ("Siya ay narinig"), subali't pinalitan ni Hesus ang kanyang pangalan at ginawang Pedro ("Bato").

Ang mabilis na pananalita at labis na tiwala ni Pedro ang maraming beses na naging dahilan na nalagay sa gulo si Pedro sa panahon ng ministeryo ni Hesus sa lupa. Umabot ito sa mababang panahon kung saan ipinagkaila ni Pedro si Hesus sa panahon ng paglilitis sa kanya. Pagkatapos ng muling pagkabuhay, nanumbalik si Pedro at naging pangunahing tinig ng unang iglesya. Tatlong libong tao ang nagbalik-loob sa ilalim ng ministeryo ni Pedro sa araw ng Pentekostes. Naglakbay siya bilang isang misyonero at ipinako sa krus sa Roma sa panahon ng pag-uusig ni Nero. Ayon sa tradisyon ng iglesya, humiling si Pedro na ipako siya sa krus nang pabaligtad dahil ang pakiramdam niya hindi siya nararapat mamatay sa parehong paraan tulad ng Tagapagligtas na minsan na niyang ipinagkaila.[349]

### Tagapakinig at Lugar ng Pagsusulat

Nagpahatid ng pagbati si Pedro mula sa "Babilonia", isang pagtukoy sa Roma.[350] Ang Babilonia ay kumakatawan sa mga lakas na sumasalungat sa mga tao ng Diyos; ang kaaway ng iglesya ngayon ay ang Imperyong Romano.

Sa pagkakatulad sa imahe ng Babilonia, iniukol ni Pedro ang kanyang unang liham sa mga "nabilanggo ng pagkatapon" sa Asia Minor.[351] Kung paanong ang Israel ay nangalat sa panahon ng pagkakapatapon, ang iglesya ay nangalat dahil sa pag-uusig mula sa Roma. Di tulad ng Israel, ang mga Kristiyano ay nagdurusa dahil sa kanilang katapatan sa halip na dahil sa pagsuway; sila ay nakikibahagi sa paghihirap ni Kristo.[352]

Ang mga pangunahing tagapakinig para sa mga liham ng ito ay mga Hentil. Ang mga ito ay mga nagbalik-loob na hindi na nabubuhay sa "dating mga pita sa kanilang kawalang-kaalaman."[353] Walang tinutukoy na tagapakinig ang 2 Pedro, subali't ito ang ikalawang sulat ni Pedro para sa parehong grupo ng mambabasa.[354]

### Petsa

Malamang na ang mga liham na ito ay isinulat ni Pedro nang malapit na siyang mamatay mga kalagitnaan ng 60 A.D. Ang mga liham ay karaniwang nilalagyan ng petsa sa pagitan ng 62 at 67 A.D.

### Layunin

Ang 1 at 2 pedro ay humihikayat sa mga nagdurusang Kristiyano na maging matapat. Kung paanong si Kristo ay nagdusa at pagkatapos ay itinaas, ang mga Kristiyano ay nagdurusa muna sa mundong ito at pagkatapos ay magdiriwang sa walang hanggang kaluwalhatian. Dapat silang maging matapat sa harap ng kapwa pagdurusa (1 Pedro) at maling katuruan

---

[349] Eusebius, *Church History*, 2:25.5-8.
[350] 1 Pedro 5:13.
[351] 1 Pedro 1:1, *English Standard Version.*
[352] 1 Pedro 4:12-13.
[353] 1 Pedro. 1:14.
[354] 2 Pedro 3:1.

(2 Pedro). Binibigyang katiyakan ni Pedro ang kanyang mga mambabasa na ang Diyos ang magbibigay ng gantimpala sa mga mananatiling nagtitiis.

**Mga Tema ng 1 Pedro**

***Ang Pag-asa ng Kristiyano***

Bilang ang "pinili ayon sa kaalaman ng Diyos Ama," ang mga mananampalataya ay pinangakuan ng "isang manang hindi masisira, hindi madudumihan, at hindi kukupas, nakalaan para sa iyo sa langit"[355] Bagaman mayroong pagdurusa sa mundong ito, "tinutulungan tayo ng kapangyarihan ng Diyos sa kapangyarihan sa pamamagitan ng pananampalataya, para sa kaligtasan na handang ihayag sa mga huling panahon."[356] Anuman ang maging pagsubok sa ating pananampalataya, taglay natin ang pag-asa ng walang hanggang kaluwalhatian. Ang pag-asang ito ang nagdudulot ng "hindi maipaliwanag na kaligayahan" sa mga "nagdurusang mananampalataya."[357]

***Isang Pagtawag sa Kabanalan***

Dahil taglay natin ang pag-asa ng walang hanggang kaluwalhatian, dapat tayong mahikayat na tumugon sa pagtawag ng Diyos para sa kabanalan. Binanggit ni Pedro ang Levitico 19:2 kung saan hinahamon niya ang kanyang mga mambabasa upang maging banal kung paanong ang Diyos ay banal. Ito ay makikita sa pag-ibig natin sa ating kapatid,[358] kauhawan sa espirituwal na katotohanan,[359] at sa dalisay na pamumuhay.[360]

Isang nakakagulat na pagbibigay-diin sa isang liham na nakalaan sa mga inuusig na mananampalataya ay ang turo ni Pedro tungkol sa pagpapasakop sa awtoridad. Nalalaman niya na ang paghihirap ay maaaring makatukso sa mga Kristiyano upang tanggihan ang lahat ng awtoridad sa mundo, isinulat ni Pedro na ang banal na bayan ay dapat "magpasakop kayo sa bawat ordinansa ng tao *alang-alang sa Panginoon*". Ang pagpapasakop na ito ay alang-alang kay Kristo, na nagpasailalim ng kanyang sarili sa mga tagapanguna sa lupa. Dapat magpasakop ang mga mananampalataya sa mga awtoridad na pampulitika gayundin sa mga nararapat na awtoridad sa pamilya.[361] Kung tayo ay magdurusa, dapat tayong magdusa bilang mga Kristiyano, hindi dahil sa paggawa ng mali.[362]

[355] 1 Pedro 1:2,4.
[356] 1 Pedro 1:5.
[357] 1 Pedro 1:8.
[358] 1 Pedro 1:22.
[359] 1 Pedro 2:2.
[360] 1 Pedro 2:11.
[361] 1 Pedro 2:13-3:7.
[362] 1 Pedro 3:17, 4:12-19.

***Pagdurusa sa Landas Patungo sa Kaluwalhatian***

Ihinula ng mga propeta ng Lumang Tipan na si Kristo ay magdurusa muna bago tanggapin "ang kaluwalhatian na siyang susunod."[363] "Nagdusa si Kristo para sa atin sa kanyang katawang-lupa,"[364] at tayo rin ay dapat umasa na may pagdurusa. Kung paanong si Kristo ay itinaas sa kaluwalhatian, tayo rin ay tatanggap ng kaluwalhatian na ipinangako sa mga anak ng Diyos. Si Pedro mismo ay nakasaksi sa paghihirap ni Kristo at tumanggap ng pangako ng "kaluwalhatiang ihahayag."[365] Ang pangakong iyon ang nagpapalakas ng loob ng bawat nagdurusang mananampalataya.

"…patayin niyo kami, pahirapan kami, hatulan kami, pulbusin man kami; ang inyong kawalang katarungan ang patunay na kami ay inosente. Samakatuwid pinahihintulutan ng Diyos na kami ay magdusa….

…Mas madalas na kami'y pinahihirapan ninyo, mas higit kaming dumarami; ang dugo ng mga Kristiyano ang binhi ng iglesya."

\- Tertullian noon 197 A.D.

**Mga Tema ng 2 Pedro**

***Paglago sa pagiging maka-Diyos***

Sa kanyang ikalawang sulat, hinamon ni Pedro ang mga Kristiyano na magpatuloy sa paglago sa pagiging maka-Diyos. Bilang "nakikibahagi sa maka-Diyos na kalikasan", "nagbibigay ng lahat ng kasipagan, idagdag sa inyong pananampalataya ang kabutihan; at sa kabutihan kaalaman; at sa kaalaman pagpipigil sa sarili; at sa pagpipigil sa sarili tiyaga; at sa tiyaga pagiging maka-Diyos; at sa pagiging maka-Diyos kabutihang loob sa kapatid; at sa kabutihang loob sa kapatid ay awa."[366]

***Babala Laban sa Maling Katuruan***

Ang pag-uusig (ang pangunahing babala sa 1 Pedro) ay nagmumula sa labas ng iglesya; ang maling katuruan (ang pangunahiing babala ng 2 Pedro) ay karaniwang nagmumula sa loob ng iglesya. Inilantad ni Pedro ang katuruan ng "mga bulaang propeta" na pumapasok sa iglesya. Ang panganib ng kanilang katuruan ay makikita sa kanilang hindi maka-Diyos na katangian, na ibinubuod sa 2 Pedro 2:10-16. Ang paglalarawan ay nagtatapos sa isang kawikaan, "Ang aso ay bumabalik sa kanyang sariling suka; at ang baboy na nahugasan na sa kanyang lubluban sa lambak."[367]

***Katapatan Kaugnay sa Muling Pagbabalik ng Panginoon***

Ang mga hindi madaling maniwala ay nagsisikap na pahinain ang loob ng mga Kristiyano sa pamamagitan ng pagkuwestion sa pagbabalik ng Panginoon. Ipinipilit nila na "ang lahat

---

[363] 1 Pedro 1:11.
[364] 1 Pedro 4:1.
[365] 1 Pedro 5:1.
[366] 2 Pedro 1:4-7.
[367] 2 Pedro 2:22.

ng bagay ay nagpapatuloy kung ano ang mga ito mula pa sa simula ng paglikha."[368] Tumugon si Pedro na ang pagkaantala sa pagbabalik ni Kristo ay dahil sa matiyagang awa ng Diyos.

Hindi ninanais ng Diyos na ang sinuman ay mapahamak, kundi "na ang lahat ay dapat magsisi."[369] Ang kanyang pagkaantala ay nagbibigay ng pagkakataon para magsisi. Gayunmanm ang pagkaantala ay hindi dapat mag-akay sa atin upang pag-alinlanganan ang katiyakan ng muling pagbalik ni Kristo. "Ang araw ng Panginoon ay darating tulad ng isang magnanakaw sa gabi."[370] Kaugnay sa kanyang tiyak na pagbabalik, dapat tayong mamuhay bilang banal na bayan; dapat tayong "matagpuan niya sa kapayapaan, walang bahid, at walang kapintasan"; at, dapat tayong magpatuloy sa "paglago sa biyaya, at sa kaalaman sa ating Panginoon at Tagapagligtas na si Jesukristo."[371]

| **Isang Paghahambing ng 1 at 2 Pedro[372]** | |
|---|---|
| Panlabas na Panganib: Pag-uusig | Panloob na Panganib: Mga Huwad na Tagapagturo |
| Ang Paghihirap ni Kristo | Ang Kaluwalhatian ng Panginoon |
| Kaginhawahan at Pagpapalakas-loob | Babala |
| Mayroon tayong pag-asa sa harap ng mga pagsubok | Mayroon tayong kaalaman sa harap ng mga kamalian |

## Ang Mga Liham ni Juan: Pakikisama sa Diyos

### Ang Sumulat at ang Petsa

Ang mga unang ama ng iglesya tulad nina Ireneo at Clemente ng Alexandria ay tumutukoy kay Apostol Juan bilang siyang sumulat ng mga aklat na ito. Tulad ni Pedro, si Juan ay isang mangingisda at naging isa sa "inner circle" ni Hesus. Naroon siya sa paglilitis kay Hesus at kasama ni Maria nang ipako si Hesus. Kasama ni Pedro, si Juan ay isa sa mga unang saksi sa libingang walang laman. Sa kanyang ebanghelyo, tinukoy ni Juan ang kanyang sarili bilang "ang isa pang disipulo" at ang disipulo na "minamahal ni Hesus."

Ayon kay Eusebio, si Juan at ang iba pang Kristiyano ay tumakas mula sa Jerusalem ilang panahon bago wasakin ng Roma ang lungsod noong 70 A.D. Ang mga Kristiyano ay lumikas sa bayan ng Pella sa Perea (sa silangang panig ng Ilog Jordan). Makalipas iyon,

[368] 2 Pedro 3:4.
[369] 2 Pedro 3:9.
[370] 2 Pedro 3:10.
[371] 2 Pedro 3:11, 14, 18.
[372] Sinipi mula sa *Unger's Bible Handbook* ni Merrill F. Unger.

nagministeryo si Juan sa Efeso. Ang tatlong liham mula kay Juan ay marahil isinulat mula sa Efeso sa panahon ng huling bahagi ng unang siglo.

**Mga Tagapakinig**

Hindi tinukoy ng 1 Juan ang sinumang tiyak ng tagapakinig. Tinukoy ni Juan ang kanyang mga tagapakinig bilang "ang aking maliliit na mga anak" at "mga kapatid". Ito ay nagpapahiwatig na siya ay tumutukoy sa mga kapwa mananampalataya. Nagkaroon siya ng malapit na relasyon sa kanila.

Ang 2 Juan ay nakatuon sa "ang piniling babae at ang kanyang mga anak, na aking minamahal sa katotohanan."[373] May dalawang posibleng pagpapakahulugan sa mga salitang ito:

- Marahil ito'y isang babaeng hindi pinangalanan na nagpahintulot sa iglesya na magtipon-tipon sa kanyang bahay.
- "Ang piniling babae" ay maaaring tumukoy sa isang lokal na iglesya na alam ni Juan; "ang kanyang mga anak" ay maaaring tumukoy sa mga miyembro ng iglesyang iyon.

Ang 3 Juan ay nakalaan kay Gayo, isang nagbalik-loob dahil kay Juan.

**Ang Layunin at Nilalaman ng 1 Juan**

Ang una sa tatlong sulat ang pinakamahaba. Sa halip na may tradisyunal na pagbati, sinimulan ni Juan sa isang pangungusap na sumusuporta sa awtoridad ng kanyang liham. Hindi siya sumusulat mula sa mga sabi-sabi lamang, kundi tungkol sa mga bagay "na aming narinig, na aming nakita, napagmasdan, at nahawakan."[374] Ang 1 Juan ay kahawig ng Ebanghelyo ni Juan sa pagbibigay-diin nito sa tunay na pangyayaring katotohanan ng buhay ni Kristo.

***Mga Kundisyon sa Pakikisama sa Diyos***

Isinaad ni Juan ang layunin ng kanyang pagsulat sa simula ng kanyang liham; "ang mga ito ay isinusulat namin sa inyo, upang malubos ang inyong kaligayahanl."[375] Ang kaligayahang ito ay sa pamamagitan ng pakikisama sa Ama at sa kanyang Anak na si Hesu-Kristo.[376] Sa pagsulat tungkol sa ating pakikisama sa Diyos, ginagamit ni Juan ang salitang "makilala". Ang "makilala" ang Diyos ay higit pa sa kaalamang pangkaisipan lamang; ito ay isang relasyon ayon sa karanasan. Isinasaad ni Juan ang mga kundisyon sa pagpapanatili ng pakikisama sa Diyos:

- Dapat tayong lumakad sa liwanag (1:6-7).
- Hindi tayo dapat lumakad sa kasalanan (2:1-2).

[373] 2 Juan 1:1.
[374] 1 Juan 1:1.
[375] 1 Juan 1:4.
[376] 1 Juan 1:3.

### *Ang Kasalanan at Pakikisama sa Diyos*

Kabilang sa mga turo ni Juan tungkol sa kasalanan ang dalawang mahahalagang katotohanan:[377]

- Nagkakaloob ang Diyos ng kalakasan para sa isang matagumpay na buhay; "Ang mga bagay na ito ay isinusulat ko sa inyo, upang hindi kayo magkasala." Kung nananatili tayo sa pakikisama sa Diyos, hindi tayo mananatili sa pakikisama sa kasalanan (1:6-2:5; 3:6-9). Bilang mga anak ng Diyos, hindi tayo magpapatuloy sa paggawa ng sinasadyang kasalanan. Hindi tayo makalalakad kasama ng kasalanan at lumakad din kasama ng Diyos nang sabay.
- Nagkakaloob ang Diyos ng biyaya para sa mga nahuhulog; "Kung ang sinuman ay nagkakasala, mayroon tayong tagapamagitan sa Ama, si Hesu-Kristo ang makatuwiran." Bagaman ninanais ng Diyos ang isang buhay ng nagpapatuloy na tagumpay, nangangako rin siya ng biyaya para sa sinumang nagsisisi matapos na siya'y magkasala (1:9; 2:1-2).

### *Ang Pag-ibig at Pakikisama sa Diyos*

*Pag-ibig sa Diyos*

Ang nagpapatuloy na tagumpay laban sa kasalanan ay hindi nakabatay lamang sa pansariling disiplina o pagpipigil sa sarili; ito ay nakabatay sa pag-ibig ng Diyos. Ang prinsipyong nakakapigil sa buhay Kristiyano ay pag-ibig sa Diyos.[378] Sa pamamagitan ng pag-ibig ng Diyos kaya't natutupad natin ang kanyang mga iniuutos. Kung iniibig natin ang Diyos, "hindi natin mamahalin ang mundo, maging ang mga bagay na nasa mundo."[379]

*Pag-ibig Para sa Ibang mga Kristiyano*

Ang isang taong hindi nagmamahal sa kanyang kapatid "ay hindi sa Diyos." Kung iniibig natin ang Diyos, mamahalin natin ang mga anak ng Diyos.[380] Ang katibayan na tayo ay lumipat na mula sa kamatayan patungo sa buhay ay ang ating pag-ibig para sa ating mga kapatid na Kristiyano. Ang pag-ibig na ito ay mahigit pa sa mga salitang walang-laman; ito ay nakikita sa ating mga ikinikilos.[381]

### *Ang Katiyakan ng mga Anak ng Diyos*

Sumulat si Juan sa kanyang mga mambabasa "upang malaman ninyo na kayo'y may buhay na walang hanggan, at kayo'y sumampalataya sa pangalan ng Anak ng Diyos."[382] Ang

---

[377] 1 Juan 2:1.
[378] Para sa karagdagan, tingnan ang *Loving God: The Primary Principle of the Christian Life* by A. Philip Brown, II. Revivalist Press, 2005.
[379] 1 Juan 2:5, 15.
[380] 1 Juan 3:10-11, 4:20-21.
[381] 1 Juan 3:14-18.
[382] 1 Juan 5:13.

nagpapatuloy na katiyakan ay nangangailangan ng nagpapatuloy na pagsunod. Alam natin na tayo'y mga anak ng Diyos kung ipinapakita natin ang mga katangiang ito:

*Pagsunod sa Katotohanan* (1:6-7)

Ang aspetong ito ng katiyakan ay katulad ng salita ni Hesus na binanggit sa Juan 8:31; "Kung nagpapatuloy ka sa aking salita, sagayun kayo nga ay tunay na mga alagad ko." Ang ating katiyakan bilang mga tagasunod ni Kristo ay batay sa nagpapatuloy na atensiyon at pagsunod sa kanyang salita.

*Walang sinasadyang kasalanan* (3:8-10)

Dahil hindi tayo maaaring magkaroon ng pakikisama sa Diyos kung nagpapatuloy tayo sa sinasadyang pagrerebelde laban sa Diyos, malinaw na wala tayong katiyakan kung nagpapatuloy tayo sa pagrerebeldeng iyon.

*Pag-ibig para sa ibang Kristiyano* (3:14-19)

Sinabi ni Hesus sa kanyang mga disipulo, "Sa pamamagitan ng mga ito, malalaman ng lahat ng tao na kayo'y aking mga alagad, kung mayroon kayong pag-ibig sa isa't-isa."[383] Inulit ni Juan ang pagbibigay-diin na ito sa kanyang liham; "Alam natin na lumipat na tayo mula sa kamatayan patungo sa buhay, dahil minamahal natin ang mga kapatiran."[384]

### Ang Layunin at Nilalaman ng 2 Juan

Ang mensahe ng 2 Juan ay kaalinsabay ng 1 Juan. Ang pakikisama sa Diyos ay may kalakip na pamumuhay sa pag-ibig ng Diyos at paglakad sa katotohanan ng Diyos. Ang pag-ibig na iniuutos sa 2 Juan ay hindi isang bagong utos; ito ay itinuro na mula pa sa simula.[385]

Ang utos ng pag-ibg na ibinigay sa 2 Juan ay isang mapang-waring pagmamahal na humahawak sa katotohanan. Ang pagwawari ay mahalaga dahil maraming nanlilinlang na hindi ipinapahayag si Kristo. Nagbabala is Juan sa "babaeng pinili" na humawak sa katotohanan na "si Kristo Hesus ay dumating bilang tao."[386] Hinihingi ng pakikisama sa Diyos na tayo'y tumanggi sa mga maling katuruan.[387]

### Ang Layunin at Nilalaman ng 3 Juan

Ang 3 Juan ay isang personal na liham tungkol sa hospitalidad ng Kristiyano. Ang "hospitalidad ng Kristiyano" ay higit pa sa pagiging palakaibigan na ipinapakita mo sa ibang tao; ito ay isang pagpapahayag ng pagkakaisa ng iglesya. Nagbabala ang 2 Juan laban sa mabilis na pagtanggap ng mga nagtuturo ng maling doktrina. Nagbabala ang 3 Juan laban sa pagtanggi sa mga nagtuturo ng tunay na doktrina.

---

[383] Juan 13:35.
[384] 1 Juan 3:14.
[385] 2 Juan 1:5-6.
[386] 2 Juan 1:7-8.
[387] 2 Juan 1:10-11.

Tinatanggap ni Gayo ang mga naglalakbay na mga ebanghelista sa hospitalidad na Kristiyano at tinatrato sila bilang "kapwa katulong sa katotohanan."[388] Kabaligtaran dito, tumatanggi si Diotrepes na tanggapin ang mga kapatid na ito. Hinahanap ni Diotrepes ang posisyon para sa kaniyang sarili, tinatanggihan ang awtoridad bilang apostol ni Juan, at pinaaalis ang mga tunay na Kristiyano na humahamon sa kanya.[389]

Pinaghahambing ng 3 Juan ang ugali ni Diotrepes at ang pag-ibig Kristiyano na ipinakikita ni Demetrio. Ipinapakita ng maikling liham na ito ang praktikal na aplikasyon ng pag-ibig Kristiyano na iniutos sa 1 Juan at ang pagkakaisa ng iglesya sa pagsusulong sa katotohanan na iniutos sa 2 Juan.

## Judas: Babala Laban sa mga Bulaang Tagapagturo

### Ang Sumulat at Petsa

Si Judas ay kapatid na lalaki sa ina ni Hesus. Tulad ng kanyang kapatid na si Santiago, si Judas ay hindi naniwala kay Hesus hanggang nang maganap ang muling pagkabuhay.[390] Sa kanyang liham, tinukoy ni Judas ang kanyang sarili bilang "ang alipin ni Kristo Hesus, at kapatid ni Santiago."[391]

Ang tanging katibayan patungkol sa petsa ng Liham ni Judas ay ang pagkakatulad nito sa 2 Pedro. Ang katotohanan na ang mga liham ay nakapatungkol sa parehong suliranin ay nagpapahiwatig na ang Judas ay maaaring isinulat sa parehong panahon ng 2 Pedro, sa bandang simula hanggang sa kalahatian ng 60's.

### Ang Mga Mambabasa

Ang Judas ay nakalaan sa "kanila na pinapaging-banal ng Diyos Ama, at iningatan kay Kristo Hesus, ang tinawag.."[392] Ang pagbanggit sa mga temang Hudyo ay nagpapahiwatig na ang aklat ay nakalaan sa mga Kristiyanong Hudyo.

### Layunin at Nilalaman

Ipinahihiwatig ni Judas na ninais niyang sumulat ng isang liham tungkol sa doktrina sa tema ng ating kaligtasan.[393] Gayunman, dahil ang mga bulaang tagapagturo ay nakapasok na sa iglesya, ang Banal na Espiritu ang naghikayat kay Judas upang balaan ang kanyang mga kapwa mananampalataya laban sa mga maling katuruan.

Kabilang sa mensahe ni Judas ang:

- Isang babala laban sa mga bulaang tagapagturo at sa kanilang mensahe.

---

[388] 3 Juan 1:5-8.
[389] 3 Juan 1:9-10.
[390] Mateo 13:55; Marcos 6:3; Juan 7:3-5; 1 Cor. 15:7.
[391] Judas 1:1.
[392] Judas 1:1.
[393] Judas 1:3.

- Isang paglalarawan ng paghuhukom na darating sa mga tagapagturong ito.
- Isang paghikayat sa pagtitiyaga.
- Isang pangwakas na doxolohiya para sa Kanya na "makapag-iingat sa inyo upang hindi kayo magkasala, at makapaghaharap sa inyo nang walang kapintasan at may malaking kagalakan sa kanyang kaluwalhatian."[394]

## Ang Mga Pagkalahatang Liham sa Iglesya Sa Ngayon

Ang Pangkalahatang mga Liham, pangunahin ang 1 Pedro, ay humihikayat sa atin na maging **matapat sa pagdurusa**. Hinamon ni Pedro ang kanyang mga mambabasa na "magpakababa" sa ngayon, upang "kayo'y kanyang itaas sa takdang panahon."[395] Karaniwan ang paghihirap sa buhay Kristiyano, subali't ang pagdurusang ito ay magtatapos sa kaluwalhatian. Ang pangakong ito ay nagpalakas ng loob ng mga Kristiyano sa unang siglo, at dapat ding magpalakas ng loob ng mga Kristiyano sa ika-21 siglo.

Ang bawat isa sa mga liham na ito ay naghihikayat ng **praktikal na pamumuhay Kristiyano**. Maging ito man ay ang pagtawag ni Pedro na magpasakop sa awtoridad, ang mensahe ng pagmamahal sa ating mga kapatid ng 1 Juan, ang pagpapaalala sa katotohanan ng 2 Juan at ang tawag sa hospitalidad ng Kristiyano ng 3 Juan o ang babala ni Judas laban sa mga huwad na tagapangaral, ang Pangkalahatang mga Liham ay nagtuturo na ang katotohanan ay higit pa sa pangkaisipang kaalaman. Tayo ay tinawag upang isabuhay ang mga katotohanang Biblikal sa ating pang-araw-araw na buhay.

## Konklusyon

Noong unang siglo, maraming Kristiyano (kabilang ang karamihan sa mga apostol) ay namatay para sa kanilang pananampalataya. Sa ikalawang siglo, pinatay si Polycarp dahil sa kanyang pagtanggi na magsunog ng insenso para sa Emperador. Sa ika-apat na siglo, pinugutan ng ulo si Catherine ng Alexandria pagkatapos magpatotoo sa harap ng Emperador.

Noong ika-14 na siglo, sinunog ang katawan ni John Wycliffe dahil isinalin niya ang Bibliya sa wikang Ingles. Noong ika-15 siglo, sinunog nang nakatali sa tulos si John Huss dahil sa kanyang pagtanggi sa mga doktrina ng Katoliko Romano. Noong ika-16 na siglo dalawampu't anim na Kristiyano ang ipinako sa krus sa Nagasaki, Japan, sa panahon ng pag-uusig na nagtulak sa iglesya upang magtago.

Noong ika-20 siglo, libo-libong Kristiyano ang namatay bilang martir sa China, sa Soviet Union, at sa iba pang totalitarian na mga bansa. Sa ika-21 siglo, ang mga Kristiyano sa mga bansang Islam ay araw-araw na nahaharap sa mga banta ng pag-uusig at kamatayan.

---

[394] Judas 1:24.
[395] 1 Pedro 5:6.

Sa bawat henerasyon, ang mga Kristiyano ay namatay para sa kanilang pananampalataya. Subali't para sa iglesya, hindi ito isang dahilan upang panghinaan ng loob. Ipinapaalala ni Pedro sa mga mananampalataya na "ang Diyos na bukal ng lahat ng biyaya, na humirang sa inyo para sa kanyang walang hanggang kaluwalhatian sa pamamagitan ni Kristo Hesus, matapos ninyong magdusa nang sandaling panahon, ang siyang magbibigay sa inyo ng kaganapan, katatagan, at lakas ng loob at isang saligang matibay at di matitinag."[396] Matagumpay ang iglesya! Ito ang pangako ng Pangkalahatang mga Liham.

## Mga Takdang-Aralin ng Aralin

Ipahayag ang iyong pagkaunawa sa araling ito sa pamamagitan ng mga sumusunod na takdang-aralin:

(1) Maghanda ng isang sermon o isang aralin sa Bibliya sa **isa** sa mga sumusunod na paksa. Maaari mo itong isulat bilang isang 5-6 na pahinang manuskrito o magrekord ng isang sermon o isang aralin sa Bibliya.

- "Pagdurusa sa Buhay Kristiyano." Gamitin ang mga prinsipyong natutuhan sa 1 Pedro at pagkatapos ay ilarawan ang mga iyon gamit ang mga halimbawa mula sa kasaysayan ng iglesya, partikular mula sa kasaysayan ng iglesya sa inyong bansa.
- "Pakikisama sa Diyos." Isama ang isang criteria/listahang tuntunin para sa pakikisama sa Diyos na hinango sa 1 Juan.

(2) Kumuha ng isang pagsusulit sa materyal na mula sa araling ito. Kabilang sa pagsusulit ang mga talatang itinakdang isaulo.

[396] 1 Pedro 5:10.

## Mga Tanong sa Pagsusulit sa Aralin 11

(1) Ano ang malamang na kahulugan ng "Babilonia" sa pagbati ni Pedro?

(2) Ano ang pangunahing panganib na kinakaharap ng iglesya sa 1 Pedro?

(3) Ano ang pangunahing panganib na kinakaharap ng iglesia sa 2 Pedro?

(4) Ano ang dalawang posibleng pagpapakahulugan sa talatang "ang babaeng pinili at kanyang mga anak" sa 2 Juan?

(5) Anong dalawang katotohanan ang mahalaga sa pagtuturo sa 1 Juan tungkol sa kasalanan?

(6) Ayon sa 1 Juan, anong tatlong katangian ang maaaring makita sa sino mang anak ng Diyos?

(7) Ano ang pangunahing layunin ng 3 Juan?

(8) Ano ang relasyon sa pagitan nina Judas at Hesus?

(9) Isulat ang 1 Pedro 1:6-7, 1 Juan 1:6-7, at Judas 1:24-25 mula sa memorya.

# Aralin 12
# Pahayag: Si Hesus ay Panginoon

## Mga Layunin ng Aralin

Kapag natapos ang araling ito, ang mag-aaral ay dapat:
(1) Nakikilala ang manunulat, ang tinatayang petsa, at ang Pangkasaysayang Pinangyarihan ng Pahayag.
(2) Nalalaman ang mga mahahalagang tema ng Pahayag.
(3) Naihahambing ang mga susing teoryang ginamit upang bigyang kahulugan ang Pahayag.
(4) Naiuugnay ang mensahe ng Pahayag sa mga pangangailangan ng mundo ngayon.

## Paghahanda para sa Araling Ito

*Basahin ang Pahayag.*
*Isaulo ang Pahayag 3:20-21.*

## Panimula

Ang mga Kristiyano noong unang siglo ay nakaharap sa dalawang magkasalungat na mga pag-angkin sa katotohanan. Sa isang banda, alam nila na "si Hesu-Kristo ay Panginoon."[397] Ang isang Kristiyano ay nakatuon sa awtoridad at pagkapanginoon ni Hesu-Kristo. Sa kabilang banda, hinihiling ng Roma ang lahat sa ilalim ng kapangyarihan ng imperyo upang patotohanan na ang Caesar ay *Dominus etdeusnoster* (ating panginoon at diyos).

Pinahintulutan ng Roma ang maraming mga relihiyon, hangga't ang emperador ay kinikilala bilang ang pangwakas na awtoridad. Maraming mga mananalaysay ang nangatwiran na hindi inusig ng Roma ang mga Kristiyano dahil sa *pagiging Kristiyano.* Ang mga Kristiyano ay maaaring sumamba kay Hesus hangga't sila ay nanunumpa ng lubos na katapatan sa emperador. Gayunpaman, hindi maaaring kilalanin ng isang tunay na Kristiyano ang emperador bilang ang huling awtoridad.

Ayon sa isang saksi sa kamatayan ni Polycarp, inialok ng mahistrado na palayain ang matandang santo kung kikilalanin niya si Caesar bilang Diyos. Tinanong niya si Polycarp, "Ano ang masama sa pagsasabing, 'Caesar ay panginoon,' at mag-alay ng insenso?"[398] Alam ni Polycarp na para sa Kristiyano ay may isang Panginoon lamang. Ang Kristiyano ay hindi maaaring magbigay ng tunay na katapatan sa sinumang tao.

---

[397] Filipos 2:11
[398] *The Martyrdom of Polycarp*, isinalin ni J.B. Lightfoot.

Ito ang ugat ng salungatan sa pagitan ng Roma at ng unang iglesya. Dahil sa salungatang ito, sinabi ng Aklat ng Pahayag sa unang mga Kristiyano, "Si Hesus ay Panginoon." Kahit sa mundo na hindi kumikilala sa kanyang awtoridad, si Hesus ay Panginoon. Ang pahayag ay nagbibigay ng isang dramatikong larawan ng mga salita ni Pablo:

"Dahil dito'y itinaas siya ng Diyos, at binigyan siya ng isang pangalan na higit sa lahat ng pangalan: Upang sa pangalan ni Hesus ay yumukod ang lahat ng tuhod, mga bagay sa langit, at mga bagay sa lupa, at mga bagay sa ilalim ng lupa; At upang ang bawat dila ay magpahayag na si Hesu-Kristo ay Panginoon, sa kaluwalhatian ng Diyos Ama."[399]

Si Hesus ay Panginoon.

## Background ng Pahayag

### Manunulat, Petsa, at Lugar

Ipinakilala ng may-akda ng Pahayag ang kanyang sarili bilang si Juan, "na inyong kapatid, at kasama sa kapighatian."[400] Kinilala ng tradisyon ng unang iglesya si Juan, ang "minamahal na disipulo," bilang may-akda ng Ebanghelyo ni Juan, tatlong Sulat, at Pahayag.

Ang petsa ng sulat na ito ay isang mas mahirap na tanong. Mayroong dalawang mga posibilidad, parehong umaangkop sa buhay ni Juan at sa pag-uusig ng unang iglesya. Ang isang posibleng petsa ay sa panahon ng paghahari ni Nero, isang panahon ng matinding pag-uusig. Ang mas malamang na petsa ay sa panahon ng pag-uusig ni emperador Domitian (A.D. 81-96). Noong ikalawang siglo, pinetsahan ni Ireneo ang Pahayag hanggang bandang huli sa paghahari ni Domitian.[401]Tinanggap ito ng karamihan sa mga ebangheliko bilang petsa ng Pahayag.

Ang pahayag ay isinulat mula sa Patmos, isang maliit na pulo sa Karagatan ng Aegean,[402] kung saan si Juan ay ibinilanggo dahil sa kanyang pananampalataya. Gayunpaman, bagaman ang emperador ay maaaring ang taong nagpahintulot sa pagkatapon ni Juan, ipinahayag ni Juan na sa ganitong pangyayari, "Si Hesus ay Panginoon." Siya ay nasa Patmos, "para sa salita ng Diyos, at sa patotoo ni Hesu-Kristo."[403] Kahit sa Patmos, ang Diyos ang may kontrol.

### Layunin

Ang Pahayag ay sumasagot sa tanong na, "Sino ang Panginoon?" Ang sagot ay nakasaad sa pambungad, "Si Hesu-Kristo ang tapat na saksi, ang panganay ng mga patay, at ang

[399] Filipos 2:9-11
[400] Pahayag 1:9.
[401] Ireneo, *Against Heresies* 5.30.3.
[402] Mapa mula sa www.openbible.info. Ginamit nang may pahintulot.
[403] Pahayag 1:9.

pinuno ng mga hari sa lupa."[404] Sa mga Kristiyanong nagdurusa dahil sa pag-uusig, isinulat ni Juan na "Si Hesu-Kristo ang namamahala sa mga hari sa lupa." Anuman ang mga pangyayari sa labas, ang Diyos ay nasa kontrol.

Ipinahayag ni Juan ang katotohanang ito sa tatlong paraan:

- Mga mensahe sa pitong iglesya (Pahayag 2-3). Si Hesus ang Panginoon sa kanyang iglesya.
- Mga pangitain ng Diyos sa kanyang trono at ni Kristo bilang matagumpay na tupa (Pahayag 4-5). Si Hesus ay Panginoon sa langit.
- Isang pangitain sa kasaysayan mula sa pananaw ng Langit (Pahayag 6-12). Si Hesus ay Panginoon sa lahat ng mga kaharian sa mundo.

## Pagbabasa sa Aklat ng Pahayag

### Apocalyptic Literature

Bilang isang apokaliptikong aklat, ang Pahayag ay natatangi sa mga aklat ng Bagong Tipan. Halimbawa ng Lumang Tipan ay ang aklat ni Daniel. Ang "Apocalyptic" na pagsulat ay "nagpapakita" o "nagbubunyag" ng katotohanan na itinago. Ang pagsulat ng Apocalyptic ay nagpapakita ng mga layunin ng Diyos sa kasaysayan ng tao.

